
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • NOBYEMBRE 2020

# Liahona




## Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

**Inanyayahan ni Pangulong Nelson ang mga Banal na "Hayaang Manaig ang Diyos"; Kinundena ang Rasismo**

**Ibinalita ang mga Pagbabago sa Pamumuno sa Seventy, Presiding Bishopric**

**6 na Bagong Templo ang Ibinalita**



*Mga larawan: Lo Narváez, V Region, Chile; inset: Apia, Samoa*

Dahil sa COVID-19, maraming miyembro ng Simbahan ang hindi nakapagtipon sa mga meetinghouse para mapanood ang kumperensya. Sa halip, ibinrodkast ang mga sesyon sa pambansa at regional na istasyon ng telebisyon at radyo sa mahigit 50 bansa, na may potensyal na maabot ng kumperensya ang mahigit 1.4 na bilyong tao.

# Mga Nilalaman Nobyembre 2020

Tomo 23 • Bilang 11

**Sesyon sa Sabado ng Umaga**

6 Pagsulong
*Pangulong Russell M. Nelson*

8 Susubukin Natin Sila
*Elder David A. Bednar*

12 Pagiging Katulad Niya
*Elder Scott D. Whiting*

15 Mga Matang Makakakita
*Michelle D. Craig*

18 Mga Pusong Magkakasama sa Kabutihan at Pagkakaisa
*Elder Quentin L. Cook*

22 Rekomendado sa Panginoon
*Elder Ronald A. Rasband*

26 Mahalin ang Inyong mga Kaaway
*Pangulong Dallin H. Oaks*

**Sesyon sa Sabado ng Hapon**

30 Pagsang-ayon sa mga General Authority, Area Seventy, at General Officer
*Pangulong Henry B. Eyring*

32 Mga Lipunang Nakatutugon
*Elder D. Todd Christofferson*

35 Paghahanap ng Kagalakan kay Cristo
*Steven J. Lund*

38 Lahat ng Bansa, Lahi, at Wika
*Elder Gerrit W. Gong*

42 May Pagkain
*Bishop W. Christopher Waddell*

45 Ang Walang Katulad na Kaloob ng Anak
*Elder Matthew S. Holland*

48 Ang Kultura ni Cristo
*Elder William K. Jackson*

51 Ang Diyos ay Gagawa ng Isang Bagay na Hindi Mailalarawan sa Isip
*Elder Dieter F. Uchtdorf*

**Sesyon ng Kababaihan**

55 Sa Pagkakaisa ng Damdamin ay Natatamo Natin ang Kapangyarihan Kasama ng Diyos
*Sharon Eubank*

58 Panatilihin ang Pagbabago
*Becky Craven*

60 Ang Nakapagpapagaling na Kapangyarihan ni Jesucristo
*Cristina B. Franco*

67 Mga Kababaihan sa Sion
*Pangulong Henry B. Eyring*

70 Magalak
*Pangulong Dallin H. Oaks*

73 Yakapin ang Bukas nang may Pananampalataya
*Pangulong Russell M. Nelson*

**Sesyon sa Linggo ng Umaga**

77 Subalit Maging Handa Kayo sa Bawat Panahon, na Nananalangin
*Pangulong M. Russell Ballard*

80 Pumayapa Ka, Tumahimik Ka
*Lisa L. Harkness*

82 Saliksikin si Cristo sa Bawat Pag-iisip
*Elder Ulisses Soares*

86 Naniniwala Ako sa mga Anghel
*Elder Carlos A. Godoy*

88 Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo
*Elder Neil L. Andersen*

92 Hayaang Manaig ang Diyos
*Pangulong Russell M. Nelson*

**Sesyon sa Linggo ng Hapon**

96 Sinubok, Napatunayan, at Pinino
*Pangulong Henry B. Eyring*

99 Hayaang Malubos ng Pagtitiis ang Gawa Nito, at Ariin Ito ng Buong Kagalakan!
*Elder Jeremy R. Jaggi*

102 Labis na Pinagpala ng Panginoon
*Elder Gary E. Stevenson*

106 Humingi, Maghanap, at Kumatok
*Milton Camargo*

109 Gumawa nang may Katarungan, Umibig sa Kaawaan, at Lumakad na may Kapakumbabaan na Kasama ng Diyos
*Elder Dale G. Renlund*

112 Kapangyarihang Makapagtiis
*Elder Kelly R. Johnson*

115 Paghihintay sa Panginoon
*Elder Jeffrey R. Holland*

118 Isang Bagong Normal
*Pangulong Russell M. Nelson*

64 Mga General Authority at General Officer ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

120 Mga Balita sa Simbahan

127 *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*—Matuto mula sa mga Mensahe ng Pangkalahatang Kumperensya



*Osaka, Japan*

# Ang Ika-190 na Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

**Sesyon sa Sabado ng Umaga, Oktubre 3, 2020**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na Panalangin: Elder Patrick Kearon
Pangwakas na Panalangin: Elder Juan A. Uceda
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square: "Katotohanan ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 11; "Praise to the Lord, the Almighty," *Hymns,* blg. 72, areglo ni Wilberg; "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 42–43, areglo ni Cardon; "O mga Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 30; "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg 135, areglo ni Zabriskie; "Mahalin ang Bawat Isa," *Mga Himno,* 196, areglo ni Wilberg.

**Sesyon sa Sabado ng Hapon, Oktubre 3, 2020**
Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na Panalangin: Elder J. Devn Cornish
Pangwakas na Panalangin: Joy D. Jones
Musika ng iba't ibang koro: "O, Makinig, Lahat ng Bansa!" *Mga Himno,* blg. 165, areglo ni Schank; "Beautiful Savior," *Children's Songbook,* 62–63, areglo ni Kasen; "May Pananampalatayang Sumulong," *Mga Himno,* blg. 163; "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47, areglo ni Ashby.

**Sesyon ng Kababaihan, Oktubre 3, 2020**
Nangangasiwa: Bonnie H. Cordon
Pambungad na Panalangin: Liz Darger
Pangwakas na Panalangin: Kathryn Reynolds
Musika ng iba't ibang koro: "Bilang mga Kabataang Sion," *Mga Himno,* blg. 158, areglo ni Kasen; "Ako ay Anak ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 189; "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 16, areglo ni Staheli; "Kabanalang Lalo, Aking Kahilingan," *Mga Himno,* blg. 80, areglo ni Goates.

**Sesyon sa Linggo ng Umaga, Oktubre 4, 2020**
Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring
Pambungad na Panalangin: Elder Randall K. Bennett
Pangwakas na Panalangin: Elder Walter F. González
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square: "Gising, Magbangon," *Mga Himno,* blg. 7; "Magpunyagi, mga Banal," *Mga Himno,* blg. 43, areglo ni Wilberg; "If the Savior Stood Beside Me," DeFord, areglo ni Cardon; "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta," *Mga Himno,* blg. 15; "Diyos ay Pag-ibig," *Mga Himno,* blg. 50, areglo ni Murphy; "For I Am Called by Thy Name," Gates.

**Sesyon sa Linggo ng Hapon, Oktubre 4, 2020**
Nangangasiwa: Pangulong Dallin H. Oaks
Pambungad na Panalangin: Elder Paul V. Johnson
Pangwakas na Panalangin: Jan E. Newman
Musika ng Tabernacle Choir at Temple Square: "Sabihin, Ano ang Katotohanan?" *Mga Himno,* blg. 173, areglo ni Longhurst; "Softly and Tenderly," Thompson, areglo ni Wilberg; "Gabayan Kami, O Jehova," *Mga Himno,* blg. 45; "Patnubayan Ka Nawa ng Diyos," *Mga Himno,* blg. 90, areglo ni Wilberg.
*Ang musika para sa bawat sesyon, sa pamamatnubay ng iba't ibang tagakumpas at pagtugtog ng iba't ibang organista, ay dati nang naka-record.


*Sugar City, Idaho, USA*

**Makukuha ang mga Mensahe sa Kumperensya**
Para ma-access online ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa maraming wika, bisitahin ang conference.ChurchofJesusChrist.org at pumili ng wika. Makikita rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Karaniwang sa loob ng anim na linggo matapos ang pangkalahatang kumperensya, makukuha ang mga video at audio recording sa wikang Ingles sa mga distribution center. Ang impormasyon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa mga format na maa-access ng mga miyembrong may kapansanan ay nasa disability.ChurchofJesusChrist.org.

**Sa Pabalat**
Larawang kuha ni Kweku Obeng sa Accra, Ghana.

**Mga Larawan sa Kumperensya**
Ang mga larawan sa Salt Lake City ay kuha nina Cody Bell, Mason Coberly, John Lloyd, Leslie Nilsson, at Dave Ward. Karagdagang mga larawan na kuha nina Benson Arudo, Alexandre Borges, Nicolas Serey Bustamante, Clayton Chan, Randy Collier, Weston Colton, Maria Kaizaki, Julian Klemm, Ashlee Larsen, Greg Martinez, Joel Mawlam, Melanie Miza, Kweku Obeng, Sayaka Okubo, Margarita Pashkova, Aaron Thompson, Tiziano Pezzeti, Alice Price, Jonas Rebicki, at Natalia Te'o.

NOBYEMBRE 2020 TOMO 23 BLG. 11
LIAHONA 16726 893
INTERNASYONAL NA MAGASIN NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

**Ang Unang Panguluhan:** Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

**Ang Korum ng Labindalawang Apostol:** M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

**Patnugot:** Randy D. Funk
**Mga Tagapayo:** Becky Craven, Sharon Eubank, Cristina B. Franco, Walter F. González, Larry S. Kacher, Jan E. Newman, Adrián Ochoa, Michael T. Ringwood, Vern P. Stanfill

**Namamahalang Direktor:** Richard I. Heaton
**Direktor ng Mga Magasin ng Simbahan:** Allan R. Loyborg
**Tagapamahala ng Business:** Garff Cannon

**Namamahalang Patnugot:** Adam C. Olson
**Katuwang ng Namamahalang Patnugot:** Ryan Carr
**Katuwang sa Paglalathala:** Enish C. Dávila

**Pagsulat at Pag-edit:** David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Garrett H. Garff, Jon Ryan Jensen, Aaron Johnston, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Lori Fuller Sosa, Marissa Widdison

**Direktor sa Sining:** Tadd R. Peterson
**Desinyo:** Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, Joshua Dennis, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Aleni Regehr, Mark W. Robison, K. Nicole Walkenhorst

**Intellectual Property Coordinator:** Collette Nebeker Aune

**Tagapamahala ng Produksyon:** Ammon Harris
**Produksyon:** Ira Glen Adair, Julie Burdett, José Chavez, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Marrissa M. Smith
**Bago Ilimbag:** Joshua Dennis

**Direktor sa Paglilimbag:** Steven T. Lewis
**Direktor sa Distribusyon:** Nelson Gonzalez

**Mailing address:** *Liahona,* Fl. 23, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0023, USA.

Ang *Liahona* (isang kataga sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, English, Estonian, Fijian, Finnish, French, German, Greek, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Italian, Japanese, Kiribati, Korean, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuguese, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Spanish, Swahili, Swedish, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2020 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng America.

**Impormasyon sa karapatang-sipi:** Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kopyahin ng mga indibiduwal ang materyal mula sa *Liahona* para sa kanilang pansarili, at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga katungkulan sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 5, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ChurchofJesusChrist.org.

**For Readers in the United States and Canada:** November 2020 Vol. 23 No. 11. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address must be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (American Express, Discover, MasterCard, Visa) may be taken by phone or at store.ChurchofJesusChrist.org. (Canada Post Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.


*Apia, Samoa*


## Indeks ng mga Tagapagsalita

Andersen, Neil L., 88
Ballard, M. Russell, 77
Bednar, David A., 8
Camargo, Milton, 106
Christofferson, D. Todd, 32
Cook, Quentin L., 18
Craig, Michelle D., 15
Craven, Becky, 58
Eubank, Sharon, 55
Eyring, Henry B., 30, 67, 96
Franco, Cristina B., 60
Godoy, Carlos A., 86
Gong, Gerrit W., 38
Harkness, Lisa L., 80
Holland, Jeffrey R., 115
Holland, Matthew S., 45
Jackson, William K., 48
Jaggi, Jeremy R., 99
Johnson, Kelly R., 112
Lund, Steven J., 35
Nelson, Russell M., 6, 73, 92, 118
Oaks, Dallin H., 26, 70
Rasband, Ronald A., 22
Renlund, Dale G., 109
Soares, Ulisses, 82
Stevenson, Gary E., 102
Uchtdorf, Dieter F., 51
Waddell, W. Christopher, 42
Whiting, Scott D., 12

## Indeks ng mga Paksa

Aklat ni Mormon, 38, 73
Anghel, mga, 86, 88
Awa, 55, 109
Banal na kasulatan, mga, 106
Basbas, pagpapala, 38, 51, 102, 106, 115, 118
Batas, mga, 26
Diyos Ama, 38, 51, 92, 115
Gabay, patnubay, 77
Gawaing misyonero, 6, 38, 51
Gawain sa templo, 22
Ikalawang Pagparito, 67, 77, 88
Ikapu, 42
Jesucristo, 6, 12, 15, 18, 26, 32, 35, 45, 48, 55, 58, 70, 80, 82, 88, 92, 96, 109, 112
Joseph Smith, 38, 55, 70, 73, 77, 96
Kababaihan, 67, 70, 73
Kabaitan, 15, 55
Kabanalan, 32, 82
Kabutihan, 18, 82
Kadalisayan, 82
Kagalakan, 35, 45, 70, 99
Kahalagahan ng sarili, 15
Kalayaan, 92
Kapangyarihan, 55, 77, 112
Kapayapaan, 80
Kasalanan, 45, 82, 109
Katapatan, 8, 73, 96
Katiyakan, seguridad, 73
Katotohanan, 32
Kristiyanismo, 88
Kultura, 48
Lathalain ng Simbahan, mga, 38
Likas na tao, 82
Liwanag ni Cristo, 32
Mabubuting gawa, 38
Magandang pananaw, 118
Matibay na pangako, 12
Mga Bata at Kabataan, 35
Ministering, paglilingkod, 86, 102
Miyembro ng Simbahan, mga, 38
Mortalidad, 70
Ordenansa, mga, 22, 102
Pag-asa sa sarili, self-reliance, 42
Pagbabalik-loob, 58, 86
Pagbabayad-sala, 35, 45, 60, 88
Paggaling, pagpapagaling, 45, 60
Paghahanda, 8, 42, 73
Paghahayag, 73
Paghihirap, 6, 8, 38, 42, 45, 51, 60, 70, 77, 80, 96, 99, 102, 115
Pag-ibig, pagmamahal, 15, 18, 26, 32, 38, 109
Pag-iimbak ng pagkain, 42
Pagkadisipulo, 15, 35, 88, 99, 118
Pagkakaiba-iba, 18
Pagkakaisa, 18, 26, 55, 67
Pagkamarapat, pagiging karapat-dapat, 22
Paglago ng Simbahan, 6
Pagpapakumbaba, 109
Pagsisisi, 12, 45, 58, 60, 109
Pagsunod, 22
Pagtatalo, 26
Pagtitiis, pasensya, tiyaga, 99, 115
Pagtitipon, 92
Pakikipagkaibigan, pakikisalamuha, 86
Panalangin, 77, 106
Pananampalataya, 60, 73, 77, 80, 88, 99, 112, 115
Pansariling pag-unlad, 12, 58, 96
Patotoo, 6
Personal na paghahayag, 106
Pioneer, mga, 70
Plano ng kaligtasan, 8, 32, 48, 70, 96, 115
Propesiya, 38
Propeta, mga, 42, 51
Rasismo, 26, 92
Relief Society, 55, 67
Sacrament, 35
Sambahayan ni Israel, 92
Sion, 18, 32, 55, 67
Takot, 80
Teknolohiya, 51, 102
Templo, mga, 6, 22, 102, 112, 118
Tipan, mga, 22, 58, 92, 112
Tukso, 82
U.S. Constitution, 18, 26

# Mga Tampok na Kaganapan sa Ika-190 na Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya



Sa gitna ng kawalang-katiyakan, milyun-milyong tao ang nakadama ng sandaling kapayapaan sa pangkalahatang kumperensya na ginanap noong Oktubre 3–4, 2020. Itinuon tayo ng mga lider ng Simbahan kay Jesucristo sa pamamagitan ng mga mensahe ng pagkakaisa at pagmamahal, pag-asa at paggaling, at kapayapaan sa banal na layunin.

Itinuro sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson kung paano matatamo ang mga pagpapala ng pagiging mga tao ng Diyos.

*"Kapag pinili ninyong manaig ang Diyos sa inyong buhay, mararanasan ninyo sa inyong sarili na ang ating Diyos ay 'isang Diyos ng mga himala' [Mormon 9:11]." —Pangulong Russell M. Nelson (tingnan sa pahina 92)*

Tinalakay ng maraming tagapagsalita ang tungkol sa **personal na pag-unlad** sa pamamagitan ng pagsunod kay Jesucristo, pagtitiwala sa Kanya, at pagpapasakop ng ating kalooban sa Kanya.

*"Kapag mapagpakumbaba tayong bumabaling [kay Jesucristo], daragdagan Niya ang ating kakayahang magbago." —Becky Craven (tingnan sa pahina 58)*

Muli, ang **novel coronavirus** ay nakaapekto sa nakita at narinig natin sa kumperensya. Gayunman, ang karagdagang karanasan ay nagdulot ng mas magandang pananaw nang magtuon ang mga tagapagsalita hindi lamang sa pag-asa kundi sa pagkakaroon ng mas malalim na pagkaunawa sa plano ng Diyos para sa ating walang-hanggang kaligayahan.

*"Ang mga pagsusulit sa paaralan ng mortalidad ay mahalagang bahagi ng walang-hanggang pag-unlad. . . . Dalangin ko na . . . matutuhan natin ang mahahalagang aral na tanging mahihirap na karanasan ang makapagtuturo sa atin." —Elder David A. Bednar (tingnan sa pahina 8)*

Dahil sa **kaguluhan sa lipunan** na nakakaapekto sa maraming bahagi ng mundo, kinondena ng mga lider ang rasismo at karahasan. Nanawagan sila sa atin bilang mga Banal sa mga Huling Araw na magkaisa sa kabutihan, magkaroon ng pagkakaisa sa pagkakaiba-iba, at tumulong sa pagbuo ng isang lipunang may moralidad at pagmamahalan.

*"Nabubuhay tayo sa isang panahon ng lubusang hindi pagkakasundo. . . . Maaari tayong maging pwersa o lakas para iangat at pagpalain ang buong lipunan." —Elder Quentin L. Cook (tingnan sa pahina 18)*

Kapag muli ninyong ginunita ang kumperensya sa pamamagitan ng isyung ito, sana'y maranasan ninyong muli ang pag-asa at inspirasyong nadama ninyo noon sa unang pagkakataon, at magkaroon din ng mga bagong kaalaman sa inyong pag-aaral sa darating na mga buwan. ■



*Guatemala City, Guatemala*





Ni Pangulong Russell M. Nelson
*Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

# Pagsulong

*Patuloy na sumusulong ang gawain ng Panginoon.*



Mahal kong mga kapatid, *nagagalak* akong makasama kayo sa pagsisimula ng Ika-190 Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Napakasaya kong makasama kayo sa inyong mga tahanan o nasaan man kayo para sama-samang makinig sa mga mensahe ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag at iba pang mga lider ng Simbahan.

Talagang nagpapasalamat tayo sa teknolohiya na paraan para maging konektado tayo sa malaking pandaigdigang pagtitipon ng mga disipulo ni Jesucristo. Ang pangkalahatang kumperensya noong Abril ay ang kumperensyang may pinakamaraming nanood, at umaasa kami na mauulit iyon.

Sa nakaraang mga buwan, isang pandaigdigang pandemya, mga sunog, at iba pang mga likas na kalamidad ang nagpataob sa ating mundo. Nakikidalamhati ako sa lahat ng nawalan ng mahal sa buhay sa panahong ito. At ipinagdarasal ko ang lahat na kasalukuyang naghihirap.

Habang patuloy na sumusulong ang gawain ng Panginoon. Sa gitna ng social distancing, pagsusuot ng face mask, at mga Zoom meeting, natuto tayong baguhin ang nakagawian na at gawin ang iba pa nang mas epektibo. Ang naiibang panahon ay nagdadala ng naiibang pagpapala.



*Olmué, Valparaíso, Chile*

Ang mga missionary at mission leader ay naging maparaan, matatag, at napakahuhusay. Kahit na karamihan sa mga missionary ay kinailangang humanap ng bago at malikhaing paraan para magawa ang kanilang gawain, maraming mission ang nag-ulat na *mas marami* ang mga tinuturuan ngayon.

Kinailangang pansamantalang isara ang mga templo, at ilang mga proyekto sa pagtatayo ang saglit na naantala, ngunit patuloy na ang mga ito ngayon. Sa taong 2020, nag-ground breaking tayo para sa 20 bagong mga templo!

Labis na nadagdagan ang mga gawain sa family history. Maraming



bagong mga ward at stake ang nalikha. At masaya kaming iulat na ang Simbahan ay nagbigay ng pandemic humanitarian aid sa 895 na mga proyekto sa 150 mga bansa.

Ang higit na pag-aaral ng ebanghelyo sa mga tahanan ay nagbubunga ng mas malalakas na patotoo at relasyon ng pamilya. Isang ina ang nagsulat: "Dama naming mas malapit kami sa mga anak at apo namin ngayon na nagkakatipon kami gamit ang Zoom bawat Linggo. Nagsasalitan kami sa pagbabahagi ng mga kaisipan ukol sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin*. Nagbago ang mga panalangin para sa mga kapamilya dahil mas naiintindihan na namin ang mga kailangan nila."

Dalangin ko na sana ay ginagamit natin ang pambihirang panahon na ito upang lumago sa espirituwal. Nasa mundo tayo ngayon upang masubukan, para makita kung pipiliin nating sundin si Jesucristo, para regular na magsisi, para matuto, at umunlad. Nais ng mga espiritu natin na umunlad. At pinakamainam natin itong nagagawa sa pananatiling tapat sa landas ng tipan.

Sa gitna ng lahat ng ito, mahal tayo ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo. May malasakit Sila sa atin! Sila at ang Kanilang banal na mga anghel ay nakamasid sa atin.[1] Alam kong iyan ay totoo.

Sa pagtitipon natin upang pakinggan ang mga salita na nais ng Panginoon na ipahayag ng Kanyang mga lingkod, inaanyayahan ko kayo na pagnilayan ang pangakong ginawa ng Panginoon. Sinabi Niya na "*sinuman ang magnanais* ay makayayakap sa salita ng Diyos, na buhay at makapangyarihan, na maghahati-hati sa lahat ng katusuhan . . . at panlilinlang ng diyablo, at aakayin ang [disipulo] ni Cristo sa makipot at makitid na daan."[2]

Dalangin ko na *piliin* ninyong yakapin ang salita ng Diyos ngayong pangkalahatang kumperensya. Dalangin kong madama ninyo ang sakdal na pagmamahal ng Panginoon para sa inyo,[3] sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 84:88.
2. Helaman 3:29; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Tingnan sa 2 Nephi 1:15.



Ni Elder David A. Bednar
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*


# Susubukin Natin Sila
## (Abraham 3:25)

*Ngayon na ang panahon para maghanda at patunayang gusto at kaya nating gawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa atin ng Panginoon nating Diyos.*

Dalangin ko na tulungan tayo ng Espiritu Santo habang ibinabahagi ko ang mga naisip at nadama ko sa paghahanda ko para sa pangkalahatang kumperensyang ito.

### Ang Kahalagahan ng mga Pagsusulit

Sa mahigit dalawang dekada bago ako tawaging maglingkod nang full-time sa Simbahan, nagtrabaho ako bilang guro at tagapangasiwa sa isang unibersidad. Ang unang responsibilidad ko bilang guro ay tulungan ang mga estudyate kung paano matuto sa kanilang sarili. Mahalagang bahagi ng trabaho ko ang paggawa, pagbibigay ng grado at feedback sa resulta ng kanilang mga pagsusulit. Tulad ng maaaring alam na ninyo batay sa personal na karanasan, kadalasan ang pagsusulit ay bahagi ng pag-aaral na hindi gaanong gusto ng mga estudyante!



*Provo, Utah, USA*

Ngunit ang pana-panahong mga pagsusulit ay mahalaga sa pagkatuto. Tinutulungan tayo ng epektibong pagsusulit na maikumpara ang kailangan nating malaman at ang nalalaman na natin tungkol sa isang partikular na paksa; nagbibigay din ito ng batayan para masuri kung may natutuhan tayo at kung may progreso tayo.

Gayundin, ang mga pagsusulit sa paaralan ng mortalidad ay mahalagang bahagi ng walang-hanggang pag-unlad. Kapansin-pansin, gayunpaman, na ang salitang *pagsusulit* ay hindi makikita ni minsan sa teksto ng mga Pamantayang Aklat sa Tagalog. Sa halip, ang mga salitang tulad ng *subukin, siyasatin,* at *suriin* ay ginagamit upang ilarawan ang iba't ibang paraan ng angkop na pagpapakita ng ating espirituwal na kaalaman, pag-unawa, at katapatan sa walang-hanggang plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit at ng ating kakayahang hangarin ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Siya na may-akda ng plano ng kaligtasan ay inilarawan ang pinakalayunin ng ating pagsubok sa buhay gamit ang mga salitang *subukin, siyasatin,* at *suriin* sa sinauna at makabagong banal na kasulatan. "At *susubukin* natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos."[1]

Isipin ang pagsamong ito ng Mang-aawit na si David:

"*Siyasatin* mo ako, O Panginoon, at ako'y *subukin*; ang aking puso at isipan ay iyong *suriin*.

"Sapagkat ang iyong tapat na pag-ibig ay nasa harapan ng aking mga mata: at ako'y lumalakad na may katapatan sa iyo."[2]

At ipinahayag ng Panginoon noong 1833, "Samakatwid, huwag kayong matakot sa inyong mga kaaway, sapagkat aking napagpasiyahan sa aking puso, wika ng Panginoon, na akin kayong *susubukin* sa lahat ng bagay, kung kayo ay mananatiling tapat sa aking tipan, maging hanggang sa kamatayan, nang kayo ay matagpuang karapat-dapat."[3]



Santo Domingo, Dominican Republic

### Pagsubok at Pagsuri sa Panahon Ngayon

Ang taong 2020 ay mailalarawan, kahit paano, ng isang pandaigdigang pandemya na sumubok, sumiyasat, at sumuri sa atin sa maraming paraan. Dalangin ko na bilang mga indibiduwal at pamilya ay matutuhan natin ang mahahalagang aral na tanging mahihirap na karanasan ang makapagtuturo sa atin. Umaasa rin ako na lahat tayo ay ganap na kikilalanin ang "kadakilaan ng Diyos" at ang katotohanan na "kanyang ilalaan ang [ating] mga paghihirap para sa [ating] kapakinabangan."[4]

Dalawang pangunahing alituntunin ang makagagabay at magpapalakas sa atin habang nakararanas tayo ng mahihirap na kalagayang susubok sa ating buhay, anuman ang mga ito: (1) ang alituntunin ng paghahanda; at (2) ang alituntunin ng patuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo.

### Pagsubok at Paghahanda

Bilang mga disipulo ng Tagapagligtas, iniutos sa atin na "*ihanda ang bawat kinakailangang bagay;* at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalanginan, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pagkakatuto, isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaayusan, isang bahay ng Diyos."[5]

Ipinangako rin sa atin na "kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot.

"At maaari ninyong matakasan ang kapangyarihan ng kaaway, at matipon sa akin bilang isang mabubuting tao, na walang bahid-dungis at walang kasalanan"[6]

Ang mga banal na kasulatang ito ay nagbibigay ng perpektong batayan para maisaayos at maihanda ang ating buhay at tahanan kapwa sa temporal at espirituwal. Ang ating mga pagsisikap na maghanda para sa mapanubok na karanasan ng mortalidad ay dapat tumulad sa halimbawa ng Tagapagligtas na unti-unting "lumago . . . sa karunungan, sa pangangatawan, at naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao"[7]—pinagsama-sama na balanseng kahandaan sa intelektuwal, pisikal, espirituwal, at sa pakikisalamuha.

Isang hapon ilang buwan na ang nakalipas, nag-imbentaryo kami ni Susan ng aming imbak na pagkain at mga emergency supply. Nang panahong iyon, mabilis ang paglaganap ng COVID-19, at sunud-sunod na lindol ang yumanig sa tahanan namin sa Utah. Bagong kasal palang kami ay sinikap na naming sundin ang payo ng propeta tungkol sa paghahanda para sa mga di-inaasahang hamon, kaya ang "pagsiyasat" kung gaano ba kami kahanda sa panahon na may virus at lindol ay bagay na tila maganda at napapanahong gawin. Gusto naming malaman ang makukuha naming grado sa mga biglaang pagsusulit na ito.

Napakarami naming natutuhan. Sa maraming aspeto, sapat lang ang nagawa naming paghahanda. Sa ilang aspeto, gayunpaman, kailangang may pagbutihin dahil hindi namin nakita at natugunan ang ilang partikular na pangangailangan sa tamang panahon.

Natawa rin kami nang husto. Natuklasan namin, halimbawa, na sa pinakasulok na kabinet, may mga aytem na maraming dekada na palang nakaimbak doon. Ang totoo, natakot kaming buksan at inspeksyunin ang ilan sa mga lalagyan sa takot na makapagpakawala kami ng isa na namang pandaigdigang pandemya! Pero matutuwa kayong malaman na itinapon namin nang tama ang mga nakapipinsalang materyal, at ang kalusugan ng mundo ay hindi na manganganib.

Iniisip ng ilang miyembro ng Simbahan na hindi na importante ang mga plano at suplay para sa emergency, pag-iimbak ng pagkain, at ang 72-hour kit dahil hindi naman binanggit o binigyang-diin ito ng mga Kapatid at ang mga paksang kaugnay nito sa pangkalahatang kumperensya. Ngunit maraming dekada nang paulit-ulit na ipinayo ng mga lider ng Simbahan na maghanda. Ang patuloy na pagpapayo ng propeta ay lilikha sa paglipas ng panahon ng epektibo at malinaw na babala na mas malakas kaysa sa nagagawa ng minsanang pagsasabi lamang.

Makikita sa panahon ng kagipitan ang kakulangan ng temporal na paghahanda, sa gayunding paraan, ang pagiging kaswal at kampante sa espirituwal ay nagdudulot ng



*Guatemala City, Guatemala*

nakapipinsalang epekto sa panahon ng matitinding pagsubok. Natutuhan natin, halimbawa, sa talinghaga ng sampung birhen na ang pagpapaliban ng paghahanda ay humahantong sa kabiguan. Matatandaan na hindi naghanda nang sapat ang mga mangmang na birhen sa pagsusulit na ibinigay sa kanila sa araw ng pagdating ng lalaking ikakasal.

"Sapagka't nang dalhin ng mga mangmang ang kanilang mga ilawan, ay hindi sila nangagdala ng langis:

"Ngunit ang matatalino ay nagdala ng langis sa mga lalagyan na kasama ng kanilang mga ilawan. . . .

"Subalit nang hatinggabi na ay may sumigaw, 'Narito na ang lalaking ikakasal! Lumabas kayo upang salubungin siya.

"Bumangon lahat ang mga birheng iyon at iniayos ang kanilang mga ilawan.

"At sinabi ng mga hangal sa matatalino, Bigyan ninyo kami ng inyong langis, sapagkat namamatay na ang aming mga ilawan.

"Ngunit sumagot ang matatalino na nagsasabi, Maaaring hindi sapat para sa amin at para sa inyo. Kaya't pumunta kayo sa mga nagtitinda at bumili kayo ng para sa inyo.

"At habang pumupunta sila upang bumili, dumating ang lalaking ikakasal. Ang mga nakapaghanda ay pumasok na kasama niya sa piging ng kasalan; at isinara ang pintuan.

"Pagkatapos ay dumating naman ang ibang mga birhen, na nagsasabi, 'Panginoon, Panginoon, pagbuksan mo kami."[8]

"Ngunit sumagot siya at sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, hindi ko kayo nakikilala."[9]

Kahit paano sa pagsusulit na ito, napatunayan ng limang mangmang na birhen na sila ay tagapakinig lamang at hindi tagatupad ng salita.[10]

May kaibigan ako na masigasig na nag-aaral ng abogasya. Sa buong semestre, nag-uukol si Sam ng panahon araw-araw sa pagrerebyu, pagbubuod, at pag-aaral ng kanyang mga isinulat para sa bawat kursong pinag-aralan niya. Ganoon din ang kanyang ginawa sa lahat ng klase niya sa katapusan ng bawat linggo at bawat buwan. Dahil sa pamamaraang ito natutuhan niya ang batas at hindi lamang niya basta naisaulo ang mga detalye. At nang sumapit ang pagsusulit, handa na si Sam. Sa katunayan, para sa kanya ang pagsusulit ang pinakamadaling bahagi ng pag-aaral niya ng batas. Ang epektibo at napapanahong paghahanda ay nagbubunga ng matagumpay na pagsusulit.

Ang pamamaraan ni Sam sa kanyang pag-aaral ng batas ay nagbibigay-diin sa pangunahing huwaran ng Panginoon sa paglago at pag-unlad. "Ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Magbibigay ako sa mga anak ng tao ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon; at pinagpala ang mga yaong nakikinig sa aking mga tuntunin, at ipahiram ang tainga sa aking mga payo, sapagkat matututo sila ng karunungan; sapagkat siya na tumatanggap ay bibigyan ko pa ng karagdagan."[11]

Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na "pag-isipan [natin] ang [ating] mga lakad."[12] at "siyasatin [natin] ang [ating] mga sarili kung [tayo'y] nasa pananampalataya; [at] subukin [natin] ang [ating] mga sarili."[13] Ano ang natutuhan natin nitong nakalipas na ilang buwang pagbabago at paghihigpit sa pamumuhay natin? Ano ang kinakailangan nating pagbutihin sa buhay natin sa espirituwal, pisikal, emosyonal, at pakikisalamuha? Ngayon na ang panahon para maghanda at patunayang gusto at kaya nating gawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa atin ng Panginoon nating Diyos.

### Pagsubok at Patuloy na Paglakad

Minsan ay pumunta ako sa libing ng isang batang missionary na namatay sa aksidente. Nagsalita sa serbisyo ng libing ang ama ng missionary at inilarawan nito ang pagdadalamhati sa biglaang pagkawalay ng pinakamamahal na anak. Inamin niyang hindi niya personal na maunawaan kung ano ang dahilan at bakit nangyari iyon sa ganoong panahon. Ngunit hindi ko malilimutan na sinabi rin ng butihing lalaking ito na alam niyang alam ng Diyos kung ano ang dahilan at bakit nangyari iyon sa ganoong panahon sa kanyang anak—at sapat na iyon sa kanya. Sinabi niya sa kongregasyon na sila ng kanyang pamilya, bagama't nalulungkot, ay makakaraos din; nanatiling matibay at matatag ang kanilang mga patotoo. Tinapos niya ang kanyang mensahe sa pahayag na ito: Gusto kong malaman ninyo na para sa ebanghelyo ni Jesucristo, gagawin ng pamilya namin ang lahat. Gagawin namin ang lahat."

Kahit napakasakit at napakahirap mawalan ng mahal sa buhay, ang mga

miyembro ng magiting na pamilyang ito ay espirituwal na handang patunayan na sila ay maaaring matuto ng mga aral na may walang-hanggang kahalagahan sa pamamagitan ng mga bagay na dinanas nila.[14]

Ang katapatan ay hindi kahangalan o panatisismo. Sa halip, ito ay pagtitiwala at pananalig kay Jesuscristo bilang ating Tagapagligtas, sa Kanyang pangalan, at sa Kanyang mga pangako. Habang tayo ay "patuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao,"[15] pagpapalain tayo ng walang-hanggang pananaw at bisyon na lampas sa ating limitadong kakayahan bilang mortal. Magagawa nating "sama-samang magtipon, at tumayo sa mga banal na lugar"[16] at "huwag matinag, hanggang sa ang araw ng Panginoon ay dumating."[17]

Noong naglilingkod pa ako bilang pangulo ng Brigham Young University–Idaho, dumating si Elder Jeffrey R. Holland sa kampus noong Disyembre 1998 para magsalita sa isa sa aming mga debosyonal. Nag-anyaya kami ni Susan ng grupo ng mga estudyante para makilala at makausap ni Elder Holland bago siya magbigay ng mensahe. Nang malapit na kaming matapos, tinanong ko si Eder Holland, "Kung may isang bagay lang kayong maituturo sa mga estudyanteng ito, ano iyon?"

Sagot niya:

"Nasasaksihan natin ang patuloy na tumitinding agwat ng magkatunggaling opinyon. Ang opsyong pumagitna ay aalisin sa atin bilang mga Banal sa mga Huling Araw. Ang pananatili sa gitna ay hindi na magiging opsyon.

"Kung magpapalutang-lutang ka lang sa daloy ng tubig sa ilog, wala kang mapatutunguhan. Maaanod ka lang kung saan ka dalhin ng daloy ng tubig. Ang pagpapaagos sa ilog, pagpapatangay sa alon, pagpapaanod sa daloy ng tubig ay walang kahihinatnan.

"Dapat pumili tayo. Ang hindi pagpili ay isang pagpili. Matutong pumili ngayon."

Ang pahayag ni Elder Holland tungkol sa tumitinding polarisasyon ay maituturing na paglalarawan sa magiging kalakaran at kaganapan sa lipunan 22 taon mula nang sagutin niya ang aking tanong. Sa pagsasabi ng nakikinitang paglaki ng agwat ng mga pamamaraan ng Panginoon at ng mundo, nagbabala si Elder Holland na ang mga araw na komportableng paglalagay ng isang paa sa ipinanumbalik na ebanghelyo at ng isang paa sa mundo ay mabilis nang nawawala. Hinihikayat ng tagapaglingkod na ito ng Panginoon ang mga kabataan na pumili, maghanda, at maging matatapat na disipulo ni Jesucristo. Tinutulungan niya sila na maghanda at magpatuloy sa kabila ng mga pagsubok at mahihirap na mararanasan nila sa buhay.


## Pangako at Patotoo

Ang proseso kung saan masusubukan natin ang ating sarili ay mahalagang bahagi ng dakilang plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Ipinapangako ko na kapag tayo at naghanda at nagpatuloy sa paglakad nang may pananampalataya sa Tagapagligtas, lahat tayo ay makatatanggap ng parehong grado sa pinakahuling pagsusulit ng mortalidad: "Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay: Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon."[18]

Pinatototohanan ko na ang Diyos Amang Walang Hanggan ay ang ating Ama. Si Jesucristo ay Kanyang Bugtong at buhay na Anak, ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Buong galak na pinatototohanan ko ang mga katotohanang ito sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Abraham 3:25; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Mga Awit 26:2–3; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. Doktrina at mga Tipan 98:14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. 2 Nephi 2:2.
5. Doktrina at mga Tipan 88:119; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Doktrina at mga Tipan 38:30–31.
7. Lucas 2:52.
8. Mateo 25:3–4, 6–11.
9. Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 25:12 (sa Mateo 25:12, talababa *a*).
10. Tingnan sa Santiago1:22–25.
11. 2 Nephi 28:30.
12. Hagai 1:5, 7.
13. II Mga Taga Corinto 13:5.
14. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 105:6.
15. 2 Nephi 31:20.
16. Doktrina at mga Tipan 101:22.
17. Doktrina at mga Tipan 87:8.
18. Mateo 25:21.





Ni Elder Scott D. Whiting
*Ng Pitumpu*

# Pagiging Katulad Niya

*Tanging sa Kanyang banal na tulong tayo makasusulong sa pagiging katulad Niya.*

Kahit sa pinakamaiingat na estudyante ng buhay at ministeryo ni Jesucristo, ang payo ng Tagapagligtas na "maging katulad ko"[1] ay nakakapanghina-ng-loob at tila imposibleng gawin. Baka katulad kita—alam ang lahat ng iyong mga mali at kabiguan, kaya maaaring sa isip mo mas komportableng tahakin ang landas na walang pag-akyat at kaunti ang pag-unlad. "Tiyak na ang turong ito ay di-makatotohanan at sobra naman," pangangatwiran natin, habang komportable nating pinipili ang landas na di-gaanong mahirap, at kaunting calorie ng kinakailangang pagbabago lang ang nasusunog.



*Orem, Utah, USA*

Pero paano kung ang pagiging "katulad [Niya]" ay hindi patalinghaga, kahit sa ating mortal na kalagayan? Paano kung, kahit paano, ay kayang makamit sa buhay na ito at, tunay na, kailangan para muli Siyang makapiling? Paano kung ang "maging katulad ko" ay ang talagang ibig sabihin ng Tagapagligtas? Ano ang kasunod nito? Gaano kalaking pagsisikap ang handa nating ibigay para maanyayahan ang Kanyang mahimalang kapangyarihan sa ating buhay para mabago natin ang ating likas na pagkatao?

Itinuro ni Elder Neal A. Maxwell: "Kapag iniisip natin na inutusan tayo ni Jesus na maging tulad Niya, nakikita natin na ang kalagayan natin ngayon ay hindi naman talaga masama, ngunit, sa halip, hati ang ating puso at kulang ang ating sigasig para sa Kanyang layunin—na siya ring ating layunin! Nagpupuri tayo ngunit bihira natin Siyang tularan."[2] Isang batang ministro, si Charles M. Sheldon, ang nagpahayag ng ganito ring damdamin: "Gustung-gusto ng ating Kristianismo ang kaluwagan at kapanatagan kaysa pasanin ang anumang bagay na magaspang at mabigat na gaya ng krus."[3]

Sa katunayan, lahat ay inutusang maging katulad Niya, tulad ni Jesucristo na naging katulad ng Ama.[4] Sa ating pagsulong, tayo ay nagiging mas kumpleto, mas tapos, at mas ganap na buo.[5] Ang gayong aral ay hindi batay sa mga doktrina ng iisang sekta kundi galing mismo sa Guro. Ayon sa pananaw na ito dapat mamuhay ang tao, na isinasaalang-alang ang mga ugnayan, at itinataguyod ang mga relasyon. Tunay na walang ibang paraan para pagalingin ang mga sugat ng nasirang ugnayan o hating lipunan kundi ang higit na tularan ng bawat isa sa atin ang Prinsipe ng Kapayapaan.[6]

Pag-isipan natin kung paano sisimulan ang isang pinag-isipan, kusang-loob, at sinadyang layunin ng pagiging tulad Niya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mismong mga katangian ni Jesucristo.

### Magpasiya at Gawin

Ilang taon na ang nakalipas, kaming mag-asawa ay nasa bungad ng landas paakyat ng pinakamataas na bundok sa Japan, ang Mount Fuji. Nang nagsimula kaming umakyat tiningala namin ang malayong tuktok at inisip kung mararating ba namin iyon.

Habang umaakyat, naramdaman namin ang pagod, sakit ng kalamnan, at mga epekto ng pagtaas ng altitude. Sa isipan, naging mahalaga na magtuon lang kami sa susunod na hakbang. Sinabi naming, "Maaaring hindi ko marating ang tuktok, pero kaya kong gawin ang susunod na hakbang na ito ngayon." Sa paglipas ng oras, ang mahirap na gawain ay nakayang gawin—sa paisa-isang hakbang.

Ang unang hakbang sa landas ng pagiging tulad ni Jesucristo ay ang magkaroon ng hangarin na gawin ito. Ang pagkaunawa na ang payo na maging tulad Niya ay mabuti, ngunit kailangan itong lakipan ng hangaring baguhin ang ating sarili, sa paisa-isang hakbang, nang higit pa sa kaya ng likas na tao.[7] Upang magkaroon ng hangarin, kailangan nating malaman kung sino Siya. Kailangang malaman natin ang Kanyang pagkatao,[8] at dapat nating hanapin ang Kanyang mga katangian sa banal na kasulatan, sa pagsamba, at iba pang mga banal na lugar. Habang mas nakikilala natin

Siya, nakikita natin sa ibang tao ang Kanyang mga katangian. Makahihikayat ito sa sarili nating pagsisikap, dahil kung naipamumuhay kahit papaano ng ibang tao ang Kanyang mga katangian, makakaya rin natin itong gawin.

Kung tapat tayo sa ating sarili, ang Liwanag ni Cristo[9] na nasa ating kalooban ay bubulong na may distansya pa sa kung nasaan tayo kumpara sa hangad nating katangian ng Tagapagligtas.[10] Mahalaga ang gayong katapatan para umunlad tayo sa pagiging katulad Niya. Tunay na ang katapatan ay isa sa Kanyang mga katangian.

Ngayon, maaaring isaalang-alang ng matatapang sa atin na tanungin ang isang pinagkakatiwalaang kapamilya, asawa, kaibigan, o espirituwal na lider kung anong katangian ni Jesucristo ang kailangan pa natin—at maaaring kailangan nating ihanda ang ating sarili sa sagot! Kung minsan nakikita natin na nag-iiba ang anyo natin sa harap ng fun-house mirror, kung saan nagmumukha tayong mas mabilog o mas payat kaysa sa totoong anyo natin.



Ang pinagkakatiwalaang mga kaibigan at kapamilya ay makatutulong sa atin na makita ang sarili natin sa mas tamang paraan, ngunit kahit sila na mapagmahal at matulungin ay hindi perpekto ang pagtingin sa mga bagay-bagay. Dahil dito, mahalagang hingin din natin sa ating mapagmahal na Ama sa Langit ang kailangan natin at kung saan tayo dapat magtuon ng pansin. Perpekto ang kaalaman Niya tungkol sa atin at mapagmahal na ipakikita sa atin ang mga kahinaan natin.[11] Marahil matututuhan mo na kailangan mo ng dagdag na tiyaga, pagpapakumbaba, pag-ibig sa kapwa, pagmamahal, pag-asa, sigasig, o pagsunod.[12]

Kamakailan lamang, sinabihan ako nang diretsahan ng isang mapagmahal na lider ng Simbahan kung anong katangian ang maaari ko pang pagbutihin. Nang may pagmamahal, hindi niya binaluktot ang katotohanan. Noong gabing iyon, ikinuwento ko sa asawa ko ang karanasang ito. Siya ay napakamahabagin din kahit na sumang-ayon siya sa mungkahi ng lider. Pinagtibay sa akin ng Espiritu Santo na ang payo nila ay mula sa mapagmahal na Ama sa Langit.

Makatutulong din na matapat na kumpletuhin ang aktibidad ukol sa katangian ni Cristo sa kabanata 6 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo*.[13]

Kapag nakagawa ka na ng tapat na pagsusuri at nagpasiyang simulan ang pag-akyat sa bundok, kakailanganin mong magsisi. Mapagmahal na itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson: "Kapag pinipili nating magsisi, pinipili nating magbago! Tinutulutan natin ang Tagapagligtas na baguhin tayo at gawin tayong pinakamabuting bersyon ng ating sarili. Pinipili nating umunlad sa espirituwal at magkaroon ng kagalakan—ang kagalakan na matubos Niya. Kapag pinipili nating magsisi, pinipili nating maging higit na katulad ni Jesucristo!"[14]

Ang pagiging katulad ni Jesucristo ay nangangailangan ng pagbabago sa ating puso at isipan, ng ating mismong pagkatao, at ang paggawa nito ay posible lamang sa nagliligtas na biyaya ni Jesucristo.[15]

### Tukuyin at Kumilos

Ngayon na nagpasiya ka nang magbago at magsisi at humingi ng patnubay sa pamamagitan ng panalangin, tapat na pagninilay, at posibleng pagpapayo sa iba, kakailanganin mong pumili ng katangian na pagtutuunan mo ng pansin. Kakailanganin mong mangako na mas magsisikap pa nang mas mabuti. Ang mga katangiang ito ay hindi darating nang biglaan at walang pagsisikap, ngunit sa Kanyang biyaya darating ang mga ito kapag nagsisikap.

Ang mga katangiang tulad ng kay Cristo ay mga kaloob mula sa mapagmahal na Ama sa Langit para pagpalain tayo at ang mga nasa paligid natin. Dahil dito, ang pagsisikap natin para makamit ang mga katangiang ito ay mangangailangan ng taos-pusong pagsamo para sa Kanyang banal na tulong. Kung hahangarin natin ang mga kaloob na ito para mas mapaglingkuran ang iba, pagpapalain Niya tayo sa ating pagsisikap. Ang makasariling paghahangad ng kaloob mula sa

Diyos ay hahantong sa pagkabigo at pagkasiphayo.

Sa pagtutuong mabuti sa isang kailangang katangian, sa pagsulong mo sa pagkakaroon ng katangiang iyon, magsisimulang mapasaiyo ang iba pang mga katangian. Ang isang tao bang nakatuon nang mabuti sa pagmamahal sa kapwa ay hindi magkakaroon ng dagdag na pagmamahal at kababaang-loob? Ang tao bang nakatuon sa pagsunod ay hindi magkakaroon ng dagdag na sigasig at pag-asa? Ang iyong makabuluhang pagsisikap na magkaroon ng isang katangian ay nagiging parang pagtaas ng tubig na nag-aangat sa lahat ng bangka na nasa daungan.



*Rexburg, Idaho, USA*

### Itala at Itaguyod

Mahalaga para sa akin na habang nagsisikap akong maging katulad Niya, na itala ko ang mga karanasan at natututuhan ko. Habang inaaral ko ang isa sa Kanyang mga katangian sa aking isipan, nagiging bago ang mga banal na kasulatan dahil nakikita ko ang mga halimbawa ng mga katangiang ito sa Kanyang mga aral, ministeryo, at mga disipulo. Natutuon din ang mga mata ko sa pagtukoy sa katangiang ito sa ibang tao. Naobserbahan ko ang kahanga-hangang mga indibiduwal kapwa sa loob at labas ng Simbahan na may mga katangiang tulad ng sa Kanya. Sila ay mabibisang halimbawa kung paano naipamamalas ang mga katangiang iyon sa mga mortal dahil sa Kanyang magiliw na biyaya.



Para makakita ng tunay na pag-unlad, kailangan mo ng patuloy na pagsisikap. Tulad ng pag-akyat sa bundok na kailangan ng paghahanda, at gayundin ng katatagan at sigasig habang umaakyat, kailangan din ang pagsisikap at sakripisyo sa paglalakbay na ito. Ang tunay na Kristianismo, kung saan sinisikap nating maging higit na katulad ng ating Panginoon, ay palaging nangangailangan ng ating pinakamainam na pagsisikap.[16]

Narito ang maikling babala. Ang utos na maging katulad Niya ay hindi nilayon para ipadama sa inyo na may kasalanan kayo, hindi karapat-dapat, o hindi minamahal. Ang buong mortal na karanasan natin ay tungkol sa pag-unlad, pagsisikap, pagkabigo, at pagtatagumpay. Kahit gusto naming mag-asawa na ipikit lang ang aming mga mata at mahiwagang makarating sa tuktok, hindi ganyan ang buhay.

Ikaw ay sapat, ikaw ay minamahal, pero hindi ibig sabihin niyan na ikaw ay kumpleto na. May gawaing gagawin sa buhay na ito at sa kabilang-buhay. Tanging sa Kanyang banal na tulong tayo makasusulong sa pagiging katulad Niya.

Sa mga panahong ito na, "lahat ng bagay ay [tila] magkakagulo; at . . . ang takot [ay tila] mapapasalahat ng tao,"[17] ang panlaban, ang tanging lunas, ay sikaping maging katulad ng Tagapagligtas,[18] ang Manunubos[19] ng sangkatauhan, ang Liwanag ng Sanglibutan,[20] at hanapin Siya na nagsabing, "Ako ang daan."[21]

Alam ko na ang pagiging katulad Niya sa pamamagitan ng Kanyang banal na tulong at lakas *ay* kayang maabot sa pamamagitan ng paisa-isang hakbang. Dahil kung hindi, hindi na Niya ibinigay ang utos na ito.[22] Alam ko ito—kahit paano, dahil nakikita ko ang Kanyang mga katangian sa marami sa inyo. Ang mga bagay na ito ay pinatototohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. 3 Nephi 27:27. Para sa kaugnay na mga payo mula sa Tagapagligtas, tingnan sa Mateo 5:48 ("Kaya't kayo nga'y maging sakdal, gaya ng inyong Ama sa langit na sakdal"); I Juan 2:6 ("Ang nagsasabing siya'y nananatili sa kanya ay nararapat ding lumakad gaya ng kanyang paglakad"); Mosias 3:19 ("Sapagkat ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, at naging gayon mula pa sa pagkahulog ni Adan, at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, maliban kung kanyang bigyang-daan ang panghihikayat ng Banal na Espiritu, at hubarin ang likas na tao at maging banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon, at maging tulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa lahat ng bagay na nakita ng Panginoon na angkop na ipabata sa kanya, maging katulad ng isang batang napasasakop sa kanyang ama") Alma 5:14 ("At ngayon

masdan, itinatanong ko sa inyo, aking mga kapatid sa simbahan, kayo ba ay espirituwal na isinilang sa Diyos? Inyo bang tinanggap ang kanyang larawan sa inyong mga mukha?"); 3 Nephi 12:48 ("Anupa't nais ko na kayo ay maging ganap na katulad ko, o ng inyong Ama na nasa langit ay ganap").
2. Neal A. Maxwell, *Even As I Am* (1982), 16.
3. Charles M. Sheldon, *In His Steps* (1979), 185.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:12–17.
5. Tingnan sa Mateo 5:48, footnote *b*.
6. Tingnan sa Isaias 9:6; 2 Nephi 19:6.
7. Tingnan sa I Mga Taga Corinto 2:14; Mosias 3:19.
8. Tingnan sa Mateo 7:23; 25:12; Mosias 26:24; tingnan din sa mga footnote sa bawat banal na kasulatan; David A. Bednar, "Kung Ako'y Nangakilala Ninyo," *Liahona,* Nob. 2016, 102–5.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:2.
10. Tingnan sa Moroni 7:12–19.
11. Tingnan sa Eter 12:27.
12. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Isang Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero,* rev. ed. (2019), kabanata 6, "Paano Ako Magkakaroon ng mga Katangiang Tulad ng kay Cristo?" Ang mga reperensya sa iba pang mga katangian ng Tagapagligtas ay nakakalat sa mga banal na kasulatan. Kabilang sa ilang halimbawa ang Mosias 3:19; Alma 7:23; Ang mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.
13. Tingnan sa *Preach My Gospel,* 132.
14. Russell M. Nelson, "Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at Maging Mas Mahusay," *Liahona,* Mayo 2019, 67.
15. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Biyaya," scriptures.ChurchofJesusChrist.org.
16. Tingnan sa Sheldon, *In His Steps,* 246: "Kung ang depinisyon natin sa pagiging Kristiyano ay tamasahin lamang ang mga pribilehiyo ng pagsamba, maging bukas-palad nang hindi tayo kailangang magsakripisyo, magkaroon ng masaya at hayahay na oras sa piling ng mga kaibigan at ng mga bagay na komportable, mamuhay nang kagalang-galang at kasabay nito ay iwasan ang matinding stress na dulot ng mundo dahil sa kasalanan at gulo dahil napakahirap itong tiisin—kung ito ang ating depinisyon ng Kristiyanismo, tiyak na malayo pa tayo sa pagsunod sa mga yapak Niya na tumahak sa landas na may mga pagdaing at luha at paghikbi dahil sa dalamhati sa naligaw na sangkatauhan; na pinawisan, ng malalaking patak ng dugo, na sumigaw habang nakapako sa krus, 'Dios ko, Dios ko, bakit mo ako pinabayaan.' "
17. Doktrina at mga Tipan 88:91.
18. Tingnan sa Isaias 43:3.
19. Tingnan sa Job 19:25.
20. Tingnan sa Juan 8:12.
21. Juan 14:6.
22. Tingnan sa 1 Nephi 3:7.



Ni Michelle D. Craig
*Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency*

# Mga Matang Makakakita

*Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, bibigyan tayo ni Cristo ng kakayahang makita ang ating sarili at makita ang iba na tulad ng pagkakita Niya sa atin.*

**Nakikita ang Kamay ng Diyos**

Gustung-gusto ko ang kuwento sa Lumang Tipan tungkol sa isang binatang naglingkod sa propetang si Eliseo. Isang umaga maagang gumising ang binata, lumabas, at nakitang naliligiran ang lungsod ng isang malaking hukbo na nagbabalak na lipulin sila. Tumakbo siya kay Eliseo: "Kahabag-habag tayo, panginoon ko! Paano ang ating gagawin?"

Sumagot si Eliseo, "Huwag kang matakot, sapagkat ang mga kasama natin ay higit kaysa mga kasama nila."

Alam ni Eliseo na kailangan ng binata ang higit pa sa nakapapanatag na katiyakan; kailangan niyang makakita. Kaya nga "Si Eliseo ay nanalangin, . . . Panginoon, . . . buksan mo ang kanyang mga mata upang siya'y makakita. At binuksan ng Panginoon ang mga mata ng binata, at siya'y nakakita. Ang bundok ay puno ng mga kabayo at ng mga karwahe ng apoy sa palibot ni Eliseo."[1]

Maaaring may mga pagkakataon na nahihirapan kayo, tulad ng alipin, na makita kung paano kumikilos ang Diyos sa inyong buhay—mga panahon na pakiramdam *ninyo* ay kinukubkob kayo—kapag napapasuko na kayo dahil sa mga pagsubok ng buhay. Maghintay at magtiwala sa Diyos at sa Kanyang takdang panahon, dahil maaari ninyong buong-pusong pagkatiwalaan ang Kanyang puso. Ngunit may pangalawang aral



*Wakayama, Japan*

dito. Mahal kong mga kapatid, maaari din kayong manalangin na buksan ng Panginoon ang inyong mga mata upang makita ang mga bagay na hindi ninyo karaniwang nakikita.

### Tingnan ang Ating Sarili Tulad ng Pagtingin ng Diyos sa Atin

Marahil ang pinakamahahalagang bagay na dapat nating makita nang malinaw ay kung sino ang Diyos at kung sino tayo talaga—mga anak ng mga magulang sa langit na may "banal na katangian at walang hanggang tadhana."[2] Hilingin sa Diyos na ihayag ang mga katotohanang ito sa inyo, pati na ang nadarama Niya tungkol sa inyo. Kapag mas nauunawaan ninyo ang inyong tunay na identidad at layunin, nang may matatag na pag-unawa, mas maiimpluwensyahan nito ang lahat sa inyong buhay.

### Pagtingin sa Iba

Ang pag-unawa kung paano tayo nakikita ng Diyos ay naghahanda ng daan para tulungan tayong makita ang iba na tulad ng pagkakita Niya. Sabi ng kolumnistang si David Brooks: "Marami sa malalaking problema ng ating lipunan ang nagmumula sa mga tao na ang pakiramdam ay hindi sila pinapansin at pinapahalagahan. . . . May isang mahalagang . . . ugali na kailangang mas pagbutihin nating lahat, na nakikita ang bawat isa nang may malaking pag-unawa at lubos ring nauunawaan ng iba."[3]

Tinitingnan ni Jesucristo ang mga tao nang may malaking pag-unawa. Nakikita Niya ang mga indibiduwal, ang kanilang mga pangangailangan, at maaaring kahinatnan. Kung ang nakita ng iba ay mga mangingisda, makasalanan, o maniningil ng buwis, ang nakita ni Jesus ay mga disipulo; kung ang nakita ng iba ay isang lalaking sinapian ng mga demonyo, hindi pinansin ni Jesus ang pagkabalisa nito, kinilala Niya ang lalaki at pinagaling siya.[4]

Kahit sa ating abalang buhay, masusundan natin ang halimbawa ni Jesus at makikita ang mga tao—ang kanilang mga pangangailangan, pananampalataya, pakikibaka, at kahihinatnan.[5]

Kapag ipinagdarasal ko na buksan ng Panginoon ang aking mga mata para makita ko ang mga bagay na hindi ko karaniwang nakikita, may dalawang bagay akong madalas itanong sa sarili at pinakikinggan ko ang mga impresyong dumarating: "Ano ang ginagawa ko na dapat ko nang itigil?" at "Ano ang hindi ko ginagawa na dapat simulan kong gawin?"[6]

Ilang buwan na ang nakalipas, sa oras ng sakramento, itinanong ko sa aking sarili ang mga bagay na ito at nagulat ako sa impresyong dumating. "Tigilan mong tumingin sa cellphone mo kapag naghihintay ka sa pila." Ang pagtingin sa cellphone ko habang nakapila ay halos naging awtomatiko na; natuklasan ko na magandang sandali iyon para mag-multitask, magbasa at sumagot ng email, tingnan ang mga headline, o mag-scroll sa isang social media feed.



*Temecula, California, USA*

Kinaumagahan, natagpuan ko ang sarili ko na naghihintay sa isang mahabang pila sa tindahan. Inilabas ko ang cellphone ko at saka ko naalala ang impresyong natanggap ko. Itinabi ko ang cellphone ko at tumingin ako sa paligid. Nakita ko ang isang matandang ginoo na nakapila sa unahan ko. Walang laman ang cart niya maliban sa ilang lata ng cat food. Medyo naasiwa ako, pero *talagang* matalinong sinabi, "May pusa pala kayo." May paparating daw na bagyo, at ayaw niyang bumagyo na wala siyang cat food. Saglit kaming nag-usap, tapos ay bumaling siya sa akin at sinabing, "Alam mo, wala pa akong nasasabihan nito, pero kaarawan ko ngayon." Naantig ang puso ko. Binati ko siya ng happy birthday at tahimik akong nagpasalamat sa panalangin na hindi ko hawak ang cellphone ko at hindi nakalagpas ang pagkakataon na tunay na makita at makausap ang isang taong nangangailangan nito.

Buong-pusong ayaw kong maging katulad ng saserdote o ng Levita sa daan patungong Jerico—na tumingin at nagdaan lang.[7] Pero kadalasan palagay ko'y ganoon ako.

### Makita ang Utos ng Diyos para sa Akin

Kamakailan ay may natutuhan akong mahalagang aral tungkol sa pagpansin nang husto mula sa isang dalagang nagngangalang Rozlyn.

Ikinuwento iyon sa akin ng aking kaibigan na nanlumo nang umalis ang asawa niya na 20 taon niyang nakasama. Dahil naghati sa oras ang mga magulang na makapiling ang kanilang mga anak, parang napakahirap isiping magsimba nang mag-isa. Paggunita niya:

"Sa isang Simbahan kung saan ang pamilya ay pinakamahalaga, maaaring masakit ang maupo nang nag-iisa. Sa unang linggong iyon pumasok ako na ipinagdarasal na wala sanang kumausap sa akin. Hirap akong maging kalmado, at nangingilid ang mga luha ko. Naupo ako sa dati kong inuupuan, na umaasang walang makapansin na wala akong katabi.

"Lumingon ang isang dalaga sa aming ward at tumingin sa akin.

Pakunwari akong ngumiti. Nginitian din niya ako. Nakita ko ang pag-aalala sa kanyang mukha. Tahimik kong ipinagdasal na huwag siyang lumapit para kausapin ako—wala akong masasabing maganda at alam kong iiyak ako. Yumuko ako at iniwasan kong magkatinginan kami.

"Nang sumunod na oras, napansin kong palingun-lingon siya sa akin. Nang matapos ang miting, dumiretso siya sa akin. 'Hi Rozlyn,' bulong ko. Niyakap niya ako at sinabing, 'Sister Smith, parang hindi maganda ang araw ninyo ngayon. Sori po. Mahal ko po kayo.' Tulad ng hula ko, tumulo ang mga luha nang yakapin niya akong muli. Ngunit habang papalayo ako, naisip ko, 'Siguro kakayanin ko naman ito.'

"Tuwing Linggo hanggang sa katapusan ng taong iyon ay hinanap ako ng magiliw na 16-anyos na dalagang iyon, na wala pa sa kalahati ng edad ko, para ako'y yakapin at tanungin, 'Kumusta po kayo?' Napakalaki ng kaibhang nagawa nito sa nadama ko tungkol sa pagsisimba. Ang totoo ay nagsimula akong *umasa* sa mga yakap na iyon. May nakapansin sa akin. May nakaalam na naroon ako. May nagmalasakit."

Tulad ng lahat ng kaloob na handang ibigay ng Ama, para lubos na makakita, kailangan nating *tanungin Siya*—at saka tayo *kumilos*. *Hilingin* na makita ang iba na tulad ng pagkakita Niya—bilang Kanyang mga tunay na anak na may walang-hanggan at banal na potensyal. Pagkatapos ay *kumilos* sa pagmamahal, paglilingkod, at pagpapatibay sa kanilang halaga at potensyal ayon sa pahiwatig. Kapag naging huwaran ito ng ating buhay, makikita natin na tayo ay nagiging "tunay na mga tagasunod ni . . . Jesucristo."[8] Pagkakatiwalaan ng puso ng iba ang ating puso. At sa huwarang ito matutuklasan din natin ang *ating sariling* tunay na identidad at layunin.

Naalala ng kaibigan ko ang isa pang karanasan habang nakaupo sa upuan ding iyon na walang ibang nakaupo, nag-iisa, nag-iisip kung nawalan ng saysay ang 20 taon ng pagsisikap na ipamuhay ang ebanghelyo sa kanyang tahanan. Kinailangan niya ng higit pa sa nakapapanatag na katiyakan; kinailangan niya ng paningin. May tanong na tumimo sa kanyang puso: "Bakit mo ginawa ang mga bagay na iyon? Ginawa mo ba iyon para sa gantimpala, papuri ng iba, o hinahangad mong mangyari?" Nag-atubili siya sandali, kinapa ang kanyang puso, at pagkatapos ay tiwala siyang sumagot, "Ginawa ko ang mga iyon dahil mahal ko ang Tagapagligtas. At mahal ko ang Kanyang ebanghelyo." Binuksan ng Panginoon ang kanyang mga mata para tulungan siyang makakita. Sa simple ngunit malaking pagbabago ng paningin, patuloy siyang nakasulong nang may pananalig kay Cristo, sa kabila ng kanyang sitwasyon.


*São Paulo, Brazil*

Pinatototohanan ko na mahal tayo ni Jesucristo at mabibigyan tayo ng mga matang nakakakita—*kahit* mahirap ito, *kahit* pagod tayo, *kahit* malungkot tayo, at *kahit* ang mga kinalabasan ay hindi ang inasam natin. Sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, pagpapalain Niya tayo at pag-iibayuhin ang ating kakayahan. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, bibigyan tayo ni Cristo ng kakayahang *makita* ang ating sarili at *makita* ang iba na tulad ng pagkakita Niya. Sa tulong Niya, mahihiwatigan natin kung ano ang kailangan. Makikita natin ang kamay ng Panginoon na kumikilos sa at sa pamamagitan ng mga karaniwang detalye ng ating buhay—makakakita tayo nang husto.

At pagkatapos, sa dakilang araw na iyon na "kung siya ay magpapakita, tayo ay magiging katulad niya, sapagkat *makikita* natin *siya* bilang siya; upang tayo ay magkaroon ng ganitong pag-asa"[9] ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. II Mga Hari 6:15–17.
2. "Young Women Theme," youngwomen.ChurchofJesusChrist.org.
3. David Brooks, "Finding the Road to Character" (Brigham Young University forum address, Oct. 22, 2019), speeches.byu.edu.
4. Tingnan sa Marcos 5:1–15.
5. "Isang seryosong bagay ang mamuhay sa lipunan ng mga taong maaaring maging mga diyos at diyosa, ang alalahanin na ang pinaka nakababagot at walang kagana-ganang taong makakausap ninyo ay maaaring isang nilikha na kung makikita ninyo ngayon ay matutukso kayong sambahin balang-araw. . . Walang mga *ordinaryong* tao" (C. S. Lewis, *The Weight of Glory* [2001], 45–46).
6. Kim B. Clark, "Napalibutan ng Apoy" (Seminaries and Institutes of Religion satellite broadcast, Ago. 4, 2015), ChurchofJesusChrist.org.
7. Tingnan sa Lucas 10:30–32.
8. Moroni 7:48.
9. Moroni 7:48; idinagdag ang pagbibigay-diin.



Ni Elder Quentin L. Cook
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Mga Pusong Magkakasama sa Kabutihan at Pagkakaisa

*Sa 200-taong napakahalagang sandaling ito sa kasaysayan ng ating Simbahan, ilaan natin ang ating sarili na mamuhay nang mabuti at magkaisa ngayon kaysa dati.*

Lubos na mahalaga ang kabutihan at pagkakaisa.[1] Kapag minamahal ng mga tao ang Diyos nang buong puso at matwid na nagsisikap na maging katulad Niya, mas kaunti ang pag-aaway at pagtatalo sa lipunan. Higit na magkakaroon ng pagkakaisa. Gustung-gusto ko ang isang totoong kuwentong nagpapakita nito.

Bilang isang binata na hindi kasapi ng simbahan natin, si Heneral Thomas L. Kane ay tumulong at ipinagtanggol ang mga Banal noong kinakailangan nilang lisanin ang Nauvoo. Siya ay tagapagtanggol ng Simbahan sa loob ng maraming taon.[2]


*Kuala Lumpur, Malaysia*

Noong 1872, naglakbay sina Heneral Kane, ang kanyang matalinong asawang si Elizabeth Wood Kane, at ang kanilang dalawang anak na lalaki mula sa tahanan nila sa Pennsylvania papunta sa Salt Lake City. Sinamahan nila sina Brigham Young at ang kanyang mga kasamahan sa isang paglalakbay papunta sa St. George, Utah. May alinlangan si Elizabeth tungkol sa kababaihan noong unang pagbisita niya sa Utah. Nagulat siya sa ilan sa mga bagay na natutuhan niya. Halimbawa, nalaman niya na anumang trabahong mapagkakakitaan ng isang babae ay pinahihintulutan sa Utah.[3] Nalaman din niya na mabait at maunawain ang mga miyembro ng Simbahan sa mga Katutubong Amerikano.[4]

Sa kanilang paglalakbay, namalagi sila sa Fillmore sa tahanan nina Thomas R. at Matilda Robison King.[5]

Isinulat ni Elizabeth na habang naghahanda si Matilda ng pagkain para kay Pangulong Young at sa kanyang grupo, limang Amerikanong Indiyan ang pumasok sa silid. Bagama't hindi inanyayahan, halatang inaasahan nilang makasama sa grupo. Kinausap sila ni Sister King "sa kanilang diyalekto." Umupo sila na nakabalabal ang mga kumot nang may kaaya-ayang itsura sa kanilang mga mukha. Itinanong ni Elizabeth sa isa sa mga anak ng mga King, "Ano ang sinabi ng iyong ina sa mga taong iyon?"

Ang sagot ng anak na lalaki ni Matilda ay, "Sabi niya 'Naunang dumating ang mga dayuhang ito, at sapat lang para sa kanila ang niluto ko; subalit niluluto na ngayon ang pagkain ninyo, at tatawagin ko kayo kapag handa na ito.'"

Itinanong ni Elizabeth, "Gagawin ba niya talaga iyon, o ibibigay lang sa kanila ang mga tira-tirang pagkain sa kusina?"[6]

Sumagot ang anak na lalaki ni



*Villa Alemana, Greater Valparaíso, Chile*

Matilda, "Hahainan sila ni Inay katulad ng ginagawa niya sa inyo, at pauupuin sila sa kanyang hapag-kainan."

At ginawa nga niya iyon, at "kumain sila nang may kagandahang-asal." Ipinaliwanag ni Elizabeth na tumaas nang 100 porsiyento ang tingin niya sa punong-abalang ito.[7] Nadaragdagan ang pagkakaisa kapag pinakitunguhan ang mga tao nang may dignidad at paggalang, bagama't magkakaiba sila sa panlabas na katangian.

Bilang mga lider, hindi natin ipinapalagay na noon ay perpekto ang lahat ng pakikipag-ugnayan, katulad ng kay Cristo ang lahat ng asal, o makatarungan ang lahat ng pasiya. Gayunman, itinuturo ng ating pananampalataya na lahat tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, at sinasamba natin Siya at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, na ating Tagapagligtas. Ang hangad natin ay magkasama ang ating mga puso at isipan sa kabutihan at pagkakaisa at maging kaisa tayo Nila.[8]

Ang *kabutihan* ay isang katagang may malawak na kahulugan subalit tiyak na tiyak na kinabibilangan ng pagsasabuhay ng mga kautusan ng Diyos.[9] Ginagawa tayo nitong karapat-dapat para sa mga banal na ordenansa na bumubuo sa landas ng tipan at pinagpapala tayo na gabayan ng Espiritu ang ating buhay.[10]

Ang pagiging mabuti ay hindi nakabatay sa pagkakaroon ng bawat isa sa atin ng lahat ng pagpapala sa buhay natin sa panahong ito. Maaaring wala pa tayong asawa o hindi biniyayaan ng mga anak o ng iba pang hinahangad na pagpapala ngayon. Subalit ipinangako ng Panginoon na ang mabubuti na matatapat ay maaaring "manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan."[11]

Ang *pagkakaisa* ay isa ring katagang may malawak na kahulugan subalik tiyak na tiyak na ipinakikita nito ang una at pangalawang dakilang kautusang mahalin ang Diyos at mahalin ang ating kapwa.[12] Tinutukoy nito ang mga tao ng Sion na "magkakasama ang mga puso at isipan sa pagkakaisa."[13]

Ang konteksto ng aking mensahe ay ang paghahambing at mga aral mula sa mga sagradong banal na kasulatan.

Lumipas na ang 200 taon simula nang unang magpakita ang Ama at ang Kanyang Anak at pinasimulan ang Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo noong 1820. Ang tala sa 4 Nephi sa Aklat ni Mormon ay kinabibilangan ng katulad na 200-taong panahon matapos magpakita ang Tagapagligtas at itatag ang Kanyang Simbahan sa sinaunang Amerika.

Ang nakatalang kasaysayan na nababasa natin sa 4 Nephi ay naglalarawan ng mga tao na walang mga inggitan, sigalutan, alitan, pagsisinungaling, pagpaslang, o anumang uri ng kahalayan. Dahil sa kabutihang ito, isinasaad ng tala na, "tunay na wala nang mas maliligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos."[14]

Hinggil sa pagkakaisa, mababasa sa 4 Nephi na, "Hindi nagkaroon ng alitan sa lupain, dahil sa pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao."[15]

Nakalulungkot na pagkatapos nito ay inilarawan sa 4 Nephi ang isang matinding pagbabago na nagsimula noong "ikadalawang daan at isang taon,"[16] nang winasak ng kasamaan at hindi pagkakasundo ang kabutihan at pagkakaisa. Ang tindi ng kasamaan na sumunod na nangyari ay napakasama kung kaya't kalaunan itinangis ng dakilang propetang si Mormon sa kanyang anak na si Moroni:

"Ngunit O aking anak, paanong ang mga taong tulad nito na ang kaluguran ay nasa labis na karumal-dumal na gawain—

"Paano tayo makaaasang pipigilin ng Diyos ang kanyang kamay sa paghatol laban sa atin?"[17]

Sa dispensasyong ito, bagama't nabubuhay tayo sa isang natatanging panahon, ang daigdig ay hindi biniyayaan ng kabutihan at pagkakaisa na inilarawan sa 4 Nephi. Tunay na nabubuhay tayo sa isang panahon ng lubusang hindi pagkakasundo. Gayunman, ang milyun-milyong tumanggap sa ebanghelyo ni Jesucristo ay inilaan ang kanilang sarili na makamit ang kapwa kabutihan at pagkakaisa. Batid nating lahat na maaari pa tayong maging mabuti, at iyan ang hamon sa atin sa araw na ito. Maaari tayong maging puwersa o lakas para iangat at pagpalain ang buong lipunan. Sa 200-taong napakahalagang sandaling ito sa kasaysayan ng ating Simbahan, ilaan natin ang ating sarili bilang mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon na mamuhay nang mabuti at magkaisa ngayon kaysa dati. Hiniling sa atin ni Pangulong Russell M. Nelson na "magpakita ng higit na dakilang paggalang, pagkakaisa ng lahi at etnisidad at respeto sa kapwa."[18] Ang ibig sabihin nito ay minamahal natin ang bawat isa at ang Diyos at tinatanggap natin ang lahat ng tao bilang mga kapatid at tunay na pagiging mga tao ng Sion.

Taglay ang ating doktrina na tumatanggap sa lahat ng tao, tayo ay magiging isang bukal ng pagkakaisa at ipagdiriwang ang pagkakaiba. Hindi salungat ang pagkakaisa at pagkakaiba. Tayo ay magtatamo ng mas matibay na pagkakaisa habang nagtataguyod tayo ng isang kapaligirang tanggap ang lahat at may respeto sa pagkakaiba. Sa panahong naglingkod ako sa San Francisco California Stake presidency, nagkaroon kami ng



*Provo, Utah, USA*

kongregasyong nagsasalita ng wikang Spanish, Tongan, Samoan, Tagalog, at Mandarin. Ang aming mga ward na English ang ginagamit ay binubuo ng mga taong mula sa maraming lahi at kultura. Mayroong pagmamahalan, kabutihan, at pagkakaisa.

Ang mga ward at branch sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay nakabatay sa heograpiya o wika,[19] hindi sa lahi o kultura. Hindi tinutukoy ang lahi sa mga membership record.

Sa simula ng Aklat ni Mormon, mga 550 taon bago ang pagsilang ni Cristo, itinuro sa atin ang pangunahing kautusan hinggil sa ugnayan sa pagitan ng mga anak ng Ama sa Langit. Dapat sundin ng lahat ang mga kautusan ng Panginoon, at inanyayahan ang lahat na makibahagi sa kabutihan ng Panginoon; "at wala siyang tinatanggihan sa mga lumalapit sa kanya; maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae; at naaalaala niya ang mga di binyagan; at pantay-pantay ang lahat sa Diyos, kapwa Judio at Gentil."[20]

Patuloy na ipinapahayag ng ministeryo at mensahe ng Tagapagligtas na ang lahat ng lahi at kulay ay mga anak ng Diyos. Lahat tayo ay magkakapatid. Sa ating doktrina, naniniwala tayo na ang punong bansa para sa Pagpapanumbalik, ang United States, ang Saligang-batas ng U.S.[21] at mga nauugnay na dokumento,[22] na isinulat ng mga hindi perpektong tao, ay binigyang-inspirasyon ng Diyos para pagpalain ang lahat ng tao. Katulad ng nababasa natin sa Doktrina at mga Tipan, ang mga dokumentong ito ay "[naitatag], at dapat na panatilihin para sa mga karapatan at kaligtasan *ng lahat ng laman,* alinsunod sa matwid at banal na mga alituntunin."[23] Dalawa sa mga alituntuning ito ang karapatang pumili at pananagutan sa sariling kasalanan. Ipinahayag ng Panginoon:

"Samakatwid, hindi tama na ang sinuman ay nasa gapos ng isa't isa.

"At dahil sa layuning ito aking itinatag ang Saligang-batas ng lupaing ito, sa pamamagitan ng kamay ng matatalinong tao na aking ibinangon sa tanging layuning ito, at tinubos ang lupain sa pamamagitan ng pagdanak ng dugo."[24]

Ang paghahayag na ito ay natanggap noong 1833 habang dumaranas ang mga Banal sa Missouri ng matinding pang-uusig. Mababasa sa heading ng Doktrina at mga Tipan bahagi 101 na: "Ang mga manggugulo ay pinalayas sila mula sa kanilang mga tahanan sa Jackson County. . . . Mga pagbabanta ng kamatayan laban sa mga [miyembro] ng Simbahan ay marami."[25]

Ito ay isang panahon ng pagkabahala sa maraming paraan. Itinuring ng maraming taga-Missouri ang mga Katutubong Amerikano na walang-awang kaaway at nais na mawala sila sa lupain. Dagdag pa rito, marami sa mga naninirahan noon sa Missouri ang may mga alipin at natakot sila sa mga taong tutol sa pang-aalipin.

Sa kabaligtaran, iginalang ng ating doktrina ang mga Katutubong Amerikano, at nais nating ituro sa kanila ang ebanghelyo ni Jesucristo. Hinggil sa pang-aalipin, malinaw na nakasaad sa ating mga banal na kasulatan na hindi dapat alipinin ng isang tao ang sinuman.[26]

Sa huli, ang mga Banal ay marahas na pinalayas sa Missouri[27] at pagkatapos ay napilitang lumipat sa Kanluran.[28] Ang mga Banal ay umunlad at natagpuan ang kapayapaang kaakibat ng kabutihan, pagkakaisa, at pagsasabuhay sa ebanghelyo ni Jesucristo.

Nagsasaya ako sa Panalangin ng Pamamagitan ng Tagapagligtas na nakatala sa Ebanghelyo ni Juan. Sinabi ng Tagapagligtas na ipinadala Siya ng Ama at na Siya, ang Tagapagligtas, ay tinapos ang gawaing ipinagawa sa Kanya. Siya ay nanalangin para sa Kanyang mga disipulo at sa mga maniniwala kay Cristo: "Upang silang lahat ay maging isa; gaya mo, Ama, na nasa akin at ako'y sa iyo, [upang sila ay maging isa sa atin]."[29] Ang pagiging isa ang idinalangin ni Cristo bago ang pagkakanulo sa Kanya at Pagpapako sa krus.

Sa unang taon matapos ang Pagpapanumbalik ng ebanghelyo ni Jesucristo, nakatala sa bahagi 38 ng Doktrina at mga Tipan, nangungusap ang Panginoon tungkol sa mga digmaan at kasamaan at ipinahayag, "Sinasabi ko sa inyo, maging isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin."[30]

Ang kultura ng Simbahan ay mula sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang Liham ni Apostol Pablo sa mga Taga-Roma ay may malalim na kahulugan.[31] Ang unang Simbahan sa Roma ay kinabibilangan ng mga Judio at Gentil. Ang mga naunang Judiong ito ay may kulturang Judio at "napanalunan nila ang kanilang kalayaan, at nagsimulang dumami at umunlad."[32]

Ang mga Gentil sa Roma ay may kulturang labis na naiimpluwensyahan

ng mga Griyego, na naunawaang mabuti ni Apostol Pablo dahil sa mga karanasan niya sa Atenas at Corinto.

Ipinakalat ni Pablo ang ebanghelyo ni Jesucristo sa isang komprehensibong paraan. Isinalaysay niya ang mga aspeto ng kultura ng mga Judio at Gentil na may kinalaman sa isa't isa[33] na taliwas sa totoong ebanghelyo ni Jesucristo. Tunay na hiniling niya sa lahat sa kanila na iwanan ang mga hadlang sa kanilang mga paniniwala at kultura na hindi naaayon sa ebanghelyo ni Jesucristo. Pinayuhan ni Pablo ang mga Judio at Gentil na sundin ang mga kautusan, mahalin ang isa't isa, at na humahantong ang kabutihan sa kaligtasan.[34]

Ang kultura ng ebanghelyo ni Jesucristo ay hindi kultura ng mga Gentil o kultura ng mga Judio. Hindi ito ibinabatay sa kulay ng balat ng isang tao o kung saan nakatira ang isang tao. Bagama't nagsasaya tayo sa magkakaibang kultura, dapat nating iwanan ang mga aspeto ng mga kulturang iyon na taliwas sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang ating mga miyembro at bagong convert ay kadalasang nagmumula sa magkakaibang lahi at kultura. Kung susundin natin ang payo ni Pangulong Nelson na tipunin ang Israel, makikita nating magkakaiba tayo katulad ng mga Judio at Gentil noong panahon ni Pablo. Gayunman, maaari tayong magkaisa sa ating pagmamahal at pananampalataya kay Jesucristo. Itinataguyod ng Liham sa mga Taga-Roma ang alituntunin na sinusunod natin ang kultura at doktrina ng ebanghelyo ni Jesucristo. Ito ang huwaran natin maging hanggang sa ngayon.[35] Pinagkakaisa tayo ng mga ordenansa sa templo sa mga natatanging paraan at nagtutulot sa ating maging isa sa lahat ng mahahalagang pangwalang-hanggang paraan.

Ikinararangal natin ang ating mga naunang miyembro sa iba't ibang panig ng daigdig, hindi dahil perpekto sila kundi dahil nakayanan nila ang mga paghihirap, gumawa ng mga sakripisyo, naghangad na maging katulad ni Cristo, at nagsisikap na magpatibay ng pananampalataya at maging kaisa ng Tagapagligtas. Ang pagiging isa nila sa Tagapagligtas ay nagtulot sa kanila na magkaisa. Ang alituntuning ito ay totoo para sa akin at para sa inyo ngayon.

Ang malinaw na mensahe sa mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang magsikap na maging mga tao ng Sion na may isang puso at isang isipan at namumuhay sa kabutihan.[36]

Dalangin ko na tayo ay maging mabuti at nagkakaisa at tuluyang nakatuon sa paglilingkod at pagsamba sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na aking pinatototohanan. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 38:27.
2. Ang paglilingkod ni Thomas Kane sa ngalan ng mga miyembro ay parating inilalarawan "bilang isang hindi makasariling sakripisyo ng isang batang idealista na nakasaksi sa mga kawalang-katarungang ipinataw sa isang inaping minoryang relihiyon ng isang malupit at galit na mayorya" (introduction to Elizabeth Wood Kane, *Twelve Mormon Homes Visited in Succession on a Journey through Utah to Arizona,* ed. Everett L. Cooley [1974], viii).
3. Tingnan sa Kane, *Twelve Mormon Homes,* 5.
4. Tingnan sa Kane, *Twelve Mormon Homes,* 40.
5. Tingnan sa Lowell C. (Ben) Bennion at Thomas R. Carter, "Touring Polygamous Utah with Elizabeth W. Kane, Winter 1872–1873," *BYU Studies,* vol. 48, no. 4 (2009), 162.
6. Tila inakala ni Elizabeth na karamihan sa mga Amerikano noong panahong iyon ay mga tira-tirang pagkain lamang ang ibinibigay sa mga Indiyan at iba ang pakikitungo sa kanila kumpara sa iba pang mga panauhin.
7. Tingnan sa Kane, *Twelve Mormon Homes,* 64–65. Mahalagang pansinin na maraming Katutubong Amerikano, kabilang ang ilang pinuno, ang naging mga miyembro ng Simbahan. Tingnan din sa John Alton Peterson, *Utah's Black Hawk War* (1998) 61; Scott R. Christensen, *Sagwitch: Shoshone Chieftain, Mormon Elder, 1822–1887* (1999), 190–95.
8. Sa dispensasyong ito, "ang mabubuti ay matitipon mula sa lahat ng bansa, at patutungo sa Sion, umaawit ng mga awit ng walang-hanggang kagalakan" (Doktrine at mga Tipan 45:71).
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 105:3–5. Tinukoy ng mga banal na kasulatan na ang pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan ay isang mahalagang bahagi ng kabutihan.
10. Tingnan sa Alma 36:30; tingnan din sa 1 Nephi 2:20; Mosias 1:7. Mababasa sa huling bahagi ng Alma 36:30 na, "Habang hindi mo sinusunod ang mga kautusan ng Diyos ikaw ay itatakwil mula sa kanyang harapan. Ngayon, ito ay ayon sa kanyang salita."
11. Mosias 2:41. Itinuro ni Pangulong Lorenzo Snow: "Walang sinumang Banal sa mga Huling Araw na mamamatay pagkatapos mamuhay nang tapat ang mawawalan ng anumang bagay dahil sa nabigo silang gawin ang ilang bagay samantalang hindi naman siya nabigyan ng pagkakataon para magawa iyon. Sa madaling salita, kung ang isang binata o isang dalaga ay hindi nagkaroon ng pagkakataong makapag-asawa, at namuhay sila nang tapat hanggang sa oras ng kanilang kamatayan, mapapasakanila ang lahat ng mga pagpapala, kadakilaan at kaluwalhatian na matatanggap ng sinumang lalaki o babae na nagkaroon ng ganitong pagkakataon at pinagbuti ito. Ito ay tiyak at positibong mangyayari" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Lorenzo Snow* [2012], 146–47). Tingnan din sa Richard G. Scott, "The Joy of Living the Great Plan of Happiness," *Ensign,* Nob. 1996, 75.
12. Tingnan sa I Juan 5:2.
13. Mosias 18:21; tingnan din sa Moises 7:18.
14. 4 Nephi 1:16.
15. 4 Nephi 1:15.
16. 4 Nephi 1:24.
17. Moroni 9:13–14.
18. Russell M. Nelson, sa "First Presidency and NAACP Leaders Call for Greater Civility, Racial Harmony," Mayo 17, 2018, newsroom.ChurchofJesusChrist.org; tingnan din sa "President Nelson Remarks at Worldwide Priesthood Celebration," Hunyo 1, 2018, newsroom.ChurchofJesusChrist.org.
19. Mababasa sa Doktrina at mga Tipan



*Quebrada de Alvarado, Valparaíso, Chile*

90:11 na, "Bawat tao ay maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo . . . sa kanyang sariling wika." Dahil dito, karaniwang inaaprubahan ang mga language congregation.
20. 2 Nephi 26:33.
21. Tingnan sa Constitution of the United States.
22. Tingnan sa United States Declaration of Independence, 1776; Constitution of the United States, Amendments I–X (Bill of Rights), National Archives website, archives.gov/founding-docs.
23. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 101:77; idinagdag ang pagbibigay-diin.
24. Doktrina at mga Tipan 101:79–80.
25. Doktrina at mga Tipan 101, section heading.
26. Tingnan sa *Saints: The Story of the Church of Jesus Christ in the Latter Days,* vol. 1, *The Standard of Truth, 1815–1846* (2018), 172–74; James B. Allen at Glen M. Leonard, *The Story of the Latter-day Saints,* ika-2 ed. (1992), 93–94; Ronald W. Walker, "Seeking the 'Remnant': The Native American during the Joseph Smith Period," *Journal of Mormon History* tomo 19, blg. 1 (Tagsibol 1993), 14–16.
27. Tingnan sa *Saints,* 1:359–83; William G. Hartley, "The Saints' Forced Exodus from Missouri, 1839," sa Richard Neitzel Holzapfel at Kent P. Jackson, mga ed., *Joseph Smith, the Prophet and Seer* (2010), 347–89; Alexander L. Baugh, "The Mormons Must Be Treated as Enemies," sa Susan Easton Black at Andrew C. Skinner, mga ed., *Joseph: Exploring the Life and Ministry of the Prophet* (2005), 284–95.
28. Tingnan sa *Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw,* tomo 2, *Walang Kamay na Di Pinaging Banal, 1846–1893* (2020), 3–68; Richard E. Bennett, *We'll Find the Place: The Mormon Exodus, 1846–1848* (1997); William W. Slaughter at Michael Landon, *Trail of Hope: The Story of the Mormon Trail* (1997).
29. Juan 17:21.
30. Doktrina at mga Tipan 38:27.
31. Komprehensibo ang Liham sa mga Taga-Roma sa paghahayag ng doktrina. Ang mga Taga-Roma ay naglalaman ng tanging pagbanggit sa Pagbabayad-sala sa Bagong Tipan. Natutuhan kong pahalagahan ang Liham sa mga Taga Roma dahil pinagkaisa nito ang iba't ibang tao sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Nang maglingkod ako bilang stake president ang mga miyembro ay mula sa iba't ibang lahi at kultura na nangagsasalita ng maraming iba't ibang wika.
32. Frederic W. Farrar, *The Life and Work of St. Paul* (1898), 446.
33. Tingnan sa Farrar, *The Life and Work of St. Paul,* 450.
34. Tingnan sa Mga Taga Roma 13.
35. Tingnan sa Dallin H. Oaks, "Ang Kultura ng Ebanghelyo," *Liahona,* Mar. 2012, 22–25; tingnan din sa Richard G. Scott, "Removing Barriers to Happiness," *Ensign,* Mayo 1998, 85–87.
36. Tingnan sa Moises 7:18.





Ni Elder Ronald A. Rasband
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Rekomendado sa Panginoon

*Simulan na ngayon ang proseso para maging "rekomendado sa Panginoon" upang ang Kanyang Espiritu ay makasama ninyo sa tuwina.*

Magandang umaga, mga kapatid. Bilang disipulo ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, nanabik akong makapagtipon tayo mula sa lahat ng sulok ng mundo sa pamamagitan ng internet para sa kumperensyang ito.

Ang taon na ito ay pinaka-kakaiba sa lahat. Para sa akin, nagsimula ito sa asaynment mula sa Unang Panguluhan na ilaan ang banal na templo ng Panginoon sa Durban, South Africa.

Hindi ko malilimutan kailanman ang karingalan ng gusali. Ngunit higit sa tagpong ito, palagi kong itatangi ang dignidad ng mga tao na handang-handang pumasok sa banal na gusaling iyon. Dumating silang handa na tanggapin ang isa sa pinakamahahalagang pagpapala ng Pagpapanumbalik; ang paglalaan ng isang bahay ng Panginoon. Dumating sila na may mga pusong puno ng pag-ibig para



*Sugar City, Idaho, USA*

sa Kanya at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Dumating sila na puno ng pasasalamat sa ating Ama sa Langit sa pagbibigay sa kanila ng mga banal na ordenansa na hahantong sa kadakilaan. Dumating sila na marapat.

Ang mga templo, saan man naroroon ang mga ito, ay mas mataas sa mga landas ng mundo. Bawat templo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa mundo—ang lahat ng 168 na templo—ay tumatayong mga saksi sa ating pananampalataya sa buhay na walang-hanggan at sa kagalakan ng paggugol nito kasama ang ating mga pamilya at ang ating Ama sa Langit. Ang pagdalo sa templo ay nagdaragdag sa ating pang-unawa sa Panguluhang Diyos at sa walang-hanggang ebanghelyo, sa ating tapat na pangakong ipamuhay at ituro ang katotohanan, at sa ating kahandaang sundin ang halimbawa ng ating Panginoon at Tagapagligtas, na si Jesucristo.

Sa labas ng bawat templo sa Simbahan ay ang nababagay na mga salitang "Kabanalan sa Panginoon." Ang templo ay ang bahay ng Panginoon at isang banal na kanlungan mula sa mundo. Binabalot ng Kanyang Espiritu ang mga sumasamba sa loob ng mga banal na pader na iyon. Itinatakda Niya ang mga pamantayan sa pagpasok natin bilang Kanyang mga panauhin.

Ang aking biyenan na si Blaine Twitchell, na isa sa pinakamabubuting tao na nakilala ko, ay nagturo sa akin ng isang dakilang aral. Kami ni Sister Rasband ay bumisita sa kanya nang malapit nang magtapos ang kanyang mortal na paglalakbay. Nang pumasok kami sa kanyang kuwarto, ang kanyang bishop ay papaalis na. Nang batiin namin ang bishop, naisip ko, "Napakabait niyang bishop. Narito siya na ginagawa ang kanyang ministering sa isang matapat na miyembro ng kanyang ward."

Binanggit ko kay Blaine, "Ang bait ng bishop dahil bumisita siya."

Tumingin sa akin si Blaine at sumagot, "Higit pa ito sa pagdalaw. Hiniling ko sa kanya na pumunta dahil gusto kong magpainterbyu para sa aking temple recommend. Gusto



kong pumanaw na *rekomendado sa Panginoon*." At gayon nga ang ginawa niya!

Ang katagang "rekomendado sa Panginoon" ay hindi ko malimutan. Nagbigay ito ng lubos na bagong pananaw tungkol sa pagpapainterbyu nang regular sa ating mga lider ng Simbahan. Napakahalaga ng temple recommend kaya sa mga unang taon ng Simbahan, hanggang 1891, ang bawat temple recommend ay iniendorso ng Pangulo ng Simbahan.[1]

Para sa mga kabataan man o mga nakatatanda, ang inyong interbyu para sa temple recommend ay hindi tungkol sa mga dapat at hindi dapat gawin. Ang recommend ay hindi isang listahan, isang kard para makapasok, o isang tiket para sa espesyal na upuan. Ito ay may mas mataas at mas banal na layunin. Para maging marapat sa karangalan na magkaroon ng temple recommend, kailangan ninyong mamuhay nang naaayon sa mga turo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Sa inyong interbyu, mayroon kayong pagkakataong siyasatin ang inyong kaluluwa tungkol sa inyong personal na pananampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala. Mayroon kayong pagpapala na ipahayag ang inyong patotoo sa ipinanumbalik na ebanghelyo, sa inyong kahandaang sang-ayunan ang mga tinawag ng Panginoon na mamuno sa Kanyang Simbahan; sa pananampalataya ninyo sa doktrina ng ebanghelyo; sa pagtupad sa inyong mga responsibilidad sa pamilya; at sa iyong mga katangian na tulad ng katapatan, kalinisang-puri, pagkamasunurin, at pamumuhay ng Word of Wisdom o Salita ng Karunungan, ng batas ng ikapu, at kabanalan ng araw ng Sabbath. Ang mga iyon ang pundasyon ng mga alituntunin ng buhay na nakatuon kay Jesucristo at sa Kanyang gawain.

Ang temple recommend ninyo ay nagpapakita ng malalim at espirituwal na hangarin na sinisikap ninyong ipamuhay ang mga batas ng Panginoon at naisin nang lubos ang Kanyang ninanais: kababaang-loob, kaamuan, katatagan, pag-ibig sa kapwa, tapang, habag, pagpapatawad, at pagsunod. At tapat ninyong iniaayon ang inyong sarili sa mga pamantayang iyon kapag pinirmahan ninyo ang sagradong dokumentong iyon.

Ang temple recommend ninyo ang nagbubukas ng mga pasukan ng langit para sa inyo at sa iba na may mga karapatan at ordenansang may walang-hanggang kahalagahan kabilang na ang mga pagbibinyag, endowment, kasal, at pagbubuklod.

Ang maging "rekomendado sa Panginoon" ay ang mapaalalahanan

ng kung ano ang inaasahan mula sa isang Banal sa mga Huling Araw na tumutupad sa tipan. Itinuring ito ng aking biyenan na si Blaine na walang kasing halagang paghahanda para sa araw na mapagpakumbaba siyang haharap sa Panginoon.

Isipin ang pag-akyat ni Moises sa Bundok ng Horeb at nang nagpakita sa kanya ang Panginoong Jehova sa isang nagniningas na palumpong. Sinabi sa kanya ng Diyos, "Hubarin mo ang sandalyas sa iyong mga paa sapagkat ang dakong iyong kinatatayuan ay banal na lupa."[2]

Ang paghuhubad ng mga sapatos sa pintuan ng templo ay pagsuko ng mga makamundong pagnanasa o kasiyahan na gumagambala sa ating espirituwal na paglago, pagsasantabi ng mga bagay na naglilihis sa ating mahalagang mortalidad, pagdaig sa palaaway na pag-uugali, at paglalaan ng oras para maging banal.

Sa banal na plano, ang ating pisikal na katawan ay nilikha ng Diyos, isang templo ng ating espiritu, at dapat igalang. Totoong-totoo ang mga salita sa awitin ng Primary: "Ang aking katawan ay isang templo na nangangailangan ng pinakamahalagang pag-aalaga."[3] Nang magpakita ang Panginoon sa mga Nephita, iniutos Niya, "[Maging banal] sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo, upang kayo ay makatayong walang bahid-dungis sa aking harapan."[4] "Anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?" ang tanong ng Panginoon at pagkatapos ay sinagot Niya ito, "Maging katulad ko."[5] Upang maging "rekomendado sa Panginoon," nagsisikap tayong maging katulad Niya.

Naaalala ko nang marinig ko si Pangulong Howard W. Hunter sa kanyang unang mensahe sa pangkalahatang kumperensya bilang ika-14 na Pangulo ng Simbahan. Sabi niya: "Pinakamarubdob na hangarin ng puso ko ang maging karapat-dapat ang bawat miyembro ng Simbahan na pumasok sa templo. Malulugod ang Panginoon kung bawat miyembrong nasa hustong gulang ay magiging karapat-dapat sa—at magkaroon ng—current temple recommend."[6] Idaragdag ko na ang limited-use recommend ay magtatakda ng isang mabuting landas para sa ating itinatanging mga kabataan.

Ginunita ni Pangulong Russell M. Nelson ang mga salita ni Pangulong Hunter: "Sa araw na iyon, Hunyo 6, 1994, ang temple recommend na dala-dala namin ay naging kakaibang bagay sa aking pitaka. Bago ito, isang paraan ito para makamit ang isang mithiin. Isa itong paraan para pahintulutan akong makapasok sa banal na bahay ng Panginoon; ngunit matapos niyang sabihin ang pahayag na iyon, ito mismo ay naging isang mithiin. Ito ay naging isang simbolo ng pagsunod sa propeta ng Diyos."[7]

Kung matatanggap pa lamang ninyo ang isang recommend o kung paso na ang inyong recommend, pumila sa pintuan ng bishop tulad ng ginawa ng mga naunang Banal sa pinto ng Nauvoo Temple noong 1846.[8] Kabilang ang mga ninuno ko sa matatapat na taong iyon. Nililisan nila ang kanilang magandang lungsod at papunta sila sa kanluran, ngunit alam nilang may naghihintay sa kanilang mga banal na karanasan sa loob ng templo. Isinulat ni Sarah Rich mula sa baku-bakong daanan sa Iowa, "Kung hindi sa pananampalataya at kaalamang ipinagkaloob sa amin . . . sa templong iyon, ang paglalakbay namin siguro ay parang paghakbang . . . sa kadiliman."[9] Iyan ang hindi natin natatamasa kung tinatahak natin ang buhay na ito nang mag-isa at walang inspirasyon at kapayapaang ipinangako sa templo.

Simulan na ngayon ang proseso para maging "rekomendado sa Panginoon" upang ang Kanyang Espiritu ay makasama ninyo sa tuwina at magbigay sa inyo ng "katahimikan ng budhi"[10] ang Kanyang mga pamantayan.

Ang mga lider ng mga kabataan, elders quorum president, Relief Society president, at mga ministering brother at sister ay tutulong sa inyo na maghanda, at ang inyong bishop o branch president ay mapagmahal na gagabay sa inyo.

Nararanasan natin ngayon ang panahon kung kailan ang mga templo ay nakasara o limitado lamang ang paggamit. Para kay Pangulong Nelson at para sa amin na naglilingkod sa kanyang tabi, ang inspiradong desisyon na isara ang mga templo ay "masakit" at "puno ng pag-aalala." Natagpuan ni Pangulong Nelson ang kanyang sarili na nagtatanong, "Ano ang sasabihin ko kay Propetang Joseph Smith? Ano ang sasabihin ko kay Brigham Young, Wilford Woodruff, at sa iba pang mga Pangulo, hanggang kay Pangulong Thomas S. Monson?"[11]

Ngayon, dahan-dahan at mapagpasalamat nating binubuksang muli ang mga templo para sa mga pagbubuklod at endowment sa limitadong paraan.


*Provo, Utah, USA*

Gayunman, ang pagiging marapat na dumalo sa templo ay hindi inihinto. Hayaan ninyong bigyang-diin ko ito, kayo man ay makapupunta sa templo o hindi, kailangan ninyo ng current temple recommend para manatiling matatag sa landas ng tipan.

Sa katapusan ng nakaraang taon, kami ni Sister Rasband ay inatasang magpunta sa New Zealand para magsalita sa malaking grupo ng mga young single adult. Mahirap sa kanilang pumunta sa templo; ang isa na nasa Hamilton ay inaayos, ay hinihintay pa rin nila ang groundbreaking para sa templo sa Auckland. Gayunman, nagkaroon ako ng impresyon na hikayatin sila na magpanibago o tumanggap ng kanilang mga temple recommend.

Kahit na hindi nila maipapakita ang mga ito sa templo, ipapakita nila ang mga ito sa harapan ng Panginoon nang dalisay at handa na maglingkod sa Kanya. Ang pagiging marapat na magtaglay ng current temple recommend ay isang proteksyon mula sa kaaway, dahil gumawa kayo ng matibay at tapat na pangako sa Panginoon tungkol sa inyong buhay, at isang pangako na ang Espiritu ay palaging makakasama ninyo.

Ginagawa natin ang gawain sa templo kapag sinasaliksik natin ang ating mga ninuno at isinusumite ang kanilang mga pangalan para sa mga ordenansa. Bagama't nakasara ang ating mga templo, nasasaliksik pa rin natin ang ating mga pamilya. Taglay ang Espiritu ng Panginoon sa ating puso, alang-alang sa kanila ay tumatayo tayo para sila ay maging "rekomendado sa Panginoon."

Noong ako ay naglilingkod bilang Executive Director ng Temple Department, madalas kong marinig na banggitin ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang banal na kasulatang ito na sinabi ng Panginoon tungkol sa Nauvoo Temple: "Ang gawain sa aking templo, at lahat ng gawain na aking itinakda sa inyo, ay ipagpatuloy at huwag itigil; at ang inyong pagsusumikap, at ang inyong pagtitiyaga, at pagtitiis, at ang inyong mga gawain ay papag-ibayuhin, at tiyak na hindi mawawala sa inyo ang inyong gantimpala, wika ng Panginoon ng mga Hukbo."[12]


Salzburg, Austria

Ang ating gawain sa templo ay nakatali sa ating walang-hanggang gantimpala. Kamakailan ay sinubok tayo. Tinawag tayo ng Panginoon na magtrabaho sa mga templo nang may "pagsusumikap . . . pagtitiyaga, at pagtitiis."[13] Ang pagiging "rekomendado sa Panginoon" ay nangangailangan ng mga katangiang iyon. Kailangan nating maging masigasig sa pamumuhay ng mga kautusan, magsikap sa pagtutuon sa ating mga tipan sa templo, at maging mapagpasalamat sa patuloy na itinuturo ng Panginoon tungkol sa mga ito, at maging matiyaga habang hinihintay nating muling ganap na magbukas ang mga templo.

Kapag nanawagan sa atin ang Panginoon na "muling doblehin" ang ating mga pagsisikap, hinihiling Niya sa atin na dagdagan ang ating kabutihan. Halimbawa, maaari nating palawigin ang ating pag-aaral ng mga banal na kasulatan, pagsasaliksik ng family history, at ang ating mga dasal nang may pananampalataya nang maibahagi natin ang ating pagmamahal para sa bahay ng Panginoon kasama ang mga naghahanda na tumanggap ng temple recommend, partikular na ang ating mga kapamilya.

Ipinapangako ko bilang Apostol ng Panginoong Jesucristo na kung sisikapin ninyong muling doblehin ang inyong mabubuting gawain, mararamdaman ninyo ang pinanibagong debosyon sa Diyos Ama at kay Jesucristo, mararamdaman ninyo ang madalas na paggabay ng Espiritu Santo sa inyo, at mararamdaman ninyo ang kapayapaan sa kaalaman na kayo ay "rekomendado sa Panginoon." Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa James R. Clark, comp., *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 1833–1964* 6 na tomo (1965–75), 3:229.
2. Exodo 3:5.
3. "My Body Is a Temple," *The Children Sing* (1951), no. 99.
4. 3 Nephi 27:20.
5. 3 Nephi 27:27.
6. *Teachings of Presidents of the Church: Howard W. Hunter* (2015), 180.
7. *Teachings of Russell M. Nelson* (2018), 373.
8. Tingnan sa *Saints: The Story of the Church of Jesus Christ in the Latter Days,* vol. 1, *The Standard of Truth, 1815–1846* (2018), 582–83.
9. Sarah P. Rich, Autobiography, 1885–1890, Church History Library, Salt Lake City, 66.
10. Mosias 4:3.
11. Sarah Jane Weaver, "President Nelson Talks about the 'Painful' Decision to Close Temples amid COVID-19," *Church News,* July 27, 2020, thechurchnews.com.
12. Doktrina at mga Tipan 127:4.
13. Doktrina at mga Tipan 127:4.



Ni Pangulong Dallin H. Oaks
*Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Mahalin ang Inyong mga Kaaway

*Ang kaalaman na tayong lahat ay mga anak ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng makalangit na pang-unawa sa halaga ng lahat ng tao at kakayahang iwaksi ang mga maling palagay at rasismo.*

Ang mga turo ng Panginoon ay pangwalang-hanggan at para sa lahat ng anak ng Diyos. Sa mensaheng ito ay magbibigay ako ng ilang mga halimbawa mula sa Estados Unidos, ngunit ang mga alituntuning ituturo ko ay angkop sa lahat ng lugar.

Nabubuhay tayo sa panahon kung saan mayroong galit at poot sa mga ugnayan at patakaran sa pulitika. Nakita natin ito nitong nakaraang tag-init kung saan ang ilan ay hindi na mapayapang pagpoprotesta ang ginawa kundi mga mapaminsalang pagkilos. Nakita natin ito sa ilan sa kasalukuyang mga kampanya para sa posisyon sa pamahalaan. Sa kasamaang-palad, ang ilan sa mga ito ay umabot na sa pagbabahagi ng pahayag sa pulitika at hindi magagandang pananalita sa mga pulong natin sa Simbahan.



Apia, Samoa

Sa demokratikong pamahalaan, palagi tayong magkakaiba sa opinyon tungkol sa mga kandidato at patakaran. Gayunman, bilang mga tagasunod ni Jesucristo kailangan nating iwaksi ang galit at poot kapag nagdedebate o tinutuligsa ang mga pagpili sa pulitika sa maraming pagkakataon.

Narito ang isa sa mga turo ng ating Tagapagligtas na marahil ay bantog ngunit bihirang isabuhay.

"Narinig ninyo na sinabi, 'Ibigin mo ang iyong kapwa, at kapootan mo ang iyong kaaway.'

"Ngunit sinasabi ko sa inyo, Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, [pagpalain ang mga sumusumpa sa inyo, gawan ng mabuti ang mga napopoot sa inyo,] at idalangin ninyo ang [mga nanlalait at] umuusig sa inyo" (Mateo 5:43–44).[1]

Sa loob ng maraming henerasyon, ang mga Judio ay tinuruan na kapootan ang kanilang mga kaaway, at sila rin ay nahihirapan dahil sa paghahari at pagmamalupit ng mga Romanong sumakop sa kanila. Gayunman, itinuro sa kanila ni Jesus na "mahalin ang inyong mga kaaway" at "gawan ng mabuti ang mga nanlalait sa inyo."

Tunay ngang makabago at nakababahala ang turo na ito para sa mga personal at pulitikal na ugnayan! Ngunit iyan ay utos pa rin ng ating Tagapagligtas. Mababasa natin sa Aklat ni Mormon, "Sapagkat katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na siyang ama ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit sa isa't isa" (3 Nephi 11:29).

Hindi madaling mahalin ang ating mga kaaway at kalaban. "Marami sa atin ang hindi pa nakaabot sa antas ng . . . pagmamahal at pagpapatawad,"

pagpansin ni Pangulong Gordon B. Hinckley, at idinagdag niya na, "Kailangan ang disiplina sa sarili na higit pa sa kaya natin."[2] Ang ganoong uri ng pagmamahal ay nararapat lamang na maging napakahalaga, dahil iyon ay bahagi ng dalawang dakilang utos ng Tagapagligtas na "ibigin mo ang Panginoon mong Diyos" at "ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili" (Mateo 22:37, 39). At posibleng makamtan ito, dahil itinuro rin Niya na "Humingi kayo, at kayo ay bibigyan; humanap kayo, at kayo ay makakatagpo" (Mateo 7:7).[3]

Paano ba natin masusunod ang mga dakilang utos na ito ng Diyos sa mundo kung saan kailangan nating sundin ang mga batas ng tao? Sa kabutihang palad, nasa atin ang halimbawa mismo ng Tagapagligtas kung paano babalansehin ang Kanyang mga walang-hanggang batas at ang pagsunod sa mga batas na gawa ng tao. Noong hinangad ng mga kalaban na mahuli Siya sa Kanyang salita gamit ang tanong kung dapat bang magbayad ang mga Judio ng buwis sa Roma, itinuro Niya ang larawan ni Cesar sa kanilang mga barya at sinabing, "Kung gayo'y ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar, at sa Diyos ang sa Diyos" (Lucas 20:25).[4]

Kung gayon, dapat tayong sumunod sa mga batas ng tao (ibigay ang kay Cesar) upang makapamuhay nang mapayapa sa ilalim ng isang pamahalaan, at sumunod sa mga batas ng Diyos tungo sa ating patutunguhan sa kawalang-hanggan. Ngunit paano natin ito magagawa—lalo na ang matutuhan na mahalin ang ating mga kalaban at kaaway?

Ang turo ng Tagapagligtas na huwag "makipagtalo nang may galit" ay magandang unang hakbang. Ang diyablo ang ama ng pagtatalo, at siya ang tumutukso sa mga tao na makipagtalo nang may galit. Isinusulong niya ang poot at galit sa pagitan ng mga indibiduwal at sa loob ng mga grupo. Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson na ang galit ay "kasangkapan ni Satanas," dahil "ang magalit ay pagsuko sa impluwensya



*Accra, Ghana*

ni Satanas. Walang *makakapagpagalit* sa atin. Tayo ang nagpapasiya."[5] Ang galit ay humahantong sa paghihiwa-hiwalay at pagkapoot. Sumusulong tayo tungo sa pagmamahal sa ating mga kalaban kapag umiiwas tayo na magkaroon ng galit at poot sa mga taong hindi natin kapareho ng pananaw. Makatutulong din kung magiging handa tayong matuto mula sa kanila.

Ang isa pang paraan para magkaroon ng kapangyarihang mahalin ang iba ay ang simpleng paraan na inilarawan sa isang matagal nang musikal. Kapag sinisikap nating maunawaan ang mga taong mula sa ibang kultura, kailangan nating sikaping makilala sila. Sa hindi mabilang na sitwasyon, ang pagdududa sa ibang tao o kahit ang poot ay nagbibigay-daan sa pagkakaibigan o pagmamahal kapag nagbunga ang mga personal na pakikipag-ugnayan ng pag-unawa at paggalang sa isa't isa.[6]

Ang isang mas makatutulong para matutuhan nating mahalin ang ating mga kalaban at kaaway ay ang paghahangad na maunawaan ang kapangyarihan ng pagmamahal. Narito ang tatlo sa maraming turo ng mga propeta tungkol sa paksang ito.

Itinuro ni Propetang Joseph Smith na "matagal nang kinikilala ang kasabihang ang pagmamahal ay nagbubunga ng pagmamahal. Magpakita tayo ng lubos na pagmamahal—ipamalas natin ang ating kabaitan sa buong sangkatauhan."[7]

Itinuro ni Pangulong Howard W. Hunter na: "Ang mundong ginagalawan natin ay makikinabang nang malaki kung ang kalalakihan at kababaihan sa lahat ng dako ay magpapakita ng dalisay na pag-ibig ni Cristo, na mabait, maamo, at mapagpakumbaba. Hindi ito naiinggit o nagmamalaki. . . . Hindi ito naghahangad ng kapalit. . . . Wala itong puwang para sa makitid na pag-iisip, galit, o karahasan. . . . Hinihikayat nito ang iba't ibang tao na mamuhay nang samasama taglay ang pagmamahal bilang Kristiyano anuman ang paniniwala sa relihiyon, lahi, nasyonalidad, katayuan sa buhay, edukasyon, o kultura."[8]

At hinikayat tayo ni Pangulong Russell M. Nelson na "palawakin ang sakop ng ating pagmamahal para kabilangan ng buong pamilya ng sangkatauhan."[9]

Isang mahalagang bahagi ng pagmamahal sa ating mga kaaway ay ang pagbibigay kay Cesar sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas ng iba't ibang bansa. Bagama't makabago at nakagagambala ang mga turo ni Jesus, hindi Siya nagturo ng rebolusyon o pagsuway sa batas. Itinuro Niya ang mas magandang paraan. Gayon din ang itinuturo ng bagong paghahayag:

"Walang sinumang tao ang lalabag sa mga batas ng lupain, sapagkat siya na sumusunod sa mga batas ng Diyos ay hindi kailangang lumabag sa mga batas ng lupain.

Dahil dito, magpasakop sa kapangyarihang umiiral" (Doktrina at mga Tipan 58:21–22).

At ang ating saligan ng pananampalataya na isinulat ni Propetang Joseph Smith matapos pagdusahan ng mga Banal ang matinding pang-uusig mula sa mga opisyal ng Missouri, ay nagsasaad na, "Naniniwala kami sa pagpapasailalim sa mga hari, pangulo, namamahala, at hukom, sa pagsunod, paggalang at pagtataguyod ng batas" (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:12).

Hindi ibig sabihin nito na sang-ayon tayo sa lahat ng ginagawa gamit ang kapangyarihan ng batas. Ibig sabihin nito ay sumusunod tayo sa kasalukuyang batas at gumagamit ng mapayapang pamamaraan para baguhin ito. Ibig sabihin din nito na payapa nating tatanggapin ang resulta ng mga halalan. Hindi tayo makikibahagi sa mga karahasang ibinabanta ng mga taong hindi magugustuhan ang resulta nito.[10] Sa isang demokratikong lipunan, tayo ay palaging may pagkakataon at tungkulin na sumulong nang mapayapa hanggang sa susunod na halalan.

Ang turo ng Tagapagligtas na mahalin ang ating mga kaaway ay ayon sa katotohanan na lahat ng tao ay minamahal na mga anak ng Diyos. Ang walang-hanggang alituntuning iyan at ang ilan sa mga pangunahing alituntunin ng batas ay nasubok sa mga protesta kamakailan sa maraming lungsod sa Amerika.

Sa isang banda, tila nalimutan na ng ilan na ang Unang Amyenda sa Konstitusyon ng Estados Unidos ay nagbibigay ng garantiya sa "karapatan ng mga taong-bayan na mapayapang magtipon at magpetisyon sa pamahalaan upang maiwasto ang kanilang mga karaingan." Ito ang awtorisadong pamamaraan para imulat ang kamalayan ng publiko at magtuon sa mga kawalang-katarungan sa nilalaman o pagpapatupad ng mga batas. At nagkaroon nga ng mga kawalang-katarungan. Sa mga kilos sa publiko at mga personal nating saloobin,


*Temecula, California, USA*

nagkaroon na tayo ng rasismo at kaugnay na mga hinaing. Sa isang mapanghimok na sanaysay, ipinaalala sa atin ni Theresa A. Dear ng National Association for the Advancement of Colored People (NAACP) na ang "rasismo ay nagtatagumpay sa galit, pang-aapi, pagsasawalang-kibo, hindi pakikialam, at pananahimik."[11] Bilang mga mamamayan at miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, kailangan nating paghusayin pa ang ating pagsisikap na tumulong para mabura ang rasismo.

Sa isang banda, ang ilan sa nakikibahagi at sumusuporta sa mga protestang ito at sa mga ilegal na gawaing kaugnay nito ay tila nalimutan na ang mga protestang pinoprotektahan ng Konstitusyon ay ang mga *payapang* protesta. Ang mga nagpoprotesta ay walang karapatang mangwasak, manira, o magnakaw ng mga ari-arian o hadlangan ang lehitimong kapangyarihan ng pamahalaan na ipatupad ang batas. Ang Konstitusyon at mga batas ay hindi naglalaman ng paanyaya sa rebolusyon o anarkiya. Lahat tayo—mga pulis, nagpoprotesta, tagasuporta, at nagmamasid—ay dapat na maunawaan ang mga limitasyon ng ating mga karapatan at ang kahalagahan ng ating mga tungkulin na manatili sa hangganan ng mga umiiral na batas. Tama si Abraham Lincoln nang sinabi niya na, "Walang hinaing ang maiwawasto gamit ang batas ng mga madurumog."[12] Ang pagwawasto ng mga hinaing gamit ang batas ng mga mandurumog ay pagwawasto sa ilegal na paraan. Iyan ay anarkiya, kung saan walang mabisang pamamahala at walang pormal na pulis, na nagpapahina sa halip na nagpoprotekta sa karapatan ng bawat tao.

Ang isang dahilan kung bakit nakababahala sa maraming tao ang mga protesta kamakailan sa Estados Unidos ay dahil ang mga poot at paglabag sa batas na nararanasan ng iba't ibang etnisidad sa ibang mga bansa ay hindi dapat nararanasan sa Estados Unidos. Dapat pagbutihin pa ng bansang ito ang pagsisikap na burahin ang rasismo, hindi lamang sa mga black American, na mas kapansin-pansin sa mga protesta kamakailan, kundi pati na rin sa mga Latino, Asyano, at iba pang mga grupo. Hindi naging mabuti ang pagharap sa rasismo ng bansang ito sa nakaraan, at kailangan nating pagbutihin ito.

Ang Estados Unidos ay itinatag ng mga nandayuhan mula sa iba't ibang bansa at iba't ibang etniko. Ang layunin nito ng pagkakaisa ay hindi para magtatag ng partikular na relihiyon o isulong ng alinman sa napakaraming kultura o katapatan sa tribu ng mga dating bansa. Ang mga nagtatag ng bansang ito ay naghangad ng pagkakaisa sa pamamagitan ng bagong konstitusyon at mga batas. Hindi ibig sabihin nito na ang mga dokumento na batayan ng ating pagkakaisa o ang pag-unawa noon sa kahulugan ng mga ito ay perpekto. Nakita sa kasaysayan ng unang dalawang siglo ng Estados Unidos na kailangan ng maraming pagbabago, tulad ng karapatang bumoto ng kababaihan, at lalo na ang pagwawakas ng pang-aalipin,

kabilang na ang mga batas na titiyak na ang mga naalipin ay matatamasa ang lahat ng kalagayang kaugnay ng pagiging malaya.

Pinaalalahanan tayo kamakailan ng dalawang iskolar sa Yale University:

"Bagama't may mga kapintasan, ang Estados Unidos ay may natatanging kakayahang pag-isahin ang magkakaiba at hiwa-hiwalay na lipunan. . . .

". . . Ang mga mamamayan nito ay hindi dapat mamili sa pagitan ng pambansang pagkakakilanlan at pagkakaroon ng iba't ibang kultura. Maaaring matamo ng mga Amerikano ang dalawang ito. Ngunit susi rito ang pagkamakabayan na ayon sa konstitusyon. Kailangan nating manatiling nagkakaisa sa pamamagitan ng Konstitusyon, anuman ang hindi natin pagkakasundo sa ideolohiya."[13]

Maraming taon na ang nakalipas, isang British foreign secretary ang nagbigay ng napakagandang payo na ito sa isang debate sa House of Commons: "Wala tayong pangwalang-hanggang *mga kaalyado* at wala rin tayong permanenteng *mga kaaway*. Ang ating mga *interes* ay pangwalang-hanggan at permanente, at tungkulin natin na isakatuparan ang mga interes na ito."[14]

Ito ay isang magandang *sekular* na dahilan para isakatuparan ang mga "pangwalang-hanggan at permanenteng" interes sa larangan ng pulitika. Dagdag pa rito, ang doktrina ng Simbahan ng Panginoon ay nagtuturo ng isa pang pangwalang-hanggang interes na gagabay sa atin: ang mga turo ng ating Tagapagligtas, na siyang nagbigay-inspirasyon sa Konstitusyon ng Estados Unidos at sa mga pangunahing batas ng maraming bansa. Ang katapatan sa itinatag na batas sa halip na sa mga pansamantalang "kaalyado" ang pinakamabuting paraan para mahalin ang ating mga kalaban at mga kaaway habang naghahangad tayo ng pagkakaisa sa gitna ng mga pagkakaiba-iba.

Ang kaalaman na tayong lahat ay mga anak ng Diyos ay nagbibigay sa atin ng makalangit na pang-unawa sa halaga ng lahat ng tao at ng hangarin at kakayahang iwaksi ang mga maling palagay at rasismo. Sa loob ng maraming taon ng paninirahan ko sa iba't ibang estado sa bansang ito, tinuruan ako ng Panginoon na posibleng sundin at maghangad na pagbutihin pa ang mga batas ng ating bansa at mahalin din ang ating mga kalaban at kaaway. Bagama't hindi ito madali, posible ito sa tulong ng ating Panginoon, na si Jesucristo. Ibinigay Niya ang mga kautusang ito na magmahal, at nangako Siya na tutulungan tayo kung nanaisin nating sumunod. Pinatototohanan ko na mahal na mahal at tutulungan tayo ng ating Ama sa Langit at ng Kanyang Anak na si Jesucristo. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



*Bengaluru, India*

**MGA TALA**

1. Tingnan din sa Lucas 6:27–28, 30.
2. Gordon B. Hinckley, "The Healing Power of Christ," *Ensign,* Nov. 1988, 59; Tingnan din sa *Teachings of Gordon B. Hinckley* (1997), 230.
3. Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 6:5.
4. Tingnan din sa Mateo 22:21; Marcos 12:17.
5. Thomas S. Monson, "Kapatid, Damdamin ay Turuan," *Liahona,* Nob. 2009, 68.
6. Tingnan sa Becky at Bennett Borden, "Moving Closer: Loving as the Savior Did," *Ensign,* Set. 2020, 24.
7. Joseph Smith, sa *History of the Church* 5:517. Kahalintulad din nito ang sinabi ni Martin Luther King Jr. (1929-68): "Ang pagtugon sa karahasan gamit ang karahasan ay magdaragdag lamang ng karahasan, tila baga pagdaragdag ng kadiliman sa isang gabing pinagkaitan na ng mga bituin. Hindi mapapawi ng kadiliman ang kadiliman; liwanag lamang ang makagagawa niyan. Hindi mapapawi ng galit ang galit; pagmamahal lamang ang makagagawa niyan" (*Where Do We Go from Here: Chaos or Community?* [2010], 64–65).
8. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Howard W. Hunter* (2015), 179.
9. Russell M. Nelson, "Blessed Are the Peacemakers," *Liahona,* Nob. 2002; tingnan din sa *Teachings of Russell M. Nelson* (2018), 83.
10. Tingnan sa "A House Divided," *The Economist,* Set. 5, 2020, 17–20.
11. Theresa A. Dear, "America's Tipping Point: 7 Ways to Dismantle Racism," *Deseret News,* Hunyo 7, 2020, A1.
12. Abraham Lincoln, talumpati sa Young Men's Lyceum, Springfield, Illinois, Ene. 27, 1838; sa John Bartlett, *Bartlett's Familiar Quotations* ika-18 ed. (2012), 444.
13. Amy Chua at Jed Rubenfeld, "The Threat of Tribalism," *Atlantic,* Oct. 2018, 81, theatlantic.com.
14. Henry John Temple, Viscount Palmerston, pananalita sa House of Commons, March 1, 1848; sa Bartlett, *Bartlett's Familiar Quotations,* 392; idinagdag ang pagbibigay-diin.



Sesyon sa Sabado ng Hapon | Oktubre 3, 2020

Inilahad ni Pangulong Henry B. Eyring
*Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Pagsang-ayon sa mga General Authority, Area Seventy, at Pangkalahatang Pinuno

Mga kapatid, ilalahad ko sa inyo nga-yon ang mga General Authority, Area Seventy, at Pangkalahatang Pinuno ng Simbahan para sa inyong boto ng pagsang-ayon.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Russell Marion Nelson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Dallin Harris Oaks bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Henry Bennion Eyring bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Dallin H. Oaks bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at si M. Russell Ballard bilang Tumatayong Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang sumusunod bilang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf,
David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, at Ulisses Soares.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.



*Chiba, Japan*

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayro-on, ay ipakita rin.

Ini-release namin sina Elder L. Whitney Clayton, Enrique R. Falabella, at Richard J. Maynes bilang mga General Authority Seventy at ipinagkaloob sa kanila ang emeritus status.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mga Kapatid na ito at sa kanilang pamilya para sa kahanga-hanga nilang paglilingkod, mangyaring ipakita lamang.

Ini-release namin si Elder L. Todd Budge bilang General Authority Seventy.

Lahat ng nais na pasalamatan siya sa kanyang paglilingkod ay magtaas lamang ng kamay.

Ini-release namin sina Bishop Dean M. Davies at W. Christopher Waddell bilang Una at Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric.

Lahat ng nais pasalamatan ang mga Kapatid na ito para sa kanilang tapat na paglilingkod, mangyaring ipakita lamang.

Ini-release namin ang sumusunod bilang mga Area Seventy: Ruben Acosta, René R. Alba, Alberto A. Alvarez, Vladimir N. Astashov, José Batalla, Bradford C. Bowen, Sergio Luis Carboni, Armando Carreon, S. Marc Clay Jr., Z. Dominique Dekaye, Osvaldo R. Días, Michael M. Dudley, Mark P. Durham, E. Xavier Espinoza, James E. Evanson, Paschoal F. Fortunato, Sam M. Galvez, Patricio M. Giuffra, Leonard D. Greer, Daniel P. Hall, Toru Hayashi, Paul F. Hintze, Adolf J. Johansson, Wisit Khanakham, Seung Hoon Koo, Pedro X. Larreal, Johnny L. Leota, José E. Maravilla, Joel Martinez, Joaquim J. Moreira, Isaac K. Morrison, Eduardo A. Norambuena, Ferdinand P. Pangan, Jairus C. Perez, Steven M. Petersen, Jay D. Pimentel, Edvaldo B. Pinto Jr., Alexey V. Samaykin, K. David Scott, Rulon F. Stacey, Karl M. Tilleman, William R. Titera, Carlos R. Toledo, Cesar E. Villar, David T. Warner,



*Bengaluru, India*

Gary K. Wilde, at William B. Woahn.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa mahusay nilang paglilingkod, mangyaring ipakita lamang.

Dahil ini-release na si Elder L. Whitney Clayton bilang General Authority Seventy at pinagkalooban ng emeritus status, siya ay ini-release din bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu.

Si Elder Brent H. Nielson ay tinawag bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, at iminumungkahi naming siya ay masang-ayunan.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Dean M. Davies bilang General Authority Seventy.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin sina W. Christopher Waddell na maglilingkod bilang Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric at si L. Todd Budge na maglilingkod bilang Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang hindi sang-ayon, ipakita rin.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga sumusunod bilang bagong mga Area Seventy: Laurian P. Balilemwa, Jonathon W. Bunker, Enrique R. Mayorga, at Konstantin Tolomeev.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang kasalukuyang mga General Authority, Area Seventy, at mga Pangkalahatang Pinuno ng Simbahan.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang hindi sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita rin.

Ang mga tumutol sa alinman sa mga iminungkahi ay dapat kontakin ang kanilang stake president.

Mga kapatid, nagpapasalamat kami sa inyong patuloy na pananalig at mga panalangin para sa mga pinuno ng Simbahan. ■



*Temecula, California, USA*



Ni Elder D. Todd Christofferson
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Mga Lipunang Nakatutugon

*Kung may sapat na bilang sa atin at sa ating kapitbahay ang nagsisikap na gabayan ang ating buhay ayon sa katotohanan ng Diyos, ang moral na kagandahang-asal na kinakailangan sa lahat ng lipunan ay mananagana.*

Napakaganda ng pag-awit ng koro tungkol sa dakilang Tagapagligtas.

Noong 2015, sinang-ayunan ng United Nations ang pagpapatupad ng tinatawag na "The 2030 Agenda for Sustainable Development [Ang 2030 Agenda para sa Tuluy-tuloy na Pag-unlad]." Inilarawan ito bilang "isang nagkakaisang plano para sa kapayapaan at kasaganahan para sa mga tao at sa mundo, ngayon at sa hinaharap." Kasama sa Agenda para sa Tuluy-tuloy na Pag-unlad ang 17 mithiin na kailangang makamit sa taong 2030, tulad ng: wakasan ang kahirapan, wakasan ang kagutuman, mahusay na edukasyon, pagkapantay-pantay ng lalaki at babae, malinis na tubig at sanitasyon, at marangal na trabaho.[1]

Ang konsepto ng tuluy-tuloy na pag-unlad ay kasiya-siya at mahalaga. Gayunman, ang higit na mahalaga, ay ang mas malaking katanungan tungkol sa mga lipunang nakatutugon sa mga pangangailangan ng mga mamamayan nito. Ano ang mga pangunahing alituntunin na sumusuporta sa isang masaganang lipunan, na nagtataguyod ng kaligayahan, pag-unlad, kapayapaan, at kapakanan ng mga mamamayan nito? Mayroon tayong tala sa banal na kasulatan tungkol sa dalawang maunlad na lipunan. Ano ang matututuhan natin mula sa mga ito?

Noong sinaunang panahon, ang dakilang patriyarka at propetang si Enoc ay nangaral ng kabutihan at "nagtayo ng isang lunsod na tinawag na Lunsod ng Kabanalan, maging ang Sion."[2] Ayon sa nakatala, "tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na Sion, sapagkat sila ay may isang puso at isang isipan, at namuhay sa kabutihan; at walang maralita sa kanila."[3]

"At pinagpala ng Panginoon ang lupain, at sila ay pinagpala sa ibabaw ng mga kabundukan, at sa ibabaw ng matataas na lugar, at nanagana."[4]

Ang mga taong nabuhay noon sa una at pangalawang siglo sa Western Hemisphere na kilala bilang mga Nephita at mga Lamanita ay nagbigay ng isa pang napakagandang halimbawa ng isang masaganang lipunan. Pagkatapos ng dakilang ministeryo sa kanila ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas, "sila ay lumakad alinsunod sa mga kautusang natanggap nila mula sa kanilang Panginoon at kanilang Diyos, nagpapatuloy sa pag-aayuno at panalangin, at sa madalas na pagtitipong magkakasama kapwa upang manalangin at makinig sa salita ng Panginoon. . . .

"At walang mga inggitan, ni sigalutan, ni alitan, ni pagpapatutot, ni pagsisinungaling, ni pagpaslang, ni anumang uri ng kahalayan; at tunay na wala nang mas maligayang tao pa sa lahat ng tao na nilikha ng kamay ng Diyos."[5]

Ang mga lipunan sa dalawang halimbawang ito ay pinalakas ng mga pagpapala ng langit dahil sa kanilang kahanga-hangang pagsunod sa dalawang dakilang utos: "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo," at "Ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili."[6] Sila ay masunurin sa Diyos sa kanilang personal na buhay, at pinagmamalasakitan nila ang pisikal at espirituwal na kapakanan ng isa't isa. Sa mga salita ng Doktrina at mga Tipan, nasa mga lipunang ito ang "bawat taong hinahangad ang kapakanan ng kanyang kapwa, at ginagawa ang lahat ng bagay na ang mata ay nakatuon sa kaluwalhatian ng Diyos."[7]

Ang nakalulungkot, tulad ng binanggit ni Elder Quentin L. Cook kaninang umaga, ang huwarang lipunan na inilarawan sa 4 Nephi ng Aklat ni Mormon ay hindi napanatili sa paglipas ng ikalawang siglo nito. Ang kakayahan nito na mapanatili ang yaong mahalaga ay hindi nasuportahan, at ang isang masaganang lipunan ay maaaring bumagsak kalaunan kung tinatalikdan nito ang pinakamahahalagang kagandahang-asal na nagtataguyod sa kapayapaan at kasaganahan nito. Sa sitwasyong ito, dahil sa pagpapadaig sa mga tukso ng diyablo, ang mga tao ay "nagsimulang

mahati sa mga uri; at sila ay nagsimulang magtayo ng mga simbahan para sa kanilang sarili upang makinabang, at nagsimulang itatwa ang tunay na simbahan ni Cristo."[8]

"At ito ay nangyari na, nang lumipas ang tatlong daang taon, kapwa ang mga tao ng mga Nephita at ang mga Lamanita ay naging napakasasama, ang isa katulad ng isa."[9]

Sa pagtatapos ng isa pang siglo, milyun-milyon ang namatay sa digmaang nangyari sa sarili nilang grupo, at ang dating nagkakaisang bansa nila ay nahati sa naglalabang mga lipi.

Sa pagninilay nito at sa iba pang mga halimbawa ng mga dating masaganang lipunan na kalaunan ay bumagsak, sa palagay ko ay tama lang sabihin na kapag ang mga tao ay tumalikod sa pananagutan at obligasyon sa Diyos at nagsimulang magtiwala sa "bisig ng laman," kapahamakan ang kahahantungan nila. Ang pagtitiwala sa bisig ng laman ay pagwawalang bahala sa banal na Awtor ng mga karapatang pantao at dignidad ng tao at pagbibigay ng pinakamataas na prayoridad sa kayamanan, kapangyarihan, at papuri ng sanlibutan (habang madalas na hinahamak at inuusig ang mga sumusunod sa ibang pamantayan). Samantala, ang karamihan naman sa mga lipunan na nakatutugon ay naghahangad, tulad ng sinabi ni Haring Benjamin, na "[umunlad] sa kaalaman ng kaluwalhatian niya na lumikha sa [kanila], o sa kaalaman ng yaong makatarungan at totoo."[10]

Ang institusyon ng pamilya at ng relihiyon ay napakahalaga para sa pagkakaloob sa mga indibiduwal at komunidad ng mga kagandahang-asal na sumusuporta sa isang matatag na lipunan. Ang mga kagandahang-asal na ito, na nakabatay sa banal na kasulatan, ay kinabibilangan ng integridad, responsibilidad at pananagutan, pagkahabag, kasal at katapatan sa asawa, paggalang sa kapwa at sa ari-arian ng iba, paglilingkod, at kahalagahan at dignidad ng pagtatrabaho, at iba pa.

Ang editor na si Gerard Baker ay nagsulat ng isang artikulo sa unang bahagi ng taong ito sa *Wall Street Journal* na nagbibigay-parangal sa kanyang ama, si Frederick Baker, sa pagdiriwang ng ika-100 kaarawan nito. Inilahad ni Baker ang kanyang opinyon tungkol sa mga dahilan ng pagkakaroon ng mahabang buhay ng kanyang ama at idinagdag ang saloobing ito:


*Pechanga Indian Reservation, California, USA*

"Bagama't nais nating lahat na malaman ang sikreto sa pagkakaroon ng mahabang buhay, madalas kong madama na mas makabubuting magtuon tayo ng mas maraming oras sa pag-iisip kung ano ang nagpapabuti sa buhay, gaano man kahaba ang panahong ibinigay sa atin sa buhay na ito. Sa bagay na ito, kumpiyansa ako na alam ko ang sikreto ng aking ama.

"Siya ay mula sa isang panahon kung saan ang buhay ay nahubog higit sa lahat ng pagkakaroon ng tungkulin, hindi ng pagkakaroon ng karapatan; ng mga responsibilidad sa lipunan, hindi ng mga personal na pribilehiyo. Ang pangunahing naghihikayat na alituntunin sa buong panahon ng kanyang buhay ay ang pagiging responsable sa pagtupad ng obligasyon—sa pamilya, Diyos, at bansa.

"Sa panahong laganap ang mga bungang idinulot ng wasak na pamilya, ang aking ama ay isang tapat na asawa sa kanyang maybahay ng 46 na taon, at isang responsableng ama sa anim na anak. Siya ay nariyan at nakasuporta sa lahat ng panahon maging noong maranasan ng aking mga magulang ang nakabibiglang pagpanaw ng isang anak. . . .

"At sa panahong ang relihiyon ay dumarami dahil sa kuryosidad, ang ama ko ay namuhay bilang isang tunay at tapat na Katoliko, na may di-natitinag na paniniwala sa mga pangako ni Cristo. Katunayan, naiisip ko kung minsan na napakahaba na ng buhay niya dahil mas handa na siyang pumanaw kaysa sa sinumang kilala ko.

"Napakapalad ko—nabiyayaan ako ng magandang edukasyon, sariling masayang pamilya, ilang tagumpay sa mundo na hindi ko karapat-dapat na matanggap. Ngunit nakadarama man ako ng pagmamalaki at pasasalamat, natatakpan ito ng pagmamalaki at pasasalamat na nadarama ko para sa taong ito, napakasimple at hindi naghihintay ng gantimpala o pagkilala, na namumuhay—isang siglo na ngayon—nang may mga simpleng tungkulin, obligasyon at, sa huli, masayang namumuhay nang may kabanalan."[11]

Ang nakikitang kahalagahan ng relihiyon at pananampalataya ay bumaba sa maraming bansa nitong mga nakaraang taon. Iniisip ng dumaraming bilang ng mga tao na ang paniniwala at katapatan sa Diyos ay hindi kinakailangan para sa pagiging matwid sa moral ng mga indibiduwal o lipunan sa daigdig ngayon.[12] Sa palagay ko ay sasang-ayon tayong lahat na ang nagsasabing wala silang pinaniniwalaang relihiyon ay maaaring maging, at madalas ay, mabubuti at matwid na tao. Gayunman, hindi tayo sasang-ayon na ito ay nangyayari nang walang impluwensya ng Diyos. Ang tinutukoy ko ay ang Liwanag ni Cristo. Ipinahayag ng Tagapagligtas, "Ako ang tunay na ilaw na nagbibigay-liwanag

sa bawat tao na dumarating sa daigdig."[13] Nahihiwatigan man ito o hindi, bawat lalaki, babae, at bata ng bawat relihiyon, lugar, at panahon ay mayroong Liwanag ni Cristo at kung gayon ay nagtataglay ng kaalaman sa kung ano ang tama at mali na madalas ay tinatawag nating konsensya.[14]

Gayunpaman, kapag hinihiwalay ng sekularisasyon ang personal at pangmamamayan na kagandahang-asal mula sa pagkakaroon ng pananagutan sa Diyos, pinuputol nito ang halaman mula sa mga ugat nito. Ang pagsalig lamang sa kultura at tradisyon ay hindi sasapat para mapanatili ang kagandahang-asal sa lipunan. Kapag ang tao ay walang mas mataas na diyos kaysa sa kanyang sarili at hindi nagsisikap na gumawa nang mas mabuti maliban sa pagbibigay ng kasiyahan sa kanyang sariling mga layaw at kagustuhan, makikita ang mga epekto nito sa takdang panahon.

Ang lipunan, halimbawa, kung saan ang pahintulot ng indibiduwal ang tanging nakapipigil sa seksuwal na aktibidad ay isang nabubulok na lipunan. Ang pakikiapid, kawalan ng delikadesa, pagkakaroon ng anak nang hindi kasal,[15] at pagpiling magpalaglag ay ilan lamang sa mapapait na bunga ng imoralidad na pinalakas ng sekswal na pagbabago. Kabilang sa mga ibinunga niyon na nakakaapekto sa pagpapanatili ng isang malusog na lipunan ay ang pagdami ng bilang ng mga bata na lumaki sa kahirapan at nang walang positibong impluwensya ng ama, na umaabot kung minsan sa maraming henerasyon; mga kababaihang pinapasan nang mag-isa ang mga responsibilidad na dapat sana ay may katuwang sila, at matinding kakulangan sa edukasyon dahil ang mga paaralan, gaya ng iba pang mga institusyon, ay naobligang punan ang kabiguan sa tahanan.[16] Bukod pa sa mga pag-uugaling ito na labag sa mga pamantayan ng kagandahang-asal ay ang hindi mabilang na nangyayaring kapighatian at kalungkutan—mental at emosyonal na kapinsalaan na dumarating kapwa sa nagkasala at sa walang kasalanan.

Ipinahayag ni Nephi:

"Sa aba niya na nakikinig sa mga tuntunin ng tao, at nagtatatwa sa kapangyarihan ng Diyos, at sa kaloob na Espiritu Santo! . . .

". . . Sa aba sa lahat ng yaong nanginginig, at nagagalit dahil sa katotohanan ng Diyos!"[17]

Kabaligtaran nito, ang ating masayang mensahe sa ating mga anak at sa buong sangkatauhan ay ang "katotohanan ng Diyos" ay nagtuturo ng isang mas mainam na daan, o tulad ng sinabi ni Pablo, "isang daan na walang kahambing,"[18] isang daan na patungo sa personal na kaligayahan at kapakanan ng komunidad sa buhay na ito at sa walang hanggang kapayapaan at kagalakan sa kabilang-buhay.

Ang katotohanan ng Diyos ay tumutukoy sa mga pangunahing katotohanan na kinasasaligan ng Kanyang plano ng kaligayahan para sa Kanyang mga anak. Ang mga katotohanang ito ay ang Diyos ay buhay; na Siya ang Ama sa Langit ng ating mga espiritu; na bilang pagpapakita ng Kanyang pagmamahal, binigyan Niya tayo ng mga kautusan na hahantong sa lubos na kagalakan sa piling Niya; na si Jesucristo ay Anak ng Diyos at ating Manunubos; na Siya ay nagdusa at namatay upang magbayad-sala para sa ating mga kasalanan kung tayo ay magsisisi; na Siya ay bumangon mula sa mga patay, isinakatuparan ang Pagkabuhay na Mag-uli ng buong sangkatauhan; at na tayong lahat ay tatayo sa Kanyang harapan upang hatulan, alinsunod sa ating mga gawa.[19]

Sa ikasiyam na taon sa tinatawag na "panunungkulan ng mga hukom," sa Aklat ni Mormon, ang propetang si Alma ay nagbitiw sa kanyang katungkulan bilang punong hukom upang lubos na maiukol ang kanyang panahon sa pamumuno sa Simbahan. Ang layunin niya ay mangaral para mapawi ang kapalaluan, pag-uusig, at kasakiman na lumalaganap sa mga tao lalo na sa mga miyembro ng Simbahan.[20] Tulad ng sinabi minsan ni Elder Stephen D. Nadauld, "Ang inspiradong desisyon [ni Alma] ay hindi ang gumugol ng maraming oras sa pagsisikap na gumawa at magpatupad ng marami pang mga patakaran para maiwasto ang pag-uugali ng kanyang mga tao, kundi ang ipangaral sa kanila ang salita ng Diyos, ang ituro sa kanila ang doktrina at ipaunawa sa kanila ang plano ng pagtubos na aakay sa kanila na magbago ng kanilang pag-uugali."[21]

Marami pa tayong magagawa bilang kapitbahay at mamamayan para makatulong sa ikapananatili at ikatatagumpay ng lipunang ginagalawan natin, at tiyak na ang ating pinakamahalaga at walang maliw na paglilingkod ay ang pagtuturo at pagpapamuhay ng mga katotohanang likas sa dakilang plano ng pagtubos ng Diyos. Tulad ng nakasaad sa mga titik ng himno:

*O pananalig ng ating lahi,*
*Bawat tao ay mamahalin,*
*At sa lahat ay ipapabatid,*
*Sa salita't gawang matuwid.*[22]

Kung may sapat na bilang sa atin at sa ating kapitbahay ang nagsisikap na magpasiya at gabayan ang ating buhay ayon sa katotohanan ng Diyos, ang moral na kagandahang-asal na kinakailangan sa lahat ng lipunan ay mananagana.

Sa Kanyang pag-ibig sa atin, ibinigay ng ating Ama sa Langit ang Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan.[23]

"Hindi gumagawa [si Jesucristo] ng anumang bagay maliban na lamang kung para sa kapakanan ng sanlibutan; sapagkat mahal niya ang sanlibutan, maging ang kanyang sariling buhay ay inialay niya upang mapalapit ang lahat ng tao sa kanya. Dahil dito, wala siyang inuutusan na hindi sila makababahagi ng kanyang kaligtasan.

"Masdan, sumisigaw ba siya sa sino man, sinasabing: Lumayo sa akin? Masdan, sinasabi ko sa inyo, Hindi; kundi sinasabi niya: Magsilapit sa akin lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, bumili ng gatas at pulot, nang walang salapi at walang bayad."[24]

Ipinahahayag namin ito "sa

kataimtiman ng puso, sa diwa ng kaamuan,”[25] at sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa “The 17 Goals,” United Nations Department of Economic and Social Affairs website, sdgs.un.org/goals.
2. Moises 7:19.
3. Moises 7:18.
4. Moises 7:17.
5. 4 Nephi 1:12, 16.
6. Mateo 22:37, 39.
7. Doktrina at mga Tipan 82:19.
8. 4 Nephi 1:26.
9. 4 Nephi 1:45.
10. Mosias 4:12.
11. Gerard Baker, “A Man for All Seasons at 100,” *Wall Street Journal,* Peb. 21, 2020, wsj.com.
12. Tingnan sa Ronald F. Inglehart, “Giving Up on God: The Global Decline of Religion,” *Foreign Affairs,* Set./Oct. 2020, foreignaffairs.com; tingnan din sa Christine Tamir, Aidan Connaughton, at Ariana Monique Salazar, “The Global God Divide,” Pew Research Center, July 20, 2020, especially infographic “Majorities in Emerging Economies Connect Belief in God and Morality,” pewresearch.org.
13. Doktrina at mga Tipan 93:2; tingnan din sa Moroni 7:16, 19.
14. Tingnan sa Boyd K. Packer, “Ang Liwanag ni Cristo,” *Liahona,* Abr. 2005, 10; tingnan din sa D. Todd Christofferson, “Truth Endures,” *Religious Educator,* vol. 19, no. 3 (2018), 6.
15. Sa pagbibigay ng halimbawang ito, tinutukoy ko ang posibleng masamang ibubunga nito sa mga bata bilang “mapait na bunga” at hindi ang mismong mga bata. Bawat anak ng Diyos ay mahalaga, at bawat buhay ay hindi matutumbasan ang halaga anuman ang mga kalagayan ng pagsilang.
16. Tingnan halimbawa ang, Pew Research Center, “The Changing Profile of Unmarried Parents,” Abr. 25, 2018, pewsocialtrends.org; Mindy E. Scott at iba pa, “5 Ways Fathers Matter,” Hunyo, 15, 2016, childtrends.org; at Robert Crosnoe at Elizabeth Wildsmith, “Nonmarital Fertility, Family Structure, and the Early School Achievement of Young Children from Different Race/Ethnic and Immigration Groups,” Applied Developmental Science, vol. 15, no. 3 (Hulyo-Set. 2011), 156–70.
17. 2 Nephi 28:26, 28.
18. 1 Corinto 12:31.
19. Tingnan sa Alma 33:22.
20. Tingnan sa Alma 4:6–19.
21. Stephen D. Nadauld, *Principles of Priesthood Leadership* (1999), 13; tingnan din sa Alma 31:5.
22. “O Pananalig ng Ating Lahi,” *Mga Himno,* blg. 46.
23. Tingnan sa Juan 3:16.
24. 2 Nephi 26:24–25; tingnan din 2 Nephi 26:33.
25. Doktrina at mga Tipan 100:7.



Ni Steven J. Lund
*Young Men General President*

# Paghahanap ng Kagalakan kay Cristo


*Ang pinakatiyak na paraan upang makahanap ng kagalakan sa buhay na ito ay ang makiisa kay Cristo sa pagtulong sa iba.*

Hindi hinihiling ng Panginoon sa ating mga kabataang Aaronic Priesthood na gawin ang lahat ng bagay, ngunit ang ipinagagawa Niya ay kamangha-mangha.

Ilang taon na ang nakararaan, dinanas ng aming maliit na pamilya ang nararanasan ng maraming pamilya sa nahulog na daigdig na ito. Ang aming bunsong anak, si Tanner Christian Lund, ay nagkaroon ng kanser. Isa siyang kahanga-hangang bata, katulad ng ibang mga batang siyam-na-taong-gulang. Siya ay may nakakatawang kakulitan at, kasabay nito, siya ay may kahanga-hangang espirituwalidad. Pilyo at anghel, malikot at mabait. Noong maliit pa siya at araw-araw kaming ginugulat ng kanyang kakulitan, inisip namin kung sa paglaki niya ay magiging propeta o bank robber ba siya. Alinman dito, tila mag-iiwan siya ng marka sa daigdig.

At pagkatapos, siya ay nagkasakit nang malubha. Sa sumunod na tatlong taon, gumamit ang modernong medisina ng mahuhusay na pamamaraan, kabilang ang dalawang bone marrow transplant, kung saan siya dinapuan ng pneumonia, kaya kinailangan niyang manatili nang 10 linggo na walang malay sa isang ventilator. Mahimala namang gumaling siya nang maikling panahon, ngunit bumalik ang kanyang kanser.

Bago siya pumanaw, kumalat ang sakit ni Tanner sa kanyang mga buto, at kahit may matatapang na gamot para sa kirot, nasasaktan pa rin siya. Hindi siya halos makabangon sa higaan. Isang umaga ng Linggo, ang



*Taboão da Serra, São Paulo, Brazil*

kanyang ina na si Kalleen ay pumasok sa kanyang silid para kumustahin siya bago magsimba ang pamilya. Nagulat siya na makitang nakapagbihis si Tanner nang mag-isa at nakaupo sa gilid ng kanyang kama, na hirap na ibinubutones ang kanyang polo. Umupo si Kalleen sa tabi niya. "Tanner," sabi niya, "kaya mo na ba talagang magsimba? Siguro dapat dito ka muna sa bahay at magpahinga ngayon."

Tumitig siya sa sahig. Isa siyang deacon. May korum siya. At may tungkulin siya.

"Ako po dapat ang magpapasa ng sacrament ngayon."

"Pero, tiyak ko na may ibang makagagawa niyan para sa iyo."

"Opo," sabi niya, "pero . . . nakita ko kung paano ako masdan ng mga tao kapag nagpapasa ako ng sacrament. Sa tingin ko po, nakakatulong ito sa kanila."

Kaya tinulungan siya ni Kalleen na ibutones ang kanyang polo at isuot ang kanyang kurbata, at nagtungo sila sa simbahan. Malinaw na isang mahalagang bagay ang nangyayari.

Dumating ako sa simbahan mula sa isang mas maagang miting kaya nagulat akong makita na nakaupo si Tanner sa hanay ng mga deacon. Pabulong na sinabi sa akin ni Kalleen kung bakit siya naroon at kung ano ang sinabi niya: "Nakakatulong ito sa mga tao."

At sa gayon ko pinagmasdan ang mga deacon na lumapit sa mesa ng sacrament. Nakasandal siya nang bahagya sa isa pang deacon nang ipasa sa kanila ng mga priest ang mga tray ng tinapay. At pagkatapos, paika-ikang naglakad si Tanner papunta sa kanyang nakatalagang lugar at humawak sa dulo ng bangko para matatag na makatayo habang ibinabahagi niya ang sacrament.

Tila nakatingin sa kanya ang lahat ng tao sa kapilya, naaantig sa kanyang paghihirap habang ginagawa niya ang kanyang simpleng tungkulin. Kahit paano, nakapagbigay si Tanner ng isang tahimik na sermon habang mapitagan siyang pumupunta mula sa isang hanay patungo sa isa pang hanay—ang kanyang kalbong ulo ay basa ng pawis—kumakatawan sa Tagapagligtas sa paraang ginagawa ng mga deacon. Ang kanyang dating malakas na katawan bilang deacon ay bahagya nang bugbog, sira, at gutay-gutay, handang mahirapan para maglingkod sa pamamagitan ng pagdadala ng mga sagisag ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa aming buhay.

Sa nakita naming saloobin niya tungkol sa pagiging isang deacon, nabago rin ang saloobin namin—tungkol sa sacrament, tungkol sa Tagapagligtas, at tungkol sa mga deacon at teacher at priest.

Namamangha ako sa hindi masambit na himala na naghikayat sa kanya noong umagang iyon na matapang na tumugon sa yaong marahan at banayad na pagtawag na maglingkod, at sa lakas at mga kakayahan ng lahat ng ating lumalaking mga kabataan habang pinagsusumikapan nilang tumugon sa tawag ng propeta na sumali sa mga hukbo ng Diyos at makiisa sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan.

Sa tuwing hinahawakan ng isang deacon ang sacrament tray, naipapaalala sa atin ang sagradong kuwento ng Huling Hapunan, ng Getsemani, ng Kalbaryo, at ng libingan sa halamanan. Nang sabihin ng Tagapagligtas sa Kanyang mga Apostol, "Gawin ninyo ito sa pag-aalaala sa akin,"[1] nangungusap din Siya sa lahat ng panahon sa bawat isa sa atin. Nangungusap Siya tungkol sa walang katapusang himala na ilalaan Niya kapag ang magiging mga deacon, teacher, at priest ay magbabasbas at magpapasa ng Kanyang mga sagisag at mag-aanyaya sa Kanyang mga anak na tanggapin ang Kanyang nagbabayad-salang kaloob.

Itinutuon tayo ng lahat ng simbolo ng sacrament sa kaloob na iyon. Pinagninilayan natin ang tinapay na pinagputul-putol Niya noon—at ngayon naman ang tinapay na pinagpuputul-putol ng mga priest sa harapan natin. Iniisip natin ang kahulugan ng likido na binasbasan at ginawang banal, noon at ngayon, habang ang mga salita ng mga panalangin na iyon sa sacrament ay taimtim na binibigkas ng mga batang priest patungo sa ating mga puso at sa kalangitan, pinapanibago ang mga tipan na nag-uugnay sa atin sa mga kapangyarihan ng pagliligtas ni Cristo. Maaari nating isipin kung ano ang kahulugan nito kapag dinadala sa atin ng deacon ang mga sagradong sagisag, tumatayo siya kung saan tatayo si Jesus kung nariyan Siya, upang pagaanin ang ating mga pasanin at pasakit.

Sa kabutihang-palad, hindi kinakailangang magkasakit ng mga kabataang lalaki at babae para matuklasan ang kagalakan at layunin sa paglilingkod sa Tagapagligtas.

Itinuro ni Elder David A. Bednar na para lumaki at maging *katulad* ng mga misyonero, kailangan nating gawin kung ano ang *ginagawa* ng mga misyonero, at sa gayon, "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin, . . .unti-unti [tayong] magiging ang misyonerong . . . inaasahan ng Tagapagligtas."[2]

Gayon din, kung ninanais nating "tularan ang Panginoong Jesus,"[3] kailangan nating gawin ang ginagawa ni Jesus, at sa isang nakamamanghang pangungusap, ipinaliwanag ng Panginoon kung ano ang ginagawa Niya: Kanyang sinabi, "Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."[4]

Ang misyon ng Tagapagligtas noon pa man at magpakailanman ay ang paglingkuran ang Kanyang Ama sa pamamagitan ng pagliligtas sa Kanyang mga anak.

At ang pinakatiyak na paraan upang makahanap ng kagalakan sa buhay na ito ay ang makiisa kay Cristo sa pagtulong sa iba.

Ito ang simpleng katotohanang nagbigay-inspirasyon sa programang Mga Bata at Kabataan.

Ang lahat ng aktibidad sa Mga Bata at Kabataan at lahat ng turo sa Mga Bata at Kabataan ay hinggil sa pagtulong sa mga kabataan na maging higit na katulad ni Jesus sa pamamagitan

ng pakikiisa sa Kanya sa gawain ng kaligtasan at kadakilaan.

Ang Mga Bata at Kabataan ay isang tool o kasangkapan na tutulong sa lahat ng bata sa Primary at kabataan na lumaki bilang mga disipulo at magtamo ng isang pananaw na puno ng pananampalataya kung ano ang dapat gawin para matamo ang kaligayahan. Maaari nilang matutuhang asamin at hangarin ang mga daraanan at palatandaan sa landas ng tipan, kung saan sila bibinyagan at ikukumpirma at pagkakalooban ng kaloob na Espiritu Santo at pagkatapos ay mapapabilang sa mga korum at Young Women class, kung saan nila madarama ang kagalakan ng pagtulong sa iba sa pamamagitan ng patuloy na paglilingkod na katulad ng kay Cristo. Sila ay magtatakda ng mga mithiin, malaki at maliit, na magbibigay ng balanse sa kanilang buhay habang higit silang nagiging katulad ng Tagapagligtas. Ang mga For the Strength of the Youth na kumperensya at magasin, ang *Kaibigan,* at ang Gospel Living app ay tutulong na maituon sila sa paghahanap ng kagalakan kay Cristo. Aasamin nila ang mga pagpapala ng pagkakaroon ng mga limited-use temple recommend at madarama ang diwa ni Elijah sa pamamagitan ng impluwensya ng Espiritu Santo habang hinahangad nila ang mga pagpapala ng templo at family history. Sila ay magagabayan sa pamamagitan ng patriarchal blessing. Pagdating ng panahon, makikita nila ang kanilang sarili na nagtutungo sa mga templo upang mapagkalooban ng kapangyarihan at upang makahanap ng kagalakan doon habang inuugnay sila magpakailanman, anuman ang mangyari, sa kanilang mga pamilya.

Sa paghampas ng malalakas na hangin ng pandemya at kalamidad, ang pagtatamo ng lubos na kapakinabangan ng bagong programang Mga Bata at Kabataan ay pinagsisikapan pa rin—ngunit kinakailangang makamtan agad. Hindi mahihintay ng mga kabataan ang daigidig para ituwid nito ang sarili nito bago nila makilala ang Tagapagligtas. Maging ngayon, gumagawa ang ilan ng mga pagpapasiya na hindi nila gagawin kung naunawaan nila ang kanilang tunay na pagkatao—at ang Kanyang pagkatao.

Kaya ang dagliang panawagan mula sa mga hukbo ng Diyos na matinding sinasanay ay "kinakailangan ang tulong ng lahat!"

Mga ina at ama, kailangan ng inyong mga anak na lalaki ang inyong tulong ngayon gaya ng masigasig ninyong pagtulong sa kanila noon kapag ang mas pinagtutuunan nila ay ang mga bagay na hindi gaanong mahalaga tulad ng mga badge at pin. Mga ina at ama, mga lider sa priesthood at Young Women, kung nahihirapan ang mga kabataan ninyo, ang Mga Bata at Kabataan ay tutulong na madala sila sa Tagapagligtas, at pagkakalooban sila ng Tagapagligtas ng kapayapaan.

Mga panguluhan ng korum at klase, kumilos at gampanan ang inyong tungkulin sa gawain ng Panginoon.

Mga bishop, makipagtulungan gamit ang mga susi ng inyong priesthood sa mga quorum president, at sa inyong korum—at ang inyong ward—ay patuloy na magbabago.

At sa inyo na bagong henerasyon, pinatototohanan ko, bilang isang taong nakaaalam, na *kayo* ay mga minamahal na anak na lalaki at babae ng Diyos at Siya ay may gawaing ipagagawa sa inyo.

Sa pagtupad ninyo sa karingalan ng inyong mga tungkulin, nang inyong buong puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas, mamahalin ninyo ang Diyos at tutuparin ang inyong mga tipan at magtitiwala sa Kanyang priesthood habang kumikilos kayo para pagpalain ang iba, na magsisimula sa inyong mga tahanan.

Dalangin ko na magsisikap kayo, nang may dobleng sigla na nararapat sa panahong ito, para maglingkod, manampalataya, magsisi, at magpakabuti sa bawat araw, upang maging karapat-dapat na matanggap ang mga pagpapala sa templo at ang walang hanggang kaligayahan na dumarating lamang sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo. Dalangin ko na maghahanda kayo para maging masigasig na missionary, tapat na asawa, mapagmahal na ama o ina na ipinangako sa inyo na maaaring maabot ninyo sa huli sa pamamagitan ng pagiging tunay na disipulo ni Jesucristo.

Nawa'y tulungan ninyo na maihanda ang daigdig para sa pagbabalik ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo at tanggapin ang mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



*Salzburg, Austria*

**MGA TALA**

1. Lucas 22:19.
2. David A. Bednar, "Pagiging Misyonero," *Liahona,* Nob. 2005, 46.
3. "Sinisikap kong tularan ang Panginoong Jesus. Sinisikap kong tularan sa salita at kilos" ("Sinisikap Kong Tularan si Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 40–41).
4. Moises 1:39.
5. Personal akong nagpapasalamat sa debotong mga magulang at mga lider sa ating buong kasaysayan na buong giting na tumulong sa mga kabataan na umunlad. Alam ko na malaki ang naitulong ng bawat aktibidad at achievement program noon sa bagong pagsisikap na Mga Bata at Kabataan.



Ni Elder Gerrit W. Gong
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Lahat ng Bansa, Lahi, at Wika

*Tayo, sa sarili nating paraan, ay maaaring maging bahagi ng katuparan ng mga propesiya at pangako ng Panginoon—bahagi ng ebanghelyo na nagpapala sa sanlibutan.*

Mga minamahal kong kapatid, kamakailan lamang, nangasiwa ako sa isang pagbubuklod sa templo na sinusunod ang mga alituntunin para sa COVID-19. Naroon ang mga ikakasal na kapwa mga tapat na returned missionary, ang kanilang mga magulang at lahat ng kanilang kapatid. Hindi ito naging madali. Pangsiyam ang babaeng ikakasal sa sampung magkakapatid. Nakaupo ang kanyang mga kapatid ayon sa pagkakasunud-sunod nila, mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata, mangyari pa, nang may social distancing.

Sinikap ng pamilyang ito na maging mabuting kapitbahay saan man sila manirahan. Gayunman, may isang komunidad na ayaw sa kanila—dahil, sabi ng ina ng babaeng ikakasal, ang kanilang pamilya ay mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Ginawa ng pamilya ang lahat para magkaroon ng mga kaibigan sa paaralan, makatulong, at matanggap, ngunit wala pa ring nangyari. Palaging nananalangin ang pamilya na sana ay lumambot na ang mga puso.

Isang gabi, nadama ng pamilya na nasagot na ang kanilang mga panalangin, bagama't sa paraang hindi talaga inaasahan. Nasunog at natupok ng apoy ang bahay nila. Ngunit may iba pang nangyari. Napalambot ng sunog ang mga puso ng kanilang mga kapitbahay.

Ang kanilang mga kapitbahay at lokal na paaralan ay nagtipon ng mga damit, sapatos, at iba pang gamit na kailangan ng pamilya na nawalan ng lahat. Ang kabaitan ay humantong sa pagkakaunawaan. Hindi ganito ang inasam o inasahan ng pamilya na sagot sa kanilang mga panalangin. Gayunman, nagpapasalamat sila sa natutuhan nila mula sa mahihirap na karanasan at hindi inaasahang mga sagot sa taimtim na mga panalangin.

Para sa may mga pusong tapat at mga matang nakakakita, ang magiliw na awa ng Panginoon ay talagang nakikita sa gitna ng mga pagsubok sa buhay. Ang matapat na pagharap sa mga pagsubok at pagsasakripisyo ay nagdudulot ng mga pagpapala ng langit. Sa buhay na ito, maaaring mawalan o maghintay tayo para sa ilang bagay nang ilang panahon, ngunit sa huli, malalaman natin kung ano ang pinakamahalaga sa lahat.[1] Iyan ang Kanyang pangako.[2]

Ang ating proklamasyon para sa ika-200 taong anibersaryo nitong taong 2020 ay nagsimula sa tapat na pangako sa lahat na "minamahal ng Diyos ang Kanyang mga anak sa bawat bansa sa mundo."[3] Sa bawat isa sa atin sa lahat ng bansa, lahi, wika at tao,[4] ang Diyos ay nangangako, nakikipagtipan, at nag-aanyaya sa atin na makibahagi sa Kanyang saganang kagalakan at kabutihan.

Ang pagmamahal ng Diyos sa lahat ng tao ay pinatunayan sa lahat ng banal na kasulatan.[5] Sumasaklaw ang pagmamahal na iyan sa tipang Abraham, pagtitipon sa Kanyang nakalat na mga anak,[6] at sa Kanyang plano ng kaligayahan.

Sa sambahayan ng pananampalataya, dapat ay walang mga dayuhan, walang mga banyaga,[7] walang mayaman at mahirap,[8] walang tagalabas na "mga iba pa." Bilang "mga kapwa mamamayan ng mga banal,"[9] inaanyayahan tayong baguhin ang sanlibutan sa ikabubuti nito, mula sa loob palabas, isang tao, isang pamilya, isang komunidad sa bawat pagkakataon.

Nangyayari ito kapag ipinamumuhay at ibinabahagi natin ang ebanghelyo. Sa simula ng dispensasyong ito, nakatanggap si Propetang Joseph ng isang napakagandang propesiya na ninanais ng Ama sa Langit na madama ng bawat tao sa lahat ng dako ang pagmamahal ng Diyos at maranasan ang Kanyang kapangyarihan upang umunlad at magbago.

Ang propesiyang iyan ay natanggap dito, sa bahay na yari sa troso ng pamilya Smith sa Palmyra, New York.[10]

Natapos noong 1998, ang tahanan ng mga Smith ay muling itinayo sa orihinal na pundasyon nito. Sa mismong silid-tulugang ito sa ikalawang palapag na may sukat na 18 x 30 x 10 talampakan (5.5 x 9 x 3m) kung saan si Moroni, na isang maluwalhating

sugo mula sa Diyos, ay nagpakita sa batang si Joseph noong gabi ng Setyembre 21, 1823.[11]

Naaalala ninyo ang isinalaysay ni Propetang Joseph:

"Sinabi [ni Moroni] . . . na ang Diyos ay may gawaing ipagagawa sa akin; at ang aking pangalan ay makikilala sa kabutihan at kasamaan sa lahat ng bansa, lahi, at wika. . . .

"Sinabi [ni Moroni] na may nakalagak na isang aklat, . . . na ang kabuuan ng walang hanggang Ebanghelyo ay napapaloob dito."[12]

Hihinto tayo rito. Sinasamba natin ang Diyos Amang Walang Hanggan at ang Kanyang Anak na si Jesucristo, hindi si Propetang Joseph ni sinumang mortal na lalaki o babae.

Ngunit isipin kung paanong natutupad ang mga propesiyang ibinibigay ng Diyos sa Kanyang mga tagapaglingkod.[13] Ang ilan ay natutupad nang mas maaga, ang ilan ay kalaunan, gayunman lahat ay natutupad.[14] Kapag nakikinig tayo sa diwa ng propesiya ng Panginoon, tayo, sa sarili nating paraan, ay maaaring maging bahagi ng katuparan ng Kanyang mga propesiya at pangako—bahagi ng ebanghelyo na nagpapala sa sanlibutan.

Noong 1823, si Joseph ay isang hindi kilalang 17-taong gulang na binatilyo na naninirahan sa isang liblib na nayon sa isang bagong bansang malaya. Kung hindi ito totoo, paano niya maiisipang sabihin na magiging kasangkapan siya sa gawain ng Diyos at magsasalin sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos ng sagradong banal na kasulatan na magiging tanyag sa lahat ng dako?

Ngunit, dahil totoo ito, kayo at ako ay makasasaksi na natutupad ang propesiyang iyon, at inaanyayahan pa tayong tumulong sa pagsasakatuparan nito.

Mga kapatid, sa iba't ibang dako ng mundo, bawat isa sa atin na nakikibahagi sa pangkalahatang kumperensya ngayong Oktubre 2020 ay kabilang sa mga bansa, lahi, at wika na binanggit.

Ngayon, ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw



*Provo, Utah, USA*

ay naninirahan sa 196 na bansa at teritoryo, na may 3,446 na stake ng Simbahan sa 90 sa mga ito.[15] Tayo ang kumakatawan sa maraming iba't ibang lugar at sa mga lugar kung saan naroon at kilala ang Simbahan.

Noong 1823, sino ang mag-aakala na sa taong 2020, may tatlong bansa na magkakaroon ng mahigit tig-iisang milyong miyembro ng Simbahang ito—ang United States, Mexico, at Brazil?

O may 23 na bansa na may mahigit tig-100,000 miyembro ng Simbahan—tatlo sa North America, labing-apat sa Central at South America, isa sa Europe, apat sa Asia, at isa sa Africa?[16]

Tinatawag ni Pangulong Russell M. Nelson ang Aklat ni Mormon na "isang mahimalang himala."[17] Ang mga saksi nito ay nagpatotoo, "Ipinaaalam sa lahat ng bansa, lahi, wika, at tao."[18] Ngayon, ang pangkalahatang kumperensya ay naririnig sa 100 wika. Si Pangulong Nelson ay nagpatotoo na tungkol kay Jesucristo at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo sa 138 bansa at nadaragdagan pa.

Nagsimula sa inilimbag na 5,000 kopya ng unang edisyon ng Aklat ni Mormon noong 1830, mga 192 milyong kopya ng buo o bahagi ng Aklat ni Mormon ang nailathala na sa 112 wika. Ang mga pagsasalin ng Aklat ni Mormon ay mababasa na rin sa internet o sa mga digital device. Sa kasalukuyan, ang Aklat ni Mormon ay naisalin na sa halos 23 wika na sinasalita ng 50 milyong katao o higit pa, na pinagsama-samang mga katutubong wika ng mga 4.1 bilyong katao.[19]

Sa pamamagitan ng maliliit at mga karaniwang bagay—kung saan inaanyayahan ang bawat isa sa atin na makibahagi—ang mga dakilang bagay ay naisasakatuparan.

Halimbawa, sa isang stake conference sa Monroe, Utah, na may populasyong 2,200, nagtanong ako kung ilan ang nagmisyon. Halos lahat ay nagtaas ng kamay. Sa mga nakalipas na taon, mula sa isang stake na iyon, 564 na missionary ang naglingkod sa lahat ng 50 estado ng U.S. at 53 bansa—sa bawat kontinente maliban sa Antarctica.

Tungkol sa Antarctica, maging sa Ushuaia na nasa dulong timog ng Argentina, nakita ko ang katuparan ng propesiya habang ibinabahagi ng ating mga missionary ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa isang lugar na tinatawag na "ang dulo ng mundo."[20]

Ang mural na nabuo sa mga pabalat ng ating apat na tomo ng *Mga Banal*[21] ay naglalarawan sa isang tapiserya ng mga bunga ng pamumuhay sa ebanghelyo ng matatapat na Banal sa lahat ng dako. Nakaangkla ang kasaysayan ng ating Simbahan sa ipinamuhay na patotoo at paglalakbay sa ebanghelyo ng bawat miyembro, kabilang na si Mary Whitmer, ang matapat na sister na pinakitaan ni Moroni ng mga lamina ng Aklat ni Mormon.[22]



*Nairobi, Kenya*

Sa darating na Enero 2021, ang ating tatlong bagong global na mga magasin ng Simbahan—ang *Friend, Para sa Lakas ng Kabataan,* at ang *Liahona*—ay mag-aanyaya sa ating lahat na makiisa at magbahagi ng mga karanasan at patotoo sa ating pandaigdigang komunidad ng pananampalataya.[23]

Mga kapatid, kapag pinalalakas natin ang ating pananampalataya sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, tumatanggap ng mga pagpapalang matatagpuan sa pamumuhay sa mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo at mga sagradong tipan, at pinag-aaralan, pinagninilayan, at ibinabahagi ang tungkol sa patuloy na Pagpapanumbalik, nakikibahagi tayo sa katuparan ng propesiya.

Binabago natin ang ating sarili at ang sanlibutan sa isang huwaran ng ebanghelyo na nagpapala ng mga buhay sa lahat ng dako.

Sinabi ng isang African sister, "Dahil sa paglilingkod sa priesthood ng aking asawa, siya ay naging mas mapagpasenya at mabait. At nagiging mas mabuti akong asawa at ina."

Sinabi ng isa ngayong respetadong international business consultant sa Central America na bago niya natagpuan ang ipinanumbalik na ebanghelyo ng Diyos, lumaki siya sa lansangan nang walang layunin sa buhay. Ngayon ay batid na niya at ng kanyang pamilya ang kanilang identidad, layunin, at kalakasan.

Isang batang lalaki sa South America ang nag-aalaga ng mga manok at nagbebenta ng mga itlog nito upang makatulong sa pagbili ng mga bintana para sa bahay na itinatayo ng kanyang pamilya. Una niyang binabayaran ang kanyang tithing. Makikita niya na literal na magbubukas ang mga bintana ng langit.

Sa Four Corners, sa timog-kanluran ng Estados Unidos, isang pamilyang Native American ang nagpapatubo ng isang magandang rosas na mamumulaklak sa disyerto, na simbolo ng pananampalataya sa ebanghelyo at sariling pagsisikap.

Nakaligtas sa matinding digmaang sibil, isang lalaki sa Southeast Asia ang nawalan ng pag-asa sa buhay. Nakahanap siya ng pag-asa sa isang panaginip kung saan hawak ng isang dating kaeskwela ang sacrament tray at nagpatotoo ito tungkol sa mga nakapagliligtas na ordenansa at sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Inaanyayahan tayo ng Ama sa Langit saanman tayo naroon na damhin ang Kanyang pagmamahal, na matuto at umunlad sa pamamagitan ng edukasyon, marangal na trabaho, paglilingkod na may tiwala sa sariling kakayahan, at mga huwaran ng kabutihan at kaligayahan na natatagpuan natin sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan.

Kapag natuto tayong magtiwala sa Diyos, kung minsan sa pamamagitan ng pagsusumamo sa pinakamadilim, pinakamalungkot, pinakawalang-kasiguruhang sandali, malalaman natin na mas kilala Niya tayo at minamahal tayo nang higit pa sa inaakala natin o higit pa sa pagmamahal natin sa ating sarili.

Ito ang dahilan kung bakit kailangan natin ang tulong ng Diyos para magkaroon ng patuloy na katarungan, pagkakapantay-pantay, patas na pakikitungo, at kapayapaan sa ating mga tahanan at komunidad. Dumarating ang ating pinakatapat, pinakamalalim, pinakatotoong salaysay, lugar, at pagiging kabilang kapag nadarama natin ang mapantubos na pagmamahal ng Diyos, humihingi ng biyaya at mga himala sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Kanyang Anak, at nagtatatag ng mga ugnayang walang hanggan sa pamamagitan ng mga sagradong tipan.

Ang kabutihan at karunungang dulot ng relihiyon ay kinakailangan ngayon sa mundong ito na puno ng kaguluhan, ingay, at polusyon. Paano pa nga ba natin palalakasin, bibigyang-inspirasyon, at pasisiglahin ang espiritu ng tao?[24]

Ang pagtatanim ng mga puno sa Haiti ay isa lamang sa napakaraming halimbawa ng mga taong nagsama-sama sa paggawa ng mabuti. Ang lokal na komunidad, kabilang na ang 1,800 miyembro ng ating Simbahan na nagbigay ng mga puno, ay nagtipon para itanim ang halos 25,000 puno.[25] Ang multi-year reforestation na proyektong ito ay nakapagtanim na ng mahigit 121,000 puno. Inaasahang makapagtatanim pa ito ng libu-libo pang mga puno.

Ang nagkakaisang pagsisikap na ito ay nagbibigay ng lilim, nagpoprotekta sa lupa, at nakakapigil sa mga pagbaha sa hinaharap. Ito ay nagpapaganda ng kapaligiran, nagtatayo ng komunidad, nagbibigay ng pagkain, at nagpapasigla ng kaluluwa. Kung tatanungin ninyo ang mga taga-Haiti kung sino ang aani ng prutas mula sa mga punong ito, sasabihin nila, "Kahit sinong gutom."

Mga 80 porsiyento ng populasyon sa mundo ay kabilang sa mga relihiyon.[26] Kaagad na tumutugon ang mga religious community sa agarang mga pangangailangan kasunod ng mga sakunang dulot ng kalikasan, maging ang patuloy na pangangailangan para sa pagkain, matitirahan, edukasyon, literasiya, at pagsasanay sa trabaho. Sa iba't ibang dako ng mundo, ang ating mga miyembro, mga kaibigan, at Simbahan ay tumutulong sa mga komunidad sa pagsuporta sa mga refugee at naglalaan ng tubig, sanitasyon, tulong sa may kapansanan, at pangangalaga sa mata—isang tao, isang nayon, isang puno sa bawat pagkakataon.[27] Sa lahat ng dako, nagsisikap tayong maging mabubuting

magulang at mabubuting mamamayan, tumutulong sa ating komunidad at lipunan, pati na sa pamamagitan ng Latter-day Saint Charities.[28]

Binibigyan tayo ng Diyos ng moral na kalayaan—at moral na pananagutan. Sabi ng Panginoon, "Ako, ang Panginoong Diyos, ay nagpapalaya sa inyo, samakatwid [kayo] ay malaya nga."[29] Sa pagpapahayag ng "kalayaan sa mga bihag,"[30] ipinangako ng Panginoon na makakalag ng Kanyang Pagbabayad-sala at landas ng ebanghelyo ang temporal at espirituwal na mga gapos.[31] Mabuti na lang at ang mapantubos na kalayaang ito ay ipinaabot sa mga yaong lumisan na sa buhay na ito.

Ilang taon na ang nakararaan, sinabi sa akin ng isang pari sa Central America na pinag-aaralan niya ang "pagbibinyag para sa mga taong pumanaw na" ng mga Banal sa mga Huling Araw. "Tila makatarungan nga," ang sabi ng pari, "na bibigyan ng Diyos ang bawat tao ng pagkakataon na tanggapin ang binyag, kahit kailan sila nabuhay o kahit saan sila nanirahan, maliban sa maliliit na bata, na 'buhay kay Cristo.'[32] Si Apostol Pablo," sabi ng pari, "ay nangusap tungkol sa mga patay na naghihintay ng binyag at pagkabuhay na mag-uli."[33] Ang mga ordenansa sa templo na isinasagawa para sa mga patay ay nangangako sa lahat ng bansa, lahi, at wika na walang sinuman ang kinakailangang manatiling "alipin ng kamatayan, ng libing."[34]

Habang nakikilala natin ang Diyos, ang mga hindi inaasahang sagot kung minsan sa ating mga panalangin ang siyang nag-aalis sa atin sa lansangan, nagdadala sa atin sa komunidad, pumapawi sa kadiliman ng ating mga kaluluwa, at gumagabay sa atin upang mahanap ang espirituwal na kanlungan at pagiging kabilang sa kabutihan ng Kanyang mga tipan at walang hanggang pagmamahal.

Ang mga dakilang bagay ay kadalasang nagsisimula sa maliit, ngunit ang mga himala ng Diyos ay nakikita sa araw-araw. Lubos tayong nagpapasalamat para sa banal na kaloob na Espiritu Santo, para sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at sa inihayag na doktrina, mga ordenansa, at mga tipang matatagpuan sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan, na ipinangalan sa Kanya.

Nawa'y buong galak nating tanggapin ang paanyaya ng Diyos na tanggapin at tumulong na maisakatuparan ang Kanyang mga ipinangako at ipinropesiyang pagpapala sa lahat ng bansa, lahi, at wika, ang dalangin ko, sa sagrado at banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. "Lahat ng nawala sa inyo ay pupunan sa inyo sa pagkabuhay na mag-uli, kung patuloy kayong mananalig" (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 60).
2. Tingnan sa Mosias 2:41.
3. "Ang Pagpapanumbalik ng Kabuuan ng Ebanghelyo ni Jesucristo: Isang Proklamasyon sa Mundo para sa Ika-200 Taong Anibersaryo," ChurchofJesusChrist.org; tingnan din, halimbawa sa, Alma 26:37.
4. Tingnan sa Apocalipsis 14:6; 1 Nephi 19:17; 22:28; 2 Nephi 30:8; Mosias 3:20; 15:28; Alma 37:4–6; 3 Nephi 28:29; Doktrina at mga Tipan 42:58; 133:37.
5. Tingnan sa Juan 3:16–17; 15:12; Roma 8:35, 38–39.
6. Tingnan sa 1 Nephi 22:3, 9; Doktrina at mga Tipan 45:24–25, 69, 71; 64:42.
7. Tingnan sa Efeso 2:19.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 104:14–17.
9. Efeso 2:19.
10. Matatagpuan sa ilang daang metro mula sa likuran ng tahanan ng mga Smith ang isang kakahuyan, na naging ating Sagradong Kakahuyan "sa umaga ng isang maganda, maaliwalas na araw, sa tagsibol ng taong isanlibo walong daan at dalawampu" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:14).
11. Dahil naroroon sa tiyak, at pisikal na lokasyon ng isang kilalang makasaysayang pangyayari, mas madaling maikokonekta ang panahon at lugar. Gayunman, ang ating patotoo sa mga sagradong pangyayaring naganap sa pagpapakita ni Moroni sa batang Propeta na si Joseph ay espirituwal.
12. Joseph Smith—Kasaysayan 1:33–34.
13. Tingnan sa Amos 3:7; Doktrina at mga Tipan 1:38.
14. Tingnan sa Alma 37:6; Doktrina at mga Tipan 64:33.
15. Sa estadistika ng Simbahan noong Setyembre 3, 2020; kabilang sa "mga bansa at teritoryo" ang mga lugar na gaya ng Guam, Puerto Rico, at American Samoa.
16. Ang 23 bansa ay ang United States, Mexico, Brazil, Philippines, Peru, Chile, Argentina, Guatemala, Ecuador, Bolivia, Colombia, Canada, United Kingdom, Honduras, Nigeria, Venezuela, Australia, Dominican Republic, Japan, El Salvador, New Zealand, Uruguay, Nicaragua. Ang Australia at New Zealand ay kabilang sa apat na bansa sa Asia na may mahigit 100,000 miyembro. Ang Paraguay ay may mahigit 96,000 miyembro ng Simbahan at maaaring sumunod na mapabilang sa grupo na may 100,000 miyembro.
17. Russell M. Nelson, "The Book of Mormon: A Miraculous Miracle," (mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 23, 2016).
18. "Ang Patotoo ng Tatlong Saksi" at "Ang Patotoo ng Walong Saksi," Aklat ni Mormon.
19. Ang mga karagdagang wika na nasa proseso ng pagsasalin ay pagpapatuloy ng pangako na bawat lalaki at babae ay "maririnig ang kabuuan ng ebanghelyo sa [kanilang] sariling wika, at . . . salita" (Doktrina at mga Tipan 90:11).
20. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 122:1.
21. Ang mga pamagat ng apat na tomo ng *Mga Banal* ay mula sa pagpapahayag ng inspiradong patotoo ni Propetang Joseph sa Wentworth letter—*Ang Pamantayan ng Katotohanan; Walang Kamay na Di Pinaging Banal; Nang May Kagitingan, Pagkamaharlika, at May Kalayaan;* at *Mapakinggan ng Bawat Tainga.*
22. Tingnan sa *Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw,* tomo 1, *Ang Pamantayan ng Katotohanan, 1815–1846* (2018), 80–81.
23. Tingnan sa First Presidency letter, Ago. 14, 2020.



*Chiba, Japan*

24. Tingnan sa Gerrit W. Gong, “Seven Ways Religious Inputs and Values Contribute to Practical, Principle-Based Policy Approaches” (mensaheng ibinigay sa G20 Interfaith Forum, Hunyo 8, 2019), newsroom.ChurchofJesusChrist.org.
25. Tingnan sa Jason Swensen, “LDS Church Celebrates 30 Years in Haiti by Planting Thousands of Trees,” *Deseret News,* Mayo 1, 2013, deseretnews.com.
26. Tingnan sa Pew Research Center, “The Global Religious Landscape,” Dis. 18, 2012, pewforum.org. Ang “komprehensibong demograpikong pag-aaral [na ito] tungkol sa mahigit 230 bansa at mga teritoryo . . . ay nagsasabing may mga 5.8 bilyong adult at bata ang kabilang sa mga relihiyon sa buong mundo, na kumakatawan sa 84% ng 6.9 bilyong populasyon ng mundo noong taong 2010.”
27. Ang mabubuting asal at mga pinahahalagahan ng relihiyon ay inaangklahan at pinagyayaman ang lipunan; binibigyang-inspirasyon ang komunidad, pakikipag-ugnayan, pagkakaisa, paglilingkod, at pagboboluntaryo; itinataguyod ang katarungan, pagkakasundo, at pagpapatawad, kabilang na ang pagtulong sa atin na malaman kung kailan at paano magpapatuloy at hihinto, malaman kung kailan at ano ang tatandaan at kalilimutan.
28. Dagdag pa sa kanilang mga kontribusyon sa Latter-day Saint Charities (tingnan sa latterdaysaintcharities.org), na nagsisilbing organisasyon ng pagkakawanggawa ng Simbahan, nakikiisa rin ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa kanilang mga kapitbahay at komunidad sa pagbibigay ng oras at tulong sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga proyekto ng JustServe [MaglingkodLamang] o Helping Hands [Mga Kamay na Tumutulong] (tingnan sa justserve.org at ChurchofJesusChrist.org/topics/humanitarian-service/helping-hands) at sa pamamagitan ng donasyon na mga handog-ayuno (tingnan sa “Pag-aayuno at mga Handog-ayuno,” Mga Paksa ng Ebanghelyo, topics.ChurchofJesusChrist.org). Sa bawat pagsisikap na ito naipapaabot ang kagandahang-loob ng mga miyembro ng Simbahan at ng mga kaibigan upang pagpalain ang libu-libong tao sa iba’t ibang dako ng mundo.
29. Doktrina at mga Tipan 98:8.
30. Isaias 61:1; tingnan din sa Juan 8:36; Galacia 5:1; Doktrina at mga Tipan 88:86.
31. Kabilang sa pag-asa sa kalayaan na ito ang mga taong naghahangad na madaig ang mga nakapagpapahinang gawi o adiksyon, mga pag-uugaling nakasisira sa sarili, pagkakasalang nagpasalin-salin na, o anumang kalungkutan.
32. Moroni 8:12; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 137:10.
33. Tingnan sa 1 Corinto 15:29.
34. “Habang Ating Tinatanggap,” *Mga Himno,* blg. 103, talata 3.



Ni Bishop W. Christopher Waddell
*Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric*

# May Pagkain

*Kapag sinisikap nating maging handa sa temporal, makahaharap tayo sa mga pagsubok sa buhay nang may dagdag na tiwala sa sarili.*

Bago nagkaroon ng mga restriksyon sa pagbibiyahe dahil sa kasalukuyang pandemya, ako ay pauwi na mula sa isang gawain sa ibang bansa nang magkaroon ako ng pahinga sa araw ng Linggo bago magbiyahe dahil sa mga problema sa iskedyul. Sa pagitan ng mga flight schedule ko ay nagkaroon ako ng oras na dumalo sa isang lokal na sacrament meeting, kung saan ay nakapagbahagi ako ng isang maikling mensahe. Pagkatapos ng pulong, isang masiglang deacon ang lumapit sa akin at nagtanong kung kilala ko si Pangulong Nelson at kung nagkaroon na ako ng pagkakataon na makamayan siya. Sinagot ko siya na kilala ko nga siya, na nakamayan ko na siya, at bilang miyembro ng Presiding Bishopric, nagkaroon na kami ng pagkakataong makausap si Pangulong Nelson at ang kanyang mga tagapayo nang dalawang beses kada linggo.

Pagkatapos ay umupo ang batang deacon, nagtaas ng kanyang mga kamay, at malakas na nagsabi ng, “Ito ang pinakamagandang araw ng buhay ko!” Mga kapatid, maaaring hindi ako nagtataas ng aking mga kamay at humihiyaw, pero walang hanggan



*Provo, Utah, USA*

ang aking pasasalamat para sa isang buhay na propeta at para sa mga tagubilin na natatanggap natin mula sa mga propeta, tagakita, at tagapaghayag, lalo na sa mga panahong ito ng pagsubok.

Mula pa sa simula ng panahon, ang Panginoon ay nagbibigay ng mga tagubilin para matulungan ang Kanyang mga tao na maghanda sa espirituwal at temporal laban sa mga kalamidad at pagsubok na alam Niyang darating bilang bahagi ng mortal na karanasang ito. Ang mga kalamidad na ito ay maaaring personal o pangkalahatan, ngunit ang patnubay ng Panginoon ay magbibigay ng proteksiyon at suporta hanggang sa ating dinggin at gawin ang Kanyang payo. Isang magandang halimbawa ang ibinigay sa isang salaysay mula sa aklat ng Genesis, kung saan ay nalaman natin ang tungkol kay Jose sa Ehipto at ang kanyang inspiradong interpretasyon ng panaginip ng Faraon.

"Sinabi ni Jose sa Faraon, . . . ipinakita ng Diyos sa Faraon ang malapit na niyang gawin. . . .

"Magkakaroon ng pitong taong kasaganaan sa buong lupain ng Ehipto.

"Pagkatapos ng mga iyon, magkakaroon ng pitong taong taggutom at ang lahat ng kasaganaan sa lupain ng Ehipto ay malilimutan."[1]

Ang Faraon ay nakinig kay Jose, tumugon sa ipinakita sa kanya ng Diyos sa panaginip, at mabilis na naghanda para sa mga pangyayaring darating. Pagkatapos ay itinala sa mga banal na kasulatan:

"Ang lupa ay nagbunga [na]ng sagana sa loob ng pitong taon ng kasaganaan,

"At tinipon niya ang lahat ng pagkain sa loob ng pitong taon. . . .

"Si Jose ay nag-imbak ng napakaraming trigo na gaya ng buhangin sa dagat, hanggang sa huminto siya sa pagtatala nito, sapagkat hindi na ito mabilang."[2]

Nang matapos na ang pitong taon ng kasaganaan, sinabi sa atin na "nang ang pitong taon ng taggutom ay nagpasimulang dumating, ayon sa sinabi ni Jose, nagkagutom sa lahat ng lupain subalit sa buong lupain ng Ehipto ay may pagkain."[3]



*Santo Domingo, Dominican Republic*

Ngayon, tayo ay pinagpala na mapamunuan ng mga propeta na nakauunawa sa pangangailangan natin na maghanda laban sa mga kalamidad na "sasapit"[4] at kumikilala rin sa mga limitasyon o restriksiyon na maaari nating maranasan sa pagsisikap nating sundin ang kanilang mga payo.

Malinaw na nauunawaan natin na ang mga epekto ng COVID-19, gayundin ng mga mapaminsalang natural na kalamidad, ay hindi namimili ng tao at umaabot sa anumang lahi, lipunan, at relihiyon sa bawat kontinente. Ang mga trabaho ay nawala at lumiit ang kita dahil ang mga pagkakataong makapagtrabaho ay naapektuhan ng mga pansamantala o tuluyang pagpapatigil sa trabaho at ang kakayahang magtrabaho ay naapektuhan ng mga problema sa kalusugan at ng mga patakaran ng batas.

Sa lahat ng mga naapektuhan, ipinaaabot namin ang aming pag-unawa at pag-aalala sa inyong sitwasyon, gayundin ang matibay na paniniwalang darating ang mas mabubuting araw. Kayo ay pinagpalang magkaroon ng mga bishop at branch president na humahanap at tumutulong sa mga miyembro ng kanilang kongregasyon na may mga temporal na pangangailangan at may mga tool at resources na makatutulong sa inyo na muling itatag ang inyong buhay at ilagay kayo sa landas patungo sa pagiging self-reliant habang ipinamumuhay ninyo ang mga alituntunin ng kahandaan.

Sa ating paligid ngayon, na may pandemya na puminsala sa buong ekonomiya at sa buhay din ng bawat tao, hindi magiging makatwiran para sa isang mahabaging Tagapagligtas na balewalain ang katotohanan na marami ang naghihirap at hilingin sa kanila na agad na simulan ang pag-iimbak ng pagkain at pag-iimpok ng pera para sa hinaharap. Gayunman, hindi ito nangangahulugan na dapat nating tuluyang isantabi ang mga alituntunin ng paghahanda—sa halip ay dapat ipamuhay ang mga alituntuning ito "sa karunungan at kaayusan,"[5] upang sa hinaharap ay maaari nating masabi ang sinabi ni Jose sa Ehipto, "May pagkain."[6]

Hindi inaasahan ng Panginoon na gumawa tayo nang higit sa ating makakaya, ngunit ang inaasahan Niya ay gawin natin ang kaya natin, kapag kaya na natin itong gawin. Tulad ng ipinaalala sa atin ni Pangulong Nelson sa nakaraang pangkalahatang kumperensya, "Nais ng Panginoon na may pagsisikap."[7]

Madalas na hinihikayat ng mga lider ng Simbahan ang mga Banal sa mga Huling Araw na "paghandaan ang mga kahirapan sa buhay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng panustos na mga pangunahing pagkain at tubig at ipon na pera."[8] Kasabay nito,



*Apia, Samoa*

hinihikayat tayo na "maging matalino" at "huwag magmalabis"[9] sa ating mga pagsisikap na magkaroon ng imbak na pagkain sa tahanan at ipon na pera. Ang isang sangguniang pinamagatang *Personal na Pera para Maging Self-Reliant,* na inilathala noong 2017 at kasalukuyang makukuha sa website ng Simbahan sa 36 na wika, ay nagsisimula sa mensahe ng Unang Panguluhan, na nagsasaad na:

"Ipinahayag ng Panginoon, 'Layunin ko ito na maglaan para sa aking mga banal' [Doktrina at mga Tipan 104:15]. Ang paghahayag na ito ay isang pangako na magbibigay ang Panginoon ng temporal na biyaya at mga oportunidad para maging self-reliant. . . .

". . . Sa pagtanggap at pagsasabuhay ng mga alituntuning ito, higit ninyong makakamtan ang mga temporal na biyayang ipinangako ng Panginoon.

"Inaanyayahan namin kayo na pag-aralang mabuti at isabuhay ang mga alituntuning ito at ituro ang mga ito sa mga miyembro ng inyong pamilya. Kapag ginawa ninyo ito, pagpapalain ang inyong buhay . . . [dahil] kayo ay anak ng ating Ama sa Langit. Mahal Niya kayo at hindi Niya kayo pababayaan. Kilala Niya kayo at handa Siyang ipagkaloob sa inyo ang mga espirituwal at temporal na biyaya ng self-reliance."[10]

Ang sangguniang ito ay may mga kabanatang nakatuon sa pagbabadyet at pamumuhay nang naaayon dito, pagprotekta sa inyong pamilya laban sa kahirapan, pagsasaayos ng mga problemang pinansiyal, pag-iinvest para sa hinaharap, at marami pang iba at makukuha ito ng lahat sa website ng Simbahan o sa pamamagitan ng mga lokal na lider.

Kapag pinag-iisipan natin ang alituntunin ng kahandaan, maaari nating gunitain si Jose sa Ehipto para sa inspirasyon. Hindi sapat na malaman lang ang magaganap para matulungan sila sa mga taon ng "taggutom" kung walang anumang pagsasakripisyo sa panahon ng kasaganaan. Sa halip na ubusin ang lahat ng kayang anihin ng mga tauhan ng Faraon, naglagay ng mga limitasyon, at sinunod ang mga ito, upang sapat na makapaglaan para sa kanilang agarang pangangailangan, gayon din sa mga pangangailangan nila sa hinaharap. Hindi sapat na malaman lang na darating ang mahihirap na panahon. Kailangan nilang kumilos, at dahil sa kanilang pagsisikap, "may pagkain."[11]

Humahantong ito sa isang mahalagang tanong: "Kung gayon, ano ang aral dito?" Makabubuting magsimula sa pag-unawa na ang lahat ng bagay ay espirituwal sa Panginoon, "at hindi kailanman" Siya nagbigay sa atin ng "batas . . . na temporal."[12] Ang lahat, kung gayon, ay nakatuon kay Jesucristo bilang pundasyon na dapat nating sandigan maging pagdating sa ating temporal na kahandaan.

Ang ibig sabihin ng pagiging handa sa temporal at pagiging self-reliant ay ang "paniniwala na sa pamamagitan ng biyaya, o nagbibigay-kakayahang kapangyarihan, ni Jesucristo at ng ating sariling pagsisikap, kaya nating makamit ang lahat ng espirituwal at temporal na pangangailangan ng buhay na kailangan natin sa ating sarili at sa ating pamilya."[13]

Ang iba pang aspeto ng espirituwal na pundasyon para sa temporal na kahandaan ay kinabibilangan ng pagkilos "sa karunungan at kaayusan,"[14] na ang ibig sabihin ay unti-unting pag-iimbak ng pagkain at unti-unting pag-iimpok ng pera, at pagsasagawa rin ng "maliliit at mga karaniwang" paraan,[15] na pagpapakita ng pananampalataya na palalawigin ng Panginoon ang ating maliliit ngunit tuluy-tuloy na mga pagsisikap.

Kapag naitatag na ang espirituwal na pundasyon, matagumpay na nating magagamit ang dalawang mahalagang elemento ng temporal na kahandaan—ang pagsasaayos ng pananalapi at ang pag-iimbak sa tahanan.

Ang mahahalagang alituntunin para maisaayos ang inyong pananalapi ay kinabibilangan ng pagbabayad ng ikapu at mga handog, pagbabayad at pag-iwas sa utang, paghahanda ng badyet at paggastos nang naaayon dito, at pag-iimpok para sa hinaharap.

Ang mga pangunahing alituntunin sa pag-iimbak sa tahanan ay kinabibilangan ng pag-iimbak ng pagkain, pag-iimbak ng tubig, at ng iba pang mga pangangailangan batay sa mga pangangailangan ng indibiduwal at pamilya dahil "ang pinakamahusay na imbakan"[16] ay ang tahanan, na "pinakamadaling kuhaan ng mga inimbak sa panahon ng pangangailangan."[17]

Kapag ipinamuhay natin ang mga espirituwal na alituntunin at humingi ng inspirasyon mula sa Panginoon, tayo ay gagabayan na malaman kung ano ang kalooban ng Panginoon sa atin, bilang indibiduwal at mga pamilya, at kung paano pinakamainam na



*Chiba, Japan*

maisasabuhay ang mahahalagang alituntunin ng temporal na kahandaan. Ang pinakamahalagang hakbang sa lahat ay ang magsimula.

Itinuro ni Elder David A. Bednar ang alituntuning ito nang sabihin niya: "Ang pagkilos ay pagpapakita ng pananampalataya. . . . Ang tunay na pananampalataya ay nakatuon sa Panginoong Jesucristo at palaging humahantong sa pagkilos at paggawa."[18]

Mga kapatid, sa mundong patuloy na nagbabago, kailangan nating maghanda para sa mga hindi inaasahan. Kahit na mas magiging maayos ang susunod na mga araw, alam natin na ang mabubuti at mahihirap na panahon sa ating mortalidad ay magpapatuloy. Kapag sinisikap nating maging handa sa temporal, makahaharap tayo sa mga pagsubok sa buhay nang may dagdag na tiwala sa sarili, kapayapaan sa ating puso, at tulad ni Jose sa Ehipto, masasabi natin, kahit sa mahihirap na mga kalagayan, "May pagkain."[19] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Genesis 41:25–30.
2. Genesis 41:47–49.
3. Genesis 41:54.
4. Doktrina at mga Tipan 1:17.
5. Mosias 4:27.
6. Genesis 41:54.
7. Russell M. Nelson, sa Joy D. Jones, "Isang Natatanging Dakilang Tungkulin," *Liahona,* Mayo 2020, 16.
8. *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay: Pag-iimbak ng Pagkain ng Pamilya sa Tahanan* (polyeto, 2007), 1.
9. *Ihanda ang Bawat Kinakailangang Bagay,* 1.
10. "Mensahe Mula sa Unang Panguluhan," *Personal na Pera para Maging Self-Reliant* (2017), sa loob ng pabalat sa harap.
11. Genesis 41:54.
12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:34–35.
13. *Personal na Pera para Maging Self-Reliant,* 4.
14. Mosias 4:27.
15. Alma 37:6.
16. Gordon B. Hinckley, "Kung Kayo ay Handa Kayo ay Hindi Matatakot," *Liahona,* Nob. 2005, 62.
17. "Emergency Preparedness," Gospel Topics, topics.ChurchofJesusChrist.org.
18. David A. Bednar, "Exercise Faith in Christ" (video), ChurchofJesusChrist.org/media.
19. Genesis 41:54.



Ni Elder Matthew S. Holland
*Ng Pitumpu*

# Ang Walang Katulad na Kaloob ng Anak

*Sa pamamagitan ni Jesucristo, makaliligtas tayo sa mga kapighatiang marapat lamang nating maranasan dahil sa ating mga pagkakasala at makakayanan ang mga pagdurusang dulot ng ating mga kasawian sa buhay na ito.*

Habang nagbabasa ako ng Aklat ni Mormon para sa isang lesson sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* noong nakaraang tag-init, namangha ako sa sinabi ni Alma na noong ganap na niyang napagtanto ang kanyang mga kasalanan, na "walang ano mang bagay ang *kasinghapdi* at *kasingpait* ng [kanyang] mga pasakit."[1] Inaamin ko, nakuha ang atensyon ko ng pangungusap na iyon tungkol sa walang kasinghapding pasakit dahil na rin sa pakikibaka ko noong linggong iyon dahil sa pitong-milimetrong kidney stone. Kailanman ay wala pang taong nakaranas ng gayong



*Temecula, California, USA*



*Bengaluru, India*

"[napakasakit at napakahirap na] bagay" kapag isang "maliit at karaniwang" bagay ang "naisakatuparan."[2]

Natuon din ang pansin ko sa sinabi ni Alma dahil ang salitang *walang [katulad]* sa wikang Ingles na salin ng Aklat ni Mormon, ay kadalasang naglalarawan sa mga bagay na pambihira ang ganda o hindi mapapantayan ang kadakilaan. Halimbawa, natatandaan ni Joseph Smith na nakasuot ang anghel na si Moroni ng bata na "napakatingkad ang kaputian," "kaputiang higit kaysa anumang bagay sa lupa" na nakita na [niya]."[3] Gayunman, ang salitang *walang [katulad]* ay mangangahulugan din ng kasukdulan para sa nakakikilabot na mga bagay. Kaya nga iniugnay ni Alma at ng mga kilalang diksyunaryo ang *walang kasinghapding pasakit* sa "pagdurusa," "giniyagis," at "pagpapahirap" sa "pinakasukdulang antas."[4]

Ang paglalarawan ni Alma ay sumasalamin sa malinaw na realidad na sa ilang pagkakataon, kinakailangang maramdaman ang lubos, at napakasidhing pag-uusig ng budhi sa bawat kasalanang nagagawa natin. Hinihingi ito ng katarungan, at hindi ito mababago ng Diyos mismo.[5] Nang maalala ni Alma ang "lahat" ng kanyang mga kasalanan—lalo na ang mga yaong sumira sa pananampalataya ng iba—halos hindi niya nakayanan ang sakit na nadama, at ang ideyang tumayo sa harapan ng Diyos ay pinuspos siya ng "hindi maipaliwanag na masidhing takot." Ninais niyang "mawasak kapwa kaluluwa at katawan."[6]

Gayunman, sinabi ni Alma na nagsimulang magbago ang lahat noong sandaling "naapuhap ng kanyang isipan" ang propesiya tungkol sa "pagparito ng isang Jesucristo . . . na magbabayad-sala para sa mga kasalanan ng sanlibutan" at siya ay "nagsumamo sa [kanyang] puso: O Jesus, ikaw na Anak ng Diyos, kaawaan ako." Dahil sa isang kaisipan at sa isang pagsusumamong iyon, napuspos si Alma ng "walang kapantay" na kagalakan "na kasingsidhi ng [kanyang] pasakit."[7]

Hindi natin dapat kalimutan kailanman na ang pinakalayunin ng pagsisisi ay pawiin ang tunay na kalungkutan at palitan ito ng wagas na kaligayahan. Salamat sa Kanyang "kagyat na kabutihan,"[8] sa *sandaling* lumapit tayo kay Cristo—ipinapakita ang pananampalataya sa Kanya at tunay na pagbabago ng kalooban—ang nakadudurog na bigat ng ating mga kasalanan ay nagsisimulang alisin sa atin at ilipat sa Kanya. Nagaganap lamang ito dahil pinagdusahan Niya na walang kasalanan ang "walanghanggan at hindi mailarawang pagdurusa"[9] ng bawat hibla ng kasalanan sa sandaigdigan ng Kanyang mga nilikha, para sa lahat ng Kanyang mga nilalang—isang pagdurusa na napakasidhi, kaya lumabas ang dugo sa bawat butas ng Kanyang balat. Mula sa sariling karanasan, binabalaan nga tayo ng Tagapagligtas, sa makabagong mga banal na kasulatan, na wala tayong ideya kung gaano "kasidhi" ang magiging "mga pagdurusa" natin kung hindi tayo magsisisi. Ngunit sa di-maarok na kabutihan, nilinaw Niya na "Ako, ang Diyos, ay pinagdusahan ang mga bagay na ito para sa lahat, upang hindi sila magdusa kung sila ay magsisisi"[10]—isang pagsisisi na magpapahintulot sa ating "makatikim" ng "labis na kagalakan" na natikman ni Alma.[11] Sa doktrinang ito pa lamang, "Ako ay namangha [na]."[12] Gayunman, ang nakamamangha pa, ay marami pang iniaalok si Cristo.

Kung minsan ang walang kasinghapding pasakit ay hindi nagmumula sa kasalanan kundi mula sa hindi sinadyang mga pagkakamali, mula sa mga ginawa ng iba, o sa mga bagay na hindi natin kayang kontrolin. Sa mga sandaling ganito, maaari tayong mapabulalas na gaya ng matwid na Mang-aawit:

"Ang aking puso ay nagdaramdam sa loob ko: ang mga kilabot ng kamatayan ay bumagsak sa akin.

". . . At nadaig ako ng pagkatakot.

". . . O kung ako sana'y nagkaroon ng mga pakpak na gaya ng kalapati! lilipad ako at magpapahinga."[13]

Makatutulong ang siyensya ng medisina, pagpapayo ng isang propesyonal, o legal na pagtutuwid upang mabawasan ang ganitong mga pagdurusa. Ngunit tandaan, lahat ng mabubuting kaloob—kabilang ang mga ito—ay nagmumula sa Tagapagligtas.[14] Anuman ang sanhi ng ating pinakamatitinding pasakit at kapighatian, iisa lang ang pinakamapagkukunan ng katiwasayan: si Jesucristo. Siya lamang ang may taglay ng lahat ng kapangyarihan at nagpapagaling na balsamo na makapagtutuwid sa bawat pagkakasala, makapagtatama sa bawat pagkakamali, makapagpapabago sa bawat kahinaan, makapagpapagaling sa bawat sugat, at makapagbibigay ng bawat pagpapalang naantala. Tulad ng mga sinaunang saksi, nagpapatotoo ako na "[tayo'y walang] isang pinakapunong pari na marunong makiramay sa ating mga kahinaan"[15] ngunit mayroon tayong isang mapagmahal na Manunubos na bumaba mula sa Kanyang trono sa kaitaasan at humayo na "[nagdaranas] ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso . . .,

upang malaman niya . . . kung paano tutulungan ang kanyang mga tao."[16]

Sa sinumang dumaranas ngayon ng napakatindi o kakaibang pasakit na sa pakiramdam ninyo ay walang lubos na makauunawa sa mga iyon, maaaring tama kayo riyan. Maaaring walang kapamilya, kaibigan, o priesthood leader—gaano man kasensitibo at kabuti ang bawat isa—ang eksaktong nakaaalam ng inyong nararamdaman o nasasabi ang mismong mga salita na makatutulong sa inyong paggaling. Ngunit dapat ninyong malaman ito: may Isang [Nilalang na] lubos na nakauunawa sa inyong pinagdaraanan, na "higit na makapangyarihan kaysa lahat ng sangkatauhan,"[17] at "makagagawa ng higit na sagana kaysa lahat ng [inyong] hinihingi o iniisip."[18] Ang proseso ay mangyayari ayon sa Kanyang paraan at sa Kanyang panahon, gayunman *laging* nakahanda si Cristo na pagalingin ang bawat kaliit-liitan at aspeto ng inyong pagdurusa.

Kapag tinulutan ninyong gawin Niya ito, malalaman ninyo na ang inyong pagdurusa ay may kabuluhan. Sa pagbanggit sa marami sa mga pinakadakilang bayani sa Biblia at sa kanilang mga pagdadalamhati, sinabi ni Apostol Pablo na "naghanda ang Diyos ng lalong mabuting bagay para sa [kanila sa pamamagitan ng kanilang mga pagdurusa], [sapagkat kung walang pagdurusa hindi sila magagawang] sakdal."[19] Alam ninyo, ang tunay na katangian ng Diyos at layunin ng buhay natin sa mundo ay kaligayahan,[20] ngunit hindi tayo magiging mga perpektong nilalang na dakila ang kagalakan nang walang mga karanasang susubok sa atin, kung minsan sa buong pagkatao natin. Sinabi ni Pablo na maging ang mismong Tagapagligtas ay ginawang "sakdal [o ganap]," magpakailanman, "sa pamamagitan ng mga pagdurusa."[21] Kaya maging maingat laban sa ibinubulong ni satanas na kung ikaw ay mas mabuting tao, makaiiwas ka sa mga gayong pagsubok.

Kailangan din ninyong paglabanan ang kaugnay nitong kasinungalingan na ang mga pagdurusa ninyo ay nagpapahiwatig na hindi kayo kabilang sa mga pinili ng Diyos, na mga taong tila nakakaranas lamang ng mga pagpapala. Sa halip, tingnan ninyo ang sarili kung paano kayo nakita ni Juan na Tagapaghayag sa kanyang dakilang paghahayag tungkol sa mga huling araw. Sapagkat nakita ni Juan "ang napakaraming tao na di-mabilang ng sinuman, mula sa bawat bansa, at sa lahat ng mga lipi, mga bayan, at mga wika, na nakatayo sa harapan ng trono, at sa harapan ng Kordero, na nakasuot ng mapuputing damit, . . . [na] nagsisigawan nang may malakas na tinig, na nagsasabi, ang Pagliligtas ay sa aming Diyos."[22]

Nang magtanong, "Ang mga ito na may suot ng mapuputing damit, sino ba sila at saan sila nanggaling?" Natanggap ni Juan ang sagot: "Ang mga ito ang nanggaling sa *malaking kapighatian,* at naghugas ng kanilang mga damit, at pinaputi ang mga ito sa dugo ng Kordero."[23]

Mga kapatid, ang pagdurusa sa pagkamatwid ay nakatutulong sa inyo na maging karapat-dapat, sa halip na gawin kayong naiiba, sa mga hinirang ng Diyos. At ang mga pangako sa kanila ay magiging mga pangako sa inyo. Gaya ng ipinahayag ni Juan, kayo ay "hindi na magugutom pa, ni mauuhaw man; ni hindi na [kayo] tatamaan ng araw, o ng anumang nakakapasong init. Sapagkat ang Kordero na nasa gitna ng trono ay siyang magiging pastol [ninyo], at [kayo'y] papatnubayan patungo sa mga bukal ng tubig ng buhay: at papahirin ng Diyos ang bawat luha sa [inyong] mga mata."[24]

"At hindi na magkakaroon ng kamatayan, hindi na rin magkakaroon pa ng pagdadalamhati, o ng pagtangis man, o ng kirot man."[25]

Pinatototohanan ko sa inyo na sa pamamagitan ng kamangha-manghang kabutihan ni Jesucristo at ng Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala, makaliligtas tayo sa mga kapighatiang marapat lamang nating maranasan dahil sa ating mga pagkakasala at makakayanan ang mga pagdurusang dulot ng ating mga kasawian sa buhay na ito. Sa ilalim ng Kanyang pamamahala, ang inyong banal na tadhana ay magiging isang hindi mapapantayang kadakilaan at hindi mailalarawang kagalakan—isang kagalakang napakatindi at kakaiba sa inyo, na ang kani-kanya ninyong mga "abo" ay magiging kagandahang "higit kaysa anumang bagay sa lupa."[26] Upang inyong matikman ang kaligayahang ito ngayon at mapuspos nito magpakailanman, inaanyayahan ko kayong gawin ang ginawa ni Alma: patuloy na panatilihin sa inyong isipan ang *walang katulad* na kaloob ng Anak ng Diyos na inihayag sa pamamagitan ng Kanyang ebanghelyo, sa Kanyang totoo at buhay na Simbahang ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Alma 36:21; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Alma 37:6.
3. Joseph Smith—Kasaysayan 1:31.
4. Halimbawa, paghambingin ang magkaparehong salita na ginamit sa Alma 36:11–17 at sa entry na *exquisite* sa *Oxford American Writer's Thesaurus*—isa sa ilang lathain na maaaring i-load sa "Dictionary" section ng general setting sa ilang device at sa gayon ay naka-link para sa madaling paghahanap nito sa Gospel Library app. Salamat kay Rachel Sanford sa paalalang ito.
5. Tingnan sa Alma 42:13.
6. Tingnan sa Alma 36:13–15.
7. Tingnan sa Alma 36:17–21.
8. Mosias 25:10.
9. Tingnan sa Orson F. Whitney, *Baptism, the Birth of Water and of the Spirit* (1934), 5.
10. Doktrina at mga Tipan 19:15–16.
11. Tingnan sa Alma 36:24–26.
12. "Ako ay Namangha," *Mga Himno,* blg. 115
13. Mga Awit 55:4–6.
14. Tingnan sa Moroni 7:24.
15. Mga Hebreo 4:15.
16. Alma 7:11–12.
17. 1 Nephi 4:1.
18. Efeso 3:20.
19. Joseph Smith Translation, Hebrews 11:40 (sa Hebrews 11:40, footnote *a*).
20. Tingnan sa 2 Nephi 2:25; Alma 41:11.
21. Mga Hebreo 2:10; tingnan din sa Mga Hebreo 5:8; Russell M. Nelson, "Perfection Pending," *Ensign,* Nob. 1995, 86–88.
22. Apocalipsis 7:9–10.
23. Apocalipsis 7:13–14; idinagdag ang pagbibigay-diin.
24. Apocalipsis 7:16–17.
25. Apocalipsis 21:4.
26. Tingnan sa Isaias 61:3; Joseph Smith—Kasaysayan 1:31



Ni Elder William K. Jackson
*Ng Pitumpu*

# Ang Kultura ni Cristo

*Mapahahalagahan natin ang kani-kanya nating kultura sa mundo at ganap pa ring makababahagi sa walang hanggang kultura na nagmumula sa ebanghelyo ni Jesucristo.*

Lubos na kamangha-mangha ang daigdig na tinitirhan nating lahat, na tahanan ng iba't ibang uri ng mga tao, wika, kaugalian, at kasaysayan—nagkalat sa mahigit isandaang bansa at libu-libong grupo, bawat isa ay mayaman sa kultura. Napakaraming maipagmamalaki at maipagbubunyi ang sangkatauhan. Bagama't ito ay pag-uugaling natutuhan natin—yaong mga bagay na nalantad sa atin sa mga kulturang kinalakihan natin—ay maaaring magsilbing malaking kalakasan sa ating buhay, ito rin, kung minsan, ay maaaring maging malaking hadlang.

Tila ang kultura ay malalim nang nakakintal sa ating pag-iisip at pag-uugali kaya imposible na itong mabago. Kung sabagay, halos lahat ng nadarama natin ang naglalarawan sa atin at nagbibigay sa atin ng pagkakakilanlan. Maaaring napakalakas ng impluwensya nito kaya hindi natin nakikita ang mga kahinaan o pagkakamaling gawa ng tao sa ating sariling mga kultura, at bunga nito ay atubili tayong alisin ang ilan sa mga tradisyon ng ating mga ninuno. Ang labis na pagtuon sa sariling kultura ay maaaring maging dahilan ng pagtanggi sa makabuluhan—maaaring makadiyos pa—na mga ideya, katangian, at pag-uugali.



*Nairobi, Kenya*

May nakilala akong kahanga-hangang ginoo, ilang taon pa lang ang nakalilipas, na makatutulong na mailarawan ang pangkalahatang alituntuning ito ng maling pagkaunawa tungkol sa kultura. Una ko siyang nakilala sa Singapore nang ma-assign akong home teacher ng kanyang pamilya. Isang kilalang propesor ng Sanskrit at Tamil, nagmula siya sa katimugan ng India. Ang kanyang butihing maybahay at dalawang anak na lalaki ay mga miyembro ng Simbahan, ngunit hindi siya kailanman sumapi at hindi gaanong nakinig sa mga turo ng ebanghelyo. Masaya siya sa nakikitang magagandang nangyayari sa kanyang asawa at mga anak at sinusuportahan sila nang lubos sa kanilang mga gawain at responsibilidad sa Simbahan.

Nang imungkahi kong ituro sa kanya ang mga alituntunin ng ebanghelyo at ibahagi sa kanya ang mga paniniwala natin, tumanggi siya noong una. Matagal bago ko naisip ang dahilan kung bakit: pakiramdam niya kapag nagpaturo siya ay magiging taksil siya sa kanyang nakaraan, sa kanyang mga tao, at sa kanyang kasaysayan! Sa kanyang pananaw, itatatwa niya ang lahat ng tungkol sa kanyang naging pagkatao, lahat ng itinuro ng kanyang pamilya na maging kahinatnan niya, ang kanyang pinakapamana bilang Indiyano. Sa mga sumunod na ilang buwan, nagawa naming mapag-usapan ang mga bagay na ito. Namangha ako (bagama't hindi nagulat!) kung paano nagawa ng ebanghelyo ni Jesucristo na mabago ang kanyang pananaw.

Karamihan sa mga kulturang gawa ng tao ay kakikitaan ng kapwa mabuti at masama, nakapagpapabuti at nakakapanira.

Marami sa mga problema ng mundo ay resulta mismo ng pagtatalu-talo

ng mga taong magkakaiba ang mga ideya at kaugalian na nagmumula sa kanilang kultura. Ngunit sa katunayan *lahat* ng hidwaan at kaguluhan ay madaling mawawala kung tatanggapin lamang ng mundo ang orihinal na kultura nito, ang kultura na angkin nating lahat ilang panahon pa lamang ang nakalilipas. Ang kulturang ito ay nagsimula sa buhay bago tayo isinilang. Ito ang kultura nina Adan at Enoc. Ito ang kulturang nakasalig sa mga turo ng Tagapagligtas sa kalagitnaan ng panahon, at ito ay maaangking muli ng lahat ng kababaihan at kalalakihan sa ating panahon. Ito'y kakaiba. Ito ang pinakadakila sa lahat ng kultura at nagmumula sa dakilang plano ng kaligayahan, ginawa ng Diyos at sinuportahan ni Cristo. Ito'y nagbubuklod sa halip na naghihiwalay. Ito'y nagpapagaling sa halip na namiminsala.

Itinuturo sa atin ng ebanghelyo ni Jesucristo na may layunin sa buhay. Narito tayo sa mundo hindi dahil sa isang aksidente o pagkakamali sa kalawakan! May dahilan kaya tayo narito.

Ang kulturang ito ay matibay na nakasalig sa patotoo na mayroon tayong Ama sa Langit, na Siya ay tunay at nagmamahal sa bawat isa sa atin. Tayo ang Kanyang "gawain at [Kanyang] kaluwalhatian."[1] Sinusuportahan nito ang konsepto ng pagkakapantay-pantay ng



*Villa Alemana, Greater Valparaíso, Chile*

kahalagahan. Wala itong kinikilalang mga pangkat o uri ng tao. Tayong lahat, sa katunayan, ay magkakapatid, mga espiritung anak ng ating mga magulang sa langit—nang literal. Walang masamang palagay o "tayo laban sa kanila" na mentalidad sa "pinakadakila sa lahat ng kultura." Tayong lahat ay "tayo." Tayong lahat ay "sila." Naniniwala tayo na responsibilidad at pananagutan natin ang ating sarili, ang isa't isa, ang Simbahan, at ang ating mundo. Ang responsibilidad at pananagutan ay mahalagang bahagi sa ating pag-unlad.

Ang pag-ibig sa kapwa-tao, tunay na pagmamalasakit na tulad ng kay Cristo, ang pundasyon ng kulturang ito. Nakadarama tayo ng tunay na malasakit para sa ating kapwa, sa temporal at espirituwal, at kumikilos ayon sa mga damdaming iyon. Inaalis nito ang masamang palagay at poot sa iba.

Tinatamasa natin ang kultura ng paghahayag, na nakasentro sa salita ng Diyos ayon sa natanggap ng mga propeta (at personal na pinagtitibay sa bawat isa sa atin sa pamamagitan ng Espiritu Santo). Maaaring malaman ng buong sangkatauhan ang isipan at kalooban ng Diyos.

Sinusuportahan ng kulturang ito ang alituntunin ng pagpili. Ang kakayahang pumili ay napakahalaga para sa ating pag-unlad at kaligayahan. Ang matalinong pagpili ay lubhang kailangan.

Ito ay isang kultura ng pagkatuto at pag-aaral. Naghahangad tayo ng kaalaman at karunungan at ng pinakamainam sa lahat ng bagay.

Ito ay isang kultura ng pananampalataya at pagsunod. Ang pananampalataya kay Jesucristo ay ang unang alituntunin ng ating kultura, at ang pagsunod sa Kanyang mga turo at mga utos ang nagiging resulta nito. Nagdudulot ang mga ito ng disiplina sa sarili.

Ito ay kultura ng panalangin. Naniniwala tayo na hindi lamang tayo pakikinggan ng Diyos kundi tutulungan din tayo.

Ito ay kultura ng mga tipan at ordenansa, mataas na mga pamantayan ng



*Osaka, Japan*

moralidad, sakripisyo, pagpapatawad at pagsisisi, at pag-aalaga sa templo ng ating mga katawan. Lahat ng ito ay nagpapatunay ng ating katapatan sa Diyos.

Ito ay kulturang pinamamahalaan ng priesthood, ang awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos, ang kapangyarihan ng Diyos na pagpalain ang Kanyang mga anak. Ito ay nagbibigay ng inspirasyon at kakayahan sa mga indibiduwal na maging mas mabubuting tao, lider, ina, ama, at kompanyon—at pinababanal nito ang tahanan.

Ang tunay na mga himala ay nananagana rito, ang pinakamatanda sa lahat ng kultura, na pinanday ng pananampalataya kay Jesucristo, ng kapangyarihan ng priesthood, panalangin, pagpapabuti ng sarili, tunay na pagbabalik-loob, at pagpapatawad.

Ito ay kultura ng gawaing misyonero. Ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila.

Sa kultura ni Cristo, ang kababaihan ay iniaangat sa kanilang nararapat at pangwalang-hanggang katayuan. Hindi sila sunud-sunuran sa kalalakihan, tulad ng maraming kultura sa



*Peñablanca, Valparaíso, Chile*

mundo ngayon, kundi ganap at pantay na katuwang sa buhay na ito at sa daigdig na darating.

Ang kulturang ito ay pinagtitibay ang kabanalan ng pamilya. Ang pamilya ang pangunahing yunit ng kawalang-hanggan. Ang pagiging perpekto ng pamilya ay sulit sa anumang sakripisyo dahil, ayon sa itinuro, "walang ibang tagumpay na makakatumbas sa kabiguan sa tahanan."[2] Ang tahanan ay lugar kung saan nagagawa ang pinakamahusay nating gawain at kung saan natatamo ang ating pinakadakilang kaligayahan.

Sa kultura ni Cristo, ay may perspektibo—at pokus at direksyon na pangwalang-hanggan. Ang kulturang ito ay kinapapalooban ng mga bagay na walang katapusan ang kahalagahan! Nagmumula ito sa ebanghelyo ni Jesucristo, na walang hanggan, at ipinapaliwanag ang bakit, ano at saan ng ating buhay. (Ito ay para sa lahat, hindi ekslusibo sa iilan.) Dahil ang kulturang ito ay resulta ng pagsasabuhay natin ng mga turo ng Tagapagligtas, nakatutulong ito na maglaan ng nakagagaling na balsamo na lubhang kailangan ng ating daigdig.

Napakalaking pagpapala na maging bahagi ng dakila at marangal na pamumuhay na ito! Upang maging bahagi nito, ang pinakadakila sa lahat ng kultura, kakailanganin ng pagbabago. Itinuro ng mga propeta na kinakailangang iwan ang anumang bagay sa ating mga lumang kultura na hindi naaayon sa kultura ni Cristo. Ngunit hindi ibig sabihin niyan ay iiwan na natin ang *lahat-lahat*. Binigyang-diin din ng mga propeta na lahat tayo, bawat isa sa atin, ay inaanyayahan na dalhin ang ating pananampalataya at mga talento at kaalaman—lahat ng mabuti sa ating buhay at kani-kanyang kultura—*sa* atin, at hayaan ang Simbahan na "magdagdag dito" sa pamamagitan ng mensahe ng ebanghelyo.[3]

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay hindi lipunan ng Kanluran o kultural na penomena ng Amerika. Ito ay pandaigdigang simbahan, na ginawang gayon noon pa man. Higit pa riyan, ito ay makalangit. Ang mga miyembro mula sa iba't ibang panig ng mundo ay nagdadala ng magagandang katangian, pagkakaiba-iba, at kasiyahan sa ating patuloy na lumalaking pamilya. Ipinagbubunyi at ikinararangal pa rin ng mga Banal sa mga Huling Araw ang kanilang sariling mga pamana at mga bayani, ngunit ngayon ay bahagi na rin sila ng isang bagay na mas dakila. Ang kultura ni Cristo ay nakatutulong sa atin na makita ang ating sarili sa kung sino talaga tayo, at kapag tiningnan ito sa pananaw na pangwalang-hanggan, na nilakipan ng kabutihan, paiigtingin nito ang kakayahan nating maisakatuparan ang dakilang plano ng kaligayahan.

Kaya ano ang nangyari sa aking kaibigan? Tinuruan siya ng mga lesson at sumapi sa Simbahan. Ang kanyang pamilya ay ibinuklod para sa panahong ito at sa kawalang-hanggan sa Sydney Temple. Inalis niya ang kaunti—at nagkaroon siya ng potensyal na matamo ang lahat-lahat. Natuklasan niya na maaari pa rin niyang ipagbunyi ang kanyang kasaysayan, ipagmalaki ang kanyang lipi, kanyang musika at sayaw at literatura, kanyang pagkain, kanyang bayan at ang mga tao nito. Nalaman niya na maaaring isama ang pinakamainam sa kanyang lokal na kultura sa pinakadakila sa lahat ng kultura. Natuklasan niya na ang pagdadala ng mga bagay na nakaayon sa katotohanan at kabutihan mula sa kanyang dating buhay tungo sa kanyang bagong buhay ay magpapaganda lamang lalo ng kanyang pakikipagkaibigan sa mga Banal at makatutulong na pagkaisahin ang lahat bilang isa sa lipunan ng kalangitan.

Tunay ngang mapahahalagahan natin ang pinakamainam sa kani-kanya nating kultura sa mundo at ganap pa ring makababahagi sa pinakamatandang kultura sa lahat ng ito—ang orihinal, ang pinakapangunahin, ang walang hanggang kultura na nagmumula sa ebanghelyo ni Jesucristo. Lubos na kagila-gilalas ang pamanang angkin nating lahat. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Moises 1:39.
2. J. E. McCulloch, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* (204), 176.
3. Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (2011), xxviii; Gordon B. Hinckley, "Ang Kagila-gilalas na Pundasyon ng Ating Pananampalataya," *Liahona,* Nob. 2002, 78–81.



Ni Elder Dieter F. Uchtdorf
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Ang Diyos ay Gagawa ng Isang Bagay na Hindi Mailalarawan sa Isip

*Inihanda ng Diyos ang Kanyang mga anak at ang Kanyang Simbahan para sa panahong ito.*

Hindi nagtagal mula nang dumating sila sa Salt Lake Valley, sinimulan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pagtatayo ng kanilang banal na templo. Nadama nila na natagpuan na rin nila sa wakas ang lugar na masasamba nila ang Diyos nang payapa at walang pag-uusig.

Gayunman, nang halos matatapos na ang pundasyon ng templo, isang hukbo ng mga kawal ng Estados Unidos ang dumating para sapilitang magtalaga ng bagong gobernador.

Dahi hindi alam ng mga lider ng Simbahan kung gaano kalupit ang hukbo, iniutos ni Brigham Young sa mga Banal na lumikas at tabunan ang pundasyon ng templo.

Sigurado ako na may ilang miyembro ng Simbahan na nagtataka kung bakit lagi na lang nahahadlangan ang kanilang mga pagsisikap na maitayo ang kaharian ng Diyos.

Kalaunan, nawala na ang panganib, at ang mga pundasyon ng templo ay muling hinukay at siniyasat. Doon ay natuklasan ng mga tagapagtayong pioneer na ilan sa mga orihinal na mga sandstone ang nabitak at hindi na maaaring gamitin bilang pundasyon.

Dahil dito, pinaayos sa kanila ni Brigham ang pundasyon para sapat na masuportahan nito ang mga pader na granito[1] ng maringal na Salt Lake Temple.[2] Sa wakas, maaari nang awitin ng mga Banal ang himnong "Saligang Kaytibay"[3] at alam nila na ang kanilang banal na templo ay itinayo sa matibay na pundasyon na magtatagal nang maraming henerasyon.

Maituturo sa atin ng kuwentong ito kung paano ginagamit ng Diyos ang paghihirap upang isakatuparan ang Kanyang mga layunin.

## Isang Pandaigdigang Pandemya

Kung tila pamilyar ito sa mga sitwasyong nararanasan natin ngayon, iyon ay dahil nangyayari nga ito.

Palagay ko walang sinuman na nakakarinig sa aking tinig o nakakabasa ng aking mga salita ang hindi apektado ng pandaigdigang pandemya.

Sa lahat ng nagdadalamhati sa pagpanaw ng kapamilya at mga kaibigan, nakikiramay kami sa inyo. Nagsusumamo kami sa Ama sa Langit na kayo ay panatagin at aluin.

Ang matagalang epekto ng virus na ito ay hindi lamang nakapipinsala sa pisikal na kalusugan. Maraming pamilya ang nawalan ng pagkakakitaan at nangangamba sa pagkagutom, kawalang-katiyakan, at nababagabag. Hinahangaan namin ang pagsisikap ng napakaraming tao na hindi iniisip ang sarili para mapigilan ang paglaganap ng sakit na ito. Napakumbaba tayo sa tahimik na sakriprisyo at dakilang ginagawa ng mga taong isinasapalaran ang sariling kaligtasan upang tulungan, gamutin, at suportahan ang mga taong nangangailangan. Ang



*Lo Narváez, Valparaíso, Chile*

aming mga puso ay puno ng pasasalamat sa inyong kabutihan at habag.

Marubdob naming idinadalangin na buksan ng Diyos ang mga bintana ng langit at punuin ang inyong buhay ng walang hanggang mga pagpapala ng Diyos.

### Tayo ay mga Binhi

Marami pa ring hindi nalalaman tungkol sa virus na ito. Ngunit kung may isang bagay man na alam ko, iyon ay hindi ikinabigla ng Ama sa Langit ang virus na ito. Hindi Niya kinailangang magtipon ng karagdagang batalyon ng mga anghel, tumawag ng mga pulong na pang-emergency, o gamitin ang resources mula sa departamentong itinalaga sa paglikha ng mga mundo para tugunan ang di-inaasahang pangangailangan.

Ang mensahe ko sa inyo ngayon ay na bagama't hindi natin gusto o inaasahan ang pandemyang ito, inihanda ng Diyos ang Kanyang mga anak at ang Kanyang Simbahan para sa panahong ito.

Mapagtitiisan natin ito, oo. Ngunit mas may magagawa pa tayo kaysa magtiim-bagang, magtiis, at maghintay na bumalik sa dating normal ang lahat ng bagay. Magpapatuloy tayo, at magiging mas mabuti tayo kaysa rati.

Sa isang kaparaanan, tayo ay mga binhi. At para maabot ng mga binhi ang kanilang mga potensyal, dapat silang maitanim bago sila umusbong. Pinatototohanan ko na bagama't may mga panahong nababaon na tayo ng mga pagsubok sa buhay o napapalibutan ng dalamhati, ang pag-ibig ng Diyos at ang mga pagpapala ng ebanghelyo ni Jesucristo ay magdudulot ng isang bagay na hindi mailalarawan sa isip.

### Dumarating ang mga Pagpapala Matapos ang Paghihirap

Bawat dispensasyon ay nakaranas na ng mga pagsubok at paghihirap.

Si Enoc at ang kanyang mga tao ay nabuhay sa panahon ng kasamaan, digmaan, at patayan. "Subalit ang Panginoon ay dumating at nanirahang kasama ng kanyang mga tao." Siya ay may plano para sa kanila na hindi mailalarawan sa isip. Tinulungan Niya silang magtatag ng Sion—mga taong "may isang puso at isang isipan" at "namuhay sa kabutihan"[4]

Ang batang si Jose, na anak ni Jacob, ay itinapon sa hukay, ipinagbili bilang alipin, ipinagkanulo, at pinabayaan.[5] Marahil inisip ni Jose kung nakalimutan na ba siya ng Diyos. Ang Diyos ay may plano para kay Jose na hindi mailalarawan sa isip. Ginamit Niya ang panahong ito ng pagsubok upang patatagin ang pagkatao ni Jose at ilagay siya sa posisyon na maililigtas niya ang kanyang pamilya.[6]

Isipin ninyo si Joseph Smith ang Propeta habang nakabilanggo sa Liberty Jail, kung paano siya nagsusumamo ng tulong para sa nagdurusang mga Banal. Inisip niya siguro kung paano maitatatag ang Sion sa gayong mga kalagayan. Ngunit nangusap ang Panginoon ng kapayapaan sa kanyang kaluluwa, at ang kasunod na maluwalhating paghahayag ay nagdulot ng kapayapaan sa mga Banal—at patuloy itong nagdudulot ng kapayapaan sa inyo at sa akin.[7]

Gaano karaming beses noong mga unang taon ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw nawalan ng pag-asa at nagtanong ang mga Banal kung nakalimutan ba sila ng Diyos? Ngunit sa gitna ng mga pag-uusig, panganib, at mga banta ng pagkalipol, ang Panginoong Diyos ng Israel ay may ibang plano para sa Kanyang maliit na kawan. Isang bagay na hindi mailalarawan sa isip.

Ano ang matututuhan natin mula sa mga halimbawang ito—at sa daan-daang iba pa sa mga banal na kasulatan?

Una, ang mga taong matwid ay hindi binibigyan ng libreng pases na nagtutulot sa kanila na makaiwas sa mga lambak ng kapighatian. Lahat tayo ay kinakailangang dumanas ng paghihirap, dahil sa mga paghihirap na ito natututuhan natin ang mga alituntuning nagpapatibay sa ating mga pagkatao at mas naglalapit sa atin sa Diyos.

Pangalawa, alam ng ating Ama sa Langit na nagdurusa tayo, at dahil tayo ay Kanyang mga anak, hindi Niya tayo pababayaan.[8]

Isipin ang isang mahabaging nilalang, ang Tagapagligtas, na halos ginugol ang Kanyang buhay sa pagmiministeryo sa mga may karamdaman, nalulungkot, nagdududa, nawawalan ng pag-asa.[9] Sa palagay ba ninyo ay hindi Siya nagmamalasakit sa inyo ngayon?

Mahal kong mga kaibigan, mahal kong mga kapatid, pangangalagaan at gagabayan kayo ng Diyos sa mga panahong ito ng kawalang-katiyakan at pangamba. Kilala Niya kayo. Naririnig Niya ang inyong mga pagsusumamo. Siya ay tapat at maaasahan. Tutuparin Niya ang Kanyang mga pangako.



*Montegrotto Terme, Padua, Italy*

Ang Diyos ay may plano na hindi mailalarawan sa isip na para sa inyong sarili lamang at para sa buong Simbahan—isang gawaing dakila at kamangha-mangha.

### Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta

Ang pinakamagagandang araw natin ay nasa hinaharap, hindi sa ating nakaraan. Iyan ang dahilan kaya tayo binibigyan ng Diyos ng *makabagong* paghahayag! Kung wala ito, ang buhay ay maitutulad sa pagpapatigil ng eroplano sa ere habang hinihintay na mapawi ang hamog para makalapag tayo nang ligtas. Ang mga layunin ng Panginoon para sa atin ay mas higit pa kaysa riyan. Dahil ito ay Simbahan ng buhay na Cristo, at ginagabayan Niya ang Kanyang mga propeta, tayo ay kumikilos nang pasulong at paitaas sa mga lugar na hindi pa natin narating, sa kaitaasan na halos hindi natin mailalarawan sa isip!

Ngayon, hindi ibig sabihin nito na hindi na tayo makararanas ng pag-alog sa ating paglalakbay sa mortalidad. Hindi ibig sabihin na walang instrumento na hindi masisira, makinang biglang hihinto nang di inaasahan, o masamang panahon na darating. Sa katunayan, baka lumala pa ang mga bagay-bagay bago bumuti ang mga ito.

Bilang fighter pilot at airline captain, natutuhan ko na bagama't hindi ko mapipili ang problema na makakaharap ko habang nagpapalipad ng eroplano, maaari kong piliin kung paano ako maghahanda at kung paano ako tutugon. Ang kailangan sa panahon ng krisis ay maging mahinahon at alisto.

Paano natin ito gagawin?

Unawain ang totoong nangyayari at bumalik sa mga batayan, sa mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo, sa bagay na pinakamahalaga. Paigtingin ang mga espirituwal na ginagawa ninyo—tulad ng panalangin at pag-aaral ng banal na kasulatan at pagsunod sa mga kautusan ng Diyos. Magpasiya batay sa pinakasubok nang naranasan.

Magtuon sa mga bagay na kaya ninyong gawin at hindi sa mga bagay na hindi ninyo kayang gawin.

Palakasin ang inyong pananampalataya. At pakinggan ninyo ang gumagabay na salita ng Panginoon at ng Kanyang propeta upang maakay kayo sa kaligtasan.

Tandaan, ito ang Simbahan ni Jesucristo—Siya ang namumuno.

Isipin ang maraming inspiradong pagsulong na nangyari sa nakalipas na isang dekada pa lamang. Narito ang ilang halimbawa:



Temecula, California, USA

- Ang sacrament ay muling binigyang-diin bilang sentro ng ating pagsamba tuwing Sabbath.
- Ang *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* ay inilaan bilang pantulong na nakasentro sa tahanan at sinusuportahan ng Simbahan upang palakasin ang mga indibiduwal at pamilya.
- Sinimulan natin ang isang mas dakila at mas banal na paraan ng pagmiministering sa lahat.
- Ang paggamit ng teknolohiya sa pagbabahagi ng ebanghelyo at paggawa ng gawain ng Panginoon ay lumaganap sa buong Simbahan.

Maging ang mga sesyon sa pangkalahatang kumperensyang ito ay hindi magiging posible kung wala ang mga kamangha-manghang tulong ng teknolohiya.

Mga kapatid, dahil si Cristo ang namumuno, hindi lamang magiging maayos ang mga bagay-bagay; ang mga ito rin ay hindi mailalarawan sa isip.

### Ang Gawain ng Pagtitipon ng Israel ay Patuloy na Sumusulong

Noong una tila magiging hadlang ang pandaigdigang pandemya sa gawain ng Panginoon. Halimbawa, ang tradisyunal na paraan ng pagbabahagi ng ebanghelyo ay hindi na posible. Gayunpaman, ang pandemya ay naghahayag ng bago at mas malikhaing paraan na mahanap ang may matatapat na puso. Patuloy na lumalakas at sumisigla ang gawain ng pagtitipon ng Israel. Daan-daan at libu-libong kuwento ang nagpapatunay nito.

Isang mabuting kaibigan na nakatira sa magandang bansang Norway ang sumulat sa amin ni Harriet tungkol sa pagdami ng nabibinyagan kamakailan. "Sa mga lugar kung saan maliit lang ang Simbahan," isinulat niya, "ito ay magiging mga branch, at ang mga branch ay magiging mga ward balang araw!!"

Sa Latvia, natuklasan ng isang babae ang Simbahan sa pag-klik sa ad sa internet at dahil gustung-gusto niya na malaman pa ang tungkol sa ebanghelyo ni Jesucristo mas maaga pa siya ng isang oras sa appointment niya, at bago pa man matapos ng mga missionary ang unang lesson ay nagtanong na siya kung anong petsa siya maaaring binyagan.

Sa Eastern Europe, isang babae na nakatanggap ng tawag mula sa mga missionary ang nagsabing, "Sisters, bakit ngayon lang kayo tumawag? Ang tagal ko nang naghihintay!"

Marami sa ating mga missionary ang abala ngayon kaysa rati. Marami sa kanila ang mas maraming



tinuturuan ngayon kaysa rati. Mas konektado na sa isa't isa ang mga miyembro at mga missionary.

Noong nakaraan, marahil ay masyado na tayong nakatali sa nakagawiang paraan kaya kinailangan ang pandemya para mabuksan ang mga mata natin. Marahil ay nagtatayo pa rin tayo gamit ang sandstone gayong may granito naman na magagamit. Dahil kailangan, natututo na tayong gumamit ng iba't ibang paraan, kabilang na ang teknolohiya, para maganyaya ng mga tao—sa normal at natural na mga paraan—na pumunta at tingnan, pumunta at tumulong, at pumunta at makabilang.

## Kanyang Gawain, Kanyang mga Pamamaraan

Ito ang gawain ng Panginoon. Inaanyayahan Niya tayo na alamin ang Kanyang mga pamamaraan sa paggawa nito, at maaaring iba ito sa mga naranasan natin dati.

Nangyari ito kay Simon Pedro at sa ibang mga disipulo na nangisda sa Dagat ng Tiberias.

"Nang gabing iyon ay wala silang nahuli.

"Ngunit nang mag-umaga [na] si Jesus ay dumating sa tabing-dagat. . . .

"At sinabi niya sa kanila, Ihulog ninyo ang lambat sa [*kabilang*] bahagi ng bangka at mayroon kayong makikita."

Inihulog nga nila ang kanilang mga lambat sa kabilang bahagi ng bangka at "hindi na nila ito mahila dahil sa dami ng mga isda."[10]

Ang Diyos ay naghayag at patuloy na maghahayag ng Kanyang makapangyarihang kamay. Darating ang araw kung kailan magbabalik-tanaw tayo at malalaman na sa panahong ito ng paghihirap, tinutulungan tayo ng Diyos na makahanap ng mas magandang paraan—Kanyang pamamaraan—upang itayo ang Kanyang kaharian sa matibay na pundasyon.

Pinatototohanan ko na ito ay gawain ng Diyos at patuloy Siyang gagawa ng maraming bagay na hindi mailalarawan sa isip sa kalipunan ng Kanyang mga anak, Kanyang mga tao. Tangan Niya tayo sa palad ng Kanyang mapagkalinga at mahabaging mga kamay.

Pinatototohanan ko na si Pangulong Russell M. Nelson ang propeta ng Diyos para sa ating panahon.

Bilang Apostol ng Panginoon, inaanyayahan at pinagpapala ko kayo na "malugod na gawin ang lahat ng bagay sa abot ng [inyong] makakaya; at pagkatapos nawa [kayo] ay makatayong hindi natitinag, na may lubos na katiyakan, na makita ang pagliligtas ng Diyos, at upang ang kanyang bisig ay maipahayag."[11] At ipinapangako ko na papangyarihin ng Panginoon na magmula sa inyong matwid na mga gawa ang mga bagay na hindi mailalarawan sa isip. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

### MGA TALA

1. Quartz monzonite na mukhang granito na kinuha mula sa tibagan sa bunganga ng Little Cottonwood Canyon, 20 milya (32 km) timog-silangang bahagi ng lunsod.
2. Para marami pang malaman tungkol sa panahong ito ng kasaysayan, tingnan sa *Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw,* tomo 2, *Walang Kamay na Di Pinaging Banal, 1846–1893* (2020), mga kabanata 17, 19, at 21.
3. Tingnan sa "Saligang Kaytibay," *Mga Himno,* blg. 47.

   Ang mga taludtod ng napakagandang himnong ito ay maaaring magsilbing awitin para sa ating panahon, at kapag pinakinggan natin nang mabuti ang mga titik, nagbibigay ito ng maliwanag na pagkaunawa sa mga hamong kinakaharap natin:

   *Maging malusog man o may karamdaman,*
   *Kahit magipit o may kasaganahan.*
   *Sa ibayong dagat man o sa 'ting tahanan,*
   *Sa t'wing may pangangailangan, . . .*
   *ayon sa pangangailangan ang s'yang laan.*

   *Ako'y kapiling, kung kaya't h'wag mangamba,*
   *Ako'y inyong Diyos na tutulong sa t'wina.*
   *Itataguyod at lakas ay iaalay,*
   *Kamay ko ang inyong gabay, . . . sa inyo'y maggagabay.*

   *Ikaw ma'y isugo ko sa ibang bayan,*
   *'Di ka maigugupo ng kalungkutan.*
   *'Pagkat ako ay kapiling ninyo sa t'wina.*
   *Sa pighati'y ililigtas . . . ililigtas kita.*

   *Apoy ng pagsubok man ay maranasan,*
   *Awa kong sapat ang lagi mong asahan.*
   *'Di ko asam na ika'y mapaso't masaktan*
   *Kahinaa'y papawiin . . . At lilinangin ang iyong kalooban. . . .*

   *Ang kaluluwang kay Jesus nagtiwala,*
   *Kahit kailanman ay 'di ko itatatwa.*
   *Pilitin mang s'ya'y yanigin ng kadiliman,*
   *Hinding-hindi magagawa, . . . talikuran kailanman.*
4. Tingnan sa Moises 7:13–18.
5. Marahil 17 taong gulang pa lang si Jose nang ipagbili ng kanyang mga kapatid bilang alipin (tingnan sa Genesis 37:2). Siya ay 30 taong gulang nang magsilbi kay Faraon (tingnan sa Genesis 41:46). Nawawari ba ninyo kung gaano kahirap para sa isang binatilyo na nasa kasibulan ang ipagkanulo, ipagbili bilang alipin, pagbintangan, at pagkatapos ay ibilanggo? Walang kaduda-duda na si Jose ay isang magandang halimbawa hindi lamang sa mga kabataan ng Simbahan kundi sa bawat lalaki, babae, at bata rin na nagnanais na magpasan ng kanyang krus at sundin ang Tagapagligtas.
6. Tingnan sa Genesis 45:4–11; 50:20–21. Sa Mga Awit 105:17–18, mababasa natin, "Siya'y nagsugo ng isang lalaki sa unahan nila, si Jose na ipinagbili bilang alipin. Ang kanyang mga paa ay sinaktan ng mga tanikala, siya'y nilagyan ng kuwelyo na bakal." Sa iba pang pagsasalin, mababasa sa talata 18, "Sinaktan nila ang kanyang mga paa ng mga tanikala, Pumasok ang bakal sa kanyang kaluluwa" (tingnan sa Young's Literal Translation). Para sa akin, ipinahihiwatig nito na ang mga paghihirap ni Jose ay nagbigay sa kanya ng isang pagkatao na malakas at matibay tulad ng bakal—isang katangian na kakailanganin niya para sa hinaharap na dakila at hindi mailalarawan sa isip na inilaan para sa kanya ng Panginoon.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121–23.
8. Kung iniuutos ng Diyos sa Kanyang mga anak na pagmalasakitan at kahabagan ang nagugutom, ang nangangailangan, ang hubad, ang may karamdaman at ang naghihirap, tiyak na pagmamalasakitan at kahahabagan Niya tayo, na Kanyang mga anak (tingnan sa Mormon 8:39).
9. Tingnan sa Lucas 7:11–17.
10. Tingnan sa Juan 21:1–6.
11. Doktrina at mga Tipan 123:17.



Ni Sharon Eubank
*Unang Tagapayo sa Relief Society General Presidency*

# Sa Pagkakaisa ng Damdamin ay Natatamo Natin ang Kapangyarihan Kasama ng Diyos

*Kapag hinahangad natin ang pagkakaisa ng damdamin, mahihingi natin ang kapangyarihan ng Diyos para gawing lubos ang ating mga pagsisikap.*

Sinabi ng ina ni Gordon na kapag ginawa niya ang kanyang mga gawain, igagawa niya ito ng pie. Ang paborito niyang pie. Para lamang sa kanya. Nagsimulang magtrabaho si Gordon para matapos ang mga gawaing iyon, at minasa ng kanyang ina ang pie. Dumating sa bahay ang kanyang ate na si Kathy kasama ang kaibigan nito. Nakita niya ang pie at nagtanong siya kung puwede sila ng kaibigan niya na makakuha ng isang hiwa nito.

"Hindi," sabi ni Gordon, "sa akin ang pie. Bineyk ito ni Inay para sa akin, at kailangan ko itong paghirapan."

Nagalit si Kathy sa kanyang nakababatang kapatid. Napakamakasarili at napakaramot niya. Paano niya nagawang sarilinin lamang ang lahat ng iyon?

Pagkaraan ng ilang oras, nang buksan ni Kathy ang pinto ng kotse para ihatid sa pag-uwi ang kanyang kaibigan, naroon sa upuan ang dalawang napkin na nakatupi nang maayos, dalawang tinidor sa ibabaw nito, at dalawang malalaking hiwa ng pie sa mga pinggan. Ikinuwento ito ni Kathy sa libing ni Gordon para ipakita kung gaano ito kahandang magbago at magpakita ng kabaitan sa mga taong hindi palaging marapat para rito.



*Santo Domingo, Dominican Republic*

Noong 1842, ang mga Banal ay nagtrabaho nang husto para maitayo ang Nauvoo temple. Matapos itatag ang Relief Society noong Marso, madalas pumunta si Propetang Joseph sa kanilang mga pulong para ihanda sila sa sagrado at nagbibigkis na mga tipan na malapit na nilang gawin sa templo.

Noong Hunyo 9, "sinabi [ng Propeta] na magtuturo siya ng tungkol sa awa[.] "Kung tutulan kaya tayo ni Jesucristo at ng mga . . . anghel dahil sa mga walang kabuluhang bagay, ano ang mangyayari sa atin? Kailangan tayong maging maawain sa isa't isa, at huwag pansinin ang maliliit na bagay." Sinabi pa ni Pangulong Smith, "Nakakalungkot para sa akin na walang mas lubos na pakikipagsamahan—kung ang isang miyembro ay nagdurusa, lahat ay nakadarama nito—sa pagkakaisa ng damdamin ay natatamo natin ang kapangyarihan kasama ng Diyos."[1]

Tila tinamaan ako ng kidlat ng maikling pangungusap na iyon. *Sa pagkakaisa ng damdamin ay natatamo natin ang kapangyarihan kasama ng Diyos.* Hindi ganitong klase ng mundo ang nais ko. Maraming bagay ang gusto kong maimpluwensiyahan at gawing mas mabuti. At sa totoo lang, maraming sumasalungat sa hangarin ko, at kung minsan ay nararamdaman ko na wala akong magawa. Kamakailan, tinanong ko ang aking sarili ng mga mapagsuring katanungan: Paano ko mas mauunawaan ang mga tao sa paligid ko? Paano ko

magagawang magkaroon ng "pagkakaisa ng damdamin" na iyon kung ang lahat ay labis na magkakaiba? Anong kapangyarihan ng Diyos ang maaari kong matanggap kung mas nakikiisa pa ako nang kaunti sa iba? Mula sa pagsusuri ko sa aking sarili, may tatlo akong mungkahi. Maaaring makatulong din sa inyo ang mga ito.

### Magkaroon ng Awa

Mababasa sa Jacob 2:17, "Ituring ang inyong mga kapatid nang tulad sa inyong sarili, at maging malapit sa lahat at mapagbigay sa inyong pag-aari, upang yumaman silang tulad ninyo." Palitan natin ang salitang *pag-aari* ng salitang *awa*—maging mapagbigay sa inyong *awa* upang yumaman silang tulad ninyo.

Madalas nating akalain na ang pag-aari ay tumutukoy lamang sa pagkain o pera, pero marahil ang mas kailangan nating lahat sa ating paglilingkod ay awa.

Kamakailan ay sinabi ng aming Relief Society president: "Ang bagay na aking . . . ipinapangako . . . sa inyo ay iingatan ko ang inyong pangalan. . . . Titingnan ko kayo ayon sa inyong pinakamabuting pagkatao. . . . Hindi ako magsasabi ng anumang bagay tungkol sa inyo na hindi mabuti, na hindi magtataas sa inyo. Hinihiling ko sa inyo na gayon din ang gawin ninyo para sa akin dahil nangangamba ako, sa totoo lang, na mabigo ko kayo."

Sinabi ni Joseph Smith sa kababaihan sa araw na iyon ng Hunyo ng 1842:

"Kapag nagpapakita ng kaunting kabaitan at pagmamahal ang mga tao sa akin, Ah, nangingibabaw ito sa aking isipan. . . .

". . . Kapag mas napapalapit tayo sa ating Ama sa Langit, mas nahahabag tayo sa mga taong naliligaw ng landas—[nadarama nating nais natin] silang pasanin, at balikatin ang kanilang mga kasalanan. [Ang aking mensahe ay para sa] lahat sa Samahang ito—kung gusto ninyong kaawaan kayo ng Diyos, kaawaan ninyo ang isa't isa."[2]

Ang payo na ito ay partikular na para sa Relief Society. Huwag nating husgahan ang bawat isa o magbitiw ng masasakit na salita. Ingatan natin ang pangalan ng bawat isa at ibigay natin ang kaloob na awa.[3]

### Gawing *Maindayog* ang Inyong Bangka

Noong 1936, isang hindi kilalang rowing team mula sa University of Washington ang nagtungo sa Germany para lumahok sa Olympic Games. Kasagsagan noon ng Matinding Depresyon. Sila ay mga batang trabahador na binigyan ng kaunting pera ng kanilang mga bayan na nagmimina at nagtotroso para makabiyahe sila patungong Berlin. Tila hindi pabor sa kanila ang bawat aspeto ng kumpetisyon, pero may isang bagay na nangyari sa karera. Sa mundo ng rowing, tinatawag itong "indayog." Pakinggan ang paglalarawang ito batay sa aklat na *The Boys in the Boat [Ang mga Batang Lalaki sa Bangka]:*

Kung minsan ay may isang bagay na nangyayari na mahirap matamo at mahirap maipaliwanag. Ito ay tinatawag na "indayog." Nangyayari lamang ito kapag ang lahat ay sumasagwan nang may lubos na pagkakaisa at sabay-sabay ang pagkilos.

Kailangang kontrolin ng mga sumasagwan ang pagsasagwan nang kanya-kanya at kasabay nito ay maging totoo sa kanilang indibiduwal na mga kakayahan. Ang mga karera ay hindi napapanalunan dahil magkakapareho ang mga miyembro. Ang magagaling na team ay may magagandang kombinasyon—may namumuno, may nag-iipon ng lakas para sa tamang pagkakataon, may mas aktibong lumalaban, may tagapamayapa. Walang sumasagwan ang mas mahalaga sa iba, ang lahat ay kapaki-pakinabang sa bangka, pero kung nais nila na sama-samang makapagsagwan nang maayos, kailangang umayon ang bawat isa sa pangangailangan at kakayahan ng iba—ang may maiksing braso ay mas dumudukwang, ang mas mahaba ang braso ay hindi naman masyadong dumudukwang.

Ang mga pagkakaiba-iba ay maaaring gawing kapaki-pakinabang sa halip na kawalan. Doon lamang madaramang tila umaandar nang mag-isa ang bangka. Doon lamang lubusang mapapawi ng kagalakan ang paghihirap. Ang magaling na "pag-indayog" ay tila isang tula.[4]

Laban sa naglalakihang mga balakid, ang team na ito ay nagkaroon ng perpektong indayog at nanalo. Ang gintong medalya sa Olympics ay labis na nakasisiya, ngunit ang pagkakaisa na naranasan ng bawat sumasagwan sa araw na iyon ay isang banal na sandali na hindi nila malilimutan sa buong buhay nila.

### Tanggalin Ninyo ang Masasama Alinsunod sa Pagtubo ng Mabubuti

Sa napakagandang alegorya sa Jacob 5, ang Panginoon ng olibohan ay nagtanim ng isang magandang puno sa mainam na lupa, ngunit nabulok ito at kalaunan ay nagbunga ng ligaw na bunga. Sinabi nang walong beses ng Panginoon ng olibohan: "Ikalulungkot kong mawala sa akin ang punong ito."

Sinabi ng tagapagsilbi sa Panginoon ng olibohan: "Patagalin pa natin nang kaunti [ang puno]. At sinabi ng Panginoon: Oo, patatagalin ko ito nang kaunti pa."[5]

At pagkatapos ay ibinigay ang tagubilin na magagamit ng lahat sa atin na nagsisikap na bumungkal at humanap ng mainam na bunga sa ating sariling maliit na olibohan: "Tanggalin ninyo ang masasama alinsunod sa pagtubo ng mabubuti."[6]

Ang pagkakaisa ay hindi agad-agad nangyayari; nangangailangan ito ng pagkilos. Ito ay masalimuot, kung minsan ay hindi komportable, at nangyayari nang paunti-unti kapag tinanggal natin ang masasama alinsunod sa pagtubo ng mabubuti.

Hindi tayo nag-iisa kailanman sa ating mga pagsisikap na magkaroon ng pagkakaisa. Sinabi pa sa Jacob 5, "Humayo ang mga tagapagsilbi at gumawa nang buong lakas nila; at gumawa rin ang Panginoon ng olibohan na kasama nila."[7]

Bawat isa sa atin ay magkakaroon ng napakasakit na mga karanasan, mga bagay na hindi dapat nangyari. Sa ilang pagkakataon, tutulutan din ng bawat isa sa atin ang kapalaluan at pagmamataas na bulukin ang bungang taglay natin. Ngunit si Jesucristo ang ating Tagapagligtas sa lahat ng bagay. Ang Kanyang kapangyarihan ay umaabot sa pinakailalim at maaasahan na naririyan kapag tumawag tayo sa Kanya. Tayong lahat ay nagsusumamo para sa awa para sa ating mga kasalanan at kabiguan. Ibinibigay Niya ito nang sagana. At iniuutos Niya sa atin na ibigay ang gayon ding awa at pang-unawa sa bawat isa.

Hayagang sinabi ni Jesus: "Maging isa; at kung hindi kayo isa kayo ay hindi sa akin."[8] Ngunit kung tayo ay isa—kung makapagbibigay tayo ng isang hiwa ng ating pie o maiaangkop ang ating mga indibiduwal na talento para umindayog ang ating bangka nang may perpektong pagkakaisa—kung gayon tayo ay sa Kanya. At tutulong Siyang tanggalin ang masasama alinsunod sa pagtubo ng mabubuti.



Provo, Utah, USA

### Mga Pangako ng Propeta

Maaaring wala pa tayo sa nais nating marating, at wala pa tayo ngayon kung saan tayo dapat naroon. Naniniwala ako na ang pagbabagong hinahangad natin para sa ating sarili at sa mga grupo na kinabibilangan natin ay hindi gaanong makakamtan sa pamamagitan ng aktibismo o pagiging aktibista kundi sa pamamagitan ng mas aktibong pagsisikap araw-araw na unawain ang isa't isa. Bakit? Dahil tayo ay nagtatatag ng Sion—mga taong "may isang puso at isang isipan."[9]

Bilang mga kababaihan ng tipan, malawak ang impluwensya natin. Ang impluwensyang iyan ay magagamit sa mga sandali sa araw-araw kapag tayo ay nag-aaral kasama ng isang kaibigan, nagpapatulog ng mga anak, nakikipag-usap sa katabi sa bus, at naghahanda ng presentasyon kasama ng isang katrabaho. May kakayahan tayong alisin ang panghuhusga sa ating kapwa at magkaisa.

Ang Relief Society at Young Women ay hindi lamang mga klase. Ang mga ito ay maaari ding maging mga di-malilimutang karanasan kung saan ang magkakaibang kababaihan ay sumasakay sa iisang bangka at sumasagwan hanggang sa mahanap nila ang tamang *indayog*. Ibinibigay ko ang paanyayang ito: maging bahagi ng pinagsama-samang lakas na bumabago sa mundo para sa kabutihan. Ang tungkuling ipinangako natin na tutupdin ay ang maglingkod, ang itaas ang mga kamay na nakababa, at ang buhatin ang mga naghihirap na tao sa ating mga likuran o sa ating mga bisig at pasanin sila. Hindi mahirap malaman kung ano ang ating gagawin, pero madalas ay salungat ito sa ating makasariling mga interes, at kailangan nating pagsikapan. Ang kababaihan ng Simbahang ito ay mayroong hindi masusukat na potensyal na baguhin ang lipunan. Lubos akong espirituwal na nagtitiwala na, kapag hinahangad natin ang pagkakaisa ng damdamin, mahihingi natin ang kapangyarihan ng Diyos para gawing lubos ang ating mga pagsisikap.

Nang gunitain ng Simbahan ang paghahayag tungkol sa priesthood noong 1978, nagbigay si Pangulong Russell M. Nelson ng makapangyarihang pagpapala bilang propeta: "Ito ang dalangin at *biyayang* iniiwan ko sa lahat ng nakikinig, na mapagtagumpayan natin ang anumang pasanin ng pagtatangi at maglakad nang matuwid kasama ang Diyos—at kasama ang isa't isa—sa lubos na kapayapaan at pagkakaisa."[10]

Nawa'y panghawakan natin ang pagpapalang ito ng propeta at gamitin ang ating indibiduwal at pinagsama-samang pagsisikap para maragdagan ang pagkakaisa sa mundo. Iniiwan ko ang aking patotoo gamit ang mga salita sa mapagpakumbaba at walang maliw na panalangin ng Panginoong Jesucristo: "Upang silang lahat ay maging isa. Gaya mo, Ama, na nasa akin at ako'y sa iyo, sana sila'y manatili sa atin."[11] Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. "Minutes and Discourse, 9 June 1842," 61, Joseph Smith Papers, josephsmithpapers.org/paper-summary/minutes-and-discourse-9-june-1842/1.
2. "Minutes and Discourse, 9 June 1842," 62, Joseph Smith Papers, josephsmithpapers.org/paper-summary/minutes-and-discourse-9-june-1842/2.
3. Tingnan sa Cree-L Kofford, "Your Name Is Safe in Our Home," *Liahona,* Hulyo 1999, 96–98.
4. Tingnan sa Daniel James Brown, *The Boys in the Boat: Nine Americans and Their Epic Quest for Gold at the 1936 Berlin Olympics* (2013), 161, 179.
5. Jacob 5:50–51.
6. Jacob 5:66.
7. Jacob 5:72.
8. Doktrina at mga Tipan 38:27.
9. Moises 7:18.
10. Russell M. Nelson, "Pagtatayo ng mga Tulay," *Liahona,* Dis. 2018, 51; idinagdag ang pagbibigay-diin.
11. Juan 17:21.



Ni Becky Craven
*Pangalawang Tagapayo sa Young Women General Presidency*

# Panatilihin ang Pagbabago

*Sa pamamagitan ni Jesucristo, tayo ay binibigyan ng lakas na makagawa ng panghabang-buhay na pagbabago. Kapag mapagpakumbaba tayong bumabaling sa Kanya, daragdagan Niya ang ating kakayahang magbago.*

Mga kapatid, labis akong nagagalak na makasama kayo.

Ilarawan sa isipan ang isang tao na pumunta sa palengke para bumili ng isang bagay. Kung nagbayad siya nang higit sa halaga ng bagay na binili niya, susuklian siya ng nagtitinda.

Si Haring Benjamin ay nagturo sa kanyang mga tao sa lumang Amerika tungkol sa napakalaking mga biyaya na natatanggap natin mula sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Nilikha Niya ang langit, lupa, at ang lahat ng kagandahang tinatamasa natin.[1] Sa pamamagitan ng Kanyang mapagmahal na Pagbabayad-sala, nagbibigay Siya ng paraan para matubos tayo mula sa kasalanan at kamatayan.[2] Kapag ipinapakita natin ang ating pasasalamat sa Kanya sa pamamagitan ng masigasig na pagsasabuhay ng Kanyang mga kautusan, pinagpapala Niya tayo kaagad, kung kaya't palagi tayong may pagkakautang sa Kanya.

Labis-labis ang ibinibigay Niya sa atin kumpara sa halaga na kaya nating ibalik sa Kanya. Kaya, ano ang maaari nating isukli sa Kanya, na nagbayad ng hindi masusukat na halaga para sa ating mga kasalanan? Maaari natin Siyang suklian ng *pagbabago*. Maaari natin Siyang suklian ng ating *pagbabago*. Maaaring ito ay pagbabago ng pag-iisip, pagbabago ng gawi, o pagbabago ng direksyon kung saan tayo tutungo. Bilang sukli sa Kanyang hindi matutumbasang kabayaran para sa bawat isa sa atin, hinihiling ng Panginoon sa atin ang pagbabago ng puso. Ang hinihiling Niyang pagbabago mula sa atin ay hindi para sa Kanyang kapakanan, kundi para sa atin. Ngunit hindi tulad ng namimili sa palengke na kukunin ang isinusukli natin, ang ating mahabaging Panginoon ay nag-aanyaya sa atin na *panatilihin ang pagbabago*.



*Guatemala City, Guatemala*

Matapos marinig ang mga salita ni Haring Benjamin, ang kanyang mga tao ay sumigaw at nagpahayag na ang kanilang mga puso ay nagbago, at nagwikang, "Dahil sa Espiritu ng Panginoong Makapangyarihan na gumawa ng malaking pagbabago sa amin, . . . kami ay wala nang hangarin pang gumawa ng masama, kundi ang patuloy na gumawa ng mabuti."[3] Hindi sinasabi sa mga banal na kasulatan na naging perpekto sila kaagad; sa halip, ang kanilang hangaring magbago ay naghikayat sa kanila na kumilos. Ang ibig sabihin ng pagbabago ng kanilang puso ay paghuhubad ng likas na tao at pagsunod sa Espiritu habang nagsisikap sila na maging higit na katulad ni Jesucristo.

Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, "Ang tunay na pagbabalik-loob ay nakasalalay sa malayang paghahangad nang may pananampalataya, nang may malaking pagsisikap at ilang paghihirap. Pagkatapos, ang Panginoon ang makapagbibigay . . . ng himala ng paglilinis at pagbabago."[4] Kapag pinagsama ang ating pagsisikap at ang kakayahan ng Tagapagligtas na baguhin tayo, nagiging mga bagong nilikha tayo.

Noong bata pa ako, iniisip ko na kunwari ay naglalakad ako sa isang pataas at paakyat na landas patungo sa aking mithiin na buhay na walang hanggan. Sa tuwing nakagagawa o nakapagsasabi ako ng mali, pakiramdam ko ay dumadausdos ako pababa ng landas, at kailangan ko na namang simulang muli ang aking paglalakbay.

Maihahalintulad ko ito sa pagbagsak sa parisukat na iyon sa pambatang laro na Chutes and Ladders kung saan ay dumadausdos ka mula sa tuktok ng board pabalik sa simula ng laro! Nakapanghihina ito ng loob! Ngunit nang unti-unti kong naunawaan ang doktrina ni Cristo[5] at kung paano ito gamitin sa aking pang-araw-araw na buhay, nakasumpong ako ng pag-asa.

Binigyan tayo ni Jesucristo ng isang di-nagbabagong huwaran para sa pagbabago. Inaanyayahan Niya tayo na manampalataya sa Kanya, na naghihikayat sa atin na magsisi—"kung aling pananampalataya at pagsisisi ay nagdudulot ng isang pagbabago ng puso."[6] Kapag tayo ay nagsisisi at ibinabaling ang ating puso sa Kanya, nagkakaroon tayo ng mas malaking hangaring gumawa at tumupad ng mga sagradong tipan. Nagtitiis tayo hanggang sa wakas sa pamamagitan ng patuloy na paggamit ng mga alituntuning ito sa buong buhay natin at pag-anyaya sa Panginoon na baguhin tayo. Ang ibig sabihin ng pagtitiis hanggang wakas ay *pagbabago* hanggang wakas. Nauunawaan ko na ngayon na hindi ako muling nagsisimula sa bawat bigong pagtatangka, pero sa bawat pagtatangkang iyon, nagpapatuloy ako sa proseso ng aking pagbabago.

May nakapagbibigay-inspirasyong linya sa tema ng Young Women na nagpapahayag na, "Aking pinahahalagahan ang kaloob na pagsisisi at sinisikap na magpakabuti sa bawat araw."[7] Dalangin ko na talagang mapahalagahan natin ang magandang kaloob na ito at na kusang-loob tayong magsisikap na magbago. Kung minsan, ang mga pagbabagong kailangan nating gawin ay may kinalaman sa mabibigat na kasalanan. Ngunit madalas, sinisikap nating dalisayin ang ating pagkatao upang maiayon natin ang ating mga sarili sa mga katangian ni Jesucristo. Ang ating mga pinipili sa araw-araw ay maaaring makatulong o makahadlang sa ating pag-unlad. Ang maliliit pero tuluy-tuloy, at kusang-loob na pagbabago ay tutulong sa atin na umunlad. Huwag


*Murrieta, California, USA*

panghinaan ng loob. Ang pagbabago ay isang panghabambuhay na proseso. Nagpapasalamat ako na sa ating mga pagpupunyaging magbago, ang Panginoon ay nagpapasensya sa atin.

Sa pamamagitan ni Jesucristo, tayo ay binibigyan ng lakas na makagawa ng panghabang-buhay na pagbabago. Kapag mapagpakumbaba tayong bumabaling sa Kanya, daragdagan Niya ang ating kakayahang magbago.

Bukod pa sa nakapagpapabagong kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ng ating Tagapagligtas, ang Espiritu Santo ay tutulong at gagabay sa atin habang nagsisikap tayo. Matutulungan pa Niya tayong malaman kung ano ang mga dapat nating baguhin. Makahahanap din tayo ng tulong at panghihikayat sa pamamagitan ng mga basbas ng priesthood, panalangin, pag-aayuno, at pagdalo sa templo.

Ang mga mapagkakatiwalaang kapamilya, lider, at kaibigan ay makatutulong din sa ating mga pagsisikap na magbago. Noong walong taong gulang ako, kami ng kuya ko na si Lee ay gumugugol ng oras sa pakikipaglaro sa aming mga kaibigan sa mga sanga ng isang puno sa aming lugar. Gustung-gusto namin ang pagsasamahan naming magkakaibigan sa lilim ng punong iyon. Isang araw, nahulog si Lee mula sa puno at nabali ang kanyang braso. Naging mahirap para sa kanya na umakyat sa puno nang mag-isa dahil sa kanyang baling braso. Ngunit talagang hindi masaya ang buhay sa puno kung wala siya roon. Kaya, inalalayan siya ng ilan sa amin sa likod habang hinihila naman ng iba pa ang kanyang maayos na braso, at nang walang masyadong hirap, si Lee ay muling nakaakyat sa puno. Bali pa rin ang kanyang braso, pero siya ay muli naming nakasama at masaya sa aming pagkakaibigan habang nagpapagaling siya.

Madalas kong isipin na ang aking karanasan sa paglalaro sa puno ay tulad ng pagiging aktibo natin sa ebanghelyo ni Jesucristo. Sa lilim ng mga sanga ng ebanghelyo, tinatamasa natin ang maraming pagpapalang kaugnay ng ating mga tipan. Ang ilan ay maaaring nahulog mula sa kaligtasan ng kanilang mga tipan at nangangailangan ng ating tulong upang muling makaakyat sa seguridad ng mga sanga ng ebanghelyo. Maaaring mahirap para sa kanila na umakyat nang mag-isa. Maaari ba natin silang hilahin nang dahan-dahan at hatakin nang kaunti upang matulungan silang magpagaling habang napapasaya sila ng ating pagkakaibigan?

Kung kayo ay nahihirapan dahil sa isang bali mula sa pagkahulog, nakikiusap ako na hayaan ninyo ang iba na tulungan kayong mabalikan ang inyong mga tipan at ang mga pagpapalang ibinibigay nito. Matutulungan kayo ng Tagapagligtas na maghilom at magbago habang napaliligiran kayo ng mga nagmamahal sa inyo.

Kung minsan ay may nakakasalubong akong mga kaibigan na hindi ko nakita sa loob ng maraming taon. Kung minsan, sinasabi nila, "Wala ka talagang ipinagbago!" Sa tuwing maririnig ko iyon, nahihiya ako nang kaunti dahil umaasa ako na *may ipinagbago na ako* sa paglipas ng mga taon. Sana may ipinagbago na ako simula kahapon! Sana ako ay

mas mabait na, hindi na gaanong mapanghusga, at mas mahabagin. Sana mas mabilis na akong tumugon sa mga pangangailangan ng iba, at sana mas mapagpasensya na ako nang kaunti.

Gustung-gusto kong umaakyat sa mga bundok na malapit sa aking tahanan. Madalas, napapasukan ng maliit na bato ang loob ng aking sapatos habang tinatahak ko ang daan. Sa huli, humihinto ako para tanggalin ang bato. Pero nakakagulat para sa akin kung gaano katagal kong hinahayaan ang sarili ko na masaktan habang umaakyat sa bundok bago ako huminto para tanggalin ang nakakatusok na bato.

Sa paglalakbay natin sa landas ng tipan, kung minsan ay napapasukan ng mga bato ang ating mga sapatos sa anyo ng hindi mabubuting gawi, kasalanan, o masasamang pag-uugali. Kapag mas mabilis nating tinatanggal ang mga ito sa ating buhay, magiging mas puno ng kagalakan ang ating mortal na paglalakbay.

Ang pagpapanatili ng pagbabago ay nangangailangan ng pagsisikap. Hindi ko maisip ang sarili ko na humihinto sa daan para ibalik sa aking sapatos ang nakakairita at nakakatusok na bato na katatanggal ko lang. Hindi ko nanaising gawin iyon tulad ng isang magandang paruparong hindi na nanaisin pang bumalik sa bahay-uod nito.

Pinatototohanan ko na dahil kay Jesucristo, *makakaya* nating magbago. Makakaya nating baguhin ang ating mga gawi, ibahin ang ating pag-iisip, at dalisayin ang ating pagkatao upang maging higit na katulad Niya. At sa tulong Niya, makakaya nating *panatilihin ang pagbabago*. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Mosias 4:9.
2. Tingnan sa Mosias 3:5–12.
3. Mosias 5:2.
4. Henry B. Eyring, "We Must Raise Our Sights," *Ensign,* Set. 2004, 18.
5. Tingnan sa 2 Nephi 31:21; 3 Nephi 27:13–21.
6. Helaman 15:7.
7. Tema ng Young Women, ChurchofJesusChrist.org.



Ni Cristina B. Franco
*Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency*

# Ang Nakapagpapagaling na Kapangyarihan ni Jesucristo

*Kapag lumapit tayo kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanya, pagsisisi, at paggawa at pagtupad ng mga tipan, ang ating pagkasira—anuman ang sanhi nito—ay mapapagaling.*

Mula sa simula ng taong ito, nakaranas tayo ng maraming hindi inaasahang pangyayari. Ang pagkawala ng buhay at kita dahil sa pandemyang laganap sa mundo ay labis na nakaapekto sa komunidad at ekonomiya ng buong mundo.



*Belfast, Northern Ireland*

Ang mga lindol, sunog, at baha sa iba't ibang bahagi ng mundo, gayundin ang iba pang mga kalamidad na may kinalaman sa klima, ay naging dahilan para makadama ang mga tao ng panghihina, kawalan ng pag-asa, at pighati, napapaisip kung ang kanilang buhay ay maibabalik pa sa dati.

Hayaan ninyong isalaysay ko sa inyo ang isang personal na kuwento tungkol sa pagkasira ng isang bagay.

Noong bata pa ang aming mga anak, nagpasiya sila na gusto nilang matutong tumugtog ng piyano. Gusto namin ng asawa kong si Rudy na bigyan ng ganitong pagkakataon ang aming mga anak, pero wala kaming piyano. Hindi namin kayang bumili ng bagong piyano, kaya nagsimulang maghanap si Rudy ng segunda mano.

Noong Pasko ng taong iyon, sinorpresa niya kaming lahat ng isang piyano, at sa paglipas ng mga taon, ang aming mga anak ay natutong tumugtog.

Nang lumaki na at lumipat na ng bahay ang aming mga anak, napuno na lang ng alikabok ang lumang piyano, kaya ibinenta namin ito. Lumipas ang ilang taon, at nakapag-ipon kami ng pera. Isang araw, sinabi ni Rudy, "Sa palagay ko, panahon na para bumili tayo ng bagong piyano."

Itinanong ko, "Bakit tayo bibili ng bagong piyano, kung hindi naman tayo parehong marunong tumugtog?"

Sabi niya, "Ah, pero puwede tayong bumili ng piyano na tumutugtog nang mag-isa! Gamit ang iPad, maaari mong i-program ang piyano na tumugtog ng mahigit 4,000 awitin, kabilang na ang mga himno, mga awitin ng Tabernacle Choir, lahat ng awitin sa Primary, at napakarami pang iba."

Sa madaling salita, nakumbinsi ako ni Rudy na bumili ng piyano.

Bumili kami ng isang maganda at bagong piyano na maaaring i-program na tumugtog nang mag-isa, at makalipas ang ilang araw, dalawang malalaki at malalakas na lalaki ang naghatid nito sa aming bahay.

Ipinakita ko sa kanila kung saan ko ito gustong ilagay at hinayaan ko na sila.

Isa itong mabigat na baby grand piano, at para magkasya ito sa pintuan, inalis nila ang mga paa nito at nagawa nilang ipatong ang piyano nang patagilid sa ibabaw ng isang dolly na dala nila.

Ang aming bahay ay nakatayo sa ibabaw ng isang dalisdis, at sa kasamaang-palad ay umulan ng niyebe noong araw na iyon kaya basa at madulas ang paligid. Nakikita na ba ninyo kung ano ang patutunguhan ng kuwento?

Habang iniaakyat ng mga lalaki ang piyano sa dalisdis, dumulas ito, at nakarinig ako ng napakalakas na kalabog. Nahulog ang piyano mula sa dolly at napakalakas ng pagbagsak nito na naukaan nang malaki ang aming bakuran.

Sabi ko, "Naku po! Ayos lang ba kayo?"

Mabuti na lang at ayos lang ang dalawang lalaki.

Nanlaki ang kanilang mga mata nang magkatinginan sila, at pagkatapos ay tumingin sila sa akin at sinabing, "Pasensya na po talaga. Ibabalik po namin ito sa tindahan at sasabihin po namin sa aming manedyer na tawagan kayo."

Hindi nagtagal ay kinausap ng manedyer si Rudy para pag-usapan ang paghahatid ng bagong piyano. Si Rudy ay mabait at mapagpatawad kaya sinabi niya sa manedyer na ayos lang naman kung kumpunihin na lang nila ang sira at ibalik ang piyano ring iyon, pero iginiit ng manedyer na dadalhan nila kami ng bago.

Tumugon si Rudy at sinabing, "Hindi naman siguro iyon gaanong nasira. Kumpunihin na lang ninyo at dalhin dito."

Sabi ng manedyer, "Nabiyak ang kahoy, at kapag nabiyak na ito, hindi na maibabalik sa dati ang tunog nito. Padadalhan namin kayo ng bagong piyano."

Mga kapatid, hindi ba tayo katulad ng piyanong ito, may kaunting sira, biyak, at pinsala, na pakiramdam natin ay hindi na tayo muling maibabalik sa dati? Gayunman, kapag lumapit tayo kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanya, pagsisisi, at paggawa at pagtupad ng mga tipan, ang ating pagkasira—anuman ang sanhi nito—ay mapapagaling. Ang prosesong ito, na nag-aanyaya sa nakapagpapagaling na kapangyarihan ng Tagapagligtas sa ating buhay, ay hindi lamang nagbabalik sa atin sa kung ano tayo noon ngunit ginagawa tayo nitong mas mabuti higit kailanman. Alam ko na sa pamamagitan ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo, tayong lahat ay maaaring maayos, mabuo, at makatupad sa ating layunin, tulad ng isang bagung-bagong piyano na maganda ang tunog.

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson, "Kapag dumating sa atin ang mga pagsubok, panahon na para palakasin ang pananampalataya natin sa Diyos, magsumigasig, at maglingkod sa iba. Pagkatapos ay pagagalingin Niya ang ating mga bagbag na puso. [Pagkakalooban] Niya tayo ng personal na kapayapaan at aliw. Ang



*Provo, Utah, USA*

mga dakilang handog na iyon ay hindi masisira, maging ng kamatayan."[1]

Sinabi ni Jesus:


"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at matuto kayo sa akin; sapagkat ako'y maamo at may mapagpakumbabang puso at makakatagpo kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa.

"Sapagkat madaling dalhin ang aking pamatok at magaan ang aking pasan" (Mateo 11:28–30).

Para maayos ang pagkasira sa pamamagitan ng paglapit sa Kanya, kailangan nating manampalataya kay Jesucristo. "[Ang] ibig sabihin ng pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo ay lubos na pag-asa sa Kanya—pagtitiwala sa Kanyang walang-hanggang kapangyarihan . . . at pagmamahal. Kasama rito ang paniniwala sa Kanyang mga turo. [Ang] ibig sabihin nito ay pananalig na kahit hindi natin nauunawaan ang lahat ng bagay, nauunawaan Niya ang mga iyon. Dahil naranasan Niya ang lahat ng ating pasakit, paghihirap, at sakit, alam Niya kung paano tayo tutulungan na makayanan ang ating mga problema sa araw-araw."[2]

Kapag lumapit tayo sa Kanya, "[mapupuspos tayo ng kagalakan,



*São Paulo, Brazil*

kapayapaan, at kaaliwan.] Lahat ng [mahihirap at mapanghamon] sa buhay ay naiwawasto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo."[3] Pinayuhan Niya tayo, "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip; huwag mag-alinlangan, huwag matakot" (Doktrina at mga Tipan 6:36).

Sa Aklat ni Mormon, noong si Alma at ang kanyang mga tao ay halos maigupo ng bigat ng mga pasaning ipinataw sa kanila, ang mga tao ay nagsumamo na tulungan sila. Hindi inalis ng Panginoon ang kanilang mga pasanin; sa halip ay ipinangako Niya sa kanila:

"At pagagaanin ko rin ang mga pasaning ipinataw sa inyong mga balikat, na maging kayo ay hindi madarama ang mga ito sa inyong mga likod, maging habang kayo ay nasa pagkaalipin; at ito ay gagawin ko upang kayo ay tumayong mga saksi para sa akin magmula ngayon, at upang inyong malaman nang may katiyakan na ako, ang Panginoong Diyos, ay dumadalaw sa aking mga tao sa kanilang mga paghihirap.

"At ito ay nangyari na, na ang mga pasaning ipinataw kay Alma at sa kanyang mga kapatid ay pinagaan; oo, pinalakas sila ng Panginoon upang mabata nila ang kanilang mga pasanin nang may kagaanan, at nagpasailalim nang may kagalakan at nang may pagtitiis sa lahat ng kalooban ng Panginoon" (Mosias 24:14–15).

Tungkol sa kakayahan ng Tagapagligtas na magpagaling at magpagaan ng mga pasanin, itinuro ni Elder Tad R. Callister:

"Ang isa sa mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ay na maaari nating matanggap ang nakatutulong na kapangyarihan ng Tagapagligtas. Paulit-ulit na nagsalita si Isaias tungkol sa nakapagpapagaling at nakapapanatag na impluwensya ng Panginoon. Nagpatotoo siya na ang Tagapagligtas ay 'isang kanlungan sa nangangailangan sa kanyang kahirapan, silungan sa bagyo at lilim sa init' (Isaias 25:4). Tungkol sa mga namimighati, ipinahayag ni Isaias na taglay ng Tagapagligtas ang kapangyarihan na 'aliwin ang lahat ng tumatangis' (Isaias 61:2), at '[pahirin] ang mga luha sa lahat ng mga mukha' (Isaias 25:8; tingnan din sa Apocalipsis 7:17); 'buhayin ang loob ng mapagpakumbaba' (Isaias 57:15); at 'magpagaling ng mga bagbag na puso' (Isaias 61:1; tingnan din sa Lucas 4:18; Mga Awit 147:3). Napakalawak ng sakop ng Kanyang nakatutulong na kapangyarihan kung kaya't magagawa Niyang 'putong na bulaklak sa halip na mga abo, sa halip na pagtangis ay langis ng kagalakan, sa halip na lupaypay na diwa ay damit ng kapurihan' (Isaias 61:3).

"Ah, kay laking pag-asa ang hatid ng mga pangakong iyon! . . . Ang Kanyang Espiritu ay nagpapagaling; ito ay nagpapadalisay; ito ay nagpapapanatag; ito ay nagbibigay ng panibagong buhay sa mga nawalan na ng pag-asa. Ito ay may kapangyarihang baguhin ang lahat ng pangit at masama at walang halaga sa buhay para maging isang bagay na may lubos at maluwalhating karingalan. Siya ay may kapangyarihang baguhin ang mga abo ng mortalidad para maging mga kagandahan ng kawalang-hanggan."[4]

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ang ating mapagmahal na Tagapagligtas, ang ating Manunubos, ang Dalubhasang Manggagamot, at ang ating matapat na kaibigan. Kung babaling tayo sa Kanya, pagagalingin Niya tayo at muli tayong gagawing buo. Pinatototohanan ko na ito ang Kanyang Simbahan at Siya ay naghahanda nang bumalik muli para maghari nang may kapangyarihan at kaluwalhatian sa mundong ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**



1. Russell M. Nelson, "Jesucristo—ang Dalubhasang Manggagamot," *Liahona,* Nob. 2005, 87.
2. "Pananampalataya kay Jesucristo," Mga Paksa ng Ebanghelyo, topics.ChurchofJesusChrist.org.
3. *Preach My Gospel: A Guide to Missionary Service,* binagong edisyon (2018), 52, ChurchofJesusChrist.org.
4. Tad R. Callister, *The Infinite Atonement* (2000), 206–7.




# Mga General Authority at General Officer ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

## ANG UNANG PANGULUHAN


Dallin H. Oaks
Unang Tagapayo


Russell M. Nelson
Pangulo



Henry B. Eyring
Pangalawang Tagapayo

## ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL



M. Russell Ballard


Jeffrey R. Holland


Dieter F. Uchtdorf


David A. Bednar



Quentin L. Cook


D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen


Ronald A. Rasband



Gary E. Stevenson



Dale G. Renlund



Gerrit W. Gong


Ulisses Soares


## ANG PANGULUHAN NG PITUMPU



Patrick Kearon



Carl B. Cook


Robert C. Gay


Terence M. Vinson


José A. Teixeira


Carlos A. Godoy


Brent H. Nielson

# MGA GENERAL AUTHORITY SEVENTY

(inayos nang paalpabeto)



Marcos A. Aidukaitis, Rubén V. Alliaud, Jose L. Alonso, Jorge M. Alvarado, Ian S. Ardern, Steven R. Bangerter, W. Mark Bassett, David S. Baxter, Jorge T. Becerra, Randall K. Bennett, Hans T. Boom, Shayne M. Bowen, Mark A. Bragg, Matthew L. Carpenter, Yoon Hwan Choi, Craig C. Christensen, Weatherford T. Clayton

Valeri V. Cordón, J. Devn Cornish, Joaquin E. Costa, LeGrand R. Curtis Jr., Dean M. Davies, Massimo De Feo, Benjamín De Hoyos, Edward Dube, Kevin R. Duncan, Timothy J. Dyches, David F. Evans, Randy D. Funk, Eduardo Gavarret, Jack N. Gerard, Ricardo P. Giménez, Taylor G. Godoy, Christoffel Golden

Walter F. González, Brook P. Hales, Kevin S. Hamilton, Allen D. Haynie, Mathias Held, Matthew S. Holland, David P. Homer, William K. Jackson, Jeremy R. Jaggi, Kelly R. Johnson, Paul V. Johnson, Peter M. Johnson, Larry S. Kacher, Jörg Klebingat, Joni L. Koch, Erich W. Kopischke, Hugo E. Martinez


James B. Martino, John A. McCune, Kyle S. McKay, Peter F. Meurs, Hugo Montoya, Thierry K. Mutombo, Marcus B. Nash, K. Brett Nattress, S. Gifford Nielsen, Adrián Ochoa, Adeyinka A. Ojediran, S. Mark Palmer, Adilson de Paula Parrella, Kevin W. Pearson, Anthony D. Perkins, Paul B. Pieper, John C. Pingree Jr.

Rafael E. Pino, James R. Rasband, Michael T. Ringwood, Lynn G. Robbins, Gary B. Sabin, Ciro Schmeil, Evan A. Schmutz, Joseph W. Sitati, Vern P. Stanfill, Benjamin M. Z. Tai, Brian K. Taylor, Michael John U. Teh, Juan A. Uceda, Arnulfo Valenzuela, Moisés Villanueva, Juan Pablo Villar, Takashi Wada



Taniela B. Wakolo, Alan R. Walker, Scott D. Whiting, Chi Hong (Sam) Wong, Kazuhiko Yamashita, Jorge F. Zeballos

## ANG PRESIDING BISHOPRIC



W. Christopher Waddell, Unang Tagapayo — Gérald Caussé, Presiding Bishop — L. Todd Budge, Pangalawang Tagapayo


## MGA GENERAL OFFICER

### SUNDAY SCHOOL



Milton Camargo, Unang Tagapayo — Mark L. Pace, Pangulo — Jan E. Newman, Pangalawang Tagapayo

### YOUNG WOMEN



Michelle D. Craig, Unang Tagapayo — Bonnie H. Cordon, Pangulo — Becky Craven, Pangalawang Tagapayo

### RELIEF SOCIETY



Sharon Eubank, Unang Tagapayo — Jean B. Bingham, Pangulo — Reyna I. Aburto, Pangalawang Tagapayo

### PRIMARY



Lisa L. Harkness, Unang Tagapayo — Joy D. Jones, Pangulo — Cristina B. Franco, Pangalawang Tagapayo

### YOUNG MEN



Ahmad S. Corbitt, Unang Tagapayo — Steven J. Lund, Pangulo — Bradley R. Wilcox, Pangalawang Tagapayo





Ni Pangulong Henry B. Eyring
*Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Mga Kababaihan sa Sion

*Magiging mahalagang puwersa kayo sa pagtitipon ng Israel at sa pagtatatag ng mga tao ng Sion.*

Mahal kong mga kapatid, mapalad akong makapagsalita sa kamangha-manghang panahong ito sa kasaysayan ng mundo. Araw-araw, palapit tayo nang palapit sa maluwalhating sandali kung kailan paparitong muli sa lupa ang Tagapagligtas na si Jesucristo. Alam natin ang ilang bagay tungkol sa kakila-kilabot na mga kaganapan bago ang Kanyang pagparito, subalit puspos din ng galak at tiwala ang ating puso dahil alam din natin ang maluluwalhating pangakong matutupad bago Siya bumalik.

Bilang minamahal na mga anak na babae ng Ama sa Langit, at bilang mga anak na babae ng Panginoong Jesucristo sa Kanyang kaharian,[1] mahalaga ang bahaging gagampanan ninyo sa dakilang mga panahon na darating. Alam natin na paparito ang Tagapagligtas sa mga taong natipon at naihandang mamuhay tulad ng mga tao sa lunsod ni Enoc. Ang mga tao roon ay nagkaisa sa pananampalataya kay Jesucristo at naging lubos na dalisay kung kaya't dinala sila sa langit.

Narito ang paglalarawang inihayag ng Panginoon kung ano ang mangyayari sa mga tao ni Enoc at ano ang mangyayari sa huling dispensasyong *ito* ng kaganapan ng mga panahon:

"At darating ang araw na ang mundo ay mamamahinga, subalit bago dumating ang araw na yaon ang kalangitan ay magdidilim, at isang tabing ng kadiliman ay babalot sa mundo; at ang kalangitan ay mayayanig, at gayon din ang lupa; at matinding paghihirap ang mapapasa mga anak ng tao, *subalit ang aking mga tao ay pangangalagaan ko;*

"At kabutihan ang aking ipadadala mula sa langit; at katotohanan ay aking ipadadala *sa lupa,* upang magpatotoo sa aking Bugtong na Anak; ang kanyang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay; oo, at ang pagkabuhay na mag-uli rin ng lahat ng tao; at kabutihan at katotohanan ay papapangyarihin kong umabot sa mundo gaya nang isang baha, upang tipunin ang aking mga hinirang mula sa apat na sulok ng mundo, sa isang lugar na aking ihahanda, isang Banal na Lunsod, upang ang aking mga tao ay makapagbigkis ng kanilang mga balakang, at umasa sa araw ng *aking pagparito;* sapagkat *doon* ang aking magiging tabernakulo, at ito ay tatawaging Sion, ang Bagong Jerusalem.

"At sinabi ng Panginoon kay Enoc: Pagkatapos ikaw at ang lahat ng iyong lunsod ay sasalubong sa kanila roon, at tatanggapin natin sila sa ating sinapupunan, at makikita nila tayo, at tayo ay yayapos sa kanilang mga leeg at sila ay yayapos sa ating mga leeg, at hahalikan natin ang isa't isa;

"At *doon* ang aking magiging tahanan, at ito ay magiging Sion, na lalabas mula sa lahat ng aking mga nilalang na aking nilikha; at sa loob ng isanlibong taon ang mundo ay mamamahinga."[2]

Kayong mga kababaihan, ang inyong mga anak na babae, ang inyong mga apong babae, at ang mga kababaihang inyong napangalagaan ay magiging napakahalagang bahagi ng pagtatatag ng lipunang iyon ng mga tao na makikiisa sa maluwalhating pakikipag-ugnayan sa Tagapagligtas. Magiging mahalagang puwersa kayo sa pagtitipon ng Israel



*Temecula, California, USA*

at sa pagtatatag ng mga tao ng Sion na payapang mananahan sa Bagong Jerusalem.

Nangako sa inyo ang Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta. Noong mga unang araw ng Relief Society, sinabi ni Propetang Joseph Smith sa mga kababaihan, "Kung magiging marapat kayo sa inyong mga pribilehiyo, hindi mapipigilan ang mga anghel na *makihalubilo* sa inyo."[3]

Taglay ninyo ang kamangha-manghang potensyal na iyan, at inihahanda kayo para dito.

Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

"Kayong mga kababaihan . . . ay hindi pumapangalawa ang kahalagahan sa plano ng ating Ama para sa walang-hanggang kaligayahan at kapakanan ng Kanyang mga anak. Kayo ay tunay na mahalagang bahagi ng planong iyon.

"Kung wala kayo hindi maisasagawa ang plano. Kung wala kayo mabibigo ang buong plano. . . .

"Bawat isa sa inyo ay anak na babae ng Diyos, na pinagkalooban ng banal na pagkapanganay."[4]

Ang ating kasalukuyang propeta na si Pangulong Russell M. Nelson ay nagbigay ng ganitong paglalarawan tungkol sa bahaging ginagampanan ninyo sa paghahanda para sa pagparito ng Tagapagligtas:

"Hindi masusukat ang impluwensya ng . . . kababaihan, hindi lamang sa mga pamilya kundi sa Simbahan ng Panginoon, bilang asawa, ina, at lola; bilang mga kapatid at tiya; bilang mga guro at lider; at lalo na bilang mga uliran at tapat na tagapagtanggol ng pananampalataya.

"Nakita na ito sa bawat dispensasyon ng ebanghelyo mula pa noong panahon nina Adan at Eva. Subalit ang kababaihan ng dispensasyong *ito* ay naiiba sa kababaihan ng *alinmang* iba pang dispensasyon dahil ang dispensasyong ito ay naiiba sa lahat. Ang kaibhang ito ay nagdudulot kapwa ng mga pribilehiyo at ng mga responsibilidad."[5]

Ang dispensasyong ito ay naiiba dahil aakayin tayo ng Panginoon na maging handa na maging katulad ng mga tao sa lunsod ni Enoc. Inilarawan Niya sa pamamagitan ng Kanyang mga apostol at propeta kung ano ang nakapaloob sa pagbabagong iyon sa mga tao ng Sion.

Itinuro ni Elder Bruce R. McConkie:

"Ang panahon [ni Enoc] ay panahon ng pagkakasala at kasamaan, isang panahon ng kadiliman at paghihimagsik, isang panahon ng digmaan at pagkawasak, isang panahon tungo sa paglilinis ng lupa sa pamamagitan ng tubig.

"Si Enoc, gayunman, ay naging tapat. 'Nakita [niya] ang Panginoon,' at kanyang nakausap siya 'nang harapan' tulad ng pakikipag-usap ng isang tao sa isa pang tao. (Moises 7:4.) Isinugo siya ng Panginoon upang mangaral ng pagsisisi sa mundo, at iniutos sa kanya na 'magbinyag sa pangalan ng Ama, at ng Anak, na puspos ng biyaya at katotohanan, at ng Espiritu Santo, na nagpapatotoo sa Ama at sa Anak.' (Moises 7:11.) Si Enoc ay gumawa ng mga tipan at nagtipon ng isang kongregasyon ng mga tunay na sumasampalataya, na lahat ay *naging* napakatapat kaya 'ang Panginoon ay dumating at namuhay kasama ang kanyang mga tao, at sila ay namuhay sa kabutihan,' at pinagpala ng langit. 'At tinawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na Sion, sapagkat sila ay may isang puso at isang isipan, at namuhay sa kabutihan; at walang maralita sa kanila.' (Moises 7:18.) . . .

"Matapos tawagin ng Panginoon ang kanyang mga tao na Sion, sinabi sa banal na kasulatan na si Enoc ay 'nagtayo ng isang lunsod na tinawag na Lunsod ng Kabanalan, maging ang Sion;' na ang Sion ay 'dinala sa langit' kung saan 'tinanggap ito ng Diyos sa kanyang sariling sinapupunan;" at "magmula noon, humayo ang kasabihang: ang Sion ay naglaho.' (Moises 7:19, 21, 69.) . . .

"Ang Sion ding ito na dinala sa langit ay magbabalik . . . kapag muling ibinalik ng Panginoon ang Sion, at ang mga naninirahan dito ay makikiisa sa bagong Jerusalem, na itatatag pagkatapos niyon."[6]

Kung ang mga nakalipas na kaganapan ay bahagi ng isang bagay na mas mahalaga na mangyayari kalaunan, sa oras ng pagparito ng Tagapagligtas, ang mga anak na babae na lubos na tapat sa kanilang mga tipan sa Diyos ay hihigit pa sa kalahati ng mga taong handang sumalubong sa Kanya kapag Siya ay dumating. Ngunit gaano man karami, magiging sobra-sobra pa sa kalahati ang inyong nagawa sa paglikha ng pagkakaisa sa mga taong handa para sa Sion na iyon.

Sasabihin ko sa inyo kung bakit ako naniniwala na gayon ang mangyayari. Isinalaysay sa Aklat ni Mormon ang tungkol sa mga tao ng Sion. Naaalala ninyo na iyon ay matapos silang turuan, mahalin, at pagpalain ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas na "hindi nagkaroon ng alitan sa lupain, dahil sa pag-ibig sa Diyos na nananahan sa mga puso ng tao."[7]

Naituro sa akin ng aking karanasan na ang mga anak na babae ng Ama sa Langit ay may kaloob na magpahupa ng alitan at magtaguyod ng kabutihan sa pamamagitan ng kanilang pagmamahal sa Diyos at pagtulong sa kanilang mga pinaglilingkuran na magkaroon ng pagmamahal sa Diyos.



*Chiba, Japan*

Nakita ko ito noong kabataan ko noong nagpupulong sa bahay namin ang aming maliit na branch. Kaming magkapatid lamang ang Aaronic Priesthood holder, at ang aking ama lamang ang Melchizedek Priesthood holder. Ang branch Relief Society president ay isang convert na ang asawa ay hindi masaya sa paglilingkod niya sa Simbahan. Ang mga miyembro ay pawang may edad na mga kababaihan na walang kasamang priesthood holder sa kanilang tahanan. Namasdan kong mahalin, pasiglahin at pagmalasakitan nang walang maliw ng aking ina at ng mga kababaihang iyon ang isa't isa. Napagtanto ko ngayon na nabigyan ako ng maagang pagkakataon na masulyapan ang Sion.

Ang natututuhan ko tungkol sa impluwensya ng matatapat na kababaihan ay nagpatuloy sa isang maliit na branch ng Simbahan sa Albuquerque, New Mexico. Namasdan kong pasayahin ng asawa ng branch president, asawa ng district president, at Relief Society president ang lahat ng bagong dating at convert. Noong Linggong umalis ako ng Albuquerque, pagkaraan ng dalawang taong pagmamasid sa impluwensya ng mga kababaihan doon, binuo ang unang stake. Ngayon ay naglagay na ang Panginoon ng isang templo roon.

Sumunod ay lumipat ako sa Boston, kung saan naglingkod ako sa district presidency na nangulo sa maliliit na branch sa dalawang estado. Nagkaroon ng mga alitan na hindi lamang minsan nilutas ng mapagmahal at mapagpatawad na mga kababaihan na tumulong na mapalambot ang mga puso. Noong Linggong umalis ako ng Boston, inorganisa ng isang miyembro ng Unang Panguluhan ang unang stake sa Massachussetts. May templo na roon ngayon, malapit sa dating tirahan ng district president. Siya ay naging aktibong miyembro ng Simbahan at tinawag kalaunan upang maglingkod bilang stake president at pagkatapos ay bilang mission president, dahil sa impluwensya ng kanyang tapat at mapagmahal na asawa.


*San Lucas Sacatepéquez, Guatemala*

Mga kapatid, pinagpala kayong maging mga anak na babae ng Diyos na nagtataglay ng mga natatanging kaloob. Dala ninyo sa mortal na buhay ang espirituwal na kakayahang pangalagaan ang iba at iangat sila nang mas mataas patungo sa pagmamahal at kadalisayang magpapamarapat sa kanila na mamuhay nang magkakasama sa lipunan ng Sion. Talagang may dahilan na ang Relief Society, ang unang organisasyon sa Simbahan na partikular na para sa mga anak na babae ng Ama sa Langit, ay may sawikaing "Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao Kailanman ay Hindi Nagkukulang."

Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay ang dalisay na pag-ibig ni Cristo. At ang pananampalataya sa Kanya at ang lubos na mga epekto ng Kanyang walang-katapusang Pagbabayad-sala ang magpapamarapat sa inyo, at sa inyong mga minamahal at pinaglilingkuran para sa maluwalhating kaloob na mamuhay sa lipunang iyon ng Sion na inasam at ipinangako noon pa man. Doon kayo ay magiging magkakapatid sa Sion, na personal na minamahal ng Panginoon at ng mga taong inyong napagpala.

Pinatototohanan ko na kayo ay mga mamamayan ng kaharian ng Panginoon sa lupa. Kayo ay mga anak na babae ng isang mapagmahal na Ama sa Langit, na isinugo kayo sa mundo taglay ang mga natatanging kaloob na ipinangako ninyong gagamitin upang mapagpala ang iba. Ipinapangako ko sa inyo na aakayin kayo ng Panginoon sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Siya ay magpapauna sa inyong harapan habang tinutulungan ninyo Siya na ihanda ang Kanyang mga tao na maging katulad ng Sion na Kanyang ipinangako. Pinatototohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■


**MGA TALA**

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 25:1.
2. Moises 7:61–64; idinagdag ang pagbibigay-diin.
3. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 532; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. Gordon B. Hinckley, "Women of the Church," *Ensign,* Nob. 1996, 67.
5. Russell M. Nelson, "Isang Pakiusap sa Aking mga Kapatid na Babae," *Liahona,* Nob. 2015, 95–96; idinagdag ang pagbibigay-diin.
6. Bruce R. McConkie, "Building Zion," *Tambuli,* Set. 1977, 13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
7. 4 Nephi 1:15.



Ni Pangulong Dallin H. Oaks
*Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Magalak

*Ang ating di-natitinag na pananampalataya sa doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay gumagabay sa ating mga hakbang at nagbibigay sa atin ng kagalakan.*

Sa mga huling araw ng Kanyang mortal na buhay, sinabi ni Jesucristo sa Kanyang mga Apostol ang mga pag-uusig at hirap na daranasin nila.[1] Nagtapos Siya sa pagsasabi ng dakilang katiyakang ito: "Sa sanlibutan ay nahaharap kayo sa paguusig. Ngunit [magalak], dinaig ko na ang sanlibutan" (Juan 16:33). Iyan ang mensahe ng Tagapagligtas sa lahat ng anak ng ating Ama sa Langit. Iyan ang talagang magandang balita para sa bawat isa sa atin sa ating mortal na buhay.



*Kuala Lumpur, Malaysia*

Ang "magalak" ay isa ring katiyakang kinakailangan sa mundo kung saan isinugo ng nabuhay na mag-uling Cristo ang Kanyang mga Apostol. "Sa bawat panig ay pinagmamalupitan kami," sabi ni Apostol Pablo sa mga taga-Corinto, "subalit hindi nadudurog, nalilito subalit hindi nawawalan ng pag-asa; pinag-uusig, subalit hindi pinababayaan; inilulugmok, subalit hindi napupuksa" (2 Corinto 4:8–9).

Pagkaraan ng dalawang libong taon tayo rin "sa bawat panig ay pinagmamalupitan," at kailangan din natin ang mensaheng iyan na huwag mawalan ng pag-asa kundi magalak. Espesyal ang pagmamahal at pagmamalasakit ng Panginoon sa Kanyang minamahal na mga anak na babae. Alam Niya ang inyong mga naisin, pangangailangan, at pangamba. Ang Panginoon ay makapangyarihan. Magtiwala sa Kanya.

Itinuro kay Propetang Joseph Smith na "ang mga gawain, at ang mga layunin, at ang mga hangarin ng Diyos ay hindi mabibigo, ni mapawawalang-saysay" (Doktrina at mga Tipan 3:1). Sa Kanyang nagpupunyaging mga anak, ibinigay ng Panginoon ang dakilang katiyakang ito:

"Masdan, ito ang pangako ng Panginoon sa inyo, O kayo na aking mga tagapaglingkod.

"Kaya nga, magalak, at huwag matakot, sapagkat ako ang Panginoon ay kasama ninyo, at tatayo sa tabi ninyo; at magpapatotoo kayo sa akin, maging si Jesucristo, na ako ang Anak ng buhay na Diyos" (Doktrina at mga Tipan 68:5–6).

Ang Panginoon ay nakatayo malapit sa atin, at sinabi Niya:

"At kung ano ang sinabi ko sa isa sinasabi ko sa lahat, magalak, maliliit na bata; sapagkat ako ay nasa inyong gitna, at hindi ko kayo pinabayaan" (Doktrina at mga Tipan 61:36).

"Sapagkat pagkatapos ng maraming kapighatian darating ang mga pagpapala" (Doktrina at mga Tipan 58:4).

Mga kapatid, pinatototohanan ko na ang mga pangakong ito, na ibinigay sa gitna ng mga pag-uusig at personal na trahedya, ay angkop sa bawat isa sa inyo sa inyong mga nakababahalang sitwasyon ngayon. Mahalaga ang mga ito at ipinapaalala sa bawat isa sa atin na magalak at masiyahan sa kabuuan ng ebanghelyo habang sumusulong tayo sa kabila ng mga hamon ng mortalidad.

Ang pagdurusa at mga hamon ay karaniwang nararanasan sa mortalidad. Ang oposisyon ay mahalagang bahagi ng banal na plano na makatutulong sa ating pag-unlad,[2] at sa gitna ng prosesong iyan, tiniyak sa atin ng Diyos, sa walang-hanggang pananaw, na hindi itutulot na madaig tayo ng oposisyon. Sa tulong Niya at sa ating katapatan at pagtitiis, tayo ang mananaig. Tulad ng mortal na buhay

kung saan bahagi ang mga ito, lahat ng paghihirap ay pansamantala. Sa mga kontrobersya noong bago mangyari ang mapaminsalang digmaan, matalinong ipinaalala ng pangulo ng Estados Unidos na si Abraham Lincoln sa kanyang mga tagapakinig ang sinaunang karunungan na "ito, rin, ay lilipas."[3]

Tulad ng alam ninyo, ang mga paghihirap sa mundo na binanggit ko—na dahilan kaya mahirap magalak—ay dumarating kung minsan sa atin pati na rin sa marami pang ibang tao, gaya ng milyun-milyong tao ngayon na nakikibaka sa ilan sa maraming mapaminsalang epekto ng pandemyang COVID-19. Sa Estados Unidos din ay milyun-milyon ang nagdurusa sa panahon ng alitan at pagtatalo na tila laging kaakibat ng mga halalan sa pagkapangulo ngunit ang panahong ito ang pinakamatindi na di-malilimutan ng marami sa pinakamatanda sa atin.

Sa personal na buhay, bawat isa sa atin ay nakikibakang mag-isa sa ilan sa maraming paghihirap sa mortalidad, gaya ng karukhaan, rasismo, karamdaman, pagkawala ng trabaho o mga kabiguan, pasaway na mga anak, magulong pagsasama ng mag-asawa o di-pag-aasawa, at mga epekto ng kasalanan—natin o ng iba.

Subalit, sa gitna ng lahat ng ito, pinayuhan tayo ng langit na magalak at masiyahan sa mga alituntunin at pangako ng ebanghelyo at sa mga bunga ng ating mga pagsisikap.[4] Ipinayo na iyan noon pa sa mga propeta at sa ating lahat. Nalaman natin ito mula sa mga karanasan ng mga nauna sa atin at sa sinabi ng Panginoon sa kanila.

Alalahanin ang sitwasyon ni Propetang Joseph Smith. Kung iisipin natin ang mga hirap na naranasan niya, ang kanyang buhay ay puno ng kahirapan, pag-uusig, kabiguan, kalungkutan ng pamilya, at sa huli ay pagkamartir. Noong nakabilanggo siya, nagdanas ng matitinding hirap ang kanyang asawa at mga anak at ang iba pang mga Banal nang sila ay paalisin sa Missouri.


*Provo, Utah, USA*

Nang magsumamo si Joseph para sa kapanatagan, sumagot ang Panginoon:

"Aking anak, kapayapaan ay mapasaiyong kaluluwa; ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang;

"At muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas; ikaw ay magtatagumpay sa lahat ng iyong mga kaaway" (Doktrina at mga Tipan 121:7–8).

Ito ang personal at walang-hanggang payo na nakatulong kay Propetang Joseph na mapanatili ang kanyang likas na pagkamasayahin at ang pagmamahal at katapatan ng kanyang mga tao. Ang mga katangiang ito ang nagpalakas sa sumunod na mga lider at pioneer at mapapalakas din kayo nito.

Isipin ang mga miyembrong iyon noon! Paulit-ulit silang itinaboy sa iba't ibang lugar. Sa huli ay hinarap nila ang hamon na itatag ang kanilang mga tahanan at ang Simbahan sa ilang.[5] Dalawang taon matapos dumating ang unang grupo ng mga pioneer sa lambak ng Great Salt Lake, ang mga pioneer ay nagsisikap pa ring mabuhay sa liblib na lugar na iyon. Ang karamihan sa mga miyembro ay naglalakbay pa rin patawid sa kapatagan o nagsisikap na makahanap ng paraan para magawa ito. Gayon pa man, umasa at nagalak pa rin ang mga lider at miyembro.

Bagama't hindi pa maayos na nakapanirahan ang mga Banal sa kanilang bagong tahanan, sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1849, isang bagong malaking grupo ng mga missionary ang isinugo sa Scandinavia, France, Germany, Italy, at South Pacific.[6] Sa panahong may dahilan ang mga pioneer na malungkot at mawalan ng pag-asa, nagawa pa rin nilang magsakatuparan ng mga dakilang bagay. At pagkaraan lamang ng tatlong taon, 98 pa ang tinawag upang simulang tipunin ang nakalat na Israel. Ipinaliwanag ng isa sa mga lider ng Simbahan noon na ang mga misyong ito "ay karaniwang hindi pangmatagalan; siguro'y mula 3 hanggang 7 taon na mapapalayo ang sinumang lalaki sa kanyang pamilya."[7]

Mga kapatid, ang Unang Panguluhan ay nag-aalala sa mga hamong nararanasan ninyo. Mahal namin kayo at ipinagdarasal kayo. Kasabay nito, madalas kaming nagpapasalamat na ang ating pisikal na mga hamon—bukod pa sa mga lindol, sunog, baha,



São Paulo, Brazil

at bagyo—ay kadalasang hindi kasintindi ng naranasan ng mga nauna sa atin.

Sa gitna ng mga paghihirap, ang ibinibigay na katiyakan ng langit ay palaging "magalak, sapagkat akin kayong aakayin. Ang kaharian ay sa inyo at ang mga pagpapala nito ay sa inyo, at ang mga kayamanan ng kawalang-hanggan ay sa inyo" (Doktrina at mga Tipan 78:18). Paano ito nangyayari? Paano ito nangyari para sa mga pioneer? Paano ito mangyayari sa mga kababaihan ng Diyos ngayon? Sa pagsunod natin sa mga payo ng propeta, "ang mga pintuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa [atin]," sabi ng Panginoon sa paghahayag noong Abril 1830. "Oo," wika Niya, ". . . itataboy ng Panginoong Diyos ang mga kapangyarihan ng kadiliman mula sa harapan ninyo, at payayanigin ang kalangitan para sa inyong ikabubuti, at sa ikaluluwalhati ng kanyang pangalan" (Doktrina at mga Tipan 21:6). "Huwag matakot, munting kawan; gumawa ng mabuti; hayaang magsama ang mundo at impiyerno laban sa inyo, sapagkat kung kayo ay itinayo sa aking bato, hindi sila mananaig" (Doktrina at mga Tipan 6:34).

Sa mga pangako ng Panginoon, ating "pasiglahin ang [ating mga] puso at magalak" (Doktrina at mga Tipan 25:13), at "nang may maligayang mga puso at mukha" (Doktrina at mga Tipan 59:15), sumusulong tayo sa landas ng tipan. Karamihan sa atin ay hindi pa gumagawa ng malalaking desisyon, tulad ng pag-iwan sa ating tahanan upang manirahan sa malayo at di-kilalang lupain. Ang ating mga desisyon ay karaniwang sa araw-araw na gawain sa buhay, ngunit tulad ng sinabi sa atin ng Panginoon, "Huwag mapagod sa paggawa ng mabuti, sapagkat kayo ay naglalagay ng saligan ng isang dakilang gawain. At mula sa maliliit na bagay nagmumula ang yaong dakila" (Doktrina at mga Tipan 64:33).

Walang hanggan ang kapangyarihan sa doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Ang ating di-natitinag na pananampalataya sa doktrinang iyon ay gumagabay sa ating mga hakbang at nagbibigay sa atin ng kagalakan. Nililinaw nito ang ating isipan at nagbibigay ito ng lakas at tiwala sa ating mga ginagawa. Ang patnubay at kaliwanagan at kapangyarihang ito ay mga ipinangakong kaloob na natanggap natin mula sa ating Ama sa Langit. Sa pag-unawa at pag-aayon ng ating buhay sa doktrinang iyon, pati na sa banal na kaloob na pagsisisi, maaari tayong magalak habang nananatili tayo sa landas patungo sa ating walang-hanggang tadhana—muling pagkikita at kadakilaan sa piling ng ating mapagmahal na mga magulang sa langit.



Provo, Utah, USA

"Maaaring nahaharap kayo sa malalaking hamon," pagtuturo ni Elder Richard G. Scott. "Kung minsan ay napakarami at napakatindi ng mga ito, kaya maaaring maramdaman ninyo na hindi na ninyo ito makakayanan. Huwag haraping mag-isa ang mundo. 'Sa Panginoon ay buong puso kang magtiwala, at huwag kang manalig sa sarili mong pang-unawa' [Mga Kawikaan 3:5]. . . . Nilayon na maging isang hamon ang buhay, hindi upang ikaw ay mabigo, kundi upang ikaw ay magtagumpay sa pagdaig dito."[8]

Ito ay bahaging lahat ng plano ng Diyos Ama at ng Kanyang Anak na si Jesucristo, na aking pinatototohanan, at dalangin ko na magsumikap tayong lahat na makarating sa ating patutunguhan sa langit, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

#### MGA TALA

1. Tingnan sa Juan 13–16.
2. Tingnan sa 2 Nephi 2:11.
3. Abraham Lincoln, mensahe sa Wisconsin State Agricultural Society, Milwaukee, Set. 30, 1859, sa John Bartlett, *Bartlett's Familiar Quotations,* 18th ed. (2012), 444.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:31.
5. Tingnan sa Lawrence E. Corbridge, "Surviving and Thriving like the Pioneers," *Ensign,* Hulyo 2020, 23–24.
6. Tingnan sa "Minutes of the General Conference of 6 October 1849," General Church Minutes Collection, Church History Library, Salt Lake City.
7. George A. Smith, sa Journal History of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, Ago. 28, 1852, 1, Church History Library, Salt Lake City.
8. Richard G. Scott, *Finding Peace, Happiness, and Joy* (2007), 248–49.



Ni Pangulong Russell M. Nelson
*Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

# Yakapin ang Bukas nang may Pananampalataya

*Magiging maluwalhati ang bukas para sa mga handa at patuloy na naghahandang maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon.*

Hindi malilimutan ang gabing ito. Mahal kong mga kapatid, karangalan kong makasama kayo. Palagi ko kayong iniisip nitong nakalipas na ilang buwan. Kayo ay mahigit sa walong milyon. Hindi lamang kayo *marami* kundi taglay ninyo ang *espirituwal na kapangyarihang* baguhin ang mundo. Nakita kong ginagawa ninyo iyan sa pandemyang ito.

Ilan sa inyo ang kinailangang maghanap ng mga limitadong suplay at bagong mapagkakakitaan. Marami ang nagturo ng mga bata at inaalam ang kalagayan ng iba. May ilang tinanggap ang pag-uwi ng mga missionary nang mas maaga sa inaasahan, samantalang ang iba ay ginawang missionary training center ang kanilang tahanan. Ginamit ninyo ang teknolohiya para makaugnayan ang pamilya at mga kaibigan, para maglingkod sa mga nawalay, at mag-aral ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* kasama ang iba. Nakahanap kayo ng mga bagong paraan para gawing kalugud-lugod ang Sabbath. At gumawa kayo ng mga face mask—nang milyun-milyon!



*Sugar City, Idaho, USA*

Taglay ang taos-pusong pagkahabag at pagmamahal, nakikiramay ako sa maraming kababaihan sa buong mundo na namatayan ng mga mahal sa buhay. Kasama ninyo kaming nananangis. At ipinagdarasal namin kayo. Pinupuri at ipinagdarasal namin ang lahat ng mga taong walang kapagurang nangangalaga sa kalusugan ng iba.

Kayong mga kabataan ay kahanga-hanga rin. Kahit puno ng pagtatalo ang social media, marami sa inyo ang nakahanap ng paraan para mahikayat ang iba at maibahagi ang liwanag ng ating Tagapagligtas.

Mga kapatid, lahat kayo ay talagang mga bayani! Namamangha ako sa inyong lakas at pananampalataya. Naipakita ninyo iyan sa mahihirap na kalagayan, nananatili kayong matatag. Mahal ko kayo, at tinitiyak ko sa inyo na mahal kayo ng Panginoon at nakikita Niya ang inyong mabuting ginagawa. Salamat sa inyo! Muli, pinatunayan ninyong kayo ay literal na pag-asa ng Israel!

Kinakatawan ninyo ang inaasahan sa inyo ni Pangulong Gordon B. Hinckley nang ipabatid niya ang "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" 25 taon na ang nakalipas noong Setyembre 1995 sa pangkalahatang pulong ng Relief Society.[1] Makabuluhan na pinili niyang ipabatid ang mahalagang pagpapahayag na ito sa kababaihan ng Simbahan. Sa paggawa nito, binigyang-diin ni Pangulong Hinckley ang hindi mapapalitang impluwesya ng kababaihan sa plano ng Panginoon.

Ngayon, gusto kong malaman ang natutuhan ninyo sa taon na ito. Mas napalapit ba kayo sa Panginoon, o mas napalayo sa Kanya? At paano naaapektuhan ng mga nangyayari ngayon ang pananaw ninyo sa hinaharap?

Ang totoo, binanggit ng Panginoon ang ating panahon sa nakababahalang mga salita. Nagbabala Siya na sa ating panahon "ang puso ng mga tao ay

magsisipanlupaypay,"[2] at maging ang mga hinirang ay maaaring malinlang.[3] Sinabi Niya kay Propetang Joseph Smith na "ang kapayapaan ay aalisin sa mundo,"[4] at dadanas ng mga kapahamakan ang mga tao.[5]

Subalit ipinakita rin ng Panginoon kung gaano kagila-gilalas ang dispensasyong ito. Binigyang-inspirasyon Niya si Propetang Joseph Smith na ipahayag na "ang gawain . . . sa mga huling araw na ito, ay napakalawak. . . . Ang mga kaluwalhatian nito ay di sukat mailarawan, at ang karingalan ay di mapapantayan."[6]

Ngayon, maaaring ang *karingalan* ay hindi ang salitang pipiliin ninyo para ilarawan ang nakalipas na ilang buwan na ito! Paano *natin* haharapin ang malungkot na mga propesiya at ang maringal na pahayag tungkol sa ating panahon? Sinabi ng Panginoon ang paraan sa simple, ngunit nakakapanatag na mga salitang ito: "Kung kayo ay handa kayo ay hindi matatakot."[7]

*Napakagandang pangako!* Literal na mababago nito ang pananaw natin sa hinaharap. Narinig ko kamakailan ang isang babae na may malakas na patotoo na umaming ang pandemya, pati ang lindol sa Salt lake Valley, ay nakatulong para mapagtanto niya na hindi pa siya handa tulad ng inakala niya. Nang itanong ko kung imbak na pagkain ba ang tinutukoy niya *o* ang kanyang patotoo, ngumiti siya at sinabing, "Opo!"

Kung paghahanda ang susi sa pagyakap sa dispensasyong ito at sa ating hinaharap nang may pananampalataya, paano tayo lubos na makapaghahanda?

Matagal na tayong hinihikayat ng mga propeta ng Panginoon na mag-imbak ng pagkain, tubig, at mag-ipon ng pera para sa oras ng pangangailangan. Napagtibay ng pandemyang ito ang kahalagahan ng payong iyan. Hinihikayat ko kayong gumawa ng mga hakbang para maging temporal na handa. Ngunit mas inaalala ko ang inyong espirituwal at emosyonal na paghahanda.

Hinggil diyan, marami tayong matututuhan kay Kapitan Moroni. Bilang pinuno ng mga hukbo ng Nephita, hinarap niya ang mas malakas, mas marami, at mas malulupit na kaaway. Kaya, inihanda ni Moroni ang kanyang mga tao sa tatlong mahalagang paraan.

**Una,** tinulungan niya silang gumawa ng ligtas na lugar—"mga lugar ng dulugan" ang tawag niya sa mga ito.[8] **Pangalawa,** inihanda niya "ang mga pag-iisip ng mga tao na maging matapat sa Panginoon."[9] At **pangatlo,** hindi siya huminto sa paghahanda sa kanyang mga tao—sa pisikal o espirituwal.[10] Alamin natin ang tatlong alituntuning ito.



*Bengaluru, India*

### Unang Alituntunin: Gumawa ng mga Lugar ng Dulugan o mga Ligtas na Lugar

Pinatibay ni Moroni ang bawat lunsod ng mga Nephita sa pamamagitan ng pagtataas ng mga pampang ng lupa sa paligid, pagtatayo ng mga muog at mga pader.[11] Nang lusubin sila ng mga Lamanita, ang mga ito "ay labis na nanggilalas . . . dahil sa karunungan ng mga Nephita sa paghahanda ng *kanilang mga lugar ng dulugan*."[12]

Gayundin, sa ligalig na nakapalibot sa *atin,* kailangan nating gumawa ng mga lugar na magiging ligtas *tayo*, kapwa pisikal at espirituwal. Kapag ang inyong tahanan ay naging personal na santuwaryo ng pananampalataya—kung saan nananahan ang Espiritu—ang tahanan ninyo ay nagiging pangunahing tanggulan.

Gayundin, ang mga stake ng Sion ay "isang kanlungan mula sa bagyo"[13] sapagkat pinamumunuan ang mga ito ng mga taong may hawak ng mga susi ng priesthood at gumagamit ng awtoridad ng priesthood. Sa patuloy ninyong pagsunod sa payo ng mga taong binigyan ng awtoridad ng Panginoon na gabayan kayo, madarama ninyong mas ligtas kayo.

Ang templo—ang bahay ng Panginoon—ay ligtas na lugar na di-mapapantayan. Doon, kayong mga kababaihan ay pinagkalooban ng kapangyarihan ng priesthood sa pamamagitan ng mga sagradong tipan ng priesthood na ginawa ninyo.[14] Doon, ang inyong pamilya ay ibinubuklod para sa kawalang-hanggan. Maging sa taon na ito, limitado mang nagagamit ang templo, patuloy ninyong natatanggap ang kapangyarihan ng Diyos dahil sa inyong endowment habang tinutupad ninyo ang mga tipang ginawa ninyo sa Kanya.

Sa madaling salita, ang inyong ligtas na lugar ay *kung saan man* ninyo nadarama ang presensya ng Espiritu Santo at ang Kanyang paggabay.[15] Kapag nasa inyo ang Espiritu Santo,

maituturo ninyo ang katotohanan, kahit pa salungat ito sa opinyon ng nakararami. At mapagninilay ninyo ang matatapat na tanong tungkol sa ebanghelyo sa sitwasyong mas madali kayong makatanggap ng paghahayag.

Inaanyayahan ko kayo, mahal kong mga kapatid, na gawing ligtas na lugar ang inyong mga tahanan. At muli ko kayong inaanyayahan na higit pa ninyong unawain ang kapangyarihan ng priesthood at ang mga tipan at pagpapala ng templo. Ang pagkakaroon ng mga ligtas na lugar na mapagkakanlungan ninyo ay tutulong sa inyong yakapin ang bukas nang may pananampalataya.



*São Paulo, Brazil*

### Pangalawang Alituntunin: Ihanda ang Inyong Isipan na Maging Matapat sa Diyos

May proyekto kaming ginagawa para magamit nang mas matagal at mapalaki ang kapasidad ng Salt Lake Temple.

Tinatanong ng iba kung bakit kailangang gawin ang gayong kalaking proyekto. Gayunman, nang maranasan ng Salt Lake Valley ang 5.7-magnitude na lindol sa unang bahagi ng taong ito, nayanig ang kapita-pitagang templong ito nang napakalakas na ikinabagsak ng estatwa ng anghel na si Moroni![16]

Tulad ng pangangailangang patibayin ang pisikal na pundasyon ng Salt Lake Temple upang makayanan ang mga kalamidad, ang ating *espirituwal* na mga pundasyon ay dapat ding matibay. Sa gayon, sa sandaling yanigin ng maihahalintulad sa lindol ang ating buhay, kaya nating manatiling "matatag at di natitinag" dahil sa ating pananampalataya.[17]

Tinuruan tayo ng Panginoon kung paano palakasin ang ating pananampalataya sa pamamagitan ng paghahangad na "*matuto,* maging sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya."[18] Pinalalakas natin ang ating pananampalataya kay Jesucristo kapag sinisikap nating sundin ang Kanyang mga kautusan at "lagi siyang [inaalala]."[19] Bukod pa rito, lumalakas din ang ating pananampalataya sa tuwing *ginagamit* natin ito. Ito ang ibig sabihin ng pagkatuto sa pamamagitan ng pananampalataya.

Halimbawa, kapag nanampalataya tayo at sumunod sa mga batas ng Diyos—maliitin man tayo ng maraming tao—o sa bawat pagkakataon na tinatanggihan natin ang mga kasiyahan o ideolohiya na tahasang lumalabag sa ating mga tipan, *ginagamit* natin ang ating pananampalataya, at lalo itong *lumalakas*.

Maliban diyan, kaunti lamang ang mga bagay na nakapagpapalakas ng pananampalataya tulad ng regular na pagbabasa ng Aklat ni Mormon. Wala nang iba pang aklat ang makapagpapatotoo kay Jesucristo nang may kapangyarihan at kalinawan. Binigyang-inspirasyon ng Panginoon ang mga propeta rito upang makita nila ang ating panahon at pumili sila ng mga doktrina at katotohanan na lubos na makatutulong sa *atin*. Ang Aklat ni Mormon *ay* ang ating gabay sa mga *huling araw* para manatiling ligtas.

Mangyari pa, nakasalalay ang kaligtasan natin sa pagiging isa natin sa ating Ama sa Langit at kay Jesucristo! Ang buhay na *walang* Diyos ay buhay na puno ng pagkatakot. Ang buhay na *may* Diyos ay buhay na puno ng kapayapaan. Ito ay sa dahilang ang espirituwal na mga pagpapala ay mula sa pagiging matapat. Ang pagtanggap ng personal na paghahayag ay isa sa mga pinakadakila sa mga pagpapalang iyon.

Ipinangako ng Panginoon na kung hihingi tayo, tayo ay makatatanggap ng "paghahayag sa paghahayag."[20] Ipinapangako ko na habang lumalakas ang kakayahan ninyo sa pagtanggap ng paghahayag, bibiyayaan kayo ng Panginoon ng karagdagang direksyon sa inyong buhay at ng walang katapusang mga kaloob ng Espiritu.

### Pangatlong Alituntunin: Huwag Tumigil sa Paghahanda

Bagama't naging *maayos* ang mga pangyayari, patuloy pa rin si Kapitan Moroni sa paghahanda sa kanyang mga tao. Hindi siya kailanman tumigil. Hindi siya *kailanman* naging kampante.

Hindi tumitigil sa pag-atake ang kaaway. Kaya, hindi tayo dapat tumigil *kailanman* sa paghahanda! Kapag mas nakakaasa tayo sa ating sarili—sa temporal, emosyonal, at espirituwal—mas handa tayo na mapaglabanan ang walang tigil na pag-atake ni Satanas.

Mga kapatid, sanay kayong gumawa ng ligtas na lugar para sa inyong sarili at para sa mga mahal ninyo. Bukod pa riyan, pinagkalooban kayo


*Guatemala City, Guatemala*

mula sa langit ng kakayahan na tulungan ang iba na magkaroon ng pananampalataya.[21] At hindi *kayo* tumigil kailanman. Muli ninyo itong naipakita ngayong taon.

Pakiusap, magpatuloy kayo! Ang pagbabantay ninyo para mapanatiling ligtas ang inyong tahanan at pagtatanim ng pananampalataya sa puso ng mga mahal ninyo ay magbubunga ng gantimpala sa mga henerasyong darating.

Mga kapatid, *marami* tayong aasahan! Nabuhay kayo ngayon sa panahong ito dahil alam ng Panginoon na kaya ninyong mamuhay sa kumplikadong huling bahagi ng mga huling araw na ito. Batid Niyang mauunawaan ninyo ang kadakilaan ng Kanyang gawain at sabik kayong tutulong para maisakatuparan ito.

Hindi ko sinasabing magiging madali ang mga araw na darating, ngunit ipinapangako ko na magiging maluwalhati ang bukas para sa mga handa at patuloy na naghahandang maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon.

Mga kapatid, huwag lamang nating *tiisin* ang mga nangyayari ngayon. Ating *yakapin ang bukas nang may pananampalataya*! Ang maligalig na mga panahon ay oportunidad para mapalakas ang ating espirituwalidad. Ito ang mga panahon kung saan maaaring maging mas malakas ang impluwensya natin kaysa sa mga panahong mas payapa.

Ipinapangako ko na habang tayo ay gumagawa ng mga ligtas na lugar, naghahanda ng ating isipan na maging matapat sa Diyos, at hindi tumitigil sa paghahanda, pagpapalain tayo ng Diyos. "Ililigtas niya [tayo]; oo, hanggang sa siya ay bumulong ng kapayapaan sa [ating] mga kaluluwa, at [magbibigay] sa [atin] ng malaking pananampalataya, at [papangyarihing tayo] ay umasa ng [ating] kaligtasan sa kanya."[22]

Sa paghahanda ninyo na yakapin ang bukas nang may pananampalataya, ang mga pangakong ito *ay* mapapasainyo! Pinatotohanan ko ito, lakip ang aking pagmamahal *para sa* inyo at ang aking tiwala *sa* inyo, sa banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," ChurchofJesusChrist.org. Sa mensaheng kalakip ng pagpapahayag na ito, sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa mga kababaihan: "Nagpapasalamat ako sa lakas na taglay ninyo at sa inyong katapatan, inyong pananampalataya, inyong pagmamahal. Nagpapasalamat ako sa matibay na pagpapasiyang taglay ninyo sa inyong puso na lumakad nang may pananampalataya, sundin ang mga utos, gawin ang tama sa lahat ng panahon at sa lahat ng kalagayan" ("Stand Strong against the Wiles of the World," *Ensign,* Nob. 1995, 98–99).
2. Lucas 21:26; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 45:26.
3. Tingnan sa Mateo 24:24; Joseph Smith—Mateo 1:22.
4. Doktrina at mga Tipan 1:35.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:17. Si Apostol Pablo ay nagpropesiya na "sa mga huling araw ay darating ang mga panahon ng kapighatian." Gagawin nitong espirituwal na mapanganib ang ating panahon. (Tingnan sa 2 Timoteo 3:1–5.)
6. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 599.
7. Doktrina at mga Tipan 38:30.
8. Tingnan sa Alma 49:5; 50:4.
9. Alma 48:7.
10. Tingnan sa Alma 49–50.
11. Tingnan sa Alma 48:8.
12. Alma 49:5; idinagdag ang pagbibigay-diin.
13. Doktrina at mga Tipan 115:6.
14. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Mga Espirituwal na Kayamanan," *Liahona,* Nob. 2019, 76–79.
15. Itinuro ni Eliza R Snow na ang Espiritu Santo ay "nagbibigay-kasiyahan at pumupuno sa bawat inaasam ng puso. . . . Kapag puspos ako ng Espiritung iyon, nasisiyahan ang aking kaluluwa, at masasabi kong mabuti na ang mga walang-kabuluhang bagay ng panahong ito ay walang anumang epekto sa aking buhay. . . . At hindi nga ba't pribilehiyo nating mamuhay sa paraan na palagian itong dadaloy sa ating kaluluwa?" (sa *Mga Anak na Babae sa Aking Kaharian: Ang Gawain at Kasaysayan ng Relief Society* [2011], 55).
16. Tingnan sa Daniel Burke, "Utah Earthquake Damages Mormon Temple and Knocks Trumpet from Iconic Angel Statue," Mar. 18, 2020, cnn.com.
17. Mosias 5:15.
18. Doktrina at mga Tipan 88:118; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. Moroni 4:3.
20. Doktrina at mga Tipan 42:61.
21. Ipinahiwatig ni Apostol Pablo ang katotohanang ito nang iugnay niya ang tapat na pananampalataya ni Timoteo sa kanyang ina na si Eunice, at sa kanyang lola na si Loida (tingnan sa 2 Timoteo 1:5).
22. Alma 58:11.



Sesyon sa Linggo ng Umaga | Oktubre 4, 2020

Ni Pangulong M. Russell Ballard
*Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Subalit Maging Handa Kayo sa Bawat Panahon, na Nananalangin

*Ngayon ay ipinaaabot ko ang aking paanyaya na manalangin sa lahat ng tao mula sa bawat bansa sa buong mundo.*

Minamahal kong mga kapatid, noong huling linggo ng Kanyang ministeryo dito sa lupa, itinuro ni Jesus sa Kanyang mga disipulo na "*maging handa kayo sa bawat panahon, na nananalanging* magkaroon kayo ng lakas upang makatakas sa lahat ng mga bagay na ito na mangyayari, at upang makatayo kayo sa harapan ng Anak ng Tao."[1]

Kabilang sa "mga bagay na ito na mangyayari" bago ang Kanyang Ikalawang Pagparito ay "mga digmaan at . . . mga bali-balita ng mga digmaan[,] . . . taggutom, [mga salot], at mga lindol sa iba't ibang dako."[2]

Sa Doktrina at mga Tipan sinabi ng Tagapagligtas na, *"At lahat ng bagay ay magkakagulo; . . . sapagkat ang takot ay mapapasalahat ng tao."*[3]

Tunay ngang nabubuhay tayo sa panahon ng maraming kaguluhan. Maraming tao ang natatakot sa hinaharap, at maraming puso ang tumalikod sa kanilang pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

Ang mga balita ay puno ng mga kwento ng karahasan. Ang mga bagay na imoral ay inilalathala sa internet. Ang mga sementeryo, simbahan, mosque, sinagoga, at mga dambanang panrelihiyon ay nilapastangan.



*Nairobi, Kenya*

Isang pandaigdigang pandemya ang umabot sa halos bawat sulok ng mundo: milyun-milyong tao ang nagkasakit; at higit isang milyon ang namatay. Ang mga seremonya sa pagtatapos sa paaralan, pagsamba sa simbahan, kasal, paglilingkod ng mga misyonero, at maraming iba pang mahahalagang pangyayari sa buhay ay naapektuhan. Dagdag pa rito, napakaraming tao ang naiwang mag-isa at walang kasama.

Ang mga pagbabago sa ekonomiya ay nagdulot ng mga pagsubok para sa napakaraming tao, lalo na sa mga anak ng Ama sa Langit na nasa mahihirap na kalagayan.

Nakakita tayo ng mga taong masigasig na ginagamit ang kanilang karapatan sa mapayapang pagprotesta, at nakakita rin tayo ng mga taong galit na gumagawa ng mga kaguluhan.

Gayundin, patuloy tayong nakakakita ng mga hidwaan sa buong mundo.

Palagi kong naiisip kayong mga nagdurusa, nag-aalala, natatakot, at nadaramang nag-iisa lamang kayo. Tinitiyak ko sa bawat isa sa inyo na kilala kayo ng Panginoon, na alam Niya ang inyong mga alalahanin at paghihirap, at na mahal Niya kayo—nang lubos, personal, malalim, at magpakailanman.

Kapag nananalangin ako tuwing gabi, hinihiling ko sa Panginoon na pagpalain Niya ang mga nagdadalamhati, may nadaramang sakit, nalulungkot, at nalulumbay. Alam kong gayon din ang panalangin ng iba pang mga lider ng Simbahan. Ang aming mga puso ay sumasainyo at ipinagdarasal namin kayo sa Diyos.

Noong nakaraang taon ay nagpunta ako sa hilagang kanlurang bahagi ng Estados Unidos upang

dumalaw sa mga makasaysayang lugar ng Amerika at ng Simbahan, dumalo sa mga pulong kasama ang ating mga missionary at miyembro, at makipagkita sa mga pinuno ng pamahalaan at negosyo.

Noong Linggo, Oktubre 20, nagsalita ako sa isang malaking pagtitipon malapit sa Boston, Massachusetts. Habang ibinibigay ko ang aking mensahe, nakatanggap ako ng inspirasyon na sabihing "Nakikiusap ako sa inyo . . . na manalangin para sa bansang ito, sa ating mga pinuno, sa ating mga tao, at para sa mga pamilyang naninirahan sa dakilang bansang ito na itinatag ng Diyos."[4]

Sinabi ko rin na ang Amerika at marami sa mga bansa sa mundo, tulad noong unang panahon, ay nasa isa na namang mahalagang sangang daan sa kasaysayan.[5]

Ang pakiusap ko ay hindi bahagi ng inihanda kong mensahe. Ang mga salitang iyon ay natanggap ko nang madama ko ang inspirasyon ng Espiritu na anyayahan ang mga naroon na manalangin para sa kanilang bansa at mga pinuno.

Ngayon ay ipinaaabot ko ang aking paanyaya na manalangin sa lahat ng tao mula sa bawat bansa sa buong mundo. Anuman ang inyong paraan ng pananalangin o kaninuman kayo nananalangin, magkaroon nawa kayo ng pananampalataya—anuman ang inyong relihiyon—at manalangin para sa inyong bansa at para sa mga pinuno ng inyong bansa. Tulad ng sinabi ko noong nakaraang Oktubre sa Massachusetts, tayo ngayon ay nasa isa na namang mahalagang sangang daan sa kasaysayan, at ang mga bansa sa mundo ay kailangang-kailangan ang inspirasyon at patnubay ng Diyos. Hindi ito tungkol sa pulitika o patakaran. Tungkol ito sa kapayapaan at sa pagpapagaling na maaaring dumating sa kaluluwa ng bawat tao at gayun din sa kauluwa ng mga bansa—sa kanilang mga lungsod, bayan, at nayon—sa pamamagitan ng Prinsipe ng Kapayapaan at sa pinagmumulan ng lahat ng pagpapagaling, ang Panginoong Jesucristo.

Sa mga nakalipas na buwan, nakatanggap ako ng inspirasyon na ang pinakamainam na paraan para makatulong sa kasalukuyang sitwasyon ng mundo ay ang lubos na pag-asa sa Diyos ng lahat ng tao at ang pagbaling ng kanilang puso sa Kanya sa pamamagitan ng taos-pusong panalangin. Ang pagpapakumbaba ng sarili at paghahangad ng inspirasyon ng langit para mapagtiisan o mapagtagumpayan ang ating mga kinahaharap ay ang pinakaligtas at pinakasiguradong paraan na makasusulong tayo nang may tiwala sa mga panahong ito ng kaguluhan.

Itinampok sa mga banal na kasulatan ang panalangin ni Jesus at ang Kanyang mga turo tungkol sa panalangin noong panahon ng Kanyang ministeryo sa lupa. Maaalala natin ang Panalangin ng Panginoon:

"Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo.

"Dumating nawa ang kaharian mo. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa.

"Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw.

"At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin.

"At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama: Sapagkat iyo ang kaharian, ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman. Amen."[6]

Nililinaw ng taimtim at magandang panalanging ito, na palaging inuulit sa buong Kristiyanismo, na naaangkop lamang na direktang magsumamo sa "Ama [nating] nasa langit" para sa kasagutan sa anumang bumabagabag sa atin. Kung gayon, manalangin tayo para mapatnubayan ng Diyos.

Inaanyayahan ko kayong manalangin sa tuwina.[7] Manalangin para sa inyong pamilya. Manalangin para sa mga pinuno ng mga bansa. Manalangin para sa matatapang na taong nangunguna sa kasalukuyang mga labanan laban sa mga salot sa lipunan, kalikasan, pulitika, at buhay na may epekto sa lahat ng tao sa buong mundo: sa mayaman at sa mahirap, sa bata at sa matanda.

Itinuro sa atin ng Tagapagligtas na huwag nating limitahan kung para kanino tayo mananalangin. Sabi niya, "Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, [pagpalain ninyo sila na sumusumpa sa inyo, gawan ninyo ng mabuti sila na napopoot sa inyo, at ipanalangin ninyo sila na may masamang hangarin sa paggamit sa inyo at umuusig sa inyo.]"[8]

Sa krus sa Kalbaryo, kung saan namatay si Jesus para sa ating mga kasalanan, isinabuhay Niya ang Kanyang turo nang manalangin Siya, "Ama, patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."[9]

Ang taos-pusong pananalangin para sa mga maaaring ituring na ating mga kaaway ay nagpapakita ng ating paniniwala na kayang baguhin ng Diyos ang ating puso at ang puso ng iba. Ang gayong mga panalangin ay dapat na magpatibay sa ating pagnanais na gawin ang anumang kinakailangang pagbabago sa ating sariling buhay, pamilya, at komunidad.

Saanman kayo nakatira, anumang wika ang inyong sinasalita, o anuman ang mga hamong kinahaharap ninyo, naririnig at sasagutin kayo ng Diyos sa Kanyang sariling paraan at panahon. Dahil tayo ay Kanyang mga anak, maaari tayong lumapit sa Kanya para humingi ng tulong, kaginhawahan, at pinanibagong pagnanais na gumawa ng mabuting kaibhan sa mundo.

Hindi sapat ang pananalangin para sa katarungan, sa kapayapaan, sa mahihirap, at sa mga may sakit. Pagkatapos nating *lumuhod* sa panalangin, kailangan nating tumayo at gawin ang makakaya natin upang tumulong—tumulong sa ating sarili at sa ibang tao.[10]

Ang mga banal na kasulatan ay puno ng mga halimbawa ng mga taong may pananampalataya na nilakipan ng gawa ang panalangin upang makagawa ng kaibhan sa buhay nila at sa buhay ng iba. Sa Aklat ni Mormon, halimbawa, mababasa natin ang tungkol kay Enos. Mapapansin na "halos dalawang katlo ng kanyang

maikling aklat ay naglalarawan sa isang panalangin o serye ng mga panalangin, at ang natitirang bahagi ay tungkol naman sa kanyang ginawa dahil sa mga sagot na kanyang natanggap."[11]

Marami tayong halimbawa kung paano nakagawa ng kaibhan ang panalangin sa sariling kasaysayan ng Simbahan, simula sa unang panalangin ni Joseph Smith noong tagsibol ng 1820 sa kakahuyan malapit sa bahay na yari sa troso ng kanyang mga magulang. Naghahangad ng kapatawaran at espirituwal na patnubay, ang panalangin ni Joseph ay nagbukas sa kalangitan. Ngayon ay tinatamasa natin ang mga bunga ng panalangin at pagsisikap ni Joseph ang Propeta at ng iba pang matatapat na mga lalaki at babaeng Banal sa mga Huling Araw na nanalangin at nagsikap na tumulong sa pagtatatag ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Madalas kong isipin ang mga panalangin ng matatapat na kababaihang tulad ni Mary Fielding Smith na, sa tulong ng Diyos, ay buong tapang na inakay ang kanyang pamilya mula sa tumitinding pag-uusig sa Illinois patungo sa kaligtasan sa lambak na ito kung saan umunlad ang kanyang pamilya sa espirituwal at sa temporal. Pagkatapos lumuhod para taimtim na manalangin, siya ay nagsumikap para mapagtagumpayan ang kanyang mga hamon at pagpalain ang kanyang pamilya.

Ang panalangin ay magpapasigla sa atin at pag-iisahin tayo bilang mga indibiduwal, bilang mga pamilya, bilang isang simbahan, at bilang isang mundo. Maiimpluwensyahan ng panalangin ang mga siyentipiko at tutulungan sila nito na matuklasan ang mga bakuna at gamot na tatapos sa pandemyang ito. Papanatagin ng panalangin ang mga nawalan ng mahal sa buhay. Gagabayan tayo nito para malaman kung ano ang ating gagawin para maprotektahan ang ating sarili.

Mga kapatid, nakikiusap ako sa inyo na pagtibayin ninyo ang inyong pangako na manalangin. Nakikiusap ako sa inyo na manalangin kayo sa inyong mga silid, habang kayo ay naglalakad, sa inyong mga tahanan, sa inyong mga ward, at palagi sa inyong mga puso.[12]

Sa ngalan ng mga lider ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, pinasasalamatan ko kayo para sa inyong mga panalangin para sa amin. Nakikiusap ako sa inyo na patuloy na manalangin upang matanggap namin ang inspirasyon at paghahayag para gabayan ang Simbahan sa mahihirap na panahong ito.

Kayang baguhin ng panalangin ang ating buhay. Nahihikayat ng taos-pusong panalangin, makakaya nating bumuti pa at tulungan ang iba na gawin din iyon.

Alam ko ang kapangyarihan ng panalangin dahil sa aking sariling karanasan. Nitong nakaraan ay mag-isa ako sa aking opisina. Katatapos lamang operahan ang aking kamay. Ito ay may pasa, namamaga, at masakit. Habang nakaupo sa tabi ng aking mesa, hindi ako makapagtuon sa mahahalagang bagay dahil sa sakit na aking nadarama.

Lumuhod ako sa panalangin at hiniling ko sa Panginoon na tulungan akong makapagtuon sa aking ginagawa upang matapos ko ito. Tumayo ako at binalikan ang tumpok ng mga papel sa aking mesa. Halos agad-agad ay naging malinaw ang aking isipan at nakapagtuon ako sa aking gawain at natapos ko ang mahahalagang bagay sa aking harapan.

Ang kasalukuyang magulong sitwasyon ng mundo ay maaaring nakakatakot kung iisipin natin ang napakaraming problema at hamon. Ngunit taimtim akong nagpapatotoo na kung tayo ay mananalangin at hihiling sa Ama sa Langit ng mga kinakailangan nating pagpapala at patnubay, malalalaman natin kung paano natin mapagpapala ang ating mga pamilya, kapitbahay, komunidad, at maging ang mga bansa kung saan tayo nakatira.

Ang Tagapagligtas ay nanalangin at pagkatapos Siya ay "naglibot . . . na gumagawa ng mabuti"[13] sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain sa mahihirap, pagbibigay ng tapang at suporta sa mga nangangailangan, at pag-aalok ng pag-ibig, kapatawaran, kapayapaan, at kapahingahan sa mga yaong lalapit sa Kanya. Patuloy Niya tayong inaanyayahang lumapit sa Kanya.

Inaanyayahan ko ang lahat ng miyembro ng Simbahan, pati na rin ang mga kaibigan natin na iba ang relihiyon sa buong mundo, na gawin ang ipinayo ng Tagapagligtas sa Kanyang mga disipulo: "*Maging handa kayo sa bawat panahon, na nananalangin*"[14] para sa kapayapaan, kaginhawahan, kaligtasan, at para sa mga pagkakataong mapaglingkuran ang isa't isa.

Tunay ngang makapangyarihan ang panalangin at tunay ring kailangan ng mundo ngayon ang ating mga panalangin ng pananampalataya sa Diyos at sa Kanyang Minamahal na Anak! Nawa'y alalahanin at pahalagahan natin ang kapangyarihan ng panalangin. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Lucas 21:36; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Mateo 24:6, 7.
3. Doktrina at mga Tipan 88:91; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. M. Russell Ballard, sa Sarah Jane Weaver, "President Ballard Pleads with Latter-day Saints to 'Pray for This Country' as United States Is at 'Another Crossroad,'" *Church News,* Okt. 21, 2019, thechurchnews.com.
5. Tingnan sa Weaver, "President Ballard Pleads with Latter-day Saints."
6. Mateo 6:9–13. Pansinin na nilinaw ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang talata 13: "At huwag mo kaming *hayaang maakay* ng tukso, sa halip iligtas kami sa masama." (Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 6:14 [sa Mateo 6:13, footnote *a*]).
7. Tingnan sa Lucas 18:1–8; 21:36; Efeso 6:18; 2 Nephi 32:9; 3 Nephi 18:15, 18–21; Doktrina at mga Tipan 10:5; 19:38; 33:17; 61:39; 88:126; 90:24.
8. Mateo 5:44.
9. Lucas 23:34.
10. Tingnan sa Alma 34:27–29.
11. Sharon J. Harris, *Enos, Jarom, Omni: A Brief Theological Introduction* (2020), 18.
12. Tingnan sa Alma 33:3–11; 34:17–27.
13. Mga Gawa 10:38.
14. Lucas 21:36, idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa 3 Nephi 18:15.



Ni Lisa L. Harkness
*Unang Tagapayo sa Primary General Presidency*

# Pumayapa Ka, Tumahimik Ka

*Itinuro sa atin ng Tagapagligtas kung paano makadama ng kapayapaan at kapanatagan kahit humahampas ang malalakas na hangin sa ating paligid at nagbabantang lamunin ng malalaking alon ang ating pag-asa.*

Noong bata pa ang aming mga anak, kaming pamilya ay pansamantalang lumagi nang ilang araw sa tabi ng isang magandang lawa. Isang hapon, nagsuot ng life jacket ang ilan sa mga bata bago tumalon sa tubig mula sa isang deck o kubyerta. Atubiling nanood ang aming bunsong babae, na inoobserbahang mabuti ang kanyang mga kapatid. Matapos makaipon ng lakas ng loob, pinisil niya sa isang kamay ang kanyang ilong at tumalon siya. Agad siyang lumutang at sumigaw nang may kaunting takot sa kanyang boses, "Tulong! Tulong!"

Wala naman siya sa panganib; gumana naman nang maayos ang life jacket niya, at ligtas siyang nakalutang. Madali lang naman namin siyang maaabot at mahihila pabalik sa kubyerta. Subalit sa tingin niya, kinailangan niya ng tulong. Marahil ay dahil malamig ang tubig o bago ang karanasang iyon. Sumampa siya pabalik sa kubyerta, kung saan namin siya binalutan ng tuyong tuwalya at pinuri sa kanyang katapangan.

Matanda man tayo o bata pa, marami sa atin, sa mga panahon ng kagipitan, ang agarang nagsabi ng "Tulong!" "Iligtas ninyo ako!" o "Sagutin naman ninyo ang dasal ko!"

Nangyari iyon sa mga disipulo ni Jesus noong panahon ng Kanyang mortal na ministeryo. Sa Marcos mababasa natin na si Jesus ay "muling nagpasimulang magturo sa tabi ng dagat. At nagtipon sa palibot niya ang napakaraming tao."[1] Lubhang dumami ang mga tao kaya si Jesus ay "sumakay sa isang bangka"[2] at nagsalita mula rito. Maghapon Niyang tinuruan ang mga tao gamit ang mga talinghaga habang nakaupo sila sa pampang.

"[At] . . . nang sumapit na ang gabi," sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo, "Tumawid tayo sa kabilang ibayo. Pagkaiwan sa maraming tao,"[3] umalis na sila sa pampang at tumawid sa Dagat ng Galilea. Nang makakita ng lugar sa bandang likod ng bangka, humiga si Jesus at nakatulog kaagad. Hindi nagtagal, "nagkaroon ng isang malakas na unos, sumalpok ang mga alon sa bangka, anupa't ang bangka ay halos napupuno na"[4] ng tubig.

Marami sa mga disipulo ni Jesus ang bihasang mga mangingisda at alam nila kung paano paandarin ang bangka sa gitna ng unos. Sila ang Kanyang mga pinagkakatiwalaan—sa katotohanan, Kanyang mahal—na mga disipulo. Iniwan nila ang kanilang trabaho, personal na interes, at pamilya upang sundan si Jesus. Ang kanilang pananampalataya sa Kanya ay nakita sa presensya nila sa bangka. At ngayon ay nasa gitna ng unos ang kanilang bangka at malapit nang lumubog.

Hindi natin alam kung gaano katagal nila sinikap na panatilihing nakalutang ang bangka sa gitna ng unos, ngunit ginising nila si Jesus nang may kaunting takot sa kanilang boses, sinasabing:

"Guro, hindi ka ba nababahala na mapapahamak tayo?"[5]

"Panginoon, iligtas mo kami; mamamatay kami!"[6]

Tinawag nila Siyang "Guro," at talagang Siya ay ating guro. Siya rin si "Jesucristo, ang Anak ng Diyos, ang Ama ng langit at lupa, ang Lumikha ng lahat ng bagay mula sa simula."[7]

Mula sa Kanyang puwesto sa bangka, bumangon si Jesus at sinaway ang hangin at sinabi sa nagngangalit na dagat, "Pumayapa ka. Tumahimik ka! Tumigil nga ang hangin at nagkaroon ng katahimikan."[8] Bilang Dalubhasang Guro, tinuruan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo sa pamamagitan ng dalawang simple subalit magiliw na tanong. Itinanong Niya.

"Bakit kayo nangatakot?"[9]

"Nasaan ang inyong pananampalataya?"[10]

Bilang mortal, tayo ay may isang pag-uugali, isang tukso pa nga, kapag nasa gitna tayo ng mga pagsubok, problema, o pagdurusa, na humiyaw ng, "Guro, hindi ka ba nababahala na mapapahamak ako? Iligtas mo ako."

Maging si Joseph Smith ay nagsumamo mula sa isang nakakatakot na bilangguan, “O Diyos, nasaan kayo? At nasaan ang pabilyon na tumatakip sa inyong pinagkukublihang lugar?”[11]

Tiyak na nauunawaan ng Tagapagligtas ng sanlibutan ang ating mga limitasyon bilang mortal, dahil tinuturuan Niya tayo kung paano makadama ng kapayapaan at kapanatagan kahit humahampas ang malalakas na hangin sa ating paligid at nagbabantang lamunin ng malalaking alon ang ating pag-asa.

Sa mga yaon na subok na ang pananampalataya, may pananampalatayang tulad sa isang bata, o bahagya lamang ang pananampalataya,[12] nag-aanyaya si Jesus, nagsasabing: “Lumapit kayo sa akin.”[13] “[Maniwala] sa aking pangalan.”[14] “Matuto ka sa akin, at makinig sa aking mga salita.”[15] Magiliw Niyang iniutos, “[Magsisi] at [m]abinyagan sa aking pangalan,”[16] “Kung paanong minahal ko kayo, magmahalan din kayo sa isa’t isa,”[17] at “Lagi ninyo akong [alalahanin].”[18] Muling tiniyak ni Jesus, na ipinaliliwanag: “Ang mga bagay na ito ay sinabi ko sa inyo, upang sa akin ay magkaroon kayo ng kapayapaan. Sa sanlibutan ay [magkakaroon kayo ng kapighatian]. Ngunit lakasan ninyo ang inyong loob, dinaig ko na ang sanlibutan.”[19]

Naiisip ko na ang mga disipulo ni Jesus na nasa bangkang binabagyo, dahil kailangan, ay abalang binabantayan ang mga alon na humahampas sa gilid ng kanilang bangka at nililimas ang tubig na pumapasok dito. Naiisip ko na inaayos nila ang mga layag at sinisikap na kontrolin nang kaunti ang kanilang maliit na bangka. Ang tuon nila ay nasa pananatiling ligtas sa sandaling iyon, at ang paghingi nila ng agarang tulong ay taos-puso.

Marami sa atin ang hindi naiiba sa kanila sa ating panahon. Ang mga nagaganap kamakailan sa buong mundo at sa ating mga bansa, komunidad, at pamilya ay tinambakan tayo ng di-inaasahang mga pagsubok. Sa mga panahon ng matinding kalituhan, maaaring masubukan nang husto ang ating tibay at pang-unawa. Maaari tayong gambalain ng mga alon ng takot, na magiging dahilan upang malimutan natin ang kabutihan ng Diyos, sa gayo’y lalabo ang ating paningin. Subalit sa mahihirap na bahaging ito ng ating paglalakbay hindi lamang masusubukan ang ating pananampalataya kundi mapapatibay rin.

Anuman ang ating sitwasyon, maaari tayong sadyang magsikap na palakasin at pag-ibayuhin ang ating pananampalataya kay Jesucristo. Napapatatag ito kapag inaalala natin na tayo ay mga anak ng Diyos at na mahal Niya tayo. Lumalago ang ating pananampalataya kapag sinusubok natin ang salita ng Diyos nang may pag-asa at kasisigasan, na ginagawa ang lahat upang masunod ang mga turo ni Cristo. Nag-iibayo ang ating pananampalataya kapag pinipili nating maniwala sa halip na magduda, magpatawad sa halip na manghusga, magsisi sa halip na maghimagsik. Pumipino ang ating pananampalataya habang matiyaga tayong umaasa sa kabutihan at awa at biyaya ng Banal na Mesiyas.[20]

“Bagama’t ang pananampalataya ay hindi lubos na kaalaman,” sabi ni Elder Neal A. Maxwell, “naghahatid ito ng malaking tiwala sa Diyos, na may lubos na kaalaman!”[21] Maging sa mga panahon ng kaguluhan, matapang at matatag ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo. Tinutulungan tayo nitong iwaksi ang di-mahalagang mga gambala. Hinihikayat tayo nitong patuloy na sumulong sa landas ng tipan. Nagpapatuloy ang pananampalataya sa kabila ng kabiguan at tinutulutan tayong harapin ang kinabukasan nang may determinasyon at tapang. Hinihikayat tayo nitong humingi ng pagsagip at tulong kapag nagdarasal tayo sa Ama sa pangalan ng Kanyang Anak. At kapag tila hindi nasasagot ang ating mga pagsamo, ang patuloy na pananampalataya natin kay Jesucristo ay nagbubunga ng tiyaga, pagpapakumbaba, at kakayahang sambitin nang may pagpipitagan ang mga salitang, “Masunod nawa ang kalooban mo.”[22]

Itinuro ni Pangulong Russell M. Nelson:

“Ngunit hindi kailangang mapalitan ng takot ang ating pananampalataya. Malalabanan natin ang mga pangambang iyon sa pamamagitan ng pagpapalakas ng ating pananampalataya.

“Simulan sa inyong mga anak. . . . Ipadama ninyo sa kanila ang inyong pananampalataya, maging sa matitinding pagsubok na dumarating sa inyo. Ituon ang inyong pananampalataya sa ating mapagmahal na Ama sa Langit at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo. . . . Ituro sa bawat batang lalaki o babae na siya ay anak ng Diyos, nilikha sa Kanyang larawan o wangis, na may sagradong layunin at potensyal. Bawat isa ay isinilang na may mga hamon na dadaigin at pananampalatayang palalaguin.”[23]

Narinig kong ibahagi ng dalawang apat-na-taong-gulang na bata kamakailan ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo nang sagutin nila ang tanong na “Paano ka tinutulungan ni Jesucristo?” Sabi ng unang bata, “Alam kong mahal ako ni Jesus dahil namatay Siya para sa akin. Mahal din Niya ang matatanda.” Sabi ng pangalawang bata, “Tinutulungan Niya ako kapag malungkot ako o naiinis. Tinutulungan din Niya ako kapag nalulunod ako.”

Ipinahayag ni Jesus, “Anupa’t sinuman ang magsisisi at lalapit sa akin na tulad ng maliit na bata, siya ay tatanggapin ko, sapagkat sa kanila ang kaharian ng Diyos.”[24]


“Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay niya ang kanyang tanging Anak, upang ang sinumang sa kanya’y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.”[25]

Kamakailan, nangako si Pangulong Nelson, “na kasunod nito ay mababawasan ang takot at madaragdagan ang pananampalataya” kapag “[nagsimula tayong] muli na *talagang* makinig, pakinggan, at dinggin ang mga salita ng Tagapagligtas.”[26]

Mga kapatid, ang ating kasalukuyang mapanghamong sitwasyon ay hindi ang ating huli at walang-hanggang hantungan. Bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, tinataglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo sa pamamagitan ng tipan. Nananampalataya tayo sa Kanyang tumutubos na kapangyarihan at umaasa sa Kanyang dakila at natatanging mga pangako. Nasa atin ang lahat ng dahilan upang magalak, sapagkat alam na alam ng ating Panginoon at Tagapagligtas ang ating mga problema, alalahanin, at pighati. Katulad noong sumama si Jesus sa Kanyang mga disipulo, kasama rin natin Siya! Nagpapatotoo ako na nagbuwis Siya ng Kanyang buhay upang kayo at ako ay hindi mamatay. Nawa'y magtiwala tayo sa Kanya, sumunod sa Kanyang mga utos, at may pananampalatayang makinig sa Kanya na nagsasabing, "Pumayapa ka. Tumahimik ka."[27] Sa sagrado at banal na pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Marcos 4:1.
2. Marcos 4:1.
3. Marcos 4:35–36.
4. Marcos 4:37.
5. Marcos 4:38.
6. Mateo 8:25.
7. Mosias 3:8.
8. Marcos 4:39.
9. Marcos 4:40.
10. Lucas 8:25.
11. Doktrina at mga Tipan 121:1.
12. Tingnan sa Alma 32:27.
13. Mateo 11:28.
14. Eter 3:14.
15. Doktrina at mga Tipan 19:23.
16. 3 Nephi 18:11.
17. Juan 13:34.
18. 3 Nephi 18:7.
19. Juan 16:33.
20. Tingnan sa 2 Nephi 2:8.
21. Neal A. Maxwell, "Lest Ye Be Wearied and Faint in Your Minds," *Ensign,* Mayo 1991, 89.
22. Lucas 11:2.
23. Russell M. Nelson, "Harapin ang Kinabukasan nang may Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2011, 34.
24. 3 Nephi 9:22.
25. Juan 3:16.
26. Russell M. Nelson, "Sumulong nang may Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2020, 114.
27. Marcos 4:39.



Ni Elder Ulisses Soares
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Saliksikin si Cristo sa Bawat Pag-iisip

*Ang paglaban sa tukso ay nangangailangan ng habambuhay na pagsisikap at pananampalataya. Ngunit nais kong malaman ninyo na handa tayong tulungan ng Panginoon.*

Sa kanyang patulang awit ng papuri, ipinahayag ng may-akda ng Mga Awit:

"O Panginoon, siniyasat mo ako at nakilala mo ako.

"Iyong nalalaman kapag ako'y umuupo at kapag ako'y tumatayo; nababatid mo ang aking pag-iisip mula sa malayo.

"Iyong sinisiyasat ang aking landas at ang paghiga ko, at ang lahat kong mga lakad ay nalalaman mo."[1]

Sa semantikong paralelismo ng tulang ito, pinupuri ng may-akda ng Mga Awit ang banal na katangian ng Panginoon na walang-hanggang karunungan dahil talagang alam Niya ang bawat aspeto ng ating mga kaluluwa.[2] Nalalaman ang lahat ng kailangan natin sa buhay na ito, inaanyayahan tayo ng Tagapagligtas na sikaping saliksikin Siya sa bawat pag-iisip at sumunod sa Kanya nang buo nating puso.[3] Ito ay nagbibigay sa atin ng pangako na maaari tayong magsilakad sa Kanyang liwanag at na pipigilan ng Kanyang patnubay na makapasok ang



*Villa Alemana, Greater Valparaíso, Chile*

impluwensya ng kadiliman sa ating buhay.[4]

Sa pagsasaliksik kay Cristo sa bawat pag-iisip at pagsunod sa Kanya nang buo nating puso, kailangan nating iayon sa Kanya ang ating isipan at mga hangarin.[5] Ang pag-aayon na ito ay tinutukoy sa mga banal na kasulatan bilang "[pagpapakatibay] sa Panginoon."[6] Ang planong ito na kumilos ay nagpapahiwatig na patuloy tayong namumuhay nang naaayon sa ebanghelyo ni Cristo at araw-araw tayong nakatuon sa lahat ng bagay na mabuti.[7] Saka lang natin matatamo "ang kapayapaan ng Diyos, na hindi maabot ng pag-iisip" at na "mag-iingat ng [ating] mga puso at mga pag-iisip kay Cristo Jesus."[8] Inutusan mismo ng Tagapagligtas ang kalalakihan ng Simbahan noong Pebrero 1831, "Pahalagahan ang mga bagay na ito sa inyong mga puso, at hayaang ang mga kataimtiman ng kawalang-hanggan ay manatili sa inyong mga isipan."[9]

Sa kabila ng patuloy nating pagsisikap na saliksikin ang Panginoon, maaari pa ring mapasok ng mga hindi kanais-nais na bagay ang ating isipan. Kapag ang gayong mga bagay ay hinayaan at inanyayahan pa ngang manatili sa ating isipan, maaaring ang mga ito ay makaimpluwensya sa mga hangarin ng ating puso at umakay sa atin sa kahihinatnan natin sa buhay na ito at kalaunan, sa mamanahin natin sa kawalang-hanggan.[10] Minsang binigyang-diin ni Elder Neal A. Maxwell ang alituntuning ito sa pagsasabing, "Ang mga hangarin ang [siyang] tumutukoy sa mga pagkakaiba sa kahihinatnan, pati sa dahilan kung bakit 'marami ang tinawag, ngunit kakaunti ang pinili.'"[11]

Palagi tayong pinapaalalahanan ng ating mga sinauna at makabagong propeta na paglabanan ang tukso upang maiwasan na manghina ang ating espirituwalidad at malito, maguluhan, at madismaya tayo sa buhay.

Sa matalinghagang pananalita, ang pagpapatangay sa tukso ay tulad ng paglalapit ng isang metal na bagay sa isang magnet. Ang di-nakikitang puwersa ng magnet ang nakakaakit sa metal na bagay at humihila rito nang malakas. Mawawala lang ang kapangyarihan ng magnet sa metal na bagay kapag inilayo iyon sa magnet. Samakatuwid, tulad ng magnet na walang kapangyarihan sa isang metal na bagay na malayo rito, kapag pinaglalabanan natin ang tukso, ito ay naglalaho at nawawalan ng kapangyarihan sa ating puso't isipan at, dahil dito, maging sa mga ginagawa natin.

Ipinapaalala sa akin ng analohiyang ito ang karanasang ibinahagi sa akin kamakailan ng isang napakatapat na miyembro ng Simbahan. Ikinuwento sa akin ng miyembrong ito na nang magising siya isang umaga, biglang pumasok sa kanyang isipan ang isang hindi kanais-nais na bagay na noon lang niya naisip. Bagama't talagang ikinagulat niya ito, nilabanan niya ito kaagad, sinasabi sa kanyang sarili at sa kaisipang iyon, "Hindi!" at pinalitan niya ito ng magandang bagay upang malihis ang kanyang isipan mula sa hindi kanais-nais na kaisipan. Sinabi niya sa akin na nang gamitin niya ang kanyang kalayaang pumili sa kabutihan, nawala kaagad ang negatibo at di-sadyang kaisipan na iyon.

Nang manawagan si Moroni sa mga tao na maniwala sila kay Cristo at magsisi, hinimok niya sila na lumapit sa Tagapagligtas nang buo nilang puso, inaalis ang lahat ng kasamaan sa kanilang mga iniisip at ginagawa. Bukod pa rito, inanyayahan sila ni Moroni na hilingin sa Diyos, nang may di-natitinag na determinasyon, na hindi sila mahulog sa tukso.[12] Ang pagsasabuhay ng mga alituntuning ito ay nangangailangan ng higit pa sa paniniwala; nangangailangan ito ng pag-aayon ng ating mga puso't isipan sa mga banal na alituntuning ito. Ang gayong pag-aayon ay nangangailangan ng araw-araw at palagiang personal na pagsisikap, bukod pa sa pag-asa sa Tagapagligtas, dahil hindi basta-bastang mawawala ang ating likas na pagkahilig nang mag-isa. Ang paglaban sa tukso ay nangangailangan ng habambuhay na pagsisikap at pananampalataya. Ngunit nais kong malaman ninyo na handa tayong


*São Paulo, Brazil*

tulungan ng Panginoon sa ating mga personal na pagsisikap at nangangako Siya ng mga pambihirang pagpapala kung magtitiis tayo hanggang wakas.

Sa isang napakahirap na panahon noong si Joseph Smith at ang kanyang mga kapwa bilanggo sa Piitan ng Liberty ay walang kalayaan maliban sa kanilang mga pag-iisip, ang Panginoon ay nagbigay sa kanila ng nakatutulong na payo at pangako na magagamit din nating lahat:

"Punuin din ang iyong sisidlan ng pag-ibig para sa lahat ng tao, at sa sambahayan ng pananampalataya, at puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; . . .

"Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina, at ang iyong setro ay hindi nagbabagong setro ng kabutihan at katotohanan."[13]

Sa paggawa nito, patuloy na mapupuspos ng kabanalan ang ating mga isipan at aakayin tayo ng mga dalisay na hangarin tungo sa mabubuting gawain.

Pinaalalahanan din ni Moroni ang kanyang mga tao na huwag magpatangay sa kanilang mga pagnanasa.[14] Ang salitang *pagnanasa* ay tumutukoy sa masidhing pananabik at maling pagnanais sa isang bagay.[15] Kabilang

dito ang anumang masasamang kaisipan o hangaring nag-uudyok sa isang indibiduwal na magtuon sa mga makasariling gawi o makamundong pag-aari sa halip na gumawa ng mabuti, maging mabait, sundin ang mga kautusan ng Diyos, at iba pa. Madalas itong nakikita sa pinakamasisidhing pagnanais na bigyang-kasiyahan ang laman. Tinukoy ni Apostol Pablo ang ilan sa mga ito, tulad ng "karumihan, kahalayan, . . . pagtatalo, paninibugho, pagkagalit, . . . pagkainggit, . . . at ang mga katulad nito."[16] Bukod pa sa lahat ng masasamang aspeto ng pagnanasa, hindi natin maaaring kalimutan na ginagamit ito ng kaaway bilang isang lihim at mapanlinlang na sandata laban sa atin kapag tinutukso niya tayong gumawa ng mali.

Mahal kong mga kapatid, pinatototohanan ko na kapag umasa tayo sa bato ng kaligtasan, ang Tagapagligtas ng ating mga kaluluwa, at sinunod natin ang payo ni Moroni, talagang mag-iibayo ang kakayahan nating kontrolin ang mga iniisip natin. Matitiyak ko sa inyo na lalago ang ating espirituwalidad nang napakabilis, na binabago ang ating puso at ginagawa tayong higit na katulad ni Jesucristo. Bukod pa riyan, ang impluwensya ng Espiritu Santo sa ating buhay ay magiging mas matindi at walang



*Peñablanca, Valparaíso, Chile*

patid. Kaya, ang mga tukso ng kaaway ay unti-unting mawawalan ng kapangyarihan sa atin, na hahantong sa mas masaya at mas dalisay at nakalaan na buhay.

Sa mga yaong sa anumang dahilan ay nahulog sa tukso at patuloy na nag-iisip o gumagawa ng mali, tinitiyak ko sa inyo na may paraan upang makapagsisi at makabalik, na may pag-asa kay Cristo. Ilang taon na ang nakalilipas, nagkaroon ako ng pagkakataon na bisitahin ang isang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na nakaranas ng napakahirap na panahon sa kanyang buhay matapos makagawa ng isang mabigat na kasalanan. Noong una ko siyang nakita, napansin ko ang kalungkutan sa kanyang mga mata, na may kasamang liwanag ng pag-asa sa kanyang mukha. Ang kanyang hitsura ay sumasalamin sa isang mapagpakumbaba at nagbagong puso. Siya ay isang tapat na Kristiyano at labis na pinagpala ng Panginoon. Gayunman, hinayaan niyang makapasok sa kanyang isipan ang isang hindi kanais-nais na bagay, na kalaunan ay humantong sa iba pa. Dahil hinayaan niyang patuloy na mamalagi ang mga kaisipang ito, hindi nagtagal ay tumatak ito sa kanyang isipan at sinimulan nitong lasunin ang kanyang puso. Kalaunan ay kumilos siya ayon sa mga hindi karapat-dapat na hangaring ito, na nag-udyok sa kanya na gumawa ng mga desisyon na taliwas sa lahat ng bagay na pinakamahalaga sa kanyang buhay. Sinabi niya sa akin na kung noong una pa lang ay hindi na niya hinayaang makapasok ang masamang bagay na iyon sa kanyang isipan, hindi sana siya naging mahina at madaling nahulog sa mga tukso ng kaaway—mga tukso na naghatid ng matinding kalungkutan sa bahagi ng kanyang buhay.

Sa kabutihang-palad, tulad ng alibughang anak sa tanyag na talinghaga na matatagpuan sa ebanghelyo ni Lucas, "siya'y [n]atauhan" at nagising sa bangungot na iyon.[17] Pinanibago niya ang kanyang tiwala sa Panginoon at nakaramdam siya ng tunay na kalungkutan dahil sa kasalanan at nagkaroon siya ng hangarin na bumalik sa kawan ng Panginoon kalaunan. Noong araw na iyon, pareho naming naramdaman ang nakatutubos na pagmamahal ng Tagapagligtas para sa amin. Sa pagtatapos ng aming maikling pagkikita, pareho kaming naging emosyonal, at hanggang ngayon, naaalala ko pa rin ang nagniningning na kagalakan sa kanyang mukha nang umalis siya sa aking opisina.

Mahal kong mga kaibigan, kapag pinaglalabanan natin ang maliliit na mga tukso, na kadalasang dumarating nang hindi inaasahan sa ating buhay, mas makaiiwas tayo sa mabibigat na kasalanan. Sabi nga ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Bihirang magkasala nang mabigat ang isang tao nang hindi muna nagpapatangay sa mas maliliit na kasalanan, na nagiging daan sa mas mabigat. . . . '[Hindi biglabiglang sumusulpot ang] mga damong ligaw sa malinis na parang.'"[18]

Habang naghahandang isakatuparan ang Kanyang banal na misyon sa mundo, ipinakita ng Tagapagligtas na si Jesucristo ang kahalagahan ng patuloy na paglaban sa lahat ng maaaring pumigil sa atin na isakatuparan ang ating walang-hanggang layunin. Matapos ang ilang bigong pagsalakay ng kaaway, na nagtangkang ilihis Siya mula sa Kanyang misyon, walang pag-aalinlangang pinaalis ng Tagapagligtas ang diyablo sa pagsasabing: "Lumayas ka, Satanas. . . . Pagkatapos nito'y iniwan siya ng diyablo at dumating ang mga anghel at pinaglingkuran siya."[19]

Naiisip ba ninyo, mga kapatid, ang mangyayari kung makahuhugot tayo ng lakas at tapang mula sa Tagapagligtas at makapagsasabi tayo ng "Hindi" at "Lumayas ka" sa mga hindi banal na bagay sa unang sandali pa lang na pumasok ang mga ito sa ating isipan? Ano kaya ang magiging epekto nito sa mga hangarin ng ating mga puso? Paanong ang mga susunod nating gagawin ay makapaglalapit sa atin sa Tagapagligtas at makapagtutulot sa patuloy na impluwensya ng




Espiritu Santo sa ating mga buhay? Alam ko na sa pamamagitan ng pagsunod sa halimbawa ni Jesus, maiiwasan natin ang maraming trahedya at hindi kanais-nais na pag-uugali na maaaring maging sanhi ng mga problema at alitan sa pamilya, negatibong emosyon at pagkahilig, paggawa ng mga bagay na hindi makatarungan at pang-aabuso, pagkaalipin sa masasamang adiksyon, at anupamang bagay na makalalabag sa mga kautusan ng Panginoon.

Sa kanyang makasaysayan at nakaaantig na mensahe noong Abril ng taong ito, ang ating mahal na propeta, si Pangulong Russell M. Nelson ay nangako na ang lahat ng yaong handang "pakinggan Siya—pakinggan si Jesucristo—at sundin ang Kanyang mga kautusan ay "pagpapalain [na] magkaroon ng ibayong kapangyarihan na harapin ang mga tukso, paghihirap, at kahinaan" at na ang ating kakayahang magalak ay madaragdagan, kahit tumitindi ang mga ligalig sa ating buhay.[20]

Pinatototohanan ko sa inyo na ang mga pangakong ibinigay ng ating mahal na propeta ay mga pangakong ibinigay mismo ng Tagapagligtas. Inaanyayahan ko tayong lahat na "pakinggan Siya" sa bawat pag-iisip at sumunod sa Kanya nang buo nating puso upang magkaroon ng lakas at tapang na magsabi ng "Hindi" at "Lumayas ka" sa lahat ng bagay na maaaring maghatid ng kalungkutan sa ating buhay. Kung gagawin natin ito, ipinapangako ko na isusugo ng Panginoon ang Kanyang Banal na Espiritu upang palakasin at aliwin tayo, at tayo ay magiging mga indibiduwal na nakaayon sa sariling puso ng Panginoon.[21]

Pinatototohanan ko na si Jesucristo ay buhay at na sa pamamagitan Niya, maaari tayong magtagumpay laban sa masasamang impluwensya ng kaaway at maging karapat-dapat na mabuhay nang walang hanggan sa piling ng Panginoon at sa kinaroroonan ng ating mahal na Ama sa Langit. Pinatototohanan ko ang mga katotohanang ito nang may buong pagmamahal para sa inyo at sa ating kamangha-manghang Tagapagligtas, na ang pangalan ay aking niluluwalhati, iginagalang, at pinupuri magpakailanman. Sinasabi ko ang mga bagay na ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Mga Awit 139:1–3.
2. Tingnan sa Guide to the Scriptures, "Omniscient," scriptures.ChurchofJesusChrist.org; tingnan din sa Mateo 6:8; 2 Nephi 2:24; 3 Nephi 28:6; Doktrina at mga Tipan 6:16.
3. Tingnan sa Mga Awit 119:2; Isaias 45:22; Mosias 7:33; Doktrina at mga Tipan 6:36.
4. Tingnan sa Juan 8:12.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 68:4.
6. Filipos 4:1.
7. Tingnan sa Filipos 4:8.
8. Filipos 4:7.
9. Doktrina at mga Tipan 43:34.
10. Tingnan sa Mga Kawikaan 23:7; Jeremias 17:10; 2 Nephi 9:39; Mosias 4:30; Alma 12:14; Doktrina at mga Tipan 137:9.
11. Neal A. Maxwell, "According to the Desire of [Our] Hearts," *Ensign,* Nob. 1996, 22; tingnan din sa Mateo 22:14; Doktrina at mga Tipan 95:5.
12. Tingnan sa Mormon 9:27–29; tingnan din sa Mosias 2:41.
13. Doktrina at mga Tipan 121:45–46.
14. Tingnan sa Mormon 9:28.
15. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Pagnanasa," scriptures.ChurchofJesusChrist.org.
16. Galacia 5:19–21.
17. Lucas 15:17.
18. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* (2006), 129; tingnan din sa 2 Samuel 11.
19. Mateo 4:10–11.
20. Russell M. Nelson, "Pakinggan Siya," *Liahona,* Mayo 2020, 90.
21. Tingnan sa 1 Samuel 13:14.



Ni Elder Carlos A. Godoy
*Ng Panguluhan ng Pitumpu*

# Naniniwala Ako sa mga Anghel

*Alam ng Panginoon ang kinakaharap ninyong mga hamon. Kilala Niya kayo, mahal Niya kayo, at ipinapangako ko, magsusugo Siya ng mga anghel para tulungan kayo.*

Mga kapatid, naniniwala ako sa mga anghel, at gusto kong ikuwento sa inyo ang mga karanasan ko sa kanila. Sa paggawa nito, dalangin ko na nawa'y kilalanin natin ang kahalagahan ng mga anghel sa ating buhay.

Ito ang mga salita ni Elder Jeffrey R. Holland sa isang nakaraang pangkalahatang kumperensya: "Kapag binabanggit natin ang mga kasangkapan sa mga kamay ng Diyos, ipinapaalala sa atin na hindi lahat ng anghel ay nagmula sa kabila ng tabing o lambong. Ang ilan sa kanila ay nakakasama natin sa paglakad at nakakausap—dito, ngayon, at araw-araw. Ilan sa kanila ay nakatira sa sarili nating sambayanan. . . . Tunay ngang tila hindi naging mas malapit ang langit kailanman kaysa kapag nakikita natin ang pagmamahal ng Diyos sa kabaitan at katapatan ng mga taong napakabuti at napakadalisay kaya *parang anghel* ang tanging mga salitang naiisip" ("Ang Ministeryo ng mga Anghel," *Liahona,* Nob. 2008, 30).

Ang mga anghel sa mundong ito ang nais kong banggitin. Ang mga anghel na kasa-kasama natin sa buhay araw-araw ay makapangyarihang paalala ng pagmamahal sa atin ng Diyos.

Ang unang mga anghel na babanggitin ko ay ang dalawang sister missionary na nagturo sa akin ng ebanghelyo noong kabataan ko: sina Sister Vilma Molina at Sister Ivonete Rivitti. Inanyayahan kami ng nakababata kong kapatid na babae sa isang aktibidad sa Simbahan kung saan namin nakilala ang dalawang anghel na ito. Hindi ko naisip kailanman kung gaano kalaking pagbabago ang magagawa ng simpleng aktibidad na iyon sa buhay ko.

Hindi interesado noon ang mga magulang at kapatid ko na malaman ang iba pa tungkol sa Simbahan. Ni ayaw nilang tanggapin ang mga missionary sa aming tahanan, kaya nagpaturo ako sa mga missionary sa isang gusali ng Simbahan. Ang munting silid na iyon sa chapel ang aking naging "sagradong kakahuyan."

Isang buwan matapos ipakilala sa akin ng mga anghel na ito ang ebanghelyo, nabinyagan ako. Ako ay 16 anyos noon. Ang malungkot, wala akong retrato ng sagradong kaganapang iyon, ngunit may retrato kaming magkapatid nang sumali kami sa aktibidad na iyon. Kailangan ko sigurong linawin kung sinu-sino ang nasa retratong ito. Ako iyong mas matangkad sa kanan.

Tulad ng naiisip ninyo, mahirap manatiling aktibo sa Simbahan ang isang tinedyer na kailan lang nagbago ang pamumuhay at iba ang landas na tinatahak ng pamilya.

Habang sinisikap kong umakma sa aking bagong buhay, bagong kultura, at bagong mga kaibigan, nadama kong hindi ako nababagay. Pakiramdam ko nag-iisa ako at maraming beses akong pinanghinaan ng loob. Alam kong totoo ang Simbahan, ngunit nahirapan akong madama na bahagi ako nito. Kahit nadama kong hindi ako hindi komportable at hindi sigurado habang sinisikap kong umakma sa bago kong relihiyon, nagkaroon ako ng lakas ng loob na sumali sa isang tatlong-araw na youth conference, na naisip kong makakatulong para magkaroon ako ng mga bagong kaibigan. Dito ko nakilala ang isa pang nagliligtas na anghel, na nagngangalang Mônica Brandão.

Baguhan siya sa lugar, at kalilipat lamang mula sa ibang panig ng



*Dahil sa mga anghel na nakasalamuha ko sa unang mahahalagang taon ko sa Simbahan, nakatanggap ako ng sapat na lakas na manatili sa landas ng tipan.*



*Santo Domingo, Dominican Republic*

Brazil. Agad ko siyang napansin at, sa kabutihang-palad, tinanggap niya ako bilang kaibigan. Palagay ko mas pinansin niya ang kalooban ko kaysa hitsura ko.

Dahil kinaibigan niya ako, ipinakilala niya ako sa mga kaibigan niya, na naging mga kaibigan ko nang masaya kaming dumalo sa maraming aktibidad ng mga kabataan kalaunan. Napakahalaga ng mga aktibidad na iyon sa pag-akma ko sa bagong buhay na ito.

Malaki ang nagawang kaibhan ng mabubuting kaibigang ito, ngunit dahil hindi naituro ang ebanghelyo sa aming tahanan na may pamilyang sumusuporta, naging alanganin pa rin ang patuloy na pagbabalik-loob ko. Ang mga pakikipag-ugnayan ko sa ebanghelyo sa Simbahan ay naging mas mahalaga sa aking lumalagong pagbabalik-loob. Pagkatapos nagsugo ng dalawa pang anghel ang Panginoon para tumulong.

Isa sa kanila si Leda Vettori, ang aking early morning seminary teacher. Sa kanyang magiliw na pagtanggap at nakasisiglang mga klase, araw-araw niya akong binusog sa "mabuting salita ng Diyos" (Moroni 6:4), na kailangang-kailangan ko sa maghapon. Natulungan ako nitong magkaroon ng espirituwal na lakas na magpatuloy.

Ang isa pang anghel na isinugo para tulungan ako ay ang Young Men president na si Marco Antônio Fusco. Itinalaga rin siyang maging senior home teaching companion ko. Kahit kulang ako sa karanasan at iba ang hitsura ko, inatasan niya akong magturo sa aming mga priests quorum meeting at mga home teaching visit. Binigyan niya ako ng pagkakataong kumilos at matuto at hindi lamang maging tagamasid sa ebanghelyo. Nagtiwala siya sa akin, nang higit kaysa pagtitiwala ko sa sarili ko.

Salamat sa lahat ng anghel na ito, at sa marami pang nakasalamuha ko noong mahahalagang taon na iyon, nagkaroon ako ng sapat na lakas upang manatili sa landas ng tipan nang magtamo ako ng espirituwal na patotoo sa katotohanan.

At siyanga pala, ang batang anghel na si Mônica? Pagkatapos naming magmisyon, napangasawa ko siya.

Palagay ko hindi nagkataon lamang na naging bahagi ng prosesong iyon ang mabubuting kaibigan, mga responsibilidad sa Simbahan, at pangangalaga ng mabuting salita ng Diyos. Matalinong itinuro ni Pangulong Gordon B. Hinckley: "Hindi madaling gumawa ng pagbabagong kaugnay ng pagsapi sa Simbahang ito. Nangangahulugan ito ng pagtapos ng ugnayan sa mga dating kaibigan. Nangangahulugan ito ng pag-iwan sa mga kaibigan. Maaari itong mangahulugan ng pagtalikod sa mga pinahahalagahang paniniwala. Maaari itong mangailangan ng pagbabago ng mga gawi at pagpipigil ng mga hilig. Sa maraming pagkakataon nangangahulugan ito ng kalungkutan at maging ng takot sa mga bagay na hindi pamilyar. Kailangang mayroong pangangalaga at pagpapalakas sa mahirap na panahong ito ng buhay ng isang bagong miyembro" ("There Must Be Messengers," *Ensign,* Okt. 1987, 5).

Kalauna'y itinuro rin niya, "Bawat isa sa kanila ay nangangailangan ng tatlong bagay: isang kaibigan, isang responsibilidad, at pangangalaga ng 'mabuting salita ng Diyos'" ("Converts and Young Men," *Ensign,* Mayo 1997, 47).

Bakit ko ikinukuwento sa inyo ang mga karanasang ito?

Una, para magpadala ng isang mensahe sa mga nagdaraan sa ganito ring proseso ngayon mismo. Bagong binyag siguro kayo, o nagbabalik sa Simbahan matapos maging di-aktibo sandali, o nahihirapan lang kayong umakma. Pakiusap, huwag sana kayong tumigil sa pagsisikap na maging bahagi ng malaking pamilyang ito. Ito ang totoong Simbahan ni Jesucristo!

Pagdating sa inyong kaligayahan at kaligtasan, palaging sulit ang pagsisikap na patuloy na sumubok. Sulit ang pagsisikap na baguhin ang inyong pamumuhay at mga tradisyon. Alam ng Panginoon ang kinakaharap ninyong mga hamon. Kilala Niya kayo, mahal Niya kayo, at ipinapangako ko, magsusugo Siya ng mga anghel para tulungan kayo.

Sa sarili Niyang mga salita sinabi ng Tagapagligtas: "Ako ay magpapauna sa inyong harapan. Ako ay papasainyong kanang kamay at sa inyong kaliwa, at ang aking Espiritu ay papasainyong [puso], at ang aking mga anghel ay nasa paligid ninyo, upang dalhin kayo' (Doktrina at mga Tipan 84:88).

Ang pangalawang layunin ko sa pagbabahagi ng mga karanasang ito ay para magparating ng isang mensahe sa lahat ng miyembro ng Simbahan—sa ating lahat. Dapat nating tandaan na hindi madali para sa mga bagong binyag, nagbabalik na mga kaibigan, at yaong naiiba ang pamumuhay na agad na makaakma. Alam ng Panginoon ang kinakaharap nilang mga hamon, at naghahanap Siya ng mga anghel na handang tumulong. Palaging naghahanap ang Panginoon ng mga taong handa na maging mga anghel sa buhay ng iba.

Mga kapatid, handa ba kayong maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon? Handa ba kayong maging isa sa mga anghel na ito? Na maging isang sugo, mula sa Diyos, sa mundong ito, para sa isang taong inaalala Niya? Kailangan Niya kayo. Kailangan nila kayo.

Siyempre pa, lagi tayong makakaasa sa ating mga missionary. Lagi silang nariyan, unang nagpapatala para sa mala-anghel na gawaing ito. Ngunit hindi sila sapat.

Kung titingin kayong mabuti sa paligid makikita ninyo na maraming

nangangailangan ng tulong ng isang anghel. Maaaring hindi nakasuot ang mga taong ito ng puting polo, bestida, o anumang karaniwang damit-pangsimba. Maaaring mag-isa silang nakaupo, nasa bandang likod ng chapel o klase, pakiramdam nila kung minsan ay hindi sila nakikita. Medyo kaiba siguro ang buhok nila o naiiba ang pananalita nila, ngunit naroon sila, at nagsisikap sila.

Maaaring iniisip ng ilan, "Dapat ba akong patuloy na bumalik? Dapat ba akong patuloy na magsikap?" Maaaring iniisip ng iba kung balang araw ay madarama nila na sila ay tanggap at minamahal. Kailangan ang mga anghel, ngayon mismo; mga anghel na handang iwan ang kanilang pansariling kaginhawaan upang yakapin sila; "[mga taong] napakabuti at napakadalisay kaya *parang anghel* ang tanging salitang naiisip ko [para ilarawan sila]" (Jeffrey R. Holland, "Ang Ministeryo ng mga Anghel," 30).

Mga kapatid, naniniwala ako sa mga anghel! Narito tayong lahat ngayon, isang malaking hukbo ng mga anghel na itinalaga para sa mga huling araw na ito, upang maglingkod sa iba bilang mga karugtong ng mga kamay ng isang mapagmahal na Lumikha. Ipinapangako ko na kung handa tayong maglingkod, bibigyan tayo ng Panginoon ng mga pagkakataong maging naglilingkod na mga anghel. Alam Niya kung sino ang nangangailangan ng tulong ng anghel, at ilalagay Niya sila sa ating landas. Inilalagay ng Panginoon yaong mga nangangailangan ng tulong ng anghel sa ating landas araw-araw.

Labis akong nagpapasalamat sa maraming anghel na inilagay ng Panginoon sa aking landas sa buong buhay ko. Kinailangan sila. Nagpapasalamat din ako para sa Kanyang ebanghelyo na tumutulong sa atin na magbago at nagbibigay ng pagkakataon sa atin na magpakabuti pa.

Ito ay isang ebanghelyo ng pagibig, isang ebanghelyo ng paglilingkod. Pinatototohanan ko ito sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Neil L. Andersen
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Nangungusap Tayo tungkol kay Cristo

*Dahil hindi na gaanong binabanggit ng mundo si Jesucristo, banggitin natin Siya nang mas madalas.*

Ipinapahayag ko ang aking pagmamahal sa inyo, mahal naming mga kaibigan at kapwa mananampalataya. Hinahangaan ko ang inyong pananampalataya at katapangan nitong nakaraang mga buwan, habang ang pandemyang ito sa buong mundo ay ginagambala ang ating buhay at naging sanhi ng pagpanaw ng mahal nating mga kapamilya at kaibigan.

Sa panahong ito ng kawalangkatiyakan, kakaiba ang nadarama kong pasasalamat para sa aking matibay at tiyak na kaalaman na si Jesus ang Cristo. Nadama na ba ninyo ang gayon? May mga hirap na nakakaligalig sa bawat isa sa atin, ngunit laging nasa ating harapan Siya na mapagkumbabang nagpahayag na, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay."[1] Samantalang tinitiis natin ang isang panahon na pisikal tayong lumalayo sa iba, hindi natin kailangang tiisin kailanman ang isang panahon na espirituwal tayong lumalayo sa Kanya na patuloy na nagsusumamo sa atin, "Lumapit kayo sa akin."[2]

Tulad ng isang bituing gumagabay sa maaliwalas at madilim na kalangitan, nililiwanagan ni Jesucristo ang ating daan. Siya ay naparito sa lupa sa isang abang kuwadra. Namuhay Siya nang perpekto. Pinagaling Niya ang maysakit at binuhay ang patay. Siya ay kaibigan ng mga taong pinabayaan. Itinuro Niya sa atin na gumawa ng mabuti, sumunod, at mahalin ang isa't isa. Siya ay ipinako sa krus, bumangon nang buong kadakilaan pagkaraan ng tatlong araw, na nagtulot sa atin at sa mga taong mahal natin na mabuhay pagkatapos mamatay. Sa Kanyang walang-kapantay na awa at biyaya, inako Niya ang ating mga kasalanan at ating mga pagdurusa, na naghahatid ng kapatawaran kapag tayo ay nagsisi at ng kapayapaan sa mga unos ng buhay. Mahal natin Siya. Sinasamba natin Siya. Sinusunod natin Siya. Siya ang angkla ng ating kaluluwa.

Ang nakapagtataka, bagama't nag-iibayo ang espirituwal na paniniwalang ito sa ating kalooban, marami sa mundo ang walang gaanong alam tungkol kay Jesucristo, at sa ilang lugar sa mundo kung saan naipahayag ang Kanyang pangalan sa loob ng maraming siglo, nababawasan ang pananampalataya kay Jesucristo. Nakita ng magiging na Banal sa Europe na humihina ang pananalig sa kanilang mga bansa sa paglipas ng mga dekada.[3] Ang malungkot, humihina rin

ang pananampalataya rito sa Estados Unidos. Inihayag sa isang pag-aaral kamakailan na nitong huling 10 taon ay 30 milyong katao sa Estados Unidos ang hindi na naniniwala sa pagka-Diyos ni Jesucristo.[4] Sa buong mundo naman, ibinadya sa isa pang pag-aaral na sa darating na mga dekada, mahigit doble ang aalis sa Kristiyanismo kaysa mga tatanggap dito.[5]

Mangyari pa, iginagalang natin ang karapatan ng bawat isa na pumili, subalit malinaw na sinabi ng ating Ama sa Langit, "Ito ang aking Pinakamamahal na Anak: pakinggan Siya."[6] Pinatototohanan ko na darating ang araw na bawat tuhod ay luluhod at bawat dila ay magpapahayag na si Jesus ang Cristo.[7]

Paano tayo tutugon sa ating pabagu-bagong mundo? Bagama't nagpapabaya ang ilan sa kanilang pananampalataya, ang iba ay naghahanap ng katotohanan. Tinaglay na natin sa sarili natin ang pangalan ng Tagapagligtas. Ano pa ang gagawin natin?

### Ang Paghahanda ni Pangulong Russell M. Nelson

Maaaring dumating ang bahagi ng sagot sa atin habang ginugunita natin kung paano tinuruan ng Panginoon si Pangulong Russell M. Nelson ilang buwan bago siya tinawag bilang Pangulo ng Simbahan. Sa pagsasalita isang taon bago siya tinawag, inanyayahan tayo ni Pangulong Nelson na pag-aralan nang mas malalim ang 2,200 pagbanggit sa pangalang *Jesucristo* na nakalista sa Topical Guide.[8]



*Kung nakatulong ang panibagong pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas sa paghahanda kay Pangulong Nelson, hindi ba makakatulong ito na maihanda rin tayo?*

Pagkaraan ng tatlong buwan, sa pangkalahatang kumperensya ng Abril, binanggit niya, sa kabila ng mga dekada ng kanyang tapat na pagkadisipulo, kung paano nakaapekto nang malaki sa kanya ang mas malalim na pag-aaral na ito tungkol kay Jesucristo. Tinanong siya ni Sister Wendy Nelson tungkol sa epekto nito sa kanya. Ang sagot niya, "Nagbago ako!" Ibang tao na siya? Sa edad na 92, naging bagong tao siya? Ipinaliwanag ni Pangulong Nelson:

"Kapag naglaan tayo ng oras sa pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo, [napapalapit tayo] . . . sa Kanya. . . .

". . . [Napapako ang ating tuon] sa Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo."[9]

Sabi ng Tagapagligtas, "Isaalang-alang ako sa bawat pag-iisip."[10]

Sa isang mundong puno ng trabaho, pangamba, at karapat-dapat na mga pagsisikap, itinutuon natin ang ating puso, isipan, at saloobin sa Kanya na ating pag-asa at kaligtasan.

Kung nakatulong ang panibagong pag-aaral tungkol sa Tagapagligtas sa paghahanda ni Pangulong Nelson, hindi ba makakatulong ito na ihanda rin tayo?

Sa pagbibigay-diin sa pangalan ng Simbahan, itinuro ni Pangulong Nelson: "Kung gusto natin . . . na magkaroon ng bisa sa atin ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo—para linisin at pagalingin tayo, palakasin at luwalhatiin tayo, at sa huli ay dakilain tayo—malinaw nating kilalanin na Siya ang pinagmumulan ng kapangyarihang iyon."[11] Itinuro ni Pangulong Nelson sa atin na ang palagiang paggamit ng tamang pangalan ng Simbahan, na tila isang maliit na bagay, ay hindi talaga maliit at huhubog sa kinabukasan ng mundo.

### Isang Pangako para sa Iyong Paghahanda

Ipinapangako ko sa inyo na kapag inihanda ninyo ang inyong sarili, tulad ng ginawa ni Pangulong Nelson, magbabago rin kayo, mas iisipin ninyo ang Tagapagligtas, babanggitin Siya nang mas madalas at walang gaanong pag-aatubili. Habang lalo ninyo Siyang nakikilala at minamahal, mas madaling dadaloy ang inyo mga salita, tulad ng nangyayari kapag ikinukuwento ninyo ang isa sa inyong mga anak o isang mahal na kaibigan. Ang mga taong nakikinig sa inyo ay hindi na makikipagdebate sa inyo at sa halip ay matututo sa inyo.

Kayo at ako ay nangungusap tungkol kay Jesucristo, ngunit mas mapagbubuti pa siguro natin iyon. Kung hindi Siya madalas na babanggitin ng mundo, sino pa ang babanggit sa Kanya nang mas madalas? Tayo! Kasama ang iba pang matatapat na Kristiyano!

### Pagbanggit Kay Cristo sa Ating mga Tahanan

May mga larawan ba ng Tagapagligtas sa ating tahanan? Madalas ba nating ikuwento sa ating mga anak ang tungkol sa mga talinghaga ni Jesus? "Ang mga kuwento tungkol kay Jesus ay . . . tulad ng ihip ng hangin sa pag-aalab ng pananampalataya na nasa puso ng ating mga anak."[12] Kapag nagtatanong sa inyo ang inyong mga anak, isiping ituro ang itinuro ng Tagapagligtas. Halimbawa, kung itanong ng inyong anak, "Itay, bakit tayo nagdarasal?" Maaari kang sumagot ng, "Magandang tanong iyan. Naaalala mo ba noong magdasal si Jesus? Pag-usapan natin kung bakit Siya nagdasal at paano Siya nagdasal."

"Nangungusap tayo tungkol kay Cristo, nagagalak tayo kay Cristo, . . . upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan."[13]

### Pagbanggit Kay Cristo sa Simbahan

Idinagdag din sa talatang ito na "nangangaral tayo tungkol kay Cristo."[14] Sa ating mga pagsamba, magtuon tayo sa Tagapagligtas na si Jesucristo at sa kaloob na Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Hindi ito nangangahulugan na hindi tayo maaaring magkuwento ng karanasan

mula sa sarili nating buhay o magbahagi ng mga ideya mula sa iba. Bagama't maaaring tungkol sa mga pamilya o paglilingkod o templo o isang bagong misyon ang ating paksa, dapat ay nakatuon ang lahat sa ating pagsamba sa Panginoong Jesucristo.

Tatlumpung taon na ang nakararaan, nagsalita si Pangulong Dallin H. Oaks tungkol sa isang liham na natanggap niya "mula sa isang lalaking nagsabi na dumalo siya sa [isang sacrament] meeting at nakinig sa labimpitong patotoo nang hindi naririnig na binanggit ang Tagapagligtas."[15] Pagkatapos ay sinabi ni Pangulong Oaks, "Marahil ay eksaherado ang paglalarawang ito [ngunit] binanggit ko ito dahil malinaw na paalala ito sa ating lahat."[16] Pagkatapos ay inanyayahan niya tayong banggitin pa nang mas madalas si Jesucristo sa ating mga pananalita at talakayan. Naobserbahan ko na mas lalo pa tayong nagtutuon kay Cristo sa ating mga miting sa Simbahan. Masigasig nating ituloy ang napakapositibong mga pagsisikap na ito.

### Pagbanggit Kay Cristo sa Ibang Tao

Sa mga tao sa ating paligid, maging mas tapat tayo, mas handang mangusap tungkol kay Cristo. Sabi ni Pangulong Nelson, "Ang tunay na mga disipulo ni Jesucristo ay handang lumantad, magsalita, at maiba sa mga tao sa mundo."[17]

Kung minsan iniisip natin na ang pakikipag-usap sa isang tao ay kailangang humantong sa kanilang pagsisimba o pakikipagkita sa mga missionary. Hayaang gabayan sila ng Panginoon kapag handa na sila, habang lalo pa nating iniisip ang ating responsibilidad na maging tinig para sa Kanya, na maingat at tapat na nagsasalita tungkol sa ating pananampalataya. Naituro sa atin ni Elder Dieter F. Uchtdorf na kapag may nagtanong sa atin tungkol sa ating Sabado't Linggo, dapat tayong maging handang sumagot nang masaya na nagustuhan nating makinig sa pagkanta ng mga batang Primary ng "Sinisikap kong tularan si Jesus."[18] Magiliw nating patotohanan ang ating pananampalataya kay Cristo. Kung may magkuwento ng problema niya sa personal niyang buhay, maaari nating sabihing, "John, Mary, alam ninyong naniniwala ako kay Jesucristo. Naiisip ko ang isang bagay na sinabi Niya na maaaring makatulong sa inyo."

Maging mas tapat sa social media sa pagkukuwento tungkol sa tiwala ninyo kay Cristo. Igagalang ng karamihan ang inyong pananampalataya, ngunit kung may nanlilibak kapag binabanggit ninyo ang Tagapagligtas, humugot ng lakas sa Kanyang pangako: "Mapapalad kayo kapag kayo ay nilalait . . . dahil sa akin. . . . Sapagkat malaki ang gantimpala ninyo sa langit."[19] Mas pinahahalagahan natin ang pagiging mga tagasunod Niya kaysa "gustuhin" tayo ng sarili nating mga tagasunod. Ipinayo ni Pedro: "Lagi kayong maging handa [sa pagsagot para] sa pag-asang nasa inyo."[20] Mangusap tayo tungkol kay Cristo.



*Kapag nalantad ang ating mga tunay na katangian bilang mga disipulo ng Tagapagligtas, marami sa ating paligid ang magiging handang makinig.*

Ang Aklat ni Mormon ay isang makapangyarihang saksi ni Jesucristo. Halos bawat pahina ay nagpapatotoo sa Tagapagligtas at sa Kanyang banal na misyon.[21] Puno ng kaalaman tungkol sa Kanyang Pagbabayad-sala at biyaya ang mga pahina nito. Bilang kompanyon sa Bagong Tipan, tinutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na mas maunawaan kung bakit pumarito ang Tagapagligtas upang sagipin tayo at kung paano tayo mas makakalapit pa sa Kanya.

Ang ilan sa ating mga kapwa Kristiyano, kung minsan, ay nagaalinlangan sa ating mga paniniwala at motibo. Tunay tayong magalak na kasama nila na sumasampalataya rin kay Jesucristo at sa Bagong Tipan na mahal nating lahat. Pagdating ng panahon, kakailanganin ng mga naniniwala kay Jesucristo ang pakikipagkaibigan at suporta ng isa't isa.[22]

Habang nababawasan ang pagbanggit ng mundo kay Jesucristo, lalo pa natin Siyang banggitin. Kapag nalantad ang ating mga tunay na katangian bilang Kanyang mga disipulo, marami sa ating paligid ang magiging handang makinig. Kapag ibinahagi natin ang liwanag na natanggap natin mula sa Kanya, ang Kanyang liwanag at Kanyang napakadakilang kapangyarihang magligtas ay magniningning sa mga taong handang buksan ang kanilang puso. Sabi ni Jesus, "Ako'y naparito [bilang] isang ilaw sa sanlibutan."[23]

### Pagpapalakas sa Ating Pagnanais na Magsalita Tungkol Kay Cristo

Walang nagpapasigla sa hangarin kong mas banggitin si Cristo kaysa sa isaisip ang Kanyang pagbabalik. Bagama't hindi natin alam kung kailan Siya paparito, magiging kamangha-mangha ang mga kaganapan ng Kanyang pagbabalik! Darating Siya sa mga ulap ng

langit na may kamahalan at kaluwalhatian kasama ang lahat ng Kanyang banal na mga anghel. Hindi lamang ilang anghel kundi *lahat* ng Kanyang banal na mga anghel. Hindi ito ang mga querubin na mamula-mula ang pisngi na ipininta ni Raphael, na matatagpuan sa ating mga Valentine card. Ito ang mga anghel ng maraming siglo, mga anghel na isinugo upang isara ang bibig ng mga leon,[24] buksan ang pintuan ng mga bilangguan,[25] ibalita ang pinakahihintay na Kanyang pagsilang,[26] aliwin Siya sa Getsemani,[27] bigyang-katiyakan ang Kanyang mga disipulo sa Kanyang Pag-akyat sa Langit,[28] at buksan ang maluwalhating Pagpapanumbalik ng ebanghelyo.[29]

Naiisip ba ninyong umakyat [sa langit] upang salubungin Siya, sa buhay na ito o sa kabilang buhay?[30] Iyan ang pangako Niya sa mga matwid. Magiging malaking impluwensya ang karanasang ito sa ating kaluluwa magpakailanman.

Lubos tayong nagpapasalamat sa ating pinakamamahal na propetang si Pangulong Russell M. Nelson, na nagpasigla sa ating hangaring mahalin ang Tagapagligtas at ipahayag ang Kanyang pagka-Diyos. Saksi ako sa kamay ng Panginoon sa kanya at sa kaloob na paghahayag na gumagabay sa kanya. Pangulong Nelson, sabik kaming naghihintay sa inyong payo.

Mahal kong mga kaibigan sa buong mundo, mangusap tayo tungkol kay Cristo, na inaasam ang Kanyang maluwalhating pangako: "Bawat kumikilala sa akin sa harapan ng mga tao ay kikilalanin ko . . . sa harapan ng aking Ama."[31] Nagpapatotoo ako na Siya ang Anak ng Diyos. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



*Walang nakagaganyak sa hangarin kong magsalita tungkol kay Cristo nang higit kaysa ilarawan sa aking isipan ang Kanyang pagbabalik.*

**MGA TALA**

1. Juan 14:6.
2. Mateo 11:28.
3. Tingnan sa Niztan Peri-Rotem, "Religion and Fertility in Western Europe: Trends across Cohorts in Britain, France and the Netherlands," *European Journal of Population,* Mayo 2016, 231–65; ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC4875064.
4. "[Animnapu't limang porsiyento] ng mga Amerikanong adult ang naglalarawan sa kanilang sarili bilang mga Kristiyano kapag tinatanong sila tungkol sa kanilang relihiyon, mas mababa nang 12 porsiyento kaysa sa nakaraang dekada. Samantala, ang bahagi ng populasyon na walang relihiyon, na binubuo ng mga taong inilalarawan ang kanilang sarili bilang ateista, agnostic o 'walang anumang partikular,' ay nasa 26% na ngayon, tumaas mula sa 17% noong 2009" (Pew Research Center, "In U.S., Decline of Christianity Continues at Rapid Pace," Okt. 17, 2019, pewforum.org).
5. Tingnan sa Pew Research Center, "The Future of World Religions: Population Growth Projections, 2010–2050," Abr. 2, 2015, pewforum.org.
6. Marcos 9:7; Lucas 9:35; tingnan din sa Mateo 3:17; Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
7. Tingnan sa Filipos 2:9-11.
8. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Mga Propeta, Pamumuno, at Batas ng Diyos" (pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Ene. 8, 2017), broadcasts.ChurchofJesusChrist.org.
9. Russell M. Nelson, "Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay," *Liahona,* Mayo 2017, 40-41.
10. Doktrina at mga Tipan 6:36.
11. Russell M. Nelson, "Ang Tamang Pangalan ng Simbahan," *Liahona,* Nob. 2018, 88.
12. Neil L. Andersen, "Mga Kuwento kay Jesus, Isalaysay sa Akin," *Liahona,* Mayo 2010, 108.
13. 2 Nephi 25:26.
14. 2 Nephi 25:26.
15. Dallin H. Oaks, "Another Testament of Jesus Christ" (Brigham Young University fireside, Hunyo 6, 1993), 7, speeches.byu.edu.
16. Dallin H. Oaks, "Witnesses of Christ," *Ensign,* Nob. 1990, 30.
17. Russell M. Nelson, "Paghugot ng Lakas kay Jesucristo sa Ating Buhay," 40.
18. Tingnan sa Dieter F. Uchtdorf, "Gawaing Misyonero: Pagbabahagi ng Nasa Puso Mo," *Liahona,* Mayo 2019, 17; "Sinisikap Kong Tularan si Jesus," *Aklat ng mga Awit Pambata,* 40.
19. Mateo 5:11–12.
20. I Ni Pedro 3:15.
21. "Nang isulat [ng mga eskriba ng mga propeta ng Aklat ni Mormon] ang kanilang patotoo tungkol sa [Pinakamamahal na Anak ng Diyos], binanggit nila ang isang anyo ng pangalan niya na karaniwan ay kada 1.7 mga talata. Literal na tinukoy [nila] si Jesucristo sa 101 iba't ibang pangalan. . . . Kapag natanto na ang isang talata ng banal na kasulatan ay [karaniwang] binubuo ng isang pangungusap, makikita na, sa pangkalahatan, tayo ay hindi makababasa ng dalawang pangungusap nang walang nakikitang isang pangalang tumutukoy kay Cristo" (Susan Easton Black, *Finding Christ through the Book of Mormon* [1987], 5, 15).

    "Samantalang ang mga salitang *magbayad-sala* o *pagbabayad-sala,* sa anuman sa mga anyo ng mga ito, ay minsan lamang lumilitaw sa pagsasalin ng King James ng Bagong Tipan, 35 beses lumilitaw ang mga ito sa Aklat ni Mormon. Bilang isa pang tipan ni Jesucristo, nagbibigay ito ng mahalagang kaliwanagan tungkol sa Kanyang Pagbabayad-sala" (Russell M. Nelson, "The Atonement," *Ensign,* Nob. 1996, 35.)
22. Yaong mga umaalis sa Kristiyanismo sa Estados Unidos ay mas bata pa. "Mahigit walo-sa-sampung miyembro ng Silent Generation (yaong mga isinilang sa pagitan ng 1928 at 1945) ang naglalarawan sa kanilang sarili bilang mga Kristiyano (84%), gayon din ang tatlong kapat ng Baby Boomers (76%). Sa kabilang dako, malinaw na kalahati lamang ng mga Millennial (49%) ang naglalarawan sa kanilang sarili bilang mga Kristiyano; apat-sa-sampu ang relihiyosong 'walang anumang partikular,' at isa-sa-sampung Millennial ang kasama sa mga relihiyong hindi Kristiyano" ("In U.S., Decline of Christianity Continues," pewforum.org).
23. Juan 12:46.
24. Tingnan sa Daniel 6:22.
25. Tingnan sa Mga Gawa 5:19.
26. Tingnan sa Lucas 2:2–14.
27. Tingnan sa Lucas 22:42-43.
28. Tingnan sa Mga Gawa 1:9-11.
29. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 13; 27:12–13; 110:11–16; Joseph Smith—Kasaysayan 1:27–54.
30. Tingnan sa 1 Tesalonica 4:16–17; Doktrina at mga Tipan 88:96–98.
31. Mateo 10:32.



**Ni Pangulong Russell M. Nelson**
*Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

# Hayaang Manaig ang Diyos

*Handa ka bang hayaang manaig ang Diyos sa iyong buhay? Handa ka bang gawin ang Diyos na pinakamahalagang impluwensya sa buhay mo?*

Mahal kong mga kapatid, lubos ang pasasalamat ko sa napakagandang mga mensahe ng kumperensyang ito at sa pagkakataong makapagsalita sa inyo ngayon.

Sa mahigit 36 na taon ko bilang Apostol, naging interesado ako sa doktrina ng pagtitipon ng Israel.[1] *Lahat* ng tungkol dito ay gusto kong alamin, pati na ang mga ministeryo at pangalan[2] nina Abraham, Isaac, at Jacob; ang kanilang buhay at mga asawa; ang tipan na ginawa ng Diyos sa kanila at sa kanilang mga inapo;[3] ang pagkalat ng labindalawang lipi; at ang napakaraming propesiya tungkol sa pagtitipon sa ating panahon.

Pinag-aralan ko ang tungkol sa pagtitipon, ipinagdasal ito, nagpakabusog sa bawat nauugnay na mga banal na kasulatan, at hiniling sa Panginoon na dagdagan ang aking pang-unawa.

Kaya isipin ninyo kung gaano kalaki ang aking tuwa nang may bago akong nalaman kamakailan. Sa tulong ng dalawang iskolar na mga Hebreo, nalaman ko na ang isang ibig sabihin sa Hebreo ng salitang *Israel* ay "hayaang manaig ang Diyos."[4] Kaya ang pangalang *Israel* ay tumutukoy sa tao na *handang* hayaan ang Diyos na manaig sa kanyang buhay. Ang ideyang ito ay inspirasyon sa aking kaluluwa!

Ang salitang *handa* ay mahalaga sa interpretasyong ito ng pangalang *Israel*.[5] May kalayaan tayong lahat. Maaari nating piliing mapabilang sa Israel, o hindi. Puwede nating piliing hayaan ang Diyos na manaig sa ating buhay, o hindi. Maaari nating piliin ang Diyos na maging pinakamalakas na impluwensya sa ating buhay, o hindi.



*Curitiba, Paraná, Brazil*

Saglit nating gunitain ang mahalagang pagbabago sa buhay ni Jacob, na apo ni Abraham. Sa lugar na tinawag ni Jacob na *Peniel* (na ibig sabihin ay "ang mukha ng Diyos"),[6] naranasan ni Jacob na makipagtunggali. Sinubukan ang kanyang kalayaang pumili. Sa pagtutunggaling ito, ipinakita ni Jacob kung ano ang pinakamahalaga sa kanya. Ipinakita niya na handa siya na hayaang manaig ang Diyos sa kanyang buhay. Bilang tugon, binago ng Diyos ang pangalan ni Jacob at naging *Israel*,[7] na ibig sabihin ay "hayaang manaig ang Diyos." At nangako ang Diyos kay Israel na *lahat* ng pagpapalang ipinagkaloob kay Abraham ay makakamit niya rin.[8]

Ang nakalulungkot, sinira ng Israel ang kanilang mga tipan sa Diyos. Pinagpapatay nila ang mga propeta at *hindi* nila ninais na ang Diyos ang manaig sa kanilang buhay. Bunga nito, ikinalat sila ng Diyos sa apat na sulok ng mundo.[9] Nahahabag, nangako Siya kalaunan na titipunin sila, gaya ng itinala ni Isaias: "Sa ilang sandali ay kinalimutan kita [Israel]; ngunit titipunin kita sa pamamagitan ng malaking pagkahabag."[10]

Iniisip ang depinisyon sa Hebreo ng *Israel*, makikita natin na ang pagtitipon ng Israel ay naging mas makahulugan. Tinitipon ng Panginoon ang mga tao na hahayaang manaig ang Diyos sa kanilang buhay. Tinitipon ng Panginoon ang mga taong pipiliin ang Diyos na maging pinakamahalagang impluwensya sa kanilang buhay.

Sa loob ng maraming siglo, ipinropesiya ng mga propeta ang pagtitipong ito,[11] at nagaganap na ito ngayon! Dahil kailangan itong mangyari bago ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon, ito ang *pinakamahalagang* gawain sa mundo!

Itong pagtitipon bago ang milenyo ay mga kuwento ng lumalaking pananampalataya at espirituwal na tapang ng milyun-milyong tao. At bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga



Huling Araw, o "pinagtipang Israel sa mga huling araw,"[12] inatasan tayong tulungan ang Panginoon sa mahalagang gawaing ito.[13]

Kapag sinasabi nating pagtitipon ng Israel sa magkabilang panig ng tabing, ibig sabihin ay gawaing misyonero, gawain sa templo at family history. Ito rin ang pagpapatatag ng pananampalataya at patotoo sa puso ng mga taong kasama natin sa buhay, katrabaho, at pinaglilingkuran natin. Sa tuwing gumagawa tayo ng kahit ano na makatutulong sa kahit sino—sa magkabilang panig ng tabing—para gawin at tuparin ang kanilang mga tipan sa Diyos, tumutulong tayo na tipunin ang Israel.

Kamakailan lamang, ang asawa ng isa sa aming mga apong lalaki ay nagkaroon ng espirituwal na hamon. Tatawagin ko siyang "Jill." Sa kabila ng pag-aayuno, panalangin, at mga basbas ng priesthood, ang ama ni Jill ay nag-agaw-buhay. Takot na takot siya na baka mawala kapwa ang kanyang ama at kanyang patotoo.

Isang gabing malalim, sinabi ng asawa kong si Sister Wendy Nelson, ang tungkol sa sitwasyon ni Jill. Kinabukasan nadama ni Wendy na sabihin kay Jill na ang sagot ko sa kanyang espirituwal na hamon ay isang salita lang! Ang salita ay *myopic*.

Kalaunan ay inamin ni Jill kay Wendy na nanlumo siya noong una sa sagot ko. Sabi niya, "Umasa ako na mangangako si Lolo ng isang himala para kay Itay. Nagtataka ako kung bakit ang salitang *myopic* ang kailangan niyang sabihin."

Matapos pumanaw ang ama ni Jill, ang salitang *myopic* ay palagi niyang naiisip. Binuksan niya ang kanyang puso para mas maunawaan pa na ang ibig sabihin ng *myopic* ay "nearsighted." At nagsimulang magbago ang paraan ng kanyang pag-iisip. At sinabi ni Jill, "tinulungan ako ng salitang *myopic* na tumigil, mag-isip, at gumaling. Ang salitang iyan ngayon ay nagdudulot sa akin ng kapayapaan. Ipinapaalala nito sa akin na palawakin ang aking pananaw at hangarin ang walang-hanggan. Ipinapaalala nito sa akin na may banal na plano at buhay pa rin ang aking ama at mahal at binabantayan niya ako. Inakay ako ng salitang *myopic* tungo sa Diyos."

Ipinagmamalaki ko ang mahal naming manugang sa apo. Sa mahirap na panahong ito sa kanyang buhay, si Jill ay natututong tanggapin ang kalooban ng Diyos para sa kanyang ama, nang may walang-hanggang pananaw para sa kanyang sariling buhay. Sa *pagpiling* hayaang manaig ang Diyos, nakahanap siya ng kapayapaan.

Kung hahayaan natin ito, maraming paraan para makatulong sa atin ang interpretasyong ito ng salitang *Israel* sa Hebreo. Isipin kung paanong ang mga dasal para sa ating mga missionary—at sa sarili nating pagsisikap na tipunin ang Israel—ay mababago sa pagsasaisip sa konseptong ito. Madalas tayong nagdarasal na maakay tayo at ang mga missionary sa mga taong handang tanggapin ang mga katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Iniisip ko, kanino kaya tayo aakayin kapag nagsumamo tayong mahanap ang mga taong handang hayaan ang Diyos na manaig sa kanilang buhay?

Maaari tayong akayin sa mga taong hindi kailanman naniwala sa Diyos o kay Jesucristo ngunit ngayon ay nais nang malaman ang tungkol sa Kanila at sa Kanilang plano ng kaligayahan. Ang iba naman ay maaaring "isinilang sa tipan"[14] ngunit nalihis at lumayo na sa landas ng tipan. Maaaring handa na sila ngayong magsisi, magbalik, at hayaang manaig ang Diyos. Maaari natin silang tulungan sa pamamagitan

ng pagtanggap sa kanila nang may bukas na mga bisig at puso. At para sa ilan kung kanino tayo maaakay, maaaring dama nilang may kulang sa buhay nila. Hangad din nila ang kabuuan at kagalakan na dumarating sa mga taong handang hayaan ang Diyos na manaig sa kanilang buhay.

Ang lambat ng ebanghelyo sa pagtipon ng nakalat na Israel ay napakalaki. May puwang para sa bawat taong lubusang yayakap sa ebanghelyo ni Jesucristo. Bawat nagbalik-loob ay nagiging anak ng tipan ng Diyos,[15] isinilang man sila sa tipan o naging miyembro kalaunan. Bawat isa ay nagiging lubos na tagapagmana ng lahat ng ipinangako ng Diyos sa matatapat na anak ni Israel![16]

Bawat isa sa atin ay may banal na potensiyal dahil bawat isa ay anak ng Diyos. Lahat ay pantay-pantay sa Kanyang paningin. Malawak ang implikasyon ng katotohanang ito. Mga kapatid, sana'y makinig kayong mabuti sa sasabihin ko. Pantay-pantay ang pagmamahal ng Diyos sa lahat ng lahi. Malinaw ang Kanyang doktrina ukol sa bagay na ito. Inaanyayahan Niya ang *lahat* na lumapit sa Kanya, "maitim at maputi, alipin at malaya, lalaki at babae."[17]

Tinitiyak ko sa inyo na ang katayuan sa harap ng Diyos ay hindi batay sa kulay ng inyong balat. Ang pagsang-ayon o hindi pagsang-ayon ng Diyos ay batay sa inyong katapatan sa Kanya at sa Kanyang mga utos at hindi sa kulay ng inyong balat.

Nalulungkot ako na nararanasan ng mga kapatid nating Itim sa buong mundo ang pait na dulot ng rasismo at diskriminasyon. Nananawagan ako ngayon sa ating mga miyembro sa lahat ng dako na manguna sa pagwaksi sa ugali at gawain ng di-pantay na pakikitungo. Nakikiusap ako sa inyo na itaguyod ang respeto para sa lahat ng anak ng Diyos.

Ang tanong para sa bawat isa sa atin, anuman ang lahi, ay iyon pa rin. Handa *ka* bang hayaang manaig ang Diyos sa iyong buhay? Handa *ka* bang maging pinakamahalagang impluwensya sa buhay mo ang Diyos? Hahayaan mo ba ang Kanyang mga salita, Kanyang mga utos, at Kanyang mga tipan na impluwensyahan ang ginagawa mo sa bawat araw? Mas uunahin mo ba ang Kanyang tinig kaysa sa iba? *Handa* ka bang unahin ang kailangan Niyang ipagawa sa iyo kaysa sa lahat ng iba pang mga ambisyon mo? *Handa* ka bang ipasakop ang iyong kalooban sa Kanyang kalooban?[18]

Isipin kung gaano kayo mapagpapala ng gayong kahandaan. Kung kayo ay walang asawa at nais may makasama sa walang-hanggan, ang hangarin ninyong "mapabilang sa Israel" ay tutulong sa inyo na magpasiya kung sino ang inyong idedeyt at kung paano makikipagdeyt.

Kung kayo ay kasal sa asawa na sumira sa kanyang mga tipan, ang kahandaan ninyong hayaang manaig ang Diyos sa inyong buhay ay magpapanatili sa inyong mga tipan sa Diyos. Pagagalingin ng Tagapagligtas ang inyong pusong nasaktan. Ang kalangitan ay mabubuksan sa paghahangad ninyong malaman kung paano susulong. Hindi kayo kailangang magpagala-gala o magtaka.

Kung tapat ang mga tanong ninyo tungkol sa ebanghelyo o sa Simbahan, kapag pinili ninyong manaig ang Diyos, kayo ay aakayin para mahanap at maunawaan ang tiyak at walang-hanggang mga katotohanan na gagabay sa inyong buhay at tutulong sa inyo na manatiling matatag sa landas ng tipan.

Kapag nahaharap kayo sa tukso—dumating man ang tukso sa oras na kayo ay pagod o sa mga panahong dama ninyo na kayo ay nalulungkot o di-nauunawaan—isipin ang maiipon ninyong lakas ng loob sa pagpiling hayaang manaig ang Diyos sa inyong buhay at sa pagsamo ninyo sa Kanya na palakasin kayo.

Kapag ang pinakahangarin ninyo ay hayaang manaig ang Diyos, maging bahagi ng Israel, maraming desisyon ang nagiging mas madali. Maraming isyu ang nagiging hindi na mahalaga! Alam ninyo kung paano magiging kaiga-igaya. Alam ninyo ang dapat panoorin at basahin, kung saan dapat mag-ukol ng oras, at sino ang dapat makasama. Alam ninyo kung ano ang gusto ninyong maisakatuparan. Alam ninyo ang uri ng taong talagang nais ninyong kahinatnan.

Ngayon, mahal kong mga kapatid, kailangan ang pananampalataya at tapang para hayaang manaig ang Diyos. Kailangan dito ang palagian, at masigasig na espirituwal na paggawa para magsisi at hubarin ang likas na tao sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.[19] Kailangan dito ang palagian, at araw-araw na pagsisikap para makagawian ang pag-aaral ng ebanghelyo, malaman pa ang tungkol



*St. Petersburg, Russia*

sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, at maghangad ng personal na paghahayag at kumilos ayon dito.

Sa mapanganib na panahong ito na ipinropesiya ni Apostol Pablo,[20] hindi na *tinatangka* ni Satanas na itago ang kanyang mga pag-atake sa plano ng Diyos. Maraming masasamang ideya ang popular sa mundo. Kaya, ang tanging paraan para espirituwal na maligtas ay magpasiya na hayaang manaig ang Diyos sa ating buhay, matutuhang pakinggan ang Kanyang tinig, at gamitin ang ating lakas para tumulong sa pagtipon ng israel.

Ngayon, ano ang *nadarama* ng Panginoon sa mga taong hahayaang manaig ang Diyos? Mahusay itong ibinuod ni Nephi: "*Minamahal* [ng Panginoon] ang mga tatanggap sa Kanya bilang kanilang Diyos. Masdan, minahal niya ang ating mga ama, at siya ay nakipagtipan sa kanila, oo, maging kina Abraham, Isaac, at Jacob; at [naaalaala] niya ang mga tipang kanyang ginawa."[21]


At ano ang *handang* gawin ng Panginoon para sa Israel? Nangako ang Panginoon na Siya ang "lalaban sa [ating] mga digmaan, at ng digmaan ng [ating] mga anak, at [mga digmaan ng] anak ng [ating] mga anak . . . hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi"![22]

Habang pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan sa susunod na anim na buwan, hinihikayat ko kayong gumawa ng listahan ng lahat ng ipinangako ng Panginoon na gagawin Niya para sa pinagtipanang Israel. Sa palagay ko ay magugulat kayo! Pagnilayan ang mga pangakong ito. Banggitin ang mga ito sa inyong pamilya at mga kaibigan. At pagkatapos ay mamuhay at abangan ang katuparan ng mga pangakong ito sa inyong buhay.

Mahal kong mga kapatid, kapag pinili ninyong manaig ang Diyos sa inyong buhay, mararanasan ninyo para sa inyong sarili na ang ating Diyos ay "isang Diyos ng mga himala."[23] Bilang mga tao, tayo ang Kanyang mga anak ng tipan, at tatawagin tayo sa Kanyang pangalan. Pinatototohanan ko ito sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Binanggit ko ang tungkol sa Israel nang di kukulangin sa 378 na beses sa mahigit 800 mensahe na naibigay ko sa loob ng 36 na taon ko bilang Apostol.
2. Sa Hebreo, ang *Abram* ay dakilang pangalan na ang ibig sabihin ay "dinakilang ama." Ngunit nang baguhin ng Diyos ang pangalang iyon at ginawang *Abraham,* naging mas makabuluhan ang pangalan, na ang ibig sabihin ay "ama ng maraming tao." Tunay na si Abraham ay magiging "ama ng maraming bansa." (Tingnan sa Genesis 17:5; Nehemias 9:7.)
3. Ang Panginoong Diyos na si Jehova ay nakipagtipan kay Abraham na ang Tagapagligtas ay isisilang sa binhi ni Abraham, may partikular na mga lupaing mamanahin, at lahat ng bansa ay pagpapalain sa pamamagitan ng lipi ni Abraham (tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Tipang Abraham").
4. Tingnan sa Bible Dictionary, "Israel."
5. Ang salitang *Israel* ay makikita nang mahigit isang libong beses sa mga banal na kasulatan. Maaari itong tumukoy sa pamilya ni Jacob (Israel) na may 12 anak na lalaki, at mga anak na babae (tingnan sa Genesis 35:23–26; 46:7). Ngayon maaari itong tumukoy sa isang lugar sa ating daigdig. Ngunit ang gamit nito sa doktrinal ay tumutukoy sa mga taong handang hayaang manaig ang Diyos sa kanilang buhay.
6. Tingnan sa Genesis 32:30; binaybay din na *Penuel* sa Genesis 32:31.
7. Tingnan sa Genesis 32:28.
8. Tingnan sa Genesis 35:11–12.
9. Para sa karagdagang pag-aaral, tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Israel, Ang Pagtitipon ng Israel."
10. Isaias 54:7.
11. Tingnan sa Isaias 11:11–12; 2 Nephi 21:11–12; Mosias 15:11.
12. Tingnan sa *Encyclopedia of Mormonism* (1992), "Covenant Israel, Latter-Day," 1:330–31.
13. Sa pakikibahagi natin sa pagtitipon ng Israel, ang Panginoon ay may napakagandang paraan ng paglalarawan sa mga taong natitipon. Tayo ay tinatawag Niya bilang Kanyang "sariling pag-aari" (Exodo 19:5; Mga Awit 135:4), bilang Kanyang "mga hiyas" (Malakias 3:17; Doktrina at mga Tipan 101:3), at isang "banal na bansa" (Exodo 19:6; tingnan din sa Deuteronomio 14:2; 26:18).
14. Ang pariralang ito ay pinatutungkulan ang mismong tipan na ginawa ng Diyos kay Abraham, sinasabing, "Sa iyong binhi ang lahat ng magkakamag-anak sa lupa ay pagpapalain" (3 Nephi 20:27). Ang ibig sabihin ng "isinilang sa loob ng tipan" ay na bago isinilang ang isang tao, ang ama at ina ng taong iyon ay nabuklod sa templo.
15. Ang gayong pangako ay itinuro ng Diyos kay Abraham: "Sapagkat kasindami ng tatanggap ng Ebanghelyong ito ay tatawagin alinsunod sa iyong pangalan, at ibibilang sa iyong mga binhi, at magbabangon at papupurihan ka, bilang kanilang ama" (Abraham 2:10; tingnan din sa Roma 8:14–17; Galacia 3:26–29).
16. Bawat matapat na miyembro ay maaaring humingi ng patriarchal blessing. Sa inspirasyon ng Espiritu Santo, ipinapahayag ng patriarch ang angkan ng taong iyon sa sambahayan ni Israel. Ang deklarasyon iyon ay hindi naman talagang pahayag tungkol sa kanyang lipi, nasyonalidad, o genetic makeup. Sa halip, ang ipinahayag na lahi ay tumutukoy sa lipi ni Israel na sa pamamagitan nito ay matatanggap ng tao ang kanyang mga pagpapala.
17. 2 Nephi 26:33.
18. Tingnan sa Mosias 15:7. Ang pagiging kabilang sa Israel ay hindi para sa pusong mahina. Para matanggap ang lahat ng biyaya na inilaan ng Diyos para sa binhi ni Abraham, asahan na ng bawat isa sa atin na tayo ay "susubukin katulad ni Abraham." Susubukin tayo ng Diyos, tulad ng itinuro ni Propetang Joseph Smith, sa pamamagitan ng pagsubok sa kaibuturan ng ating puso. (Tingnan sa paggunita ni John Taylor, sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 268.)
19. Tingnan sa Mosias 3:19.
20. Tingnan sa 2 Timoteo 3:1–13.
21. 1 Nephi 17:40; idinagdag ang pagbibigay-diin.
22. Doktrina at mga Tipan 98:37; tingnan din sa Mga Awit 31:23; Isaias 49:25; Doktrina at mga Tipan 105:14.
23. Mormon 9:11.



*Salzburg, Austria*



Sesyon sa Linggo ng Hapon | Oktubre 4, 2020

Ni Pangulong Henry B. Eyring
*Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan*

# Sinubok, Napatunayan, at Pinino

*Ang pinakamalaking pagpapala na darating kapag pinatunayan natin ang ating sarili na matapat sa ating mga tipan sa panahon ng ating mga pagsubok ay ang pagbabago sa ating likas na pagkatao.*

Minamahal kong mga kapatid, nagpapasalamat akong makapagsalita sa inyo ngayon. Umaasa akong makapagbigay ng panghihikayat kapag ang buhay ay tila napakahirap at walang-katiyakan. Para sa ilan sa inyo, ang panahong iyon ay ngayon. Kung hindi, ang panahong iyon ay darating.

Iyan ay hindi isang mapanglaw na pananaw. Ito ay makatotohanan—gayunman ay isang positibong pananaw—dahil sa layunin ng Diyos sa Paglikha ng mundong ito. Ang layuning iyon ay para bigyan ang Kanyang mga anak ng pagkakataong patunayan ang kanilang sarili na kaya at handa nilang piliin ang tama kapag mahirap itong gawin. Sa paggawa nito, ang kanilang likas na pagkatao ay mababago at makakaya nilang maging mas katulad Niya. Alam Niyang mangangailangan ito ng hindi natitinag na pananampalataya sa Kanya.



*Villa Alemana, Greater Valparaíso, Chile*

Karamihan sa nalalaman ko ay mula sa aking pamilya. Noong mga walong taong gulang ako, ako at ang kuya ko ay inutusan ng matalino kong ina na samahan siyang magbunot ng damo sa hardin sa likod-bahay namin. Ngayon, parang madaling gawain ito, pero nakatira kami sa New Jersey. Madalas umulan. Ang lupa ay napakaputik. Mas mabilis lumago ang mga damo kaysa sa mga gulay.

Naaalala ko ang pagkadismaya ko nang naputol ang mga damo sa kamay ko habang ang mga ugat nito ay matibay na nakabaon sa makapal na putikan. Hindi nagtagal ang aking ina at kapatid ay nauuna na sa kanilang mga hanay. Habang mas nagsisikap ako, mas lalo nila akong naiiwanan.

"Napakahirap naman!" ang sigaw ko.

Sa halip na makisimpatya, ngumiti ang aking ina at nagsabing, "O, Hal, siyempre mahirap ito. Kailangan itong maging ganito. Ang buhay ay isang pagsubok."

Sa sandaling iyon, alam kong ang kanyang mga salita ay totoo at mananatiling totoo sa aking hinaharap.

Ang dahilan ng magiliw na ngiti ni Inay ay naging malinaw pagkalipas ng mga taon nang mabasa ko ang pagsasalita ng Ama sa Langit at ng Kanyang Bugtong na Anak tungkol sa Kanilang layunin sa paglikha ng daigdig na ito at pagbibigay sa mga espiritung anak ng pagkakataong mabuhay bilang mortal:

"At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos;

"At sila na mga nakapanatili sa kanilang unang kalagayan ay madaragdagan; at sila na mga hindi nakapanatili sa kanilang unang kalagayan ay hindi magtatamo ng kaluwalhatian sa yaon ding kaharian na kasama ng mga yaong nakapanatili sa kanilang unang kalagayan; at sila na mga nakapanatili sa kanilang ikalawang kalagayan ay magtatamo ng kaluwalhatiang idaragdag sa kanilang mga ulo magpakailanman at walang katapusan."[1]

Kayo at ako ay tumanggap sa paanyayang iyon na subukin at patunayan na pipiliin nating sundin ang mga kautusan ng Diyos kapag wala na tayo sa piling ng ating Ama sa Langit.

Sa kabila ng gayong mapagmahal na paanyaya mula sa ating Ama sa Langit, nahikayat ni Lucifer ang ikatlong bahagi ng mga espiritung anak na sumunod sa kanya at tanggihan ang plano ng Ama para sa ating paglago at walang-hanggang kaligayahan. Dahil sa paghihimagsik ni Satanas, siya ay pinalayas kasama ng kanyang mga tagasunod. Ngayon, sinusubukan

niyang pasuwayin sa Diyos ang lahat ng kaya niyang pasuwayin dito sa mortal na buhay.

Tayo na tumanggap ng plano ay ginawa ito dahil sa ating pananampalataya kay Jesucristo, na nag-alok na maging ating Tagapagligtas at Manunubos. Malamang na naniwala tayo noon na anumang kahinaang mortal na magkakaroon tayo, at anumang masasamang puwersa ang kumalaban sa atin, ang puwersa ng kabutihan ay magiging labis na mas malakas.

Mahal at kilala kayo ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Nais Nila kayong makabalik sa Kanila at maging katulad Nila. Ang inyong tagumpay ay Kanilang tagumpay. Nadama na ninyong pinagtibay ang pagmamahal na iyon ng Espiritu Santo nang mabasa o marinig ninyo ang mga salitang ito, "Sapagkat masdan, ito ang aking gawain at aking kaluwalhatian—ang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao."[2]


*Salzburg, Austria*

Ang Diyos ay may kapangyarihang gawing mas madali ang ating landas. Pinakain Niya ng manna ang mga anak ni Israel sa kanilang paglalakbay patungo sa lupang pangako. Sa Kanyang mortal na ministeryo, pinagaling ng Panginoon ang may sakit, binuhay ang patay, at pinayapa ang dagat. Matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, binuksan Niya "ang bilangguan sa kanila na nakagapos."[3]

Gayunman ang Propetang Joseph Smith, ang isa sa pinakadakila sa Kanyang mga propeta, ay nagdusa sa bilangguan at tinuruan ng aral na pakikinabangan at kakailanganin nating lahat sa ating paulit-ulit na mga pagsubok ng pananampalataya: "At kung ikaw ay itatapon sa hukay, o sa mga kamay ng mga mamamatay-tao, at ang kahatulan ng kamatayan ay ihahatol sa iyo; kung ikaw ay itapon sa kalaliman; kung ang dumadaluyong na alon ay magkaisa laban sa iyo; kung ang malakas na hangin ay iyong maging kaaway; kung ang kalangitan ay magtipon ng kadiliman, at ang lahat ng elemento ay magsama-sama upang harangan ang daan; at higit sa lahat, kung ang pinakapanga ng impiyerno ay ibubuka nang malaki ang bibig sa iyo, alamin mo, aking anak, na ang lahat ng bagay na ito ay magbibigay sa iyo ng karanasan, at para sa iyong ikabubuti."[4]

Maaaring makatwiran ninyong pagisipan kung bakit pinahihintulutan ng mapagmahal at lubos na makapangyarihang Diyos na maging napakahirap ng ating mortal na pagsubok. Ito ay dahil nalalaman Niyang kailangan nating umunlad sa espirituwal na kalinisan at lakas upang magawa nating mamuhay sa Kanyang piling bilang mga pamilya magpakailanman. Upang maging posible ito, binigyan tayo ng Ama sa Langit ng isang Tagapagligtas at ng kapangyarihang pumili para sa ating sarili sa pamamagitan ng pananampalataya na sundin ang Kanyang mga kautusan at magsisi at pagkatapos ay lumapit sa Kanya.

Nakasentro sa plano ng kaligayahan ng Ama ang ating pagiging mas katulad ng Kanyang Bugtong na Anak na si Jesucristo. Sa lahat ng bagay, ang halimbawa ng Tagapagligtas ang ating pinakamainam na gabay. Kinailangan ring patunayan ni Jesucristo ang Kanyang sarili. Nagtiis Siya para sa lahat ng anak ng Ama sa Langit at nagbayad para sa halaga ng lahat ng ating mga kasalanan. Nadama Niya ang pagdurusa ng lahat ng isinilang at isisilang sa mortalidad.

Kapag iniisip ninyo kung gaano kasakit ang makakaya ninyong pagtiisang mabuti, alalahanin Siya. Pinagdusahan Niya ang pinagdurusahan ninyo upang malaman Niya kung paano kayo maiaangat. Maaaring hindi Niya alisin ang inyong pasanin, pero bibigyan Niya kayo ng lakas, kapanatagan, at pag-asa. Alam Niya ang daan. Ininom Niya ang mapait na saro. Tiniis Niya ang pagdurusa ng lahat.

Kayo ay binubusog at pinapanatag ng isang mapagmahal na Tagapagligtas, na nakaaalam kung paano kayo matutulungan sa anumang mga pagsubok na inyong nararanasan. Itinuro ni Alma:

"At siya ay hahayo, magdaranas ng mga pasakit at hirap at lahat ng uri ng tukso; at ito ay upang matupad ang salita na nagsabing dadalhin niya sa kanyang sarili ang mga pasakit at ang mga sakit ng kanyang mga tao.

"At dadalhin niya sa kanyang sarili ang kamatayan, upang makalag niya ang mga gapos ng kamatayan na gumagapos sa kanyang mga tao; at dadalhin niya ang kanilang mga kahinaan, upang ang kanyang sisidlan ay mapuspos ng awa, ayon sa laman, upang malaman niya nang ayon sa laman kung paano tutulungan ang kanyang mga tao alinsunod sa kanilang mga kahinaan."[5]

Ang isang paraan na matutulungan Niya kayo sa oras ng pangangailangan ay ang madalas na pag-anyaya sa inyo na alalahanin Siya at lumapit sa Kanya. Hinikayat Niya tayo:



*Bengaluru, India*

"Lumapit kayo sa akin, kayong lahat na nanlulupaypay at lubhang nabibigatan at kayo'y bibigyan ko ng kapahingahan.

"Pasanin ninyo ang aking pamatok, at matuto kayo sa akin; sapagkat ako'y maamo at may mapagpakumbabang puso at makakatagpo kayo ng kapahingahan para sa inyong mga kaluluwa."[6]

Ang paraan para lumapit sa Kanya ay ang magpakabusog sa Kanyang mga salita, manampalataya tungo sa pagsisisi, piliin na mabinyagan at makumpirma ng Kanyang awtorisadong lingkod, at pagkatapos ay tuparin ang inyong mga tipan sa Diyos. Ipinadadala Niya ang Espiritu Santo para maging kasama, tagapanatag, at gabay ninyo.

Kapag namumuhay kayo nang marapat para sa kaloob na Espiritu Santo, magagabayan kayo ng Panginoon sa kaligtasan kahit na hindi ninyo alam ang gagawin. Para sa akin, madalas ay ipinakikita Niya ang susunod na mga dapat gawin. Bihira Niya akong bigyan ng bahagyang pag-unawa o kaalaman ukol sa malayong hinaharap, ngunit kahit ang mga madadalang na pagkakataong iyon ay gumagabay sa kung ano ang pipiliin ko sa araw-araw na buhay.

Ipinaliwanag ng Panginoon:

"Hindi ninyo mamamasdan ng inyong likas na mga mata, sa kasalukuyan, ang balangkas ng inyong Diyos hinggil sa mga bagay na yaon na darating pagkaraan nito, at ang kaluwalhatiang susunod . . . maraming kapighatian.

"Sapagkat pagkatapos ng maraming kapighatian [ay] darating ang mga pagpapala."[7]

Ang pinakamalaking pagpapala na darating kapag pinatunayan natin ang ating sarili na matapat sa ating mga tipan sa panahon ng ating mga pagsubok ay ang pagbabago sa ating likas na pagkatao. Sa ating pagpili na tuparin ang ating mga tipan, ang kapangyarihan ni Jesucristo at ang mga pagpapala ng Kanyang Pagbabayad-sala ay magkakabisa sa atin. Ang ating puso ay mapalalambot para magmahal, magpatawad, at mag-anyaya sa iba na lumapit sa Tagapagligtas. Ang ating tiwala sa Panginoon ay lumalago. Ang ating mga takot ay nababawasan.

Ngayon, kahit na may gayong mga pagpapalang ipinangako sa pamamagitan ng paghihirap, hindi natin hinahangad ang paghihirap. Sa mortal na karanasan, mayroon tayong pagkakataon na mapatunayan ang ating sarili, makapasa sa mga pagsubok na may sapat na hirap para maging mas katulad tayo ng Tagapagligtas at ng ating Ama sa Langit.

Bukod dito, kailangan nating pansinin ang paghihirap ng iba at subukang tumulong. Iyan ay magiging lalong mahirap kapag tayo mismo ay labis ring sinusubok. Ngunit matutuklasan natin na kapag pinagagaan natin ang pasanin ng iba, nang kahit kaunti, ang ating mga likod ay napalalakas at nakakakita tayo ng liwanag sa kadiliman.

Sa ganitong bagay, ang Panginoon ang ating Huwaran. Sa krus ng Golgota, matapos magdusa ng labis na sakit na maaaring ikinamatay Niya kung hindi Siya ang Bugtong na Anak ng Diyos, tiningnan Niya ang mga papatay sa Kanya at sinabi sa Kanyang Ama, "Patawarin mo sila, sapagkat hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."[8] Habang nagdurusa para sa lahat ng nabuhay at mabubuhay, tiningnan Niya mula sa krus si Juan at ang Kanyang sariling namimighating ina at naglingkod sa kanya sa gitna ng kanyang pagsubok:

"Nang makita ni Jesus ang kanyang ina at ang alagad na kanyang minamahal, na nakatayong katabi niya ay sinabi niya sa kanyang ina, 'Babae, narito ang iyong anak!

"Pagkatapos ay sinabi niya sa alagad, 'Narito ang iyong ina! At mula noon ay dinala siya ng alagad sa kanyang sariling tahanan."[9]

Sa Kanyang mga ginawa sa pinakasagradong mga araw na iyon, kusa Niyang ibinigay ang Kanyang buhay sa bawat isa sa atin, naghahandog hindi lamang ng tulong sa buhay na ito kundi buhay na walang-hanggan sa panahong darating.

Nakamalas na ako ng mga taong gumawa ng kamangha-manghang bagay sa pagpapatunay ng kanilang katapatan sa gitna ng matitinding pagsubok. Sa buong Simbahan ngayon ay mayroong mga halimbawa. Ang mga tao ay nagpapakumbaba dahil sa paghihirap. Sa kanilang matapat na pagtitiis at pagsisikap, sila ay nagiging mas katulad ng Tagapagligtas at ng ating Ama sa Langit.

Natutuhan ko ang isa pang aral mula sa aking ina. Noong bata pa, nagkaroon siya ng diphtheria at muntik nang mamatay. Kinalaunan ay nagkaroon siya ng spinal meningitis. Maagang namatay ang kanyang ama, at dahil dito ang aking ina at ang kanyang mga kapatid na lalaki ay tumulong sa kanilang ina.

Sa buong buhay niya, naramdaman niya ang mga epekto ng mga



*São Paulo, Brazil*

problema sa kalusugan. Sa huling 10 taon ng kanyang buhay, kailangan siyang maoperahan ng ilang beses. Ngunit sa kabila ng lahat, pinatunayan niya ang katapatan sa Panginoon, kahit na siya ay nakaratay sa higaan. Ang larawan lamang ng Tagapagligtas ang nasa dingding ng kanyang kuwarto. Ang huling salita Niya sa akin ay ito: "Hal, parang sisipunin ka. Dapat alagaan mo ang sarili mo."

Sa kanyang libing, ang huling tagapagsalita ay si Elder Spencer W. Kimball. Matapos magsalita tungkol sa kanyang mga pagsubok at sa kanyang katapatan, sinabi niya ang mahalagang bagay na ito: "Ang ilan sa inyo ay maaaring nag-iisip kung bakit kailangang magdusa si Mildred nang labis at nang napakatagal. Sasabihin ko sa inyo kung bakit. Ito ay dahil nais ng Panginoon na pinuhin pa siya nang kaunti."

Ipinahahayag ko ang aking pasasalamat sa maraming matatapat na miyembro ng Simbahan ni Jesucristo na dinadala ang mga pasanin nang may matatag na pananampalataya at tumutulong sa iba na pasanin ang sa kanila habang hinahangad ng Panginoon na pinuhin pa sila nang kaunti. Ipinahahayag ko rin ang pagmamahal at paghanga sa mga tagapag-alaga at mga pinuno sa buong mundo na naglilingkod sa iba habang tinitiis nila at ng kanilang pamilya ang ganitong pagpipino.

Pinatototohanan ko na tayo ay mga anak ng ating Ama sa Langit, na nagmamahal sa atin. Nararamdaman ko ang pagmamahal ni Pangulong Russell M. Nelson para sa lahat. Siya ang propeta ng Panginoon sa mundo ngayon. Pinatototohanan ko ito sa banal na pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Abraham 3:25–26.
2. Moises 1:39.
3. Doktrina at mga Tipan 138:42.
4. Doktrina at mga Tipan 122:7.
5. Alma 7:11–12.
6. Mateo 11:28–29.
7. Doktrina at mga Tipan 58:3–4.
8. Lucas 23:34.
9. Juan 19:26–27.



Ni Elder Jeremy R. Jaggi
*Ng Pitumpu*

# Hayaang Malubos ng Pagtitiis ang Gawa Nito, at Ariin Ito ng Buong Kagalakan!

*Kapag tayo ay nagtitiyaga, nadaragdagan ang ating pananampalataya. Kapag lumalaki ang ating pananampalataya, gayundin ang ating kagalakan.*

Dalawang taon na ang nakalipas nang tumawid ang bunso kong kapatid na si Chad sa kabila ng tabing. Ang paglipat niya sa kabila ng tabing ay nag-iwan ng kawalan sa puso ng hipag kong si Stephanie; sa kanilang dalawang maliliit na anak na sina Braden at Bella; gayundin sa iba pang mga kapamilya. Nagkaroon kami ng kapanatagan sa mga salita ni Elder Neil L. Andersen sa pangkalahatang kumperensya noong linggo bago



*Taboão da Serra, São Paulo, Brazil*

namatay si Chad: "Sa matitinding pagsubok sa lupa, habang matiyaga tayong nagpapakatatag, ang nagpapagaling na kapangyarihan ng Tagapagligtas ay maghahatid sa inyo ng liwanag, pang-unawa, kapayapaan, at pag-asa" ("Sugatan," *Liahona,* Nob. 2018, 85).

May pananampalataya kami kay Jesucristo; alam naming makakasama naming muli si Chad, ngunit ang pisikal na pagkawala niya ay masakit! Marami na ang nawalan ng mga mahal sa buhay. Mahirap maging matiyaga at maghintay sa panahong makakasama natin silang muli.

Pagkaraan ng taon ng pagkamatay niya, pakiramdam namin ay tila may maitim na ulap na lumilim sa amin. Naghanap kami ng makakanlungan sa pag-aaral ng aming mga banal na kasulatan, mataimtim na pagdarasal, at mas madalas na pagdalo sa templo. Naantig ang aming mga kalooban ng mga talatang ito mula sa himno nang panahong iyon: "Araw, sumisikat, mundo'y gumigising, ulap ng kadilima'y napaparam" ("Araw ay Sumisikat," *Mga Himno,* blg. 29).

Matatag na nagpasiya ang pamilya namin na magiging masiglang taon ang 2020! Pinag-aaralan namin ang lesson sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* sa Bagong Tipan sa aklat ni Santiago noong huling bahagi ng Nobyembre 2019, nang isang tema ang naihayag sa amin. Mababasa sa Santiago, kabanata 1, talata 2, "Mga kapatid ko, ariin ninyo ng buong kagalakan kung kayo ay mangahulog sa maraming paghihirap" (Pagsasalin ni Joseph Smith, Santiago 1:2 [sa Santiago 1:2, talababa *a*]). Sa hangarin namin na simulan ang isang bagong taon, isang bagong dekada, ng buong kagalakan, nagpasiya kami na sa 2020 ay aming "aariin ito ng buong kagalakan." Malakas ang naging pakiramdam namin tungkol dito kaya niregaluhan namin noong nakaraang Pasko ang aming mga kapatid ng mga T-shirt na natatatakan ng malalaking letra na nagsasabing, "Ariin Ito ng Buong Kagalakan." Tiyak na magiging isang taon ng kagalakan at kasiyahan ang taong 2020.

Ito ngayon tayo—sa halip, nagdulot ang 2020 ng pandaigdigang pandemya na COVID-19, kaguluhan sa bayan, at mas maraming kalamidad na dulot ng kalikasan, at mga hamon sa ekonomiya. Maaaring binibigyan tayo ng panahon ng ating Ama sa Langit na pakaisipin at pag-aralan ang pang-unawa natin tungkol sa pagtitiis at ating mga sadyang desisyong piliing magalak.

Ang aklat ni Santiago ay nagkaroon na ng bagong kahulugan para sa amin mula noon. Sa pagpapatuloy sa Santiago, kabanata 1, mga talata 3 at 4,:

"Yamang inyong nalalaman na ang pagsubok sa inyong pananampalataya ay nagbubunga ng pagtitiis.

"At inyong hayaan na malubos ng pagtitiis ang gawa nito, upang kayo'y maging sakdal at ganap, na walang anumang kakulangan."

Sa mga pagsisikap naming matagpuan ang kagalakan sa gitna ng aming mga pagsubok, nakalimutan namin, na ang pagkakaroon ng pagtitiis ay susi upang hayaang magbunga ang mga pagsubok na iyon para sa aming ikabubuti.

Itinuro ni haring Benjamin na hubarin ang pagiging likas na tao at maging "banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon, at [maging] katulad ng isang bata, masunurin, maamo, mapagpakumbaba, mapagtiis, puno ng pag-ibig, nakahandang pasakop sa lahat ng bagay" (Mosias 3:19).

Itinuturo sa kabanata 6 ng *Mangaral ng Aking Ebanghelyo* ang mga pangunahing katangian ni Cristo na matutularan natin: "Ang [pagtitiis o] tiyaga ay ang kakayahang matiis ang pagkaantala, pagsalungat, o paghihirap nang hindi nagagalit, nanghihina ang loob, o nababalisa. Ito ang kakayahang gawin ang kalooban ng Panginoon at tanggapin ang Kanyang itinakdang panahon. Kapag ikaw ay [mapagtiis o] matiyaga, natitiis mo ang mga pagsubok at nakakayanang harapin ang problema nang payapa at puno ng pag-asa" (*Preach My Gospel: A Guide to Missionary Service,* rev. ed. [2019], 137).

Makikita rin ang lubos na nagagawa ng pagtitiis sa buhay ng isa sa mga naunang disipulo ni Cristo na si Simon, ang Cananeo. Ang mga Zealot ay isang grupo ng mga makabayang Judio na matinding tumututol sa pamamalakad ng mga Romano. Ang kilusan ng mga Zealot ay nagpasimula ng karahasan laban sa mga Romano, sa kanilang mga kapanalig na Judio, at sa mga Saduceo sa pamamagitan ng panloloob para mayroon silang makain at pagsasagawa ng iba pang mga aktibidad upang itaguyod ang kanilang layunin (tingnan sa *Encyclopedia Britannica,* "Zealot," britannica.com). Si Simon, ang Cananeo ay isang Zealot (tingnan sa Lucas 6:15). Ilarawan sa isipan kung paano sinubukang sabihan ni Simon ang Tagapagligtas na mag-alsa, mamuno ng isang militanteng grupo, o lumikha ng gulo sa Jerusalem. Itinuro ni Jesus:

"Mapapalad ang mga mapagpakumbaba, sapagkat mamanahin nila ang lupa. . . .

"Mapapalad ang mga mahahabagin, sapagkat sila'y kahahabagan. . . .

"Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos" (Mateo 5:5, 7, 9).

Maaaring niyakap at itinaguyod ni Simon ang kanyang pilosopiya nang masigasig at nag-aalab ang damdamin, ngunit makikita sa mga banal na kasulatan na sa pamamagitan ng impluwensya at halimbawa ng Tagapagligtas, ang kanyang pinagtutuunan ay nagbago. Ang pagiging disipulo ni Cristo ang naging pinakasentrong pinagtutuunan ng mga pagsisikap niya sa buhay.

Kapag gumagawa at tumutupad tayo ng mga tipan sa Diyos, matutulungan tayo ng Tagapagligtas na "isilang na muli; oo, isilang sa Diyos, nagbago mula sa [isang] makamundo at pagkahulog na kalagayan, tungo sa kalagayan ng kabutihan, na tinubos ng Diyos, naging kanyang mga anak na lalaki at babae" (Mosias 27:25).

Sa lahat ng masigasig na pinagsisikapan natin sa ating panahon, sa

pakikisalamuha, relihiyon, at pulitika, hayaang *ang pagiging disipulo ni Jesucristo* ang maging pinaka-hayagan at paninindigan natin sa lahat. "Sapagkat kung nasaan ang iyong kayamanan, naroon din naman ang iyong puso" (Mateo 6:21). Huwag din nating kalilimutan, kahit matapos na "nagampanan ang kalooban ng Diyos," ng matatapat na disipulo, "kailangan [nila] ng pagtitiis" (Mga Hebreo 10:36).

Gaya ng pagsubok sa ating pananampalataya na pumupukaw sa pagtitiis sa kaloob-looban natin, kapag naging mapagtiis tayo, lumalaki ang ating pananampalataya. Kapag lumalaki ang ating pananampalataya, gayundin ang ating kagalakan.

Nitong nakaraang Marso, ang pangalawa naming anak na si Emma, tulad ng iba pang mga missionary ng Simbahan, ay sumailalim sa mandatory isolation. Maraming missionary ang umuwi. Maraming missionary ang naghintay na ma-reassign. Marami ang hindi nakatanggap ng kanilang mga pagpapala sa templo bago makaalis papunta sa lugar kung saan sila maglilingkod. Salamat, mga elder at sister. Mahal namin kayo.

Si Emma at ang kompanyon niya sa Netherlands ay dumaan sa pagsubok sa unang mga ilang linggong iyon—pagsubok na iniyakan sa maraming pagkakataon. Sa kakaunting oportunidad para sa personal na pagkikita at limitadong pakikipagugnayan sa labas, ang pagsandig ni Emma sa Diyos ay lumakas. Kasabay namin siyang nanalangin online at nagtanong kung paano kami makatutulong. Hiniling niya sa aming makipag-ugnayan sa mga kaibigang tinuturuan niya online!

Sinimulan ng pamilya naming makipag-ugnayan online, nang isa-isa, sa mga kaibigan ni Emma sa Netherlands. Inanyayahan namin silang sumali sa aming online na lingguhang pag-aaral ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* kasama ang mga kaanak. Lahat, sina Floor, Laura, Renske, Freek, Benjamin, Stal, at Muhammad ay naging mga kaibigan namin. Ilan sa mga kaibigan namin mula sa Netherlands ay pumasok "sa makipot na pasukan" (3 Nephi 14:13). Sa iba pa ay ipinapakita "[ang] kakiputan ng landas, at [ang] kakitiran ng pasukan, na kanilang dapat pasukin" (2 Nephi 31:9). Sila ay ating mga kapatid kay Cristo. Bawat linggo, aming "aariin ito ng buong kagalakan" habang samasama kaming gumagawa sa aming pagprogreso sa landas ng tipan.

Aming "hahayaang malubos ng pagtitiis ang gawa nito" (Santiago 1:4) sa hindi natin magawang pagkikita nang personal bilang magkakapamilya sa ward ng ilang panahon. Inaari naming kagalakan ng aming pamilya ang pagpapalakas ng pananampalataya sa pamamagitan ng mga koneksyon sa bagong teknolohiya at sa pag-aaral ng *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* ng Aklat ni Mormon.

Nangako si Pangulong Russell M. Nelson na, "Ang patuloy ninyong pagsisikap sa adhikaing ito—kahit sa mga sandali na maaaring dama ninyo na di kayo matagumpay—ay magpapabago sa inyong buhay, sa inyong pamilya, at sa mundo" ("Humayo Nang May Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2020, 114).

Kung saan tayo gumagawa ng mga sagradong tipan sa Diyos—ang templo—ay pansamantalang sarado. Kung saan tayo tumutupad sa mga tipan sa Diyos—ang tahanan—ay bukas! May mga oportunidad tayo sa tahanan na pag-aralan at pagnilayan ang natatanging kagandahan ng mga tipan sa templo. Kahit pa sa kawalan ng pagkakataong makapasok sa sagradong pisikal na lugar na iyon, ang ating "mga puso . . . ay labis na magsasaya bunga ng mga pagpapalang ibubuhos" (Doktrina at mga Tipan 110:9).

Marami ang nawalan ng trabaho; ang iba ay nawalan ng oportunidad. Nagagalak kami, gayunman, kasama ni Pangulong Nelson, na nagsabi kamakailan lamang: "Ang boluntaryong mga fast offering mula sa ating mga miyembro ay talagang nadagdagan, pati na ang boluntaryong mga kontribusyon sa ating mga pondong para sa kawanggawa. . . . Sama-sama nating malalagpasan ang taghirap na panahong ito. Pagpapalain kayo ng Panginoon sa patuloy na pagpapala ninyo sa iba" (Facebook page ni Russell M. Nelson, mula sa post noong Aug. 16, 2020, facebook.com/russell.m.nelson).

"Lakasan ninyo ang inyong loob" ang utos mula sa Panginoon, hindi ang matakot nang husto (Mateo 14:27).

Kung minsan naiinip tayo kapag sa palagay natin ay "ginagawa natin ang lahat nang tama" at hindi pa rin natin natatanggap ang mga pagpapalang nais natin. Lumakad si Enoc na kasama ang Diyos sa loob ng 365 taon bago siya nagbagong-kalagayan at ang kanyang mga tao. Tatlong daan at animnapu't limang taon na pagsisikap na gawin ang lahat nang tama, at pagkatapos nangyari iyon! (Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:49.)

Ang pagkamatay ng kapatid kong si Chad ay nangyari ilang buwan lamang matapos kaming ma-release mula sa pamumuno sa Utah Ogden Mission. Himala na habang naninirahan kami sa Southern California, sa lahat ng 417 na mga mission kung saan kami maaaring maitalaga noong taong 2015, kami ay itinalaga sa northern Utah. Ang mission home ay 30 minutong pagmamaneho ang layo sa tahanan ni Chad. Nasuri ang cancer ni Chad matapos naming matanggap ang aming mission assignment. Kahit sa pinakamahirap na katayuan, alam namin na naalala kami ng ating Ama sa Langit at tinutulungan kaming magkaroon ng kagalakan.

Nagpapatotoo ako sa mapantubos, nakalilinis, mapagpakumbaba, at nakagagalak na kapangyarihan ng Tagapagligtas na si Jesucristo. Nagpapatotoo ako na kapag nananalangin tayo sa ating Ama sa Langit sa pangalan ni Jesus, sasagutin Niya tayo. Nagpapatotoo ako na kapag tayo ay nakikinig, at tumatalima sa tinig ng Panginoon at ng Kanyang buhay na propeta na si Pangulong Russell M. Nelson, magagawa nating "hayaang malubos ng pagtitiis ang gawa nito" at "ariin ito ng buong kagalakan." Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Gary E. Stevenson
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*


# Labis na Pinagpala ng Panginoon

*Hindi nababago ng mga panahon ng pagdurusa at kabiguan ang mapagmasid na mata ng Panginoon habang mapagmahal Siyang nakatingin sa atin, at pinagpapala tayo.*

Isang araw maraming taon na ang nakalipas, bilang bata pang mga missionary sa isang munting branch sa maliit na isla ng Amami Oshima, Japan, tuwang-tuwa kaming magkompanyon na malaman na bibisita si Pangulong Spencer W. Kimball sa Asia at na inanyayahan sa Tokyo ang lahat ng miyembro at missionary sa Japan upang pakinggan ang propeta sa isang area conference. Kasama ang mga miyembro ng branch, sabik kaming nagsimulang magplano ng kompanyon ko para sa kumperensya, na mangangailangan ng 12-oras na pagsakay sa barko patawid ng East China Sea patungong mainland Japan, na susundan ng 15-oras na pagsakay sa tren patungong Tokyo. Gayunman, ang malungkot ay hindi nangyari iyon. Sinabihan kami ng aming mission president na dahil sa layo at tagal ng biyahe, hindi kami makakadalo ng kompanyon ko sa kumperensya sa Tokyo.

Habang sumasakay na sa barko ang mga miyembro ng aming munting branch papuntang Tokyo, nagpaiwan kami. Tila tahimik at hungkag ang sumunod na mga araw. Kami lang magkompanyon ang nag-sacrament meeting sa maliit na chapel, habang nasa kumperensya ang mga Banal sa mga Huling Araw at mga missionary ng Japan.

Nakaramdam ako ng matinding kalungkutan kahit masaya akong nakinig nang bumalik ang mga miyembro ng branch mula sa kumperensya ilang araw kalaunan upang iulat na ibinalita ni Pangulong Kimball na magkakaroon ng templo sa Tokyo. Tuwang-tuwa sila nang ibahagi nila ang katuparan ng kanilang pangarap. Inilarawan nila kung paanong hindi napigilan ng mga miyembro at missionary ang kanilang kagalakan at sabay-sabay silang nagpalakpakan nang marinig nila ang balita tungkol sa templo.



*Orem, Utah, USA*

Nagdaan ang mga taon, ngunit naaalala ko pa rin ang kalungkutang nadama ko nang hindi ako makadalo sa makasaysayang miting na iyon.

Nitong mga nakalipas na buwan napagnilayan ko ang karanasang ito nang mamasdan ko ang iba pang dumaranas ng matinding kabiguan at kalungkutan—na mas matindi at mas malalim pa kaysa sa nadama ko noon bilang bata pang missionary—na dulot ng pandemyang COVID-19 sa buong mundo.

Sa pagsisimula ng taon na ito, nang bumilis ang pagkalat ng pandemya, nangako ang Unang Panguluhan na "ang Simbahan at ang mga miyembro nito ay tapat na magpapakita ng ating dedikasyon sa pagiging mabubuting mamamayan at mabubuting kapwa-tao"[1] at "lubos na mag-iingat."[2] Kaya, naranasan natin ang pansamantalang pagpapatigil ng mga pagtitipon ng Simbahan sa buong mundo, pagbalik ng mahigit kalahati sa puwersa ng mga missionary ng Simbahan sa kanilang sariling bansa, at pagsasara ng lahat ng templo sa buong Simbahan. Libu-libo sa inyo ang naghahandang pumasok sa templo upang magsagawa ng mga ordenansa para sa mga buhay—kabilang na ang mga pagbubuklod sa templo. Ang iba sa inyo ay natapos nang maaga sa inyong paglilingkod bilang missionary o pansamantalang na-release at nalipat ng assignment.

Sa panahong ito, isinara ng mga lider ng pamahalaan at edukasyon ang mga paaralan—na nagpabago sa mga pagtatapos at sapilitang nagkansela ng mga kaganapan at aktibidad

sa isports, panlipunan, pangkultura, at pang-edukasyon. Marami sa inyo ang naghanda para sa mga kaganapang hindi nadaluhan, mga pagtatanghal na hindi narinig, at mga athletic season na hindi nalaro.

Ang mas malungkot pa ay ang saloobin ng mga pamilyang namatayan ng mga mahal sa buhay sa panahong ito; karamiha'y hindi makapagdaos ng libing o iba pang nagbibigay-kapanatagang pagtitipong nais sana nila.

Sa madaling salita, napakarami sa inyo ang nakaranas ng masakit na kabiguan, kalungkutan, at panghihina ng loob. Kaya paano tayo maghihilom, magkakapagtitiis, at susulong kapag parang sirang-sira ang mga bagay-bagay?

Sinimulang ukitan ng propetang si Nephi ang maliliit na lamina noong binata na siya. Nang gunitain niya ang kanyang buhay at ministeryo, nagbigay siya ng mahalagang pagninilay sa pinakaunang talata ng Aklat ni Mormon. Ibinubuod ng talatang ito ang isang mahalagang alituntuning dapat nating pag-isipan sa ating panahon. Kasunod ng kanyang pamilyar na mga salitang, "Ako, si Nephi, na isinilang sa butihing mga magulang. . . ," pagsulat niya, "at sa dahilang nakita ko ang maraming paghihirap sa paglipas ng aking mga araw, gayunman, sa labis na pagpapala ng Panginoon sa lahat ng aking mga araw."[3]

Bilang mga estudyante ng Aklat ni Mormon, pamilyar tayo sa maraming paghihirap na tinutukoy ni Nephi. Subalit kasunod ng pagkilala sa kanyang mga paghihirap sa paglipas ng kanyang mga araw, ibinigay ni Nephi ang kanyang pananaw sa ebanghelyo tungkol sa pagiging labis na pinagpala ng Panginoon sa lahat ng kanyang mga araw. Hindi nababago ng mga panahon ng paghihirap at kabiguan ang mga mapagmasid na mata ng Panginoon habang mapagmahal Niya tayong tinitingnan at pinagpapala.

Kamakailan ay nakausap namin ni Lesa online ang mga 600 missionary sa Australia, na karamihan ay nililimitahan o hinihigpitan kahit paano dahil



*Guatemala City, Guatemala*

sa COVID-19, na marami ang ginagawa ang gawaing misyonero mula sa kanilang mga apartment. Sama-sama naming inisip ang mga indibiduwal sa Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, at Doktrina at mga Tipan na pinagpala ng Panginoon upang magsakatuparan ng kadakilaan sa oras ng paghihirap. Lahat sila ay mas kinilala sa kanilang nagawa sa tulong ng Panginoon kaysa sa hindi nila nagawa dahil sa paglimita at paghihigpit sa kanila.

Nababasa natin ang tungkol kina Pablo at Silas, habang nakagapos ang mga paa't kamay, na nananalangin, kumakanta, nagtuturo, nagpapatotoo—nagbibinyag pa nga ng bantay sa bilangguan.[4]

At muli tungkol kay Pablo, sa Roma, na ibinilanggo sa bahay sa loob ng dalawang taon, kung saan patuloy siyang "[nagpaliwanag at nagpatotoo] tungkol sa kaharian ng Diyos,"[5] "itinuturo ang mga bagay na tungkol sa Panginoong [Jesucristo]."[6]

Tungkol kina Nephi at Lehi, ang mga anak ni Helaman, na matapos abusuhin at ibilanggo ay pinaligiran ng apoy ng proteksyon nang ang "tahimik na tinig nang ganap na kahinahunan [ng Panginoon] . . . ay tumagos maging sa buong kaluluwa [ng mga dumakip sa kanila]."[7]

Tungkol kina Alma at Amulek sa Ammonihas, na natuklasang maraming "naniwala . . . at nagsimulang magsisi, at saliksikin ang mga banal na kasulatan,"[8] bagaman kinutya sila noon at hindi pinakain, pinainom, o dinamitan, at iginapos at ibinilanggo.[9]

At ang pinakahuli ay tungkol kay Joseph Smith, na nanlulupaypay sa Liberty Jail, nadaramang siya ay pinabayaan at tinalikuran, pagkatapos ay narinig niya ang mga salita ng Panginoon: "Ang [mga] bagay na ito ay . . . para sa iyong ikabubuti"[10] at "ang Diyos ay kasama mo magpakailanman."[11]

Naunawaan ng bawat isa sa kanila ang nabatid ni Nephi: na kahit nakaranas sila ng maraming pagdurusa sa kanilang buhay, labis silang pinagpala ng Panginoon.

Maaari rin tayong makakita ng mga pagkakatulad bilang mga indibiduwal

na miyembro at bilang isang Simbahan sa paraan kung paano tayo labis na pinagpala ng Panginoon sa mga panahon ng pagsubok na naranasan natin nitong nakalipas na ilang buwan. Habang binabanggit ko ang mga halimbawang ito, hayaang palakasin din ng mga ito ang inyong patotoo tungkol sa pagiging tagakita ng ating buhay na propeta, na naghanda sa atin sa mga pagbabago bago pa man magkaroon ng anumang pahiwatig ng isang pandemya, na nagbigay-kakayahan sa atin na matiis ang mga hamong dumating.

Una, **pagiging higit na nakasentro sa tahanan at suportado ng Simbahan.**

Dalawang taon na ang nakalilipas, sinabi ni Pangulong Russell M. Nelson: "Nasanay na tayo sa pag-iisip na ang 'simbahan' ay ang mga nangyayari sa ating mga [meetinghouse], na sinusuportahan ng nangyayari sa ating tahanan. Kailangan natin ng pagbabago sa huwarang ito. . . . Ang isang *Simbahan na nakasentro sa tahanan,* na sinusuportahan ng mga nangyayari sa loob ng [ating] mga gusali."[12] Talagang napapanahon ang ginawang pagbabago ng propeta! Ang pag-aaral ng ebanghelyo na nakasentro sa tahanan ay isinasagawa na sa pansamantalang pagsasara ng mga meetinghouse. Bagaman nagsisimula nang maging normal muli ang takbo ng mundo at bumabalik na tayo sa mga chapel, nais nating mapanatili ang ating mga huwaran sa pag-aaral at pagkatuto ng ebanghelyo na nakasentro sa tahanan na napaunlad natin sa panahon ng pandemya.


*Kuala Lumpur, Malaysia*

Ang pangalawang halimbawa ng pagiging labis na pinagpala ng Panginoon ay ang paghahayag tungkol sa ministering **sa mas dakila at mas banal na paraan.**

Noong 2018, pinasimulan ni Pangulong Nelson ang ministering bilang isang pagbabago "sa paraan ng pangangalaga natin sa isa't isa."[13] Ang pandemya ay nagbigay ng maraming pagkakataong pagbutihin ang ating mga kasanayan sa ministering. Ang mga ministering brother at sister, kabataang lalaki at babae, at iba pa ay tumulong sa pakikipag-ugnayan, pakikipag-usap, paglilinis ng bakuran, pagpapakain, pagbibigay ng mga mensahe sa pamamagitan ng teknolohiya, at pagdaraos ng ordenansa ng sakramento upang mapagpala ang mga taong nangangailangan. Ang Simbahan mismo ay gumawa rin ng ministering sa iba sa panahon ng pandemya sa walang katulad na pamamahagi ng mga produkto sa mga imbakan ng pagkain, kanlungan para sa mga walang tirahan, at immigrant support center at sa mga proyektong nakatuon sa mga lugar na may pinakamaraming nagugutom. Tumugon ang kababaihan ng Relief Society at kanilang pamilya sa hamon na gumawa ng milyun-milyong facemask para sa mga nagtatrabaho sa mga pagamutan.

Ang huling halimbawa ng pagiging pinagpala sa panahon ng paghihirap ay ang **makasumpong ng labis na kagalakan sa pagbabalik ng mga ordenansa sa templo.**

Pinakamainam itong mailalarawan sa isang kuwento. Nang matanggap ni Sister Kaitlyn Palmer ang kanyang mission call noong nakaraang Abril, sabik siyang matawag na missionary ngunit nadama rin niya na mahalaga at espesyal na makapunta siya sa templo upang tanggapin ang kanyang endowment at gumawa ng mga sagradong tipan. Di-nagtagal matapos niyang itakda ang petsa ng kanyang endowment, dumating ang balita na ang lahat ng templo ay pansamantalang isasara dahil sa pandaigdigang pandemya. Matapos matanggap ang malungkot na impormasyong ito, nalaman naman niya na dadalo siya sa MTC online mula sa bahay niya. Sa kabila ng mga kabiguang ito, nagtuon si Kaitlyn sa pananatiling positibo.

Sa mga sumunod na buwan, hindi nawalan ng pag-asa si Sister Palmer na makadalo sa templo. Nag-ayuno at nanalangin ang kanyang pamilya na magbukas ang mga templo bago siya umalis. Madalas sinisimulan ni Kaitlyn ang kanyang umaga sa MTC sa bahay sa pagsasabing, "Ngayon na kaya ang araw na makatatanggap kami ng himala at mabubuksang muli ang mga templo?"

Noong Agosto 10, ibinalita ng Unang Panguluhan na bubuksang muli ang templo sa lugar ni Kaitlyn para sa mga ordenansa para sa buhay sa mismong araw na nakatakda siyang sumakay ng eroplano papunta sa kanyang mission. Hindi siya makadadalo sa templo at aabot sa kanyang iskedyul ng paglipad. Kahit maliit lang ang tsansang magtagumpay,

nakipag-ugnayan ang kanyang pamilya sa temple president na si Michael Vellinga upang alamin kung may paraan para magkatotoo ang himalang matagal na nilang ipinagdarasal. Nasagot ang kanilang pag-aayuno at mga panalangin!

Alas-2:00 n.u, ilang oras bago lumipad ang eroplanong sasakyan niya, sinalubong ng nakangiting temple president si Sister Palmer at ang kanyang pamilya, na lumuluha, sa may pintuan ng templo na sinasabing, "Magandang umaga, pamilya Palmer. Welcome sa templo!" Nang matapos ang kanyang endowment, hinikayat silang magmadali, dahil naghihintay na ang kasunod na pamilya sa may pintuan ng templo. Dumiretso sila sa paliparan at umabot sa oras ng paglipad niya patungo sa kanyang mission.

Ang mga ordenansa sa templo na hindi natin naisagawa nitong mga nakaraang buwan ay tila mas espesyal kaysa sa dati nating inaasahan habang muling nagbubukas nang paunti-unti ang mga templo sa buong mundo.

Sa aking pagtatapos, hinihiling kong pakinggan ninyo ang mga nakahihikayat, maalab, at nakasisiglang salita ni Propetang Joseph Smith. Hindi mahuhulaan ninuman na isinulat niya ang mga ito habang nagdurusa at nag-iisa, pinipigilan at hinihigpitan sa isang bahay sa Nauvoo, at nagtatago mula sa mga naghahangad na ilegal siyang hulihin:

"Ngayon, ano ang ating naririnig sa ebanghelyo na ating natanggap? Isang tinig ng kagalakan! Isang tinig ng awa mula sa langit; at isang tinig ng katotohanan mula sa lupa; masasayang balita para sa mga patay; isang tinig ng kagalakan para sa mga buhay at sa mga patay; masasayang balita ng labis na kagalakan. . . .

"... Hindi ba tayo magpapatuloy sa isang napakadakilang adhikain? Sumulong at huwag umurong. Lakas ng loob, . . . at humayo, humayo sa pananagumpay! Magsaya sa inyong mga puso, at labis na magalak. Bumulalas ang mundo sa pag-awit."[14]



Due Carrare, Padua, Italy



Villa Alemana, Greater Valparaíso, Chile

Mga kapatid, naniniwala ako na balang-araw, gugunitain ng bawat isa sa inyo ang nakanselang mga kaganapan, ang kalungkutan, kabiguan, at kalumbayang dulot ng mahihirap na panahon na pinagdaraanan natin upang makita na dinaig ito ng mga piling pagpapala at ibayong pananampalataya at mga patotoo. Naniniwala ako na sa buhay na ito, at sa kabilang-buhay, ang inyong mga pagdurusa, inyong Ammonihas, inyong Liberty Jail, ay ilalaan para sa inyong kapakinabangan.[15] Dalangin ko, kasama ni Nephi, na matanggap natin ang mga pagdurusa sa pagdaan ng ating panahon habang napapansin natin na tayo ay labis na pinagpapala ng Panginoon.

Nagtatapos ako sa aking patotoo kay Jesucristo, na nagdanas mismo ng pagdurusa at bilang bahagi ng Kanyang walang-hanggang Pagbabayad-sala ay nagpakababa-baba sa lahat ng bagay.[16] Nauunawaan Niya ang ating pighati, pasakit, at kawalang-pag-asa. Siya ang ating Tagapagligtas, ating Manunubos, ating pag-asa, ating aliw, at ating Tagasagip. Pinatototohanan ko ito sa Kanyang banal na pangalan, na Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. First Presidency letter, Abr. 16, 2020.
2. First Presidency letter, Mayo 19, 2020
3. 1 Nephi 1:1.
4. Tingnan sa Mga Gawa 16:24–33.
5. Mga Gawa 28:23.
6. Mga Gawa 28:31.
7. Helaman 5:30
8. Alma 14:1.
9. Tingnan sa Alma 14:22.
10. Doktrina at mga Tipan 122:7.
11. Doktrina at mga Tipan 122:9.
12. Russell M. Nelson, "Pambungad na Mensahe," *Liahona,* Nob. 2018, 7.
13. Russell M. Nelson, "Magpatuloy Tayo," *Liahona,* Mayo 2018, 118.
14. Doktrina at mga Tipan 128:19, 22.
15. Tingnan sa 2 Nephi 2:2.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 122:8.



Ni Milton Camargo
*Unang Tagapayo sa Sunday School General Presidency*

# Humingi, Maghanap, at Kumatok

*Mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit ang pagkakataon na makipag-usap sa Kanya anumang oras natin naisin.*

Apat na buwan na ang nakalipas, sa pag-aaral ko ng mga banal na kasulatan, binabasa ko ang tungkol sa misyon ni Alma sa Ammonihas nang makita ko ang mungkahing ito sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin:* "Habang binabasa mo ang tungkol sa malalaking pagpapalang ibinigay ng Diyos sa mga tao ni Nephi (tingnan sa Alma 9:19–23), pagnilayan ang malalaking pagpapalang naibigay Niya sa iyo."[1] Nagpasiya akong gumawa ng listahan ng mga pagpapala ng Diyos sa akin at itala ito sa aking digital na bersyon ng manwal. Sa loob lang ng ilang minuto, nakapaglista ako ng 16 na pagpapala.

Ang pinakauna sa lahat ay ang malalaking pagpapala ng awa at nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas para sa akin. Isinulat ko rin ang pagpapala na maging kinatawan ng Tagapagligtas bilang bata pang missionary sa Portugal at, kalaunan, kasama ang aking mapagmahal na asawa sa kawalang-hanggan, si Patricia, sa Brazil Porto Alegre South Mission, kung saan naglingkod kami kasama ang 522 makapangyarihan at kahanga-hangang mga missionary.

Tungkol kay Patricia, marami sa mga pagpapalang naitala ko noong araw na iyon ay mga pagpapalang magkasama naming natamasa sa loob ng 40 taon naming pagsasama—kabilang ang aming pagkabuklod sa São Paulo Brazil Temple, ang aming tatlong kahanga-hangang mga anak, ang kani-kanilang asawa, at ang aming 13 apo.

Naalala ko rin ang aking mga butihing magulang, na nagturo sa akin ng mga alituntunin ng ebanghelyo habang lumalaki ako. Naalala ko ang isang partikular na sandali nang magkasama kaming lumuhod ng aking mapagmahal na ina upang manalangin noong mga 10 taong gulang ako. Siguro naramdaman niya na upang makarating ang aking mga panalangin sa aking Ama sa Langit, dapat pagbutihin ko pa ito. Kaya sabi niya, "Mauuna akong manalangin, at pagkatapos ko, ikaw naman ang manalangin." Ipinagpatuloy niya ito sa loob ng maraming gabi, hanggang sa tiwala na siya na natutuhan ko na, sa pamamagitan ng alituntunin at pagpapraktis, kung paano ako dapat makipag-usap sa Ama sa Langit. Walang-hanggan akong magpapasalamat sa kanya sa pagtuturo sa akin na manalangin, dahil natutuhan ko na dinirinig at sinasagot ng Ama sa Langit ang aking mga panalangin.

Sa katunayan, isinama ko rin ang pagpapalang iyon sa aking listahan—ang kaloob na marinig at matutuhan ang kalooban ng Panginoon. Mahalagang bahagi ng plano ng Ama sa Langit ang pagkakataon na makipag-usap sa Kanya anumang oras natin naisin.

### Isang Paanyaya mula sa Panginoon

Nang bisitahin ng Tagapagligtas ang mga lupain ng Amerika pagkatapos ng Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, inulit Niya ang paanyaya na



*Sugar City, Idaho, USA*

ibinigay Niya noon sa Kanyang mga disipulo sa Galilea. Sabi Niya:

"Humingi, at iyon ay ibibigay sa inyo; maghanap, at kayo'y makasusumpong, kumatok, at kayo'y pagbubuksan.

"Sapagkat ang bawat humihingi ay tumatanggap, at siya na naghahanap ay makasusumpong; at sa kanya na kumakatok, siya ay pagbubuksan" (3 Nephi 14:7–8; tingnan din sa Mateo 7:7–8).

Ang ating propeta, si Pangulong Russell M. Nelson, ay nagbigay rin ng gayong paanyaya sa ating panahon. Sabi niya: "Ipanalangin sa pangalan ni Jesucristo ang inyong mga alalahanin, ang inyong mga takot, mga kahinaan—oo, ang pinakaaasam ng inyong puso. At pagkatapos ay makinig! Isulat ang mga naiisip ninyo. Itala ang inyong nadarama at isagawa ang mga bagay na ipinahihiwatig sa inyong gawin. Habang inuulit ninyo ang prosesong ito araw-araw, buwan-buwan, taun-taon, kayo ay '[uunlad] sa alituntunin ng paghahayag.'"[2]

Dagdag pa ni Pangulong Nelson, "Sa darating na mga araw, hindi maging posible na espirituwal na makaligtas kung [wala ang pumapatnubay, nagtatagubilin, nakapapanatag, at palagiang] impluwensya ng Espiritu Santo."[3]

Bakit napakahalaga ng paghahayag sa ating espirituwal na kaligtasan? Dahil ang mundo ay maaaring nakalilito at maingay, puno ng panlilinlang at panggagambala. Ang pakikipag-usap sa ating Ama sa Langit ay nagtutulot sa atin na malaman kung ano ang totoo at kung ano ang mali, kung ano ang angkop sa plano ng Panginoon para sa atin at kung ano ang hindi. Ang mundo ay maaari ring maging marahas at nakapanlulumo. Ngunit kapag binuksan natin ang ating mga puso sa panalangin, mararamdaman natin ang kapanatagan na nagmumula sa ating Ama sa Langit at ang katiyakan na mahal at pinahahalagahan Niya tayo.

## Humingi

Sinabi ng Panginoon na "ang bawat humihingi ay tumatanggap." Tila simple lang ang paghingi, ngunit makapangyarihan ito dahil inihahayag nito ang ating mga hangarin at pananampalataya. Gayunman, kailangan ng oras at tiyaga upang maunawaan ang tinig ng Panginoon. Binibigyan natin ng pansin ang mga kaisipan at damdamin na pumapasok sa ating mga puso at isipan, at isinusulat natin ang mga ito, tulad ng ipinayo sa atin ng ating propeta. Ang pagtatala ng ating mga impresyon ay mahalagang bahagi ng pagtanggap. Tinutulungan tayo nitong gunitain, rebyuhin, at maramdaman muli kung ano ang itinuturo sa atin ng Panginoon.


*Lotopa, Samoa*

Kamakailan ay sinabi sa akin ng isang mahal sa buhay, "Naniniwala ako na totoo ang personal na paghahayag. Naniniwala ako na ipapakita sa akin ng Espiritu Santo ang lahat ng bagay na nararapat kong gawin.[4] Madaling maniwala kapag nararamdaman kong nag-aalab ang aking dibdib nang may paniniwalang walang pag-aalinlangan.[5] Ngunit ano ang maaari kong gawin upang palaging makapangusap sa akin ang Espiritu Santo sa ganitong paraan?"

Sa aking mahal sa buhay at sa inyong lahat, sasabihin ko na nais ko ring palaging maramdaman ang malalakas na impresyong iyon mula sa Espiritu at palaging makita nang malinaw ang landas na tatahakin. Ngunit hindi iyon palaging nangyayari. Gayunman, maaaring ang mas madalas nating maramdaman ay ang marahan at banayad na tinig ng Panginoon na bumubulong sa ating puso't isipan: "Narito Ako. Mahal kita. Humayo ka; gawin ang lahat ng iyong makakaya. Susuportahan kita." Hindi kailangan na malaman o makita natin ang lahat ng bagay sa lahat ng oras.

Ang marahan at banayad na tinig ay nagbibigay-katiyakan, nakahihikayat, at nakapapanatag—at maraming beses na iyon lang ang kailangan natin sa maghapon. Tunay ang Espiritu Santo, at tunay ang Kanyang mga impresyon—ang malalaki at maliliit.

## Maghanap

Nangako ang Panginoon na, "Siya na naghahanap ay makasusumpong." Ang paghahanap ay nangangailangan ng mental at espirituwal na pagsisikap—pagninilay, pagsusuri, pagsubok, at pag-aaral. Naghahanap tayo dahil nagtitiwala tayo sa mga pangako ng Panginoon. "Sapagkat ang sinumang lumalapit sa kanya ay dapat sumampalatayang may Diyos at siya ang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa kanya" (Mga Hebreo 11:6). Kapag naghahanap tayo, mapagpakumbaba nating kinikilala na marami pa tayong dapat matutuhan, at palalawakin ng Panginoon ang ating pang-unawa, inihahanda tayong makatanggap ng higit pa. "Sapagkat masdan, ganito ang wika ng Panginoong Diyos: Magbibigay ako sa mga anak ng tao



*Neumarkt, Salzburg, Austria*

ng taludtod sa taludtod, ng tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon; . . . sapagkat siya na tumatanggap ay bibigyan ko pa ng karagdagan" (2 Nephi 28:30).

## Kumatok

At panghuli, sinabi ng Panginoon, "Sa kanya na kumakatok, siya ay pagbubuksan." Ang pagkatok ay pagkilos nang may pananampalataya. Kapag aktibo tayong sumusunod sa Kanya, binubuksan ng Panginoon ang daan sa ating harapan. May magandang himno na nagtuturo sa atin na "kumilos at h'wag mangarap ng biyayang naghihintay [sa atin]. Paggawa ng mabuti ay kaligayahan, biyaya ng pagmamahal."[6] Ipinaliwanag kamakailan ni Elder Gerrit W. Gong ng Korum ng Labindalawang Apostol na ang paghahayag ay madalas na dumarating habang gumagawa tayo ng mabuti. Sabi niya: "Sa pagsisikap nating tulungan at paglingkuran ang ating kapwa, binibigyan tayo ng Panginoon ng dagdag na pagmamahal Niya para sa kanila at, gayundin, para sa atin. Palagay ko naririnig natin ang Kanyang tinig, nadarama natin Siya sa naiibang paraan kapag nagdarasal tayo para tulungan ang mga nasa paligid natin, dahil isa iyan sa mga panalanging nais Niyang sagutin."[7]

## Halimbawa ni Alma

Ang simpleng mungkahing iyon sa *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin* na isipin ang aking mga pagpapala ay naghatid ng magiliw na diwa at ilang di-inaasahang espirituwal na kabatiran. Sa patuloy kong pagbabasa tungkol kay Alma at sa kanyang ministeryo sa Ammonihas, natuklasan ko na si Alma ay isang mabuting halimbawa ng ibig sabihin ng humingi, maghanap, at kumatok. Mababasa natin na "si Alma ay nagpagal nang labis sa espiritu, nakipagbuno sa Diyos sa mataimtim na panalangin, upang kanyang ibuhos ang kanyang Espiritu sa mga tao." Gayunman, ang panalanging iyon ay hindi nasagot sa paraang inaasahan niya, at si Alma ay itinaboy palabas ng lungsod. "Nabibigatan sa kalungkutan," halos sumuko na si Alma, nang ihatid ng isang anghel ang mensaheng ito: "Pinagpala ka, Alma; kaya nga, itaas mo ang iyong ulo at magsaya, sapagkat mayroon kang malaking dahilan upang magsaya." Pagkatapos ay sinabihan siya ng anghel na bumalik sa Ammonihas at sumubok muli, at si Alma ay "mabilis [na] bumalik."[8]

Ano ang matututuhan natin mula kay Alma tungkol sa paghingi, paghahanap, at pagkatok? Matututuhan natin na ang panalangin ay nangangailangan ng espirituwal na pagsisikap, at hindi ito palaging nauuwi sa inaasahan nating kalabasan nito. Ngunit kapag tayo ay pinanghihinaanng-loob o nabibigatan sa kalungkutan, binibigyan tayo ng Panginoon ng kapanatagan at lakas sa iba't ibang paraan. Maaaring hindi Niya kaagad sinasagot ang lahat ng ating mga tanong o nilulutas ang lahat ng ating mga problema; sa halip, hinihikayat Niya tayong patuloy na magsikap. Kung mabilis nating iaayon ang ating plano sa Kanyang plano, bubuksan Niya ang daan para sa atin, tulad ng ginawa Niya para kay Alma.

May patotoo ako na ito ang dispensasyon ng kabuuan ng ebanghelyo. Maaari nating matamasa ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa ating buhay. Maaari nating gamitin ang mga banal na kasulatan anumang oras. Tayo ay ginagabayan ng mga propeta na nagtuturo sa atin ng kalooban ng Panginoon para sa mahihirap na panahong nararanasan natin. Bukod pa rito, maaari tayong direktang makatanggap ng paghahayag para sa ating sarili upang tayo ay personal na mapanatag at magabayan ng Panginoon. Tulad ng sinabi ng anghel kay Alma, tayo ay may "malaking dahilan upang magsaya" (Alma 8:15). Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

### MGA TALA

1. *Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin—Para sa mga Indibiduwal at Pamilya: Aklat ni Mormon 2020* (2019), 91.
2. Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," *Liahona,* May 2018, 95; pagsipi sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* (2007), 153.
3. Russell M. Nelson, "Paghahayag para sa Simbahan, Paghahayag para sa Ating Buhay," 96.
4. Tingnan sa 2 Nephi 32:5.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 9:8.
6. "Ako Ba'y May Kabutihang Nagawa?" *Mga Himno,* blg. 135.
7. "Paano Ko Ginagawang #PakingganSiya: Elder Gerrit W. Gong" (video), ChurchofJesusChrist.org.
8. Tingnan sa Alma 8:10–18.



**Ni Elder Dale G. Renlund**
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Gumawa nang may Katarungan, Umibig sa Kaawaan, at Lumakad na may Kapakumbabaan na Kasama ng Diyos

*Ang ibig sabihin ng paggawa nang may katarungan ay pagkilos nang marangal. Kumikilos tayo nang marangal na kasama ng Diyos sa pamamagitan ng paglakad nang may kapakumbabaan na kasama Niya. Kumikilos tayo nang marangal na kasama ng iba sa pamamagitan ng pag-ibig sa kaawaan.*

Bilang mga tagasunod ni Jesucristo, at bilang mga Banal sa mga Huling Araw, tayo ay nagsisikap—at hinihikayat na magsikap—na gumawa nang mas mahusay at maging mas mahusay.[1] Marahil tulad ko ay iniisip ninyo na, "Sapat na ba ang ginagawa ko?" "Ano pa ang dapat kong gawin?" o "Paano ako, na isang taong may mga kahinaan, maaaring maging karapat-dapat na 'manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan'?"[2]

Ang propeta sa Lumang Tipan na si Mikas ay nagtanong sa ganitong paraan: "Ano ang aking ilalapit sa harapan ng Panginoon, at iyuyukod sa harap ng Diyos sa kaitaasan?"[3] Mapanuyang inisip ni Mikas kung ang labis-labis na handog ay maaari bang maging sapat na kabayaran para sa kasalanan, nagsasabing: "Nalulugod ba ang Panginoon sa mga libu-libong tupa, o sa mga sampung libong ilog ng langis? Ibibigay ko ba ang aking panganay dahil sa . . . kasalanan ng aking kaluluwa?"[4]

Ang sagot ay hindi. Ang mabubuting gawa ay hindi sapat. Ang kaligtasan ay hindi nababayaran.[5] Maging ang mga napakalaking handog na alam ni Mikas na imposible ay hindi makatutubos sa pinakamaliit na kasalanan. Kung aasa lang tayo sa sarili nating kakayahan, ang hangaring makabalik upang manahanan sa piling ng Diyos ay walang kahihinatnan.[6]

Kung wala ang mga pagpapalang nagmumula sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, hindi tayo kailanman makagagawa ng sapat na kabutihan o magiging sapat na mabuti sa pamamagitan lang ng sarili nating kakayahan. Gayunman, ang mabuting balita ay dahil kay Jesucristo at sa pamamagitan ni Jesucristo, maaari tayong maging sapat na mabuti.[7] Ang lahat ng tao ay maliligtas mula sa pisikal na kamatayan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng kamatayan at Pagkabuhay na Maguli ni Jesucristo.[8] At kung ibabaling natin ang ating mga puso sa Diyos, ang kaligtasan mula sa espirituwal na kamatayan ay makakamtan ng lahat "sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni [Jesucristo] . . . sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at ordenansa ng Ebanghelyo."[9] Maaari tayong matubos mula sa kasalanan upang makatayo nang malinis at dalisay sa harapan ng Diyos. Tulad ng ipinaliwanag ni Mikas, "Ipinakita [ng Diyos] sa iyo, O tao, kung ano ang mabuti; at ano ang itinatakda ng Panginoon sa iyo, kundi ang gumawa na may katarungan, at umibig sa kaawaan, at lumakad na may kapakumbabaan na kasama ng iyong Diyos?"[10]

Ang tagubilin ni Mikas tungkol sa pagbaling ng ating mga puso sa Diyos at pagiging karapat-dapat para sa kaligtasan ay may tatlong magkakaugnay na elemento. Ang ibig sabihin ng *paggawa nang may katarungan* ay pagkilos nang marangal na kasama ng Diyos at ng ibang tao. Kumikilos tayo nang marangal na kasama ng Diyos sa pamamagitan ng paglakad nang may kapakumbabaan na kasama Niya. Kumikilos tayo nang marangal na kasama ng iba sa pamamagitan ng pag-ibig sa kaawaan. Ang *paggawa nang may katarungan*

kung gayon ay isang praktikal na pagsasabuhay ng una at pangalawang dakilang utos, na "ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong pag-iisip mo . . . [at] ibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili."[11]

Ang *paggawa nang may katarungan* at *paglakad nang may kapakumbabaan na kasama ng Diyos* ay kusang pag-urong ng ating kamay sa kasamaan, paglakad ayon sa Kanyang mga tuntunin, at pananatiling totoong tapat.[12] Ang taong makatarungan ay tumatalikod sa kasalanan at bumabaling sa Diyos, nakikipagtipan sa Kanya, at tinutupad ang mga tipang iyon. Pinipili ng taong makatarungan na sundin ang mga kautusan ng Diyos, magsisi kapag nagkamali, at patuloy na magsikap.

Nang dalawin ng nabuhay na maguli na Cristo ang mga Nephita, ipinaliwanag Niya na ang mga batas ni Moises ay napalitan na ng mas mataas na batas. Iniutos Niya sa kanila na huwag na silang "[mag-alay] . . . [ng] mga alay at . . . mga handog na sinusunog" kundi sa halip ay mag-alay sila ng "isang bagbag na puso at nagsisising espiritu." Ipinangako rin Niya, "At sinuman ang lalapit sa akin nang may bagbag na puso at nagsisising espiritu, siya ay bibinyagan ko ng apoy at ng Espiritu Santo."[13] Kapag tinanggap at ginamit natin ang kaloob na Espiritu Santo pagkatapos ng binyag, matatamasa natin ang palagiang paggabay ng Espiritu Santo at matuturuan tayo ng lahat ng bagay na nararapat nating gawin,[14] kabilang ang paraan kung paano lumakad nang may kapakumbabaan na kasama ng Diyos.

Ang sakripisyo ni Jesucristo para sa kasalanan at kaligtasan mula sa espirituwal na kamatayan ay makakamtan ng lahat ng taong may gayong bagbag na puso at nagsisising espiritu.[15] Ang pagkakaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu ay naghihikayat sa atin na magsisi nang may kagalakan at magsikap na maging higit na katulad ng ating Ama sa Langit at ni Jesucristo. Sa paggawa natin ito, matatanggap natin ang nakapagpapalinis, nakapagpapagaling, at nakapagpapalakas na kapangyarihan ng Tagapagligtas. Hindi lang tayo gagawa nang may katarungan at lalakad nang may kapakumbabaan na kasama ng Diyos; matututuhan din nating umibig sa kaawaan sa paraang katulad ng ginagawa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo.

Ang Diyos ay nalulugod sa kaawaan at hindi ito ipinagkakait. Sa mga salita ni Mikas, "Sino ang Diyos na gaya mo, na nagpapatawad ng kasamaan, . . . mahahabag sa atin," at "ihahagis ang lahat [ng] kasalanan sa mga kalaliman ng dagat."[16] Ang pag-ibig sa kaawaan tulad ng ginagawa ng Diyos ay dapat kapalooban din ng mabuting pakikitungo sa kapwa at hindi pagtrato nang masama sa kanila.

Ang kahalagahan ng hindi pagtrato nang masama sa kapwa ay binigyangdiin sa isang anekdota tungkol kay Hillel the Elder, isang iskolar na Judio na nabuhay noong unang siglo bago isinilang si Cristo. Isa sa mga estudyante ni Hillel ang labis na nayamot dahil napakahirap unawain ng Torah—ang limang aklat ni Moises kalakip ang 613 na mga kautusan at mga kaugnay na komentaryo tungkol dito na isinulat ng mga rabbi. Hinamon ng estudyante si Hillel na ipaliwanag ang Torah sa loob lang ng oras na kaya ni Hillel na tumayo gamit ang isang paa. Maaaring hindi magaling magbalanse si Hillel ngunit tinanggap niya ang hamon. Nagbanggit siya ng sipi mula sa Levitico, sinasabing, "Huwag kang maghihiganti o magtatanim ng galit laban sa mga anak ng iyong bayan; kundi iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng sa iyong sarili."[17] Pagkatapos ay tinapos kaagad ni Hillel ang paliwanag sa pagsasabing: "Yaong ayaw mong gawin sa iyong sarili, huwag mong gawin sa iyong kapwa. Ito ang pinakamahalagang mensahe ng Torah; ang iba ay komentaryo lang. Humayo ka at mag-aral."[18]

Ang palagiang pakikitungo sa kapwa nang may paggalang ay bahagi ng pag-ibig sa kaawaan. Isipin ang isang usapan na narinig ko ilang dekada na ang nakararaan sa emergency department ng Johns Hopkins Hospital sa Baltimore, Maryland, sa Estados Unidos. Ang pasyente, si Mr. Jackson, ay isang magalang at mabait na taong kilalang-kilala ng mga tauhan sa ospital. Maraming beses na siyang naospital noon upang magpagamot ng sakit na may kaugnayan sa pag-inom ng alak. Sa pagkakataong ito, bumalik si Mr. Jackson sa ospital dahil sa mga sintomas na masusuri bilang pamamaga ng pancreas dahil sa pag-inom ng alak.

Bago matapos ang shift ni Dr. Cohen, isang masipag at hinahangaang doktor, sinuri niya si Mr. Jackson at nagpasiya siya na kailangang manatili sa ospital si Mr. Jackson. Inatasan ni Dr. Cohen si Dra. Jones, ang doktor na karilyebo niya, na i-admit si Mr. Jackson at pangasiwaan ang paggamot dito.

Si Dra. Jones ay nag-aral sa isang kilalang medical school at kasisimula pa lang ng kanyang post-graduate studies. Ang napakahirap na training na ito ay sinabayan pa ng palagiang kakulangan sa tulog, na malamang ay nakaambag sa negatibong tugon ni Dra. Jones. Dahil iyon na ang kanyang panlimang admission noong gabing iyon, nagreklamo siya kay Dr. Cohen sa malakas na tinig. Nadama niya na hindi makatwiran na mag-ukol siya ng maraming oras upang alagaan si Mr. Jackson gayong nagkasakit ito dahil sa sarili nitong kagagawan.

Ang mariing tugon ni Dr. Cohen ay halos pabulong. Sabi niya, "Dra. Jones, naging doktor ka para alagaan ang mga tao at sikaping magamot sila. Hindi ka naging doktor para husgahan sila. Kung hindi mo nauunawaan ang pagkakaiba, wala kang karapatang magsanay sa institusyong ito." Pagkatapos ng pagtutuwid na ito, masigasig na inalagaan ni Dra. Jones si Mr. Jackson sa mga panahong nasa ospital ito.

Matagal nang pumanaw si Mr. Jackson. Sina Dra. Jones at Dr. Cohen ay kapwa naging mahuhusay sa kanilang propesyon. Ngunit sa mahalagang sandali ng kanyang

pagsasanay, kinailangang paalalahanan si Dra. Jones na gumawa nang may katarungan, umibig sa kaawaan, at alagaan si Mr. Jackson nang walang panghuhusga.[19]

Sa paglipas ng mga taon, nakatulong sa akin ang paalalang iyon. Ang ibig sabihin ng pag-ibig sa kaawaan ay na hindi lang natin ikinasisiya ang awa na ibinibigay ng Diyos sa atin; ikinalulugod din natin na ibinibigay ng Diyos ang awa ring iyon sa iba. At tinutularan natin ang Kanyang halimbawa. "Pantay-pantay ang lahat sa Diyos,"[20] at lahat tayo ay nangangailangan ng espirituwal na paggamot upang matulungan at mapagaling. Sabi ng Panginoon, "Hindi ninyo nararapat na pahalagahan ang isang tao nang higit pa sa iba, o ang isang tao ay hindi nararapat mag-isip na ang kanyang sarili ay higit pa kaysa sa iba."[21]

Ipinakita ni Jesucristo kung ano ang ibig sabihin ng gumawa nang may katarungan at umibig sa kaawaan. Siya ay malayang nakisalamuha sa mga makasalanan, pinakikitunguhan sila nang may paggalang at respeto. Itinuro Niya ang kagalakang dulot ng pagsunod sa mga kautusan ng Diyos at sinikap Niya na hikayatin sila sa halip na ikondena ang mga nahihirapang sumunod. Hayagan Niyang pinagsabihan ang mga taong nangutya sa Kanya dahil sa paglilingkod Niya sa mga taong itinuring nila na hindi karapat-dapat.[22] Ang gayong pagmamagaling ay kasalanan sa Kanya noon hanggang ngayon.[23]

Upang maging katulad ni Cristo, ang isang tao ay dapat gumawa nang may katarungan, kumikilos nang marangal na kasama ng Diyos at ng ibang tao. Ang taong makatarungan ay magalang sa kanyang pananalita at pagkilos at nauunawaan niya na ang pagkakaiba sa pananaw o paniniwala ay hindi hadlang sa tunay na kabaitan at pagkakaibigan. Ang mga indibiduwal na gumagawa nang may katarungan ay "hindi . . . maglalayong saktan ang isa't isa, kundi ang mabuhay nang mapayapa"[24] kasama ang isa't isa.

Upang maging katulad ni Cristo, ang isang tao ay dapat umibig sa kaawaan. Ang mga taong umiibig sa kaawaan ay hindi mapanghusga; sila ay nagpapakita ng pagkahabag sa kapwa, lalo na sa mga taong kapuspalad; sila ay mapagmahal, mabait, at marangal. Pinakikitunguhan ng mga indibiduwal na ito ang lahat nang may pag-ibig at pag-unawa, anuman ang mga katangian nila tulad ng lahi, kasarian, relihiyon, oryentasyong seksuwal, estado sa lipunan, at mga pagkakaiba sa lipi, angkan, o nasyonalidad. Ang mga ito ay napangingibabawan ng pag-ibig na tulad ng kay Cristo.

Upang maging katulad ni Cristo, pinipili ng isang tao ang Diyos,[25] lumalakad nang may kapakumbabaan na kasama Niya, sinisikap na magbigay-kaluguran sa Kanya, at tinutupad ang mga tipan sa Kanya. Naaalala ng mga indibiduwal na lumalakad nang may kapakumbabaan na kasama ng Diyos kung ano ang ginawa ng Ama sa Langit at ni Jesucristo para sa kanila.

Sapat na ba ang ginagawa ko? Ano pa ba ang dapat kong gawin? Ang gagawin natin bilang tugon sa mga tanong na ito ay mahalaga sa ating kaligayahan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. Hindi nais ng Tagapagligtas na balewalain natin ang kahalagahan ng kaligtasan. Bagama't nakagawa na tayo ng mga sagradong tipan, may posibilidad pa rin na tayo ay "mahulog mula sa biyaya at malayo sa buhay na Diyos." Kaya dapat tayong "mag-ingat . . . at manalangin tuwina," upang hindi "mahulog sa tukso."[26]

Ngunit gayon din, hindi nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na magulumihanan tayo ng patuloy na kawalang-katiyakan sa ating mortal na paglalakbay, napapaisip kung sapat na ang kabutihang nagawa natin upang maligtas at madakila. Tiyak na hindi Nila nais na bagabagin tayo ng mga pagkakamaling pinagsisihan na natin, iniisip na ang mga ito ay mga sugat na hindi na gagaling kailanman,[27] o masyado tayong mangamba na baka muli tayong magkamali.

Maaari nating suriin ang sarili nating progreso. Malalaman natin



*Chiba, Japan*

"na ang landas ng buhay na tinatahak [natin] ay ayon sa kalooban ng Diyos"[28] kapag tayo ay gumagawa nang may katarungan, umiibig sa kaawaan, at lumalakad nang may kapakumbabaan na kasama ng ating Diyos. Tinataglay natin ang mga katangian ng Ama sa Langit at ni Jesucristo sa ating pagkatao, at minamahal natin ang isa't isa.

Kapag ginagawa ninyo ang mga bagay na ito, matatahak ninyo ang landas ng tipan at magiging karapat-dapat kayo na "manahanang kasama ng Diyos sa kalagayan ng walang katapusang kaligayahan."[29] Ang inyong mga kaluluwa ay mapupuspos ng kaluwalhatian ng Diyos at ng liwanag ng buhay na walang hanggan.[30] Mapupuspos kayo ng hindi mailarawang kagalakan.[31] Pinatototohanan ko na buhay ang Diyos at na si Jesus ang Cristo, ang ating Tagapagligtas at Manunubos, at buong pagmamahal at kagalakang ipinaaabot ang Kanyang awa sa lahat. Hindi ba kaibig-ibig ito? Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Maaari Tayong Gumawa nang Mas Mahusay at

Maging Mas Mahusay," *Liahona,* Mayo 2019, 67–69.
2. Mosias 2:41.
3. Mikas 6:6.
4. Mikas 6:7.
5. Tingnan sa Efeso 2:8; 2 Nephi 31:19; Alma 22:14; 42:14; 3 Nephi 18:32; Moroni 6:4; Doktrina at mga Tipan 3:20.
6. Tingnan sa 3 Nephi 27:19.
7. Tingnan sa Alma 41:8; Moroni 10:32–33.
8. Tingnan sa 1 Corinto 15:22; Alma 11:42–45.
9. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
10. Mikas 6:8; tingnan ang mga katulad na payo sa Alma 41:14; Doktrina at mga Tipan 11:12; at Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13.
11. Tingnan sa Mateo 22:35–40. Para sa talakayan tungkol sa kaugnayan ng una at ng pangalawang dakilang utos, tingnan sa Russell M. Nelson, "Teach Us Tolerance and Love," *Ensign,* Mayo 1994, 69–71, at Dallin H. Oaks, "*Dalawang* Dakilang Utos," *Liahona,* Nob. 2019, 73–76.
12. Tingnan sa Ezekiel 18:8–9.
13. 3 Nephi 9:19–20; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 59:8.
14. Tingnan sa 2 Nephi 32:5.
15. Tingnan sa 2 Nephi 2:7.
16. Mikas 7:18–19.
17. Levitico 19:18.
18. Tingnan sa Babylonian Talmud, Shabbat 31a:6; tingnan din sa jewishvirtuallibrary.org/rabbi-hillel-quotes-on-judaism-and-israel. Tandaan, si Hillel the Elder ang lolo ni Gamaliel, na nabanggit sa Mga Gawa 5:34. Si Gamaliel ang guro ni Saulo ng Tarsus. Tingnan sa Isidore Singer, ed., *The Jewish Encyclopedia* (1903), "Gamaliel I," 5:558–59.
19. Ang mga pangalang Mr. Jackson, Dr. Cohen, at Dra. Jones ay hindi nila mga tunay na pangalan.
20. 2 Nephi 26:33.
21. Mosias 23:7.
22. Tingnan sa Joseph Smith, "History, 1838–1856, volume D-1 [1 August 1842–1 July 1843]," 1459, josephsmithpapers.org.
23. Tingnan sa Lucas 15:1–2.
24. Mosias 4:13.
25. Tingnan sa Moises 7:33.
26. Doktrina at mga Tipan 20:32–34.
27. Tingnan sa Boyd K. Packer, "Ang Plano ng Kaligayahan," *Liahona,* Mayo 2015, 28. Sinabi ni Pangulong Packer: "Kapag ganap na nagsisi, walang pilat na maiiwan dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. . . . Ang Pagbabayad-sala [ay] makahuhugas sa bawat mantsa gaano man kahirap o katagal o ilang beses mang inulit. Maaari kang palayaing muli ng Pagbabayad-sala para makasulong, nang malinis at karapat-dapat, para tahakin ang landas na pinili mo sa buhay."
28. *Lectures on Faith* (1985), 38.
29. Mosias 2:41.
30. Tingnan sa Alma 19:6.
31. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 11:13.



Ni Elder Kelly R. Johnson
*Ng Pitumpu*

# Kapangyarihang Makapagtiis

*Tanging pananampalataya at salita ng Diyos ang makapupuspos sa kaibuturan ng ating kaluluwa nang sapat upang suportahan tayo—at tulutan tayong magamit ang Kanyang kapangyarihan.*

Sa pagrerebyu sa mga turo ng ating mahal na propetang si Pangulong Russell M. Nelson, natagpuan ko ang isang salita na madalas niyang gamitin sa maraming mensahe. Ang salitang ito ay *kapangyarihan*.

Sa unang pangkalahatang kumperensya matapos siyang sang-ayunan bilang Apostol, nagsalita si Pangulong Nelson tungkol sa kapangyarihan.[1] Patuloy siyang nagturo tungkol sa kapangyarihan sa paglipas ng mga taon. Mula nang sang-ayunan natin si Pangulong Nelson bilang ating propeta, nagturo na siya tungkol sa alituntunin ng kapangyarihan—lalo na ang kapangyarihan ng Diyos—at kung paano natin ito magagamit. Itinuro na niya kung paano natin magagamit ang kapangyarihan ng Diyos sa paglilingkod natin sa iba,[2] paano inaanyayahan ng pagsisisi ang kapangyarihan ni Jesucristo at ng Kanyang Pagbabayad-sala sa ating buhay,[3] at paano pinagpapala ng priesthood—ang kapangyarihan at awtoridad ng Diyos—ang lahat ng gumagawa at tumutupad ng mga tipan sa Kanya.[4] Pinatotohanan ni Pangulong Nelson na ang kapangyarihan ng Diyos ay dumadaloy sa lahat ng tumanggap ng endowment sa templo na tumutupad ng kanilang mga tipan.[5]



*San Lucas, Sacatepéquez, Guatemala*

Naantig ako lalo na sa isang hamong ibinigay ni Pangulong Nelson sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2020. Pinagbilinan niya tayo na "mag-aral at manalangin upang mas marami pang matutuhan

tungkol sa kapangyarihan at kaalaman na ipinagkaloob sa inyo—o ipagkakaloob pa lang sa inyo."[6]

Bilang tugon sa hamong ito, nag-aral ako at nanalangin at natutuhan ko ang ilang bagay na kapaki-pakinabang tungkol sa kapangyarihan at kaalamang naipagkaloob sa akin—o ipagkakaloob pa lamang sa akin.

Ang pag-unawa sa dapat nating gawin upang magamit ang kapangyarihan ng Diyos sa ating buhay ay hindi madali, pero nalaman ko na magagawa ito kung pag-aaralan natin ito sa ating isipan at ipagdarasal na liwanagan tayo ng Espiritu Santo.[7] Nagbigay ng malinaw na kahulugan si Elder Richard G. Scott kung ano ang kapangyarihan ng Diyos: ito ang "lakas na magawa ang higit pa sa magagawa nating mag-isa."[8]

Ang pagpuspos sa ating puso at maging sa ating kaluluwa ng salita ng Diyos at ng pundasyon ng pananampalataya kay Jesucristo ay mahalaga sa paggamit ng kapangyarihan ng Diyos para tulungan tayo sa mahihirap na panahong ito. Kapag hindi natin itinimo nang malalim ang salita ng Diyos at ang pananampalataya kay Jesucristo sa ating puso, maaaring mabigo ang ating mga patotoo at pananampalataya, at maaaring hindi natin magamit ang kapangyarihang nais ibigay sa atin ng Diyos. Hindi sapat ang paimbabaw na pananampalataya. Tanging pananampalataya at salita ng Diyos ang makapupuspos sa kaibuturan ng ating kaluluwa nang sapat upang suportahan tayo—at tulutan tayong magamit ang Kanyang kapangyarihan.

Habang pinalalaki namin ni Sister Johnson ang aming mga anak, hinikayat namin ang lahat sa kanila na matutong tumugtog ng isang instrumentong musikal. Pero pinayagan lamang naming kumuha ng music lessons ang aming mga anak kung gagawin nila ang kanilang bahagi at magpapraktis ng kanilang instrumento bawat araw. Isang Sabado, sabik nang makipaglaro ang aming anak na si Jalynn sa kanyang mga kaibigan, pero hindi pa siya nakapagpraktis ng piyano. Batid na nangako siyang magpapraktis nang 30 minuto, binalak niyang gumamit ng timer, dahil ayaw niyang lumagpas ng kahit isang minuto ang pagpapraktis niya.

Pagdaan niya sa microwave oven papunta sa piyano, tumigil siya sandali at pinindot ang ilang button. Pero sa halip na mai-set ang timer, nai-set niya ang microwave sa cook nang 30 minuto at pinindot ang start. Matapos magpraktis nang 20 minuto, bumalik siya sa kusina para tingnan kung ilang minuto pa ang natitira at nakita niyang nasusunog ang microwave.

Sa gayo'y tumakbo siya sa likod-bahay kung saan ako gumagawa, habang sumisigaw na nasusunog ang bahay. Mabilis akong tumakbo papasok ng bahay, at totoo nga, nakita kong nagliliyab ang microwave oven.

Sa pagsisikap na hindi masunog ang bahay namin, tinanggal ko sa saksakan ang microwave, at ginamit ang power cord para iangat ang microwave mula sa counter. Umaasang maging bayani at makakita ng solusyon para iligtas ang bahay namin, pinaikut-ikot ko ang nagliliyab na microwave gamit ang power cord para ilayo ito sa katawan ko, nakarating ako sa likod-bahay, at sa isa pang pagpapaikot ay initsa ko ang microwave papunta sa damuhan. Doon namin naapula ang nagliliyab na apoy gamit ang isang hose.

Ano ang nangyaring mali? Kailangan ng microwave oven ng isang bagay na tatanggap sa enerhiya nito, at kung walang anumang bagay sa loob nito na tatanggap sa enerhiya, ang oven mismo ang tatanggap sa enerhiya, mag-iinit, at maaaring magliyab, at sisirain ang sarili nito hanggang sa masunog at maging abo.[9] Nagliyab at nasunog ang buong microwave namin dahil walang anumang bagay sa loob nito.

Gayundin, ang mga may pananampalataya at nakatimo nang malalim sa kanilang puso ang salita ng Diyos ay magagawang tanggapin at daigin ang mga nag-aapoy na sibat, na tiyak na ipadadala ng kaaway upang sirain tayo.[10] Kung hindi, ang ating pananampalataya, pag-asa, at pananalig ay maaaring hindi makatagal, at gaya ng microwave oven na walang laman, maaari tayong mapahamak.

Natutuhan ko na kapag nakatimo nang malalim ang salita ng Diyos sa aking kaluluwa, na may kahalong pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala, magagamit ko ang kapangyarihan ng Diyos na daigin ang kaaway at anumang maaari niyang ibato sa akin. Sa pagharap natin sa mga hamon, makakaasa tayo sa pangako ng Panginoon na itinuro ni Pablo: "Sapagkat hindi tayo binigyan ng Diyos ng espiritu ng kaduwagan kundi ng espiritu ng kapangyarihan, ng pag-ibig at ng pagpipigil sa sarili."[11]

Alam natin na bilang isang bata, ang Tagapagligtas ay "lumaki . . . , lumakas, napuno ng karunungan, at sumasakanya ang biyaya ng Diyos."[12] Alam natin na habang lumalaki Siya, "lumago si Jesus sa karunungan, sa pangangatawan, at naging kalugud-lugod sa Diyos at sa mga tao."[13] At alam natin na nang magsimula na ang Kanyang ministeryo, ang mga nakarinig sa Kanya "[a]y namangha sa kanyang pagtuturo, sapagkat ang kanyang salita ay may kapangyarihan."[14]

Sa pamamagitan ng paghahanda, lumago ang kapangyarihan ng Tagapagligtas at nagawa Niyang labanan ang lahat ng tukso ni Satanas.[15] Kapag sinunod natin ang halimbawa ng Tagapagligtas at naghanda tayo sa pamamagitan ng pag-aaral ng salita ng Diyos at pagpapalalim ng ating pananampalataya, magagamit din natin ang kapangyarihan ng Diyos upang labanan ang mga tukso.

Sa panahong ito ng hinigpitang pagtitipon kung kaya't imposible ang regular na pagdalo sa templo, tiniyak ko talaga na patuloy na mag-aral at matuto pa tungkol sa kapangyarihan ng Diyos na napapasaatin kapag gumagawa at tumutupad tayo ng mga tipan sa templo. Katulad ng ipinangako sa panalangin sa paglalaan ng Kirtland Temple, nililisan natin ang templo na taglay ang kapangyarihan



*Orem, Utah, USA*

ng Diyos.[16] Hindi nawawalan ng bisa ang kapangyarihang ipinagkakaloob ng Diyos sa mga gumagawa at tumutupad ng mga tipan sa templo. Wala ring restriksyon sa paggamit ng kapangyarihang iyon sa panahon ng pandemya. Nababawasan lamang ang Kanyang kapangyarihan sa ating buhay kung bigo tayong tuparin ang ating mga tipan at hindi tayo namumuhay sa paraang patuloy na magpapagindapat sa atin na matanggap ang Kanyang kapangyarihan.

Habang naglilingkod kami ng mahal kong asawa bilang mga mission leader sa Thailand, Laos, at Myanmar, nasaksihan namin mismo ang kapangyarihan ng Diyos na sumasakanila na gumagawa at tumutupad ng mga sagradong tipan sa templo. Ginawang posible ng Temple Patron Assistance Fund na makadalo sa templo ang maraming Banal sa tatlong bansang ito matapos gawin ang lahat ng magagawa nila sa pamamagitan ng personal na sakripisyo at paghahanda. Natatandaan ko na sinalubong ko ang isang grupo ng 20 matatapat na Banal mula sa Laos sa isang airport sa Bangkok, Thailand, para tulungan silang lumipat sa isa pang airport sa Bangkok para makahabol sa eroplanong sasakyan nila papuntang Hong Kong. Tuwang-tuwa ang mga miyembrong ito na sa wakas ay makakapunta na sila sa bahay ng Panginoon.

Nang makita namin ang mabubuting Banal na ito pagbalik nila, kitang-kita ang dagdag na paglago sa ebanghelyo at ang kaakibat na kapangyarihang bunga ng pagtanggap ng kanilang endowment sa templo at pakikipagtipan sa Diyos. Malinaw na lumabas ng templo ang mga Banal na ito na "sakbit ang [Kanyang] kapangyarihan."[17] Ang kapangyarihang ito na magawa ang higit pa kaysa magagawa nilang mag-isa ay nagbigay sa kanila ng lakas na matiis ang mga hamon ng pagiging miyembro ng Simbahan sa kanilang bansang pinagmulan at humayo na dala ang "labis na dakila at maluwalhating balita, sa katotohanan,"[18] habang patuloy nilang itinatayo ang kaharian ng Panginoon sa Laos.

Sa panahong hindi tayo nakakadalo sa templo, umasa ba ang bawat isa sa atin sa mga tipang ginawa natin sa templo upang magtakda ng malinaw at di-nagbabagong direksyon sa ating buhay? Ang mga tipang ito, kapag tinupad, ay nagbibigay sa atin ng pananaw at mga aasahan tungkol sa kinabukasan at ng malinaw na determinasyon na maging karapat-dapat na matanggap ang lahat ng naipangako ng Panginoon sa pamamagitan ng ating katapatan.

Inaanyayahan ko kayong hangarin ang kapangyarihang nais ng Diyos na ibigay sa inyo. Pinatototohanan ko na kapag hinangad natin ang kapangyarihang ito, bibiyayaan tayo ng mas malaking pag-unawa sa pagmamahal ng Ama sa Langit para sa atin.

Pinatototohanan ko na dahil mahal tayo ng Ama sa Langit, isinugo Niya ang Kanyang Pinakamamahal na Anak na si Jesucristo upang maging ating Tagapagligtas at Manunubos. Pinatototohanan ko si Jesucristo, Siya na taglay ang lahat ng kapangyarihan,[19] sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Protect the Spiritual Power Line," *Ensign,* Nov. 1984, 30–32.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," *Liahona,* Mayo 2018, 68–75.
3. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Pangwakas na Mensahe," *Liahona,* Nob. 2019, 112.
4. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Paglilingkod nang may Kapangyarihan at Awtoridad ng Diyos," 68–69.
5. Tingnan sa Russell M. Nelson, "Sumulong nang may Pananampalataya," *Liahona,* Mayo 2020, 115.
6. Russell M. Nelson, "Sumulong nang may Pananampalataya," 115.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 9:7–9.
8. Richard G. Scott, "Para sa Kapayapaan sa Tahanan," *Liahona,* Mayo 2013, 30.
9. "Ang mga microwave ay gumagamit ng mga microwave sound energy wave para mag-init ng mga pagkain o likido. Kailangang may laman sa loob ang microwave na tatanggap sa mga wave na ito. Kung wala, ang microwave ang tatanggap sa mga wave. Paiinitin ng mga wave ang cooking chamber ng microwave, sa pagsisikap na makahanap ng anumang tatanggap dito. Kalaunan ay aabot ang mga wave sa magnetron ng microwave, na siyang pinagmumulan ng init para sa mga microwave. Hindi kakayanin ng magnetron ang matinding init, kaya patuloy nitong ipadadala iyon sa iba pang mga bahagi ng microwave. Ang paggamit ng microwave nang wala itong laman ay makakasira sa magnetron at sa iba pang mga bahagi ng microwave. Ang pinakamasamang maaaring mangyari ay labis na mag-iinit ang mga bahagi ng microwave at maaari itong magliyab" (Abacus Appliance Service Corporation, "Will I Destroy My Microwave If It Runs Empty?" Aug. 16, 2012, abacusappliance.com; see also Julie R. Thomson, "13 Things You Should Never Put in the Microwave," June 13, 2014, huffpost.com).
10. Tingnan sa 1 Nephi 15:24.
11. 2 Timoteo 1:7.
12. Lucas 2:40.
13. Lucas 2:52.
14. Lucas 4:32.
15. Tingnan sa Mateo 4:1–11; Lucas 4:1–14; Doktrina at mga Tipan 20:22.
16. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 109:22.
17. Doktrina at mga Tipan 109:22.
18. Doktrina at mga Tipan 109:23.
19. Tingnan sa Mateo 28:18.



Ni Elder Jeffrey R. Holland
*Ng Korum ng Labindalawang Apostol*

# Paghihintay sa Panginoon

*Ang ibig sabihin ng pananampalataya ay pagtitiwala sa Diyos sa hirap at ginhawa, kahit na kabilang doon ang ilang pagdurusa hanggang sa ang Kanyang bisig ay maipahayag alang-alang sa atin.*

Mga minamahal kong kapatid, tayong lahat ay nasasabik—lalo na ako—na marinig ang pangwakas na mensahe ng ating minamahal na propetang si Pangulong Russell M. Nelson. Napakaganda ng kumperensyang ito, ngunit ito na ang pangalawang pagkakataon na naapektuhan ng COVID-19 ang ating mga nakagawiang pagtitipon. Sa sobrang pagod namin sa pandemyang ito, tila malalagas na ang aming buhok. At sa katunayan, mukhang nalagasan na nga ng buhok ang ilan sa aking mga Kapatid. Nais kong malaman ninyo na palagi kaming nananalangin para sa mga naapektuhan sa anumang paraan, lalo na sa mga nawalan ng mahal sa buhay. Ang lahat ay sumasang-ayon na masyado nang mahaba ang itinagal nito.


Gaano ba tayo katagal maghihintay ng kaginhawaan mula sa mga paghihirap na dumarating sa atin? O magtitiis sa mga personal na pagsubok habang naghihintay nang napakatagal para sa tulong? Bakit ba kailangang patagalin gayong tila hindi na natin makayanan ang mga pasanin?

Habang itinatanong ang mga bagay na ito, maaari nating marinig, kung susubukan natin, ang pagtangis ng isang tao mula sa isang basa at madilim na bilangguan sa isa sa pinakamalalamig na panahong naitala sa lugar na iyon.

"O Diyos, nasaan kayo?" maririnig natin mula sa kailaliman ng Piitan ng Liberty. "At nasaan ang pabilyon na tumatakip sa inyong pinagkukublihang lugar? Hanggang kailan pipigilan ang inyong kamay?"[1] Hanggan kailan, O Panginoon, hanggang kailan?

Kaya, hindi tayo ang una ni ang huling magtatanong ng gayong mga bagay kapag nalulugmok na tayo sa pighati o may kirot na hindi mawalawala sa ating puso. Hindi na pandemya o bilangguan ang tinutukoy ko ngayon, kundi kayo, ang inyong pamilya, at ang inyong mga kapitbahay na nahaharap sa napakaraming hamon. Tinutukoy ko ang pananabik ng marami na nais maikasal ngunit hindi maikasal o na ikinasal ngunit nais pagbutihin ang kanilang pagsasama. Tinutukoy ko ang mga taong kailangang makibaka sa di-inaasahang paglitaw ng isang matinding sakit—na maaaring hindi na magagamot—o nahaharap sa habambuhay na pakikipaglaban sa isang kapansanan na walang lunas. Tinutukoy ko ang patuloy na pagdurusa na dulot ng mga hamon sa kalusugang emosyonal at pangkaisipan na nagpapahirap sa mga kaluluwa ng napakaraming nakararanas ng mga ito, at sa puso ng mga taong nagmamahal at dumadamay sa kanila. Tinutukoy ko ang mga maralita, na sinabi sa atin ng Tagapagligtas na huwag kalimutan kailanman, at tinutukoy ko rin kayong naghihintay sa pagbabalik ng isang anak, anuman ang edad, na pumili ng isang landas na naiiba sa idinalangin ninyong tahakin niya.

Bukod pa rito, kinikilala ko na maging ang mahabang listahang ito na maaaring personal nating hinihintay ay hindi nagtatangkang lutasin ang matitinding problema sa ekonomiya, politika, at lipunan na kinakaharap nating lahat. Malinaw na inaasahan ng ating Ama sa Langit na lulutasin natin ang mahihirap na pampublikong isyu na ito pati na rin ang ating mga personal na problema, ngunit may mga pagkakataon sa ating buhay kung saan maging ang ating pinakamatinding pagsisikap sa espirituwal at pinakataimtim na panalangin ay hindi humahantong sa inaasam nating tagumpay, hinggil



*San Lucas Sacatepéquez, Guatemala*

man ito sa malalaking pandaigdigang isyu o maliliit na personal na problema. Kaya habang sama-sama tayong nagsisikap at naghihintay para sa mga sagot sa ilan sa ating mga panalangin, ibinibigay ko sa inyo ang aking pangako bilang apostol na ang mga ito ay dinirinig at sinasagot, bagaman maaaring hindi sa panahon o paraang nais natin. Ngunit ang mga ito ay *palaging* sinasagot sa panahon at paraang dapat sagutin ang mga ito ng isang magulang na nakaaalam ng lahat at mahabagin magpakailanman. Mga minamahal kong kapatid, mangyaring unawain na Siya na hindi umiidlip ni natutulog man[2] ay nagmamalasakit sa kaligayahan at kadakilaan sa huli ng Kanyang mga anak higit pa sa anumang bagay na kailangang gawin ng isang banal na nilalang. Siya ay maluwalhating katauhan ng dalisay na pag-ibig, at Maawaing Ama ang Kanyang pangalan.

"Kung totoo nga iyan," maaaring sabihin ninyo, "hindi ba dapat hatiin na lang ng Kanyang pag-ibig at awa ang ating mga personal na Dagat na Pula upang makalakad tayo sa tuyong lupa? Hindi ba dapat magpadala na lang Siya ng mga ika-21 siglong tagak mula sa kung saanman upang malamon ang ating mga nakayayamot na ika-21 siglong kuliglig?"



Sugar City, Idaho, USA

Ang sagot sa gayong mga tanong ay "Oo, kayang gumawa ng Diyos ng mga himala agad-agad, ngunit kalaunan ay matututuhan natin na Siya lang, at wala nang iba, ang makapamamahala sa mga panahon at sandali sa ating mortal na paglalakbay." Magkakaiba ang pamamahala Niya sa mga pangyayari sa buhay ng bawat isa sa atin. Para sa bawat maysakit na gumaling kaagad habang naghihintay na lumusong sa Tangke ng Betesda,[3] may isang taong gugugol ng 40 taon sa disyerto habang naghihintay na makapasok sa lupang pangako.[4] Para sa bawat Nephi at Lehi na mahimalang naprotektahan ng nakapaligid na apoy dahil sa kanilang pananampalataya,[5] mayroon tayong isang Abinadi na sinunog sa nagliliyab na tulos dahil sa kanyang pananampalataya.[6] At naaalala natin na ang Elias din na iyon na agad-agad na tumawag ng apoy mula sa langit upang magpatotoo laban sa mga saserdote ni Baal[7] ang siya ring Elias na nagtiis sa panahong walang ulan nang maraming taon at na, sa maikling panahon, binigyan lang ng kakaunting pagkain na kayang dalhin ng kuko ng uwak.[8] Sa palagay ko, malayo iyon sa matatawag nating "happy meal."

Ano ang ipinupunto ko? Ang ipinupunto ko ay na ang ibig sabihin ng pananampalataya ay pagtitiwala sa Diyos sa hirap at ginhawa, kahit na kabilang doon ang ilang pagdurusa hanggang sa ang Kanyang bisig ay maipahayag alang-alang sa atin.[9] Maaaring maging mahirap iyon sa ating makabagong mundo kung saan maraming naniniwala na ang pinakamagandang maaaring mangyari sa buhay ay maiwasan ang lahat ng paghihirap at na walang sinumang dapat magdusa dahil sa anumang bagay.[10] Ngunit ang paniniwalang iyon ay hindi kailanman hahantong sa "sukat ng ganap na kapuspusan ni Cristo."[11]

Humihingi ako ng paumanhin kay Elder Neal A. Maxwell sa pangangahas na baguhin at palawakin ang isang bagay na sinabi niya noon, ngunit naniniwala rin ako na "ang buhay ng isang tao . . . ay hindi maaaring maging kapwa puno ng



Saonara, Padua, Italy

pananampalataya at walang problema." Hindi tayo maaaring "basta na lang mamuhay nang walang kamalayan sa mga paghihirap," na habang umiinom ng isa pang baso ng lemonada ay nagsasabing: "Panginoon, pagkalooban ako ng lahat ng Inyong pinakamagagandang katangian, ngunit tiyaking huwag akong bigyan ng kalungkutan, ni pighati, ni sakit, ni pagsalungat. Mangyaring huwag hayaang may sinumang umayaw o magtaksil sa akin, at higit sa lahat, huwag na huwag hayaang maramdaman ko na ako ay tinalikuran na Ninyo o ng mga taong minamahal ko. Sa katunayan, Panginoon, ingatan ako nang hindi ko maranasan ang lahat ng bagay na nagpabanal sa Inyo. Ngunit kapag tapos na ang mga paghihirap ng iba, mangyaring hayaan akong pumunta at manahan sa kinaroroonan Ninyo, kung saan maipagyayabang ko kung gaano nagkakatulad ang ating mga kalakasan at katangian habang lumulutang ako sa aking ulap ng maginhawang Kristiyanismo."[12]

Mga minamahal kong kapatid, ang Kristiyanismo ay nakagiginhawa, ngunit kadalasan ay hindi nagbubunga ng maginhawang kalagayan ang pagsasabuhay nito. Ang landas tungo

sa kabanalan at kaligayahan sa buhay na ito at pagkatapos nito ay mahaba at mabato kung minsan. Kailangan ng panahon at tiyaga upang matahak ito. Ngunit, mangyari pa, ang gantimpala sa paggawa nito ay napakalaki. Ang katotohanang ito ay itinuro nang malinaw at mapanghimok sa ika-32 kabanata ng Alma sa Aklat ni Mormon. Doon, itinuro ng dakilang mataas na saserdote na kung ang salita ng Diyos ay itinanim sa ating mga puso tulad ng isang munting binhi, at kung sisikapin natin itong diligan, bunutan ng ligaw na damo, alagaan, at hikayatin, *sa hinaharap* ay magkakaroon ito ng bunga "na pinakamahalaga, . . . pinakamatamis sa lahat ng matamis," at ang pagkain nito ay hahantong sa isang kalagayan kung saan hindi na tayo mauuhaw ni magugutom pa.[13]

Maraming aral na itinuro sa pambihirang kabanata na ito, ngunit ang sentro ng mga ito ay ang katotohanan na kailangan nating alagaan ang binhi at hintayin itong mahinog; tayo ay "*umaasa* nang may pananampalataya sa bunga niyon."[14] Ang ating ani, sabi ni Alma, ay darating "di maglalaon."[15] Hindi na nakapagtataka na tinapos niya ang kanyang pambihirang tagubilin sa pamamagitan ng tatlong beses na pag-uulit ng panawagan para sa *pagsisikap* at *pagtitiyaga* sa pangangalaga sa salita ng Diyos sa ating mga puso, "*[n]aghihintay,*" tulad ng sabi niya, nang may "mahabang pagtitiis . . . sa punungkahoy na magbigay ng bunga sa inyo."[16]

COVID at kanser, pag-aalinlangan at pagkabalisa, problema sa pananalapi at pagsubok sa pamilya. Kailan pagagaanin ang mga pasaning ito? Ang sagot ay "di maglalaon."[17] At kung iyon man ay maikli o mahabang panahon ay hindi tayo ang palaging magpapasiya, ngunit sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ang mga pagpapala ay darating sa mga taong mahigpit na kakapit sa ebanghelyo ni Jesucristo. Ang isyung iyon ay napagpasiyahan na sa isang pribadong halamanan at sa isang pampublikong burol sa Jerusalem maraming taon na ang nakalipas.




Habang pinapakinggan natin ngayon ang ating minamahal na propeta sa pagtatapos ng kumperensyang ito, nawa'y maalala natin, tulad ng ipinakita ni Russell Nelson sa buong buhay niya, na ang mga "*naghihintay sa Panginoon* ay magpapanibagong lakas [at] paiilanglang na may mga pakpak na parang mga agila; sila'y tatakbo at hindi mapapagod; . . . sila'y lalakad, at hindi manghihina."[18] Dalangin ko na "di maglalaon"—malapit man o malayo pa—ang mga pagpapalang iyon ay dumating sa bawat isa sa inyo na naghahangad ng kaginhawaan mula sa inyong mga pighati at ng kalayaan mula sa inyong kalungkutan. Nagpapatotoo ako sa pag-ibig ng Diyos at sa Pagpapanumbalik ng Kanyang maluwalhating ebanghelyo, na sa anumang paraan ay sagot sa lahat ng isyu na nararanasan natin sa buhay. Sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Doktrina at mga Tipan 121:1–2.
2. Tingnan sa Mga Awit 121:4.
3. Tingnan sa Juan 5:2–9.
4. Tingnan sa Mga Bilang 32:13; Deuteronomio 2:7; Josue 5:6.
5. Tingnan sa Helaman 5:20–52.
6. Tingnan sa Mosias 17.
7. Tingnan sa 1 Mga Hari 18:17–40.
8. Tingnan sa 1 Mga Hari 17:1–7.
9. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 123:17.
10. Tingnan sa Rankin Wilbourne at Brian Gregor, "Jesus Didn't Suffer to Prove a Philosophical Point," *Christianity Today,* Set. 20, 2019, christianitytoday.com.
11. Efeso 4:13.
12. Pagbabago ni Jeffrey R. Holland sa mensahe ni Elder Neal A. Maxwell; tingnan sa Neal A. Maxwell, "Lest Ye Be Wearied and Faint in Your Minds," *Ensign,* May 1991, 88.
13. Alma 32:42.
14. Alma 32:40; idinagdag ang pagbibigay-diin.
15. Alma 32:42.
16. Alma 32:43; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Alma 32:41–42.
17. Alma 32:42.
18. Isaias 40:31; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa Isaias 40:28–30.



Ni Pangulong Russell M. Nelson
*Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw*

# Isang Bagong Normal

*Inaanyayahan ko kayo na mas ibaling ang inyong puso, isip, at kaluluwa sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak, na si Jesucristo.*

Mahal kong mga kapatid, itong dalawang araw ng kumperensya ay talagang maluwalhati! Sumasang-ayon ako kay Elder Jeffrey R. Holland. Tulad ng binanggit niya, ang mga mensahe, dalangin, at musika ay binigyan lahat ng inspirasyon ng Panginoon. Nagpapasalamat ako sa lahat ng mga nakibahagi sa anumang paraan.

Sa buong kaganapan ng kumperensya, inisip ko na nakikinig kayo sa kumperensya. Hiniling ko sa Panginoon na tulungan akong maintindihan ang inyong mga nadarama, alalahanin, o mga bagay na sinisikap ninyong lutasin. Inisip ko kung ano ang masasabi ko sa pagtatapos ng kumperensyang ito na magbibigay sa inyo ng magandang pananaw sa hinaharap na alam kong nais ng Panginoon na madama ninyo.


Nabubuhay tayo sa maluwalhating panahon, na nakita ng mga propeta sa loob ng maraming siglo. Ito ang dispensasyon na walang espiritwal na kaloob na hindi ibibigay sa mabubuti.[1] Kahit magulo ang mundo,[2] nais ng Panginoon na tanawin natin ang hinaharap "nang may masayang pagkasabik."[3] Huwag nating paulit-ulit na balikan ang alaala ng kahapon. Patuloy na sumusulong ang pagtitipon ng Israel. Ang Panginoong Jesucristo ang namamahala sa mga ginagawa sa Kanyang Simbahan at *matutupad* ang mga dakilang layunin nito.

Ang hamon sa iyo at sa akin ay tiyakin na maaabot ng bawat isa sa *atin* ang ating banal na potensyal.

Ngayon, madalas nating marinig ang "bagong normal." Kung nais talaga ninyong isabuhay ang bagong normal, inaanyayahan ko kayo na mas ibaling ang inyong puso, isip, at kaluluwa sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang Anak, si Jesucristo. Iyan ang gawin *ninyong* bagong normal.

Isabuhay ang inyong bagong normal sa pagsisisi araw-araw. Sikaping maging mas dalisay sa isip, salita, at gawa. Maglingkod sa iba. Magkaroon ng walang-hanggang pananaw. Gampanang mabuti ang inyong mga calling. At anuman ang inyong mga hamon, mga minamahal na kapatid, mamuhay araw-araw upang maging mas handa *kayo* na humarap sa inyong Tagapaglikha.[4]

Ito ang dahilan kaya tayo may mga templo. Inihahanda tayo ng mga ordenansa at tipan para sa buhay na walang-hanggan, ang pinakadakila sa lahat ng biyaya ng Diyos.[5] Tulad ng alam ninyo, dahil sa pandemyang COVID, kinailangang pansamantalang isara ang ating mga templo. At sinimulan nating maingat na isagawa



ang unti-unting muling pagbubukas. Ngayong nasa phase 2 na ang maraming mga templo, libu-libong magkasintahan na ang nabuklod, at libu-libo na ang nakatanggap ang kanilang endowment sa nakalipas na mga buwan. Nasasabik kami sa araw na lahat ng karapat-dapat na miyembro ng Simbahan ay muling mapaglilingkuran ang mga ninuno nila at makasasamba sa banal na templo.

Ngayon ay ikinagagalak kong ibalita ang mga plano para sa pagtatayo ng anim na bagong templo sa mga sumusunod na lugar: Tarawa, Kiribati; Port Vila, Vanuatu; Lindon, Utah; Greater Guatemala City, Guatemala; São Paulo East, Brazil; at Santa Cruz, Bolivia.

Sa pagtatayo at pangangalaga natin sa mga templo na ito, dalangin namin na pagbutihin at panatilihin din ninyong marapat ang inyong sarili sa pagpasok sa banal na templo.

Ngayon, mga minamahal kong kapatid, binabasbasan ko kayo na mapuno kayo ng kapayapaan ng Panginoong Jesucristo. Ang Kanyang kapayapaan ay higit pa sa kaya nating maintindihan.[6] Binabasbasan ko kayo ng higit na paghangad at kakayahan na sundin ang mga batas ng Diyos. Ipinapangako ko na sa paggawa nito, makatatanggap kayo ng maraming biyaya, at ng dagdag na katapangan at personal na paghahayag, higit na pagkakaisa sa inyong mga tahanan, at kaligayahan, sa kabila ng kawalang-katiyakan.

Nawa'y sumulong tayo nang magkakasama upang tuparin ang ating banal na mandato—ang paghahanda ng ating sarili at ng mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon. Ipinagdarasal ko ito, nang may pagmamahal sa bawat isa sa inyo, sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

**MGA TALA**

1. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:26–29.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:26; 88:91.
3. *Teachings of Presidents of the Church: Joseph Smith* (2007), 513.
4. Tingnan sa Alma 12:24; 34:32.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 14:7.
6. Tingnan sa Mga Taga Filipos 4:7.



*Taboão da Serra, São Paulo, Brazil*

## Inilahad ang mga Pagbabago sa Pamumuno


Noong pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2020, isang bagong miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, isang bagong General Authority Seventy, isang bagong miyembro ng Presiding Bishopric, at apat na bagong Area Seventy ang inihayag.

Si Elder Brent H. Nielson ay sinang-ayunan bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu, kasunod ng pag-release kay Elder L. Whitney Clayton, na pinagkalooban ng emeritus status. Si Elder Patrick Kearon ay naglilingkod na ngayon bilang Senior President ng Pitumpu, ang katungkulang dating hawak ni Elder Clayton.

Si Elder Dean M. Davies ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy kasunod ng pag-release sa kanya bilang Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric. Si Bishop W. Christopher Waddell ay sinang-ayunan upang humalili kay Elder Davies bilang Unang tagapayo sa Presiding Bishopric, at si Bishop L. Todd Budge, na ini-release bilang General Authority Seventy, ay sinang-ayunan bilang Pangalawang Tagapayo (ang katungkulang dating hawak ni Bishop Waddell).

Sina Elder Enrique Falabella at Elder Richard J. Maynes ay ini-release rin bilang mga General Authority Seventy at pinagkalooban ng emeritus status.

Ang mga talambuhay ng mga napiling lider ay matatagpuan simula sa pahinang ito. Inilahad rin ang pag-release sa 47 na mga Area Seventy at ang pagtawag sa apat na Area Seventy (tingnan sa pahina 30). ■



## Elder Brent H. Nielson

*Panguluhan ng Pitumpu*

Isa sa mahahalagang aral na natutuhan ni Elder Brent H. Nielson matapos lisanin ng isang miyembro ng kanilang pamilya ang Simbahan nang ilang taon ay na kailangan ng *lahat* ng anak ng Diyos ang pagmamahal ng Tagapagligtas at ang nakapagpapagaling na kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Habang pinag-aaralan ang Lucas 15 kasama ang kanyang pamilya sa panahong iyon, narinig ni Elder Nielson ang talinghaga tungkol sa alibughang anak sa ibang paraan.

"Sa [ilang] dahilan, parang ako ang anak na hindi nilisan ang tahanan. . . . Nang umagang iyon, natanto ko na sa ilang kaparaanan [na] *ako* ang alibughang anak," sabi niya. "Lahat tayo ay hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Ama (tingnan sa Mga Taga Roma 3:23). Kailangan nating lahat ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas na magpapagaling sa atin. Lahat tayo ay nawala at kailangang matagpuan."[1]

Si Elder Brent Hatch Nielson ay sinang-ayunan bilang miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu noong Oktubre 3, 2020, kasunod ng pag-release kay Elder L. Whitney Clayton, na pinagkalooban ng emeritus status.

Si Elder Nielson ay ipinanganak sa Burley, Idaho, USA, noong Disyembre 8, 1954. Noong binata pa siya, nagmisyon siya sa Finland. Pinakasalan niya si Marcia Ann Bradford noong Hunyo 1978 sa Salt Lake Temple. Sila ay may anim na anak.

Nagtapos si Elder Nielson ng bachelor of arts degree in English sa Brigham Young University noong 1978. Noong 1981 tumanggap siya ng juris doctor degree mula sa University of Utah. Pagkatapos ay nagtrabaho siya bilang abugado at partner sa isang law firm sa Twin Falls, Idaho, USA, nang halos 30 taon.

Si Elder Nielson ay naglingkod bilang counselor sa Pacific Area at sa Philippines Area at bilang Philippines Area President. Mula 2015 hanggang 2020, naglingkod siya bilang Executive Director of the Missionary Department.

Bago siya tinawag bilang General Authority Seventy noong Abril 2009, naglingkod siya bilang ward Young Men president, bishop, high councilor, counselor sa stake presidency, stake president, at Area Seventy sa Idaho Area. ■

**TALA**

1. Brent H. Nielson, "Naghihintay sa Alibughang Anak," *Liahona,* Mayo 2015, 103.



## Elder Dean M. Davies

*General Authority Seventy*

Habang nagmamaneho pauwi mula sa trabaho noong 1989, naranasan ni Elder Dean M. Davies ang isang lindol sa San Francisco, California, USA, na yumanig nang matindi sa kanyang sasakyan. Kalaunan, habang iniisip niya ang pinsalang idinulot nito sa lugar, napaalalahanan siya ukol sa kahalagahan ng pagtatayo ng ating buhay sa tunay na saligan.

"Wala ni isa sa atin ang sasadyaing magtayo ng ating tahanan, mga lugar na pagtatrabahuhan, o sagradong bahay-sambahan sa ibabaw ng buhangin, durog na bato, o nang walang angkop na mga plano at materyal," sabi niya. "Tanggapin natin ang paanyaya ng Tagapagligtas na lumapit sa Kanya. Itayo natin ang ating buhay sa ligtas at tunay na saligan."[1]

Si Elder Davies, na naglingkod sa Presiding Bishopric simula pa noong Abril 2012, ay sinang-ayunan bilang General Authority Seventy noong Oktubre 3, 2020. Sa Presiding Bishopric, si Elder Davies ay naglingkod bilang Pangalawang Tagapayo kay Bishop Gary E. Stevenson hanggang noong sang-ayunan si Bishop Stevenson bilang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol noong Oktubre 3, 2015. Pagkatapos ay sinang-ayunan si Elder Davies bilang Unang Tagapayo kay Bishop Gérald Caussé, na siyang humalili kay Elder Stevenson bilang bagong Presiding Bishop.


Si Dean Myron Davies ay ipinanganak sa Salt Lake City, Utah, USA, noong 1951. Matapos maglingkod bilang full-time missionary sa Uruguay/Paraguay Mission, pinakasalan niya si Darla James noong 1973 sa Salt Lake Temple. Sila ay may 5 anak at 17 apo.

Noong Hulyo 1995, nagsimula siyang magtrabaho para sa Simbahan, kung saan siya ang namamahalang direktor ng Special Projects Department, na may responsibilidad sa real estate na may espesyal na paggagamitan, disenyo ng templo, at pagtatayo ng templo. Bago siya nagtrabaho sa Simbahan, nagtrabaho si Bishop Davies sa High Industries, Inc., ng Lancaster, Pennsylvania, at Bechtel Investments, Inc., ng San Francisco. Nagtapos siya ng bachelor's degree in agricultural economics sa Brigham Young University at nakatapos ng advanced executive programs sa Stanford University at sa Northwestern University.

Si Bishop Davies ay naglingkod noon bilang pangulo ng Puerto Rico San Juan Mission, counselor sa mission president, stake president, counselor sa stake president, stake executive secretary, high councilor, at sa ilang bishopric. ■

**TALA**

1. Tingnan sa Dean M. Davies, "Isang Tunay na Saligan," *Liahona,* Mayo 2013, 9, 11.



## Bishop L. Todd Budge

*Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric*

Matapos maglingkod nang 18 buwan bilang General Authority Seventy, si Bishop L. Todd Budge ay sinang-ayunan bilang Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric. Siya ang kahalili ni Bishop Dean M. Davies, na tinawag bilang General Authority Seventy.

Nagtapos si Bishop Budge ng bachelor's degree sa economics sa Brigham Young University noong 1984. Nagtrabaho siya sa Bain & Company Japan; Citibank, N.A.; at GE Capital sa Japan at Atlanta, Georgia, USA. Siya ay naging president at chief executive officer ng Tokyo Star Bank Limited noong 2003 at naglingkod bilang chairman of the board ng bangko mula 2008 hanggang 2011. Naglingkod din siya bilang miyembro ng board of directors para sa Hawaiian Airlines.

Sa isang pagkakataon sa kanyang buhay, habang pinag-iisipan ni Bishop Budge na magbago ng propesyon, tumanggap siya ng ilang mahahalagang payo. "Kailangan namin ng mga taong may integridad sa negosyo," sabi sa kanya ng isang mentor, at idinagdag na ang kanyang propesyon ay magbibigay sa kanya ng maraming pagkakataong magpayo at tumulong sa mga tao.

Ang trabaho ni Bishop Budge ay nagbigay nga sa kanya ng maraming pagkakataon na maging mabuting impluwensya sa mundo ng pagnenegosyo, kabilang na ang pagkakataong maibahagi ang ebanghelyo sa Japan, kung saan siya naglingkod noon bilang missionary sa Japan Fukuoka Mission. Kalaunan ay naglingkod siya bilang pangulo ng Japan Tokyo Mission.

"Ang magandang balita ng ebanghelyo," pagtuturo niya, "ay hindi pangako ng buhay na walang kalungkutan at paghihirap kundi isang buhay na puno ng layunin at kahulugan —isang buhay kung saan ang ating mga kalungkutan at paghihirap ay maaaring 'malulon sa kagalakan dahil kay Cristo' [Alma 31:38]."[1]

Si Lawrence Todd Budge ay ipinanganak noong Disyembre 29, 1959, sa Pittsburg, California, USA. Nakilala niya si Lori Capener noong freshman pa sila sa Brigham Young University. Nagpakasal sila noong 1981 sa Logan Utah Temple. Sila ay may anim na anak.

Bago siya tinawag bilang General Authority Seventy, si Bishop Budge ay naglingkod bilang Area Seventy, stake president, stake executive secretary, stake Young Men president, bishop, at elders quorum president. ■

**TALA**

1. L. Todd Budge, "Patuloy at Matatag na Tiwala," *Liahona,* Nob. 2019, 47.



# Missionary Referral System: Simple, Mabilis

Mas simple at mas mabilis kaysa dati para sa mga miyembro na tulungan ang kanilang mga kaibigan na makilala ang mga missionary, salamat sa mga update kamakailan sa missionary referral system para sa mga miyembro. Ang na-update na referral process ay naglalayong maikonekta nang mabilis ang mga missionary sa mga miyembro na nagbigay ng referral upang makapagplano sila ng gagawin na tutulong sa kaibigan ng miyembro na makibahagi nang mabuti sa mga lesson ng mga missionary tungkol sa ebanghelyo.

Ganito ang gagawin:

1. Kapag pumayag ang iyong kaibigan o kakilala na turuan ng mga missionary, punan mo lang ang isang referral form sa pamamagitan ng Member Tools app o sa ChurchofJesusChrist.org/referrals. Maaari ka ring mag-iwan ng iyong contact information at maikling sulat para sa mga missionary.
2. Matapos isumite ang form, kokontakin ka ng isang sister missionary na naka-assign na tumulong sa mga member referral. Ia-assign niya ang referral sa tamang lokasyon at tutulungan kang makipag-ugnayan sa mga lokal na missionary.
3. Tatanggapin din ng mga lokal na missionary ang iyong contact information kasama ang referral. Dahil dito matatalakay mo ang sitwasyon at mga pangangailangan ng iyong referral na kaibigan sa mga missionary. Maaari mo silang kausapin kung paano matutulungan ang iyong kaibigan na magkaroon ng magandang karanasan. May opsiyon ka rin na makibahagi sa mga lesson ng missionary sa paraang nais mo.

"Itinuro sa mga missionary na bawat referral na matatanggap nila mula sa isang miyembro ay dapat ituring na mahalaga," sabi ni Elder Marcus B. Nash ng Pitumpu. "Kapag tumanggap ng referral ang mga missionary, tinuruan sila na tanungin ka kung paano nila pinakamainam na matutulungan ang iyong kaibigan. Kapag nagtulungan ang mga miyembro at mga missionary, bibigyang-inspirasyon sila ng Panginoon na makalikha ng makabuluhang karanasan upang matulungan ang inyong mga kaibigan na mas mapalapit kay Jesucristo."

Ang bagong interactive tool na ito ay kasalukuyang magagamit sa 33 wika. ■

Bisitahin ang ChurchofJesusChrist.org/referrals para malaman ang iba pa o magpadala ng isang referral.

# Mga Pagbabago sa mga Magasin ng Simbahan

Magkakaroon ng malalaking pagbabago sa mga magasin ng Simbahan simula sa Enero 2021. Ang *Liahona* ay magiging magasin para sa mga adult na mambabasa, na naglalaan ng *isang* lathalain para sa mga adult sa buong mundo. Ang mga magasin para sa kabataan at mga bata, bilang mga independiyenteng lathalain, ay magiging available sa iba't ibang panig ng mundo. At palalawakin at pag-iibayuhin sa mga digital content at insert na may mga lokal na artikulo ang kaalaman sa ebanghelyo at resources na makukuha ng mga miyembro ng Simbahan saanman sila naroon.

Ang pangalang *Ensign* ay hindi na gagamitin, ang magasin ng mga kabataan ay makikilala na ngayon bilang *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (kapalit ng *New Era*), at ang *Kaibigan* pa rin ang ipapangalan sa magasin na para sa mga bata.

Ang mga pagbabagong ito sa mga magasin ay magbibigay ng ilang kapakinabangan sa mga Banal sa mga Huling Araw na nasa iba't ibang panig ng mundo:

- Sa kauna-unahang pagkakataon, ang mga pamilyang naninirahan sa labas ng mga bansang nagsasalita ng Ingles ay magkakaroon ng pagkakataon na magsuskribe sa mga magasin para sa mga bata at kabataan.
- Sa ilang lugar at mga wika, ang mga magasin ay ilalathala nang mas madalas kaysa dati.
- Ang pandaigdigang pamilya ng Simbahan ay tatanggap ng magkakatulad na mga mensahe na naghihikayat ng pagkakaisa sa pamamagitan ng pandaigdigang mga magasin. ■

Basahin ang mga komentaryo tungkol sa mga pagbabagong ito sa mga pahina 39–40.



## Anim na Bagong Templo ang Ibinalita

Anim na bagong templo ang ibinalita ni Pangulong Russell M. Nelson sa sesyon sa Linggo ng hapon ng pangkalahatang kumperensya. Ang mga templong ibinalita ay para sa:

- **Tarawa, Kiribati.** Ang Kiribati ay isang bansa na binubuo ng 32 atoll sa Karagatang Pasipiko na malapit sa international date line.
- **Port Vila, Vanuatu.** Ang Vanuatu ay isang bansa na binubuo ng 80 isla sa South Pacific.
- **Lindon, Utah, USA.** Ang Lindon ay matatagpuan mga 40 milya (64 km) sa timog ng Salt Lake City.
- **Greater Guatemala City, Guatemala.** Ang Guatemala, sa Central America, ay malapit nang magkaroon ng apat na templo.
- **São Paulo East, Brazil.** Ito ang magiging ika-12 templo na ibinalita para sa Brazil.
- **Santa Cruz, Bolivia.** Ito ang magiging pangalawang templo sa bansang ito ng South America.

Simula nang siya ay maging Pangulo ng Simbahan noong 2018, 49 na bagong templo na itatayo ang naibalita na ni Pangulong Nelson. Ang Simbahan ngayon ay may 230 mga templong ibinalita, kasalukuyang ginagawa, o nagagamit na. ■

# Pahayag tungkol sa Seremonya sa Templo

Ang Unang Panguluhan ay naglabas ng sumusunod na mensahe noong Hulyo 20, 2020, tungkol sa mga pagbabago sa seremonya ng endowment sa templo:

"Ang mga sagradong turo, pangako, at seremonya sa templo ay mula pa noong unang panahon, at itinuturo ang mga anak ng Diyos sa Kanya kapag sila ay gumagawa pa ng mga karagdagang tipan at natututo pa tungkol sa Kanyang plano, kabilang na ang papel na ginagampanan ng Tagapagligtas na si Jesucristo.

"Sa pamamagitan ng inspirasyon, ang mga paraan ng pagtuturo sa templo ay nagbago nang maraming beses, maging kamakailan lang, upang tulungan ang mga miyembro na mas maunawaan at maipamuhay ang natututuhan nila sa loob ng templo.

"Bahagi ng karanasan sa templo ang pagkakaroon ng mga sagradong tipan, o pangako, sa Diyos. Karamihan sa mga tao ay pamilyar sa mga simbolikong gawain na kaakibat ng paggawa ng mga tipang ukol sa relihiyon (tulad ng panalangin, pagbibinyag sa isang tao sa pamamagitan ng paglulubog sa tubig, o paghahawak ng mga kamay sa seremonya ng kasal). Ang gayon ding mga simple at simbolikong gawain ay kasama sa paggawa ng mga tipan sa templo.

"Dahil nagmamalasakit sa lahat at sa hangaring maragdagan ang natututuhan sa templo, pinahintulutan ang ginawang pagbabago kamakailan sa seremonya ng endowment sa templo. Dahil sa kasagraduhan ng mga seremonya sa templo, hinihiling namin sa ating mga miyembro at kaibigan na huwag magbigay ng haka-haka o sumali sa mga pampublikong talakayan tungkol sa mga pagbabagong ito. Sa halip, inaanyayahan namin ang mga miyembro ng Simbahan na patuloy na asamin ang araw na makababalik sila at lubos na makakabahagi sa sagradong gawain sa templo nang may panalangin at pasasalamat." ■





## Online System para sa mga Prayer Roll sa Templo

Ang online system ay ginawa para makapagpadala ang mga miyembro ng mga pangalan ng kapamilya o mga kaibigan sa templo para sa layunin na mailagay ang mga pangalang iyon sa prayer roll. Ang mga kahilingang ilagay ang isang pangalan sa mga prayer roll ng templo ay magagawa na ngayon sa pamamagitan ng pagbisita sa alinman sa information page ng templo sa ChurchofJesusChrist.org/temples at pagklik sa prayer roll link. Ang mga kahilingan ay maaari ring gawin sa pamamagitan ng "Temple" section ng Member Tools mobile app. Kapag naipasok na ang mga pangalan, ipadadala ang mga ito sa templong iyon (o sa pinakamalapit na bukas na templo).

Ang mga miyembro ng maraming relihiyon ay nananalangin para sa mga mahal sa buhay at sa ibang tao na may sakit o iba pang mga suliranin. Inilarawan sa mga banal na kasulatan ang mga halimbawa kung saan nanalangin si Jesucristo sa mga pangkat ng tao at hinikayat ang mga naroon na manalangin din. Ang gawain ding ito ay sinusunod sa templo, kung saan nagkakaisa ang mga miyembro sa pananampalataya at panalangin para hilingin sa Diyos na pagpalain ang mga tao na ang mga pangalan ay nasa mga prayer roll. ■

# Mababasa ang *General Handbook [Pangkalahatang Hanbuk]* sa Digital Format

Patuloy ang ginagawang rebisyon sa *General Handbook: Serving in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, na may pagsasalin ng piling materyal sa 21 mga pangunahing wika na malapit nang i-release.

Ang bagong hanbuk ay inilathala sa digital format sa wikang Ingles noong Pebrero 2020, na may karagdagang paglalathala ng mga binagong materyal noong Marso at Hulyo. Sa ngayon, 16 sa 38 kabanata ng aklat ang muling isinulat at inilathala. Ang natitirang mga kabanata ay babaguhin sa darating na mga buwan, kabilang ang mga pagbabago para mabawasan ang haba at gawing simple para mas maunawaan.

Pagkatapos ng Pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2020, ang chapter 32, "Repentance and Church Membership Councils," at ilang bahagi ng section 38.6, "Policies on Moral Issues" (na sumusuporta sa chapter 32), ay sisimulan nang ilathala sa 21 wika (bukod sa wikang Ingles). Ang mga karagdagang kabanata ay isinasalin at inihahanda na para sa paglalathala sa darating na mga buwan, at kalaunan ang lahat ng materyal ay mababasa na sa 35 wika.

Bagama't makikita ang hanbuk sa website ng Simbahan at sa Gospel Library app, ang pangunahing gagamit ng materyal ay ang mga lider ng Simbahan. Ang binagong hanbuk ang papalit sa *Hanbuk 1* (para sa mga stake president at bishop) at *Hanbuk 2* (para sa lahat ng lider) at pagsasama-samahin ang lahat ng impormasyon ng mga ito sa iisang hanbuk.

Ang balangkas na binuo para sa bagong hanbuk ay ang gawain ng kaligtasan at kadakilaan, na kinabibilangan ng apat na aspeto na pagtutuunan ng pansin habang lumalapit tayo kay Cristo at tumutulong sa gawain ng Diyos:

1. Pamumuhay ayon sa ebanghelyo ni Jesucristo
2. Pangangalaga sa mga nangangailangan
3. Pag-anyaya sa lahat na tanggapin ang ebanghelyo
4. Pagbubuklod ng mga pamilya para sa kawalang-hanggan

Ang mga kabanata ay naglalayong tulungan ang mga lider sa iba't ibang panig ng mundo na maglingkod nang may pangangalagang katulad ng kay Cristo kapag isinasagawa ang iba't ibang programa, patakaran, at pamamaraan ng Simbahan at, kung kinakailangan, kapag iniaangkop ang mga ito sa mga lokal na kalagayan.

Dahil nailathala sa digital format ang hanbuk, nagagawa ang pag-update at pagbabago habang lumalago ang Simbahan at kapag binabago ang mga patakaran. Ang mga alituntunin ng pag-aangkop at pagbabagay na nakapaloob sa hanbuk ay tumutulong sa mga lider at miyembro na epektibong magamit ang mga alituntunin at programa ng Simbahan sa lahat ng kongregasyon anuman ang laki ng mga ito at sa magkakaibang komunidad ng mga Banal sa iba't ibang panig ng mundo. ■

# Update tungkol sa Rebisyon ng Himnaryo

Noong Hunyo 2018, ibinalita ang gagawing rebisyon sa himnaryo at Aklat ng mga Awit Pambata ng Simbahan, kasama ang paghingi ng feedback sa mga miyembro tungkol sa sagradong musika at paghiling sa mga miyembro na magsumite ng mga orihinal na himno, awitin, at teksto. Halos 50,000 mga miyembro ang tumugon sa feedback survey hinggil sa ating kasalukuyang sagradong musika. Nagbahagi rin ang mga tumugon ng kanilang damdamin tungkol sa iminungkahing mga piling musika mula sa ibang relihiyon na pinag-iisipang isama.

Mahigit 16,000 na orihinal na musika ang natangap mula sa mga miyembro sa 66 na bansa. Ang orihinal na mga himno at awiting ito ay nirepaso nang walang pangalan ng mga taong sumulat at nang maraming beses ng isang grupo ng mahuhusay na miyembro mula sa iba't ibang bansa at ng mga revision committee sa headquarters ng Simbahan.

Nagpapasalamat ang mga committee sa mga miyembro sa iba't ibang panig ng mundo na nagbigay ng kanilang panahon at mga talento upang tulungan ang iba na mas mapalapit sa Tagapagligtas sa pamamagitan ng sagradong musika. Habang ang lahat ng mga isinumite at mga mungkahi ay maingat na isinasaalang-alang, inaasahan na magagamit sa darating na ilang taon ang mga bagong koleksyon. ■













Pumarito Ka, Sumunod Ka sa Akin

# Matuto mula sa mga Mensahe ng Pangkalahatang Kumperensya



*Osaka, Japan*

Ang mga turo ng mga buhay na propeta at ng iba pang mga pangkalahatang lider ng Simbahan ay nagbibigay ng inspiradong patnubay kapag sinisikap nating makibahagi sa gawain ng Panginoon. Tuwing pangalawa at pang-apat na Linggo ng bawat buwan, ang mga panguluhan ng elders quorum at Relief Society ay pipili ng isang mensahe sa kumperensya na tatalakayin, batay sa mga pangangailangan ng mga miyembro at ayon sa patnubay ng Espiritu. Kung minsan, maaari ring magmungkahi ang bishop o stake president kung anong mensahe ang tatalakayin. Sa pangkalahatan, dapat bigyang-diin ng mga lider ang mga mensahe ng mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol. Gayunpaman, anumang mensahe mula sa pinakahuling kumperensya ay maaaring talakayin.

Dapat humanap ang mga lider at guro ng mga paraan upang mahikayat ang mga miyembro na basahin ang piniling mensahe bago ang araw ng miting.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan sa mga kabanata tungkol sa mga miting ng Melchizedek Priesthood at Relief Society sa *Pangkalahatang Hanbuk: Paglilingkod sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw,* 8.2.1.2, 9.2.1.2, ChurchofJesusChrist.org.

## Pagpaplano na Magturo

Ang mga sumusunod na tanong ay makakatulong sa mga guro habang nagpaplano sila na ituro ang isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya.

**1.** Ano ang nais ipaunawa sa atin ng nagsalita? Anong mga alituntunin ng ebanghelyo ang itinuturo niya? Paano naaangkop ang mga alituntuning ito sa ating korum o Relief Society?

**2.** Anong mga banal na kasulatan ang ginamit ng nagsalita para suportahan ang kanyang mensahe? May iba pa bang mga banal na kasulatan na mababasa namin na magpapalalim ng aming pag-unawa? (Maaaring may makuha ka sa mga tala sa katapusan ng mensahe o sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan.)

**3.** Ano ang mga itatanong ko na makakatulong sa mga miyembro na pag-isipang mabuti ang mensahe? Anong mga tanong ang tutulong sa kanila para maunawaan ang kaugnayan ng mensahe sa kanilang buhay, sa kanilang pamilya, at sa gawain ng Panginoon?

**4.** Ano ang maaari kong gawin para maanyayahan ang Espiritu sa aming miting? Ano ang maaari kong gamitin para mapaganda pa ang talakayan, kabilang ang mga kuwento, analohiya, musika at sining? Ano ang ginamit ng nagsalita?

**5.** May ipinaabot bang paanyaya ang nagsalita? Paano ko matutulungan ang mga miyembro na magkaroon ng hangaring gawin ang mga paanyayang iyon?

## Mga Ideya para sa Aktibidad

Maraming paraan para matulungan ang mga miyembro na matuto mula sa mga mensahe ng pangkalahatang kumperensya. Narito ang ilang halimbawa; maaaring may iba kang mga ideya na magiging mas epektibo sa inyong korum o Relief Society.



*Salzburg, Austria*

- ***Talakayin sa mga grupo.*** Hatiin ang mga miyembro sa maliliit na grupo, at bigyan ang bawat grupo ng iba-ibang bahagi ng mensahe sa kumperensya para basahin at talakayin. Pagkatapos ay ipabahagi sa bawat grupo ang katotohanang natutuhan nila. O maaaring igrupu-igrupo mo ang mga taong nag-aral ng iba't ibang bahagi at sabihin sa kanila na ibahagi sa isa't isa ang natutuhan nila.
- ***Sumagot ng mga tanong.*** Anyayahan ang mga miyembro na sagutin ang mga tanong na gaya ng mga sumusunod tungkol sa mensahe sa kumperensya: Anong mga katotohanan ng ebanghelyo ang makikita natin sa mensaheng ito? Paano natin maipamumuhay ang mga katotohanang ito? Anong mga paanyaya at ipinangakong mga pagpapala ang ibinigay? Ano ang itinuturo ng mensaheng ito sa atin tungkol sa gawaing nais ng Diyos na gawin natin?
- ***Magbahagi ng mga sipi o quotation.*** Sabihin sa mga miyembro na magbahagi ng mga sipi o quotation mula sa mensahe sa kumperensya na nagbigay-inspirasyon sa kanila na gawin ang kanilang mga responsibilidad sa gawain ng kaligtasan. Hikayatin sila na isipin kung paano nila maibabahagi ang mga quotation na ito para mapagpala ang isang tao, kabilang ang mga mahal nila sa buhay at mga taong pinaglilingkuran nila.
- ***Magbahagi ng isang object lesson.*** Maaga pa lang, anyayahan ang ilang miyembro na magdala ng mga bagay mula sa kanilang tahanan na magagamit nila sa pagtuturo ng tungkol sa mensahe sa kumperensya. Sa oras ng miting, sabihin sa mga miyembro na ipaliwanag kung paano nauugnay ang mga bagay na iyon sa mensahe.
- ***Maghanda ng lesson na ituturo sa tahanan.*** Pagpartner-partnerin ang mga miyembro para magtulungan sa paggawa ng isang home evening lesson batay sa mensahe sa kumperensya. Paano natin maiuugnay ang mensahe sa ating mga pamilya? Paano natin maibabahagi ang mensaheng ito sa mga taong pinaglilingkuran natin?
- ***Magbahagi ng mga karanasan.*** Magkakasamang basahin ang ilang pahayag mula sa mensahe sa kumperensya. Hilingin sa mga miyembro na magbahagi ng mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan at mula sa kanilang buhay na naglalarawan o nagbibigay-diin sa doktrinang itinuro sa mga pahayag na ito.
- ***Pag-aralan ang isang banal na kasulatan.*** Anyayahan ang mga miyembro na basahin ang isang banal na kasulatan na binanggit sa mensahe sa kumperensya. Ipatalakay sa kanila kung paano nakatulong sa kanila ang mga turo sa mensahe para mas maunawaan ang banal na kasulatan.
- ***Maghanap ng sagot.*** Maaga pa lang, gumawa ng ilang tanong na masasagot gamit ang mensahe sa kumperensya. Magtuon sa mga tanong na naghihikayat ng malalim na pag-iisip o pagsasabuhay ng mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa *Pagtuturo sa Paraan ng Tagapagligtas,* 31–32). Pagkatapos ay hayaang pumili ang mga miyembro ng isang tanong at humanap ng mga sagot sa mensahe. Sabihin sa kanila na talakayin ang mga sagot nila sa maliliit na grupo.
- ***Maghanap ng parirala.*** Anyayahan ang mga miyembro na saliksikin ang mensahe sa kumperensya, at maghanap ng mga parirala na makahulugan sa kanila. Ipabahagi sa kanila ang mga parirala at kung ano ang natutuhan nila mula sa mga ito. Paano tumutulong sa atin ang mga turong ito na magawa ang gawain ng Panginoon?
- ***Lumikha ng isang bagay.*** Anyayahan ang mga miyembro na gumawa ng isang poster o bookmark na may nakasulat na maikling pahayag na nagbibigay-inspirasyon mula sa mensahe sa kumperensya. Bigyan sila ng pagkakataong ibahagi ang natutuhan nila. ■

Para sa karagdagang mga ideya kung paano pag-aralan at paano magturo mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya, tingnan sa "Mga Ideya sa Pagkatuto at Pagtuturo mula sa Pangkalahatang Kumperensya" na nasa ilalim ng Pangkalahatang Kumperensya sa Gospel Library.



*Mga larawan: San Lucas Sacatepéquez, Guatemala; inset: São Paulo, Brazil*

"Habang pinag-aaralan ninyo ang mga banal na kasulatan sa susunod na anim na buwan, hinihikayat ko kayong gumawa ng listahan ng lahat ng ipinangako ng Panginoon na gagawin Niya para sa pinagtipanang Israel," paghikayat ni Pangulong Russell M. Nelson sa mga miyembro ng Simbahan. "Sa palagay ko ay magugulat kayo!"

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW



TAGALOG
4 02167 26893 2